## Prologue

3 years ago, everything was so perfect that every night they were fantasizing the day they'll marry each other and on how they will raise their child together. But trials came; trust and faith were tested.
Way back then? They were so madly in love with each other. So so that the other almost forgot to love herself.
She, who loved, suffered.
She, who believed, almost died.
She, who fought for him, failed.
'Cause he, who loves her so much, gave up.
So she, who left, did forget everything.
Everything including her bad past.
Now that she's back, will they accept her for who she is? Will they accept the new her? Since, the old she, was once a weakling, a crybaby, a sweet lady and a martyr.
Or will she bother herself to know if they can accept the new her?
Can she face her friends, her acquaintances, and her ex now that she's back?
Or rather, can they face her instead?
For the new Miyuki Sharlot Parco is now definitely a Sadist.

Bago mag umpisa pakibasa muna ito

**si MIYUKI SHARLOT PARCO**

Sabi kasi ng mga nakakabasa ang ganda daw niya, matalino,talented, makulit, family oriented, mahilig sa blue at mga rabbit stuff. Sa Sadist Lover una palang mahahalata na ang pagkamartyr niya. Why? Nagbulagbulagan siya hwag lang makipaghiwalay kay Jake. OVER SIYA MAGMAHAL! Ika nga nila.

Sabi nga ng mga lalaking readers na nakakausap ko: AKIN NA LANG KASI SIYA! HINGIN KO NA SI MIYUKI! KAMI NALANG NI SHARLOT. Hephep! Hwag magkaila mga boys! Print screen ko mga usapan natin eh! Haha.

Sabi kasi nila girlfriend material daw siya. Pero napansin niyo ba yung mga pangit niyang ugali? May pagkamaldita siya! Hulaan niyo kung kanino. May ugali din siya na kung ano ang naisip niya yun na yun! dun na siya maniniwala. Kaya nga kung mapapansin niyo madalas hindi pa siya nakikinig sa iba.

Pagnagmamahal siya, sobra kung sobra talaga yung tipong kaya niyang iwanan ang lahat para sa taong mahal niya. Okay lang na sirang sira siya sa mga kaibigan niya kasama lang niya yung taong mahal niya. Na dahilan kung bakit siya parating nasasaktan ng SOBRA SOBRA.

## Chapter 1: Masquerade Party

### Gail's POV

3 years ago umalis ang bestfriend ko. At ako? Naiwan dito.

3 years ago sinabi kasi saakin ni Seb na mag stay nalang din kami dito.

Kaya heto kami ngayon! Nandito kami ni Seb.

Nag-aaral ulit ako at fourth year college na din naman kami, nacredit naman yung mga subjects namin noon.
“Seb! Papasok na ako” sigaw ko, hindi kami pareho ng schedule ni Seb. Ang daya kasi nursing yung kinuha niya eh >3< di tuloy talo sched namin pero ayos na din kesa magsawa ako sa pagmumukha niya.

Bubuksan ko na yung pintuan ng biglang niyakap niya ako sa likod -__-

“gusto mo maupakan hah Seb?”

“to naman! Maglalambing lang! ingat sweety ko” saka pa niya ako hinalikan sa leeg.

Uupakan ko na talaga to! Ang hormones ah!

“wag kang lalabas ng bahay! Pag ikaw lumabas ng di nagpapaalam saakin matutulog ka dito! Dito mismo sa tinatayuan ko ngayon!” nakatayo kasi ako dito sa labas ng pintuan

“opo commander!” saka pa siya ngumiti ng nakakalokong ngiti!

Ang nakakapagtaka lang noon ay di man lang ako tinatawagan ni Sharlot. Nakakatampo na

“hoy sweety! Tama na yan malelate ka na”

Oo nga pala, bakit ba ako nakatunganga dito? Psh

Sa tatlong taon, ang daming nagbago. Ewan ko ba parang nawatak ang barkada? Si Ales kay Lance kampi, kampi ba or what? Kasi di din naman siya alam dahilan ni Lance noon. Ako? syempre kay Bessy ako kahit na parang pati yata ako kinalimutan na niya? Basta wala na yung mga outing katulad dati, wala na yung magkakasama kaming lumabas. Wala na.

Wag naman sana.

Di pa ako nakakalayo ng bahay ng biglang may lumapit saakin.

“ah miss” huminto ako at saka tumingin sakanya

Nasa tapat siya ng bahay

“bakit?” I asked

“dito ba nakatira si Cedric Seb Rey---“ di ko na siya pinatapos at madaliang tinanong ng “bakit?”

Actually this girl looks familiar. Pero hindi siya to. Imposible kasi. Alangan naman na lumiit yung babaeng yun?

Palatanda kasi ako sa mukha kaya natatandaan ko.

“so bakit mo hinahanap si Seb?”

“ah ate kasi” ate? Sabagay nasa itsura nga naman na ate talaga ako

“may gusto lang po kasi talaga akong sabihin kay kuya Seb, hwag po kayong mag-alala kilala po niya ako.”

Tinitigan ko lang siya

“SWEETY! BAKIT DI KA PA UMAALIS? SINONG KAUSAP MO DYAN?” pasigaw niyang tanong habang nasa may pintuan siya

“oh ayan na si Seb” sabi ko sa naghahanap sakanya

“ah..swee--ty?” parang may pagtataka pa talaga sa tanong nung babae

Bakit? Mukha bang katulong ako ni Seb? ‘Di naman diba?

Lumabas si Seb.

“pasok na ako” paalam ko ulit, nag-nod lang siya

Psh, sino nanaman kaya yung babae na yun? Wag mong sabihing pumapatol na siya sa minorde edad? Uupakan ko talaga yung Seb na yun!

Palabas palang ako ng village namin tapos, biglang may humintong sasakyan sa tapat ko

“saan po yung bahay nila Gail Fernandez?”

“ako po yun, bakit?”

“ah, ms. Gail para sainyo po” may inabot siya saakin

“thanks” kanino naman galing to?

Yaan na nga mamaya ko na tignan, late na nga ako tapos kung sino sino pa yung mga lumalapit saakin.

***

**Xyla’s POV**

Ano nanaman kaya ito at pinatawag nanaman kami?

“KC nasan kuya mo?” tanong ni mommy

“ang alam ko po ay nasa kwarto niya ata?”

“uminom nanaman ba yung alibugha kong anak na yun?”

Laging ganun si kuya, nainom kasama ang mga kaibigan niya. Pero hindi naman everynight siguro twice a week?

Pagkaalis na pagkaalis kasi ni ate Sharly bigla siyang nagquit sa soccer team niya. At ang nakakapagtaka pa hindi lang siya kundi pati yung mga kasama niya. Ang natira lang ay mga reserve players.

“tawagin ko lang siya mommy”

Pumunta ako sa kwarto ni kuya

Di na ako kumatok bukas naman eh.

“kuya! bangon na!” di ako pinansin >_<

“KUYA!!! BANGON NA!!!”

“aish labas ka nga!”

“kuya ang bantot mo! Bangon na!”

“ayoko nga”

Aba!!!

“KUYA! SILA MOMMY NANDITO SA BAHAY!!! BUMANGON KA NA DYAN”

“fine fine! Ang ingay tsk” umupo pa siya at saka nagkamot ng ulo.

Makati kaya? XDD

“kuya sunod ka sa study room ah, magagalit si mommy. Mukha na siyang halimaw dun! Kasama pa naman si daddy”

“kasi alam nilang may boyfriend ka kaya umuwi sila” tumayo na siya at dumiretso ng bathroom >__<

Eeeehhh!!! Si Kuya mang aasar pa! madapa sana!

Bumalik na ako sa study room. Nag-uusap lang si mommy at saka si daddy.

“si Mr. Kojima ba ay babalik na sa pilipinas?” tanong ni mommy kay daddy

“oo, kaya nga dapat pumunta sila Lance”

Napasabit si kuya? XDD successor talaga siya! Hahaha

Nakagraduate na si kuya noon pero nag-aral ulit siya. Pero hindi na siya magme-medicine. Pinakuha kasi siya ni papa ng BSBA. Siya daw magmamana nung negosyo. Buti nga sakanya. Pariwara kasi eh >3<

Bumukas na yung pintuan at nagtuloy tuloy lang si kuya hanggang makaupo siya.

“bakit niyo ko pinatawag?” tanong niya habang nakahawak sa ulo niya

Masakit siguro ang ulo nito? Buti nalang ako hindi nainom. Good girl ako eh ^^,

“oh” may inabot si papa sakanyang sobre

“ano naman to?”

Ine-inspect pa niya yung inabot sakanya

“ayoko pumunta. Oi KC you go” sabay abot

“Lance!” suway ni mommy

“bleh” binelatan ko siya hahaha

“tsk ano ba kasi to?” tanong pa ni kuya

“ikaw ang pumunta dyan, hindi kami makakapunta ng mommy mo.”

“oo nga tapos ako, teka anong date pa yan?” tanong ko nagmamagaling kasi ako hahaha

“December 22” binasa ni kuya yung nakalagay sa labas ng sobre

“ah! May photoshoot ako niyan hahaha”

“makikipagkita ka lang sa boyfriend mo” saka siya umalis

Napatingin saakin si mommy at si daddy

“Xyla!”

“p-po?” >___< loko si kuya!!!!

“totoo ba yun?” tanong ni dad

“a-ang alin po?” T____T

“o-opo” natatakot kong sagot

“beb! Dalaga na anak natin wag mo naman sigawan, labas na KC” buti nalang nandito si mommy T____T

Paglabas ko tumakbo ako kaagad kay Kuya

“KUYA!!!! ANG SAMA SAMA SAMA SAMA MO!!! PALIBHASA IKAW WALANG GIRLFRIEND!!!”

“samahan mo ko.” sabi lang niya

“ah? Saan naman???” pagkatapos ko siya sigawan yun ang sasabihin niya?

“sa impyerno -___-“

“kuya! pepektusan na kita dyan!”

“sa 22”

“may photoshoot nga ako! si ate Ales nalang”

“tss” kinuha lang niya yung cellphone niya

“JL”

JL? Lagi ata sila nag-uusap ni JL?

Hindi kaya girlfriend niya yan???

Hala!!! Ayoko >___<

Ayokong magkagirlfriend si kuya kung ibang tao lang din!!!

Hanggang ngayon hindi ko pa din alam ang dahilan ni kuya.

“samahan mo ako sa 22, party. Oo sunduin nalang kita.”

“sira ka ba? Sa Thursday na yun.”

“ayoko. Ikaw nalang. Mas palagay ako kung ikaw kasama ko” he said

O__O

Hala naman eh!!!!

“KUYA ANG SAMA MO TALAGA!!!” sabi ko nalang at saka umalis.

*** Thursday

**Jade Louise’s POV**

Fine fine, what do you expect from Lance Mariano JL? Gosh

Lagi nalang pag may party siyang dapat puntahan, I’m always invited by him. kulang nalang isipin ko may gusto na saakin yang Mariano na yan. Pero duh!

The great Lance Mariano? Simula nung umalis si Miyuki wala yan naging girlfriend. Pero wala nga ba? Kasi compared dati mas approachable na siya ngayon. and yung girls naman lumalapit sakanya and Lance will talk to them naman. So mas approachable talaga siya

Pero naalala ko pa yung noong paalis na si Miyuki, we’re so----

*beep beep*

Bumubusina na yung sasakyan ni Lance sa labas.

Ang aga naman. Excited lang? -____-

I went outside. Wow he looks great. Really.

His black hair suits his black tuxedo.

Lumabas siya sa sasakyan niya at binuksan yung kabilang pintuan ng car niya.

I smiled at him.

“thanks” sabi ko saka dumiretso at sumakay na.

And as usual he’s silent. He needed a companion lang naman para sa mga ganito.

‘coz I know mamaya iinom lang siya.

***

Nakarating na kami sa venue but still I don’t know kung para saan ba tong party na ito? Why do we need to wear a mask anyway? mga pakulo nga naman -___-

Tumingin sakin si Lance

“oh?” I asked. Kasi naman nasa sasakyan pa kami

“di ko makabit” sabi niya while pointing sa mask

“akin na nga!” hinablot ko na yung mask niya at ako na ang nagkabit.

Ngumiti lang siya

“daig mo pa ang girlfriend” sabi niya

“kapal If I know kunwari ka pang hindi mo makabit kasi gusto mo ako nalang magkabit”

Minsan talaga makapal mukha ng Mariano na to.

Bumaba na siya at ang bastos lang hindi ako pinagbuksan kaya ako na ang nagbukas.

“hey Lance! wait for me!” sigaw ko sakanya.

Gosh! I'm wearing a long dress naka heels then iiwanan lang niya ako? ang ganda ko ah!

Huminto siya at hinintay ako, saka niya inoffer ang kanyang braso para hawakan ko. -___-

Great ganito nalang parati di na ako nasanay.

For 2 years! Ako ang mga kasama niya sa mga event na ganito.

Why me anyway? -___-

"Whose party is this, this time?" I asked in curiosity

"Mr. Kojima" he answered

"who's that?"

"dad's client maybe?"

"oh great. I forgot you're next in line nga pala" I chuckled

"yeah"

Nakapasok na kami sa loob.

Everyone looks gorgeous..

Dresses are sparkling like diamonds.

Everyone is wearing a mask.

The place can accommodate more than 300 people.

One thing: this place is awesome!

Some are dancing there, some are eating, some are having a chitchat and some are drinking.

This party will be absolutely fun. I guess?

Pero pagpasok palang namin napahiwalay na ako kaagad kay Lance.

Lahat mukhang professional.

Nagkakasiyahan na sila.

“miss may we d---“

“no thanks” sagot ko.

Sayaw sayaw -___-

Ayoko masakit paa ko.

Nasan na ba si Lance? ang dami kasing kumakausap sakanya kanina.

Saka mag-iisang oras na akong walang kasama.

Napag-isip isip ko kelangan ko na din pala talaga sumayaw tutal madami naman nag aalok. Nanghila nalang ako ng pwedeng isayaw

“wow now that’s what I call aggressive” said by the man I pulled -___-

“yeah I need to dance” sagot ko lang

While dancing nakita ko si Lance, may iniinom siya habang nakikipag usap sa mga tao. And then later umalis siya at umupo saka ulit uminom lang.

Yung mga dumadaan na babae kinakausap siya at para pa silang kinikilig.

Yuck haha

“rude” biglang sabi nung kasayaw ko

“why?”

“ako ang kasayaw mo pero tumitingin ka sa ibang lalaki”

Nagtatagalog naman pala to!

“kilala ko kasi siya, well anyway thanks ” humiwalay na ako sakanya at nilapitan ko na si Lance

“so hey what’s up” bati ko sakanya na parang di niya ako kasama kanina

“nothing” wow gandang sagot! Nakaupo lang siya and nagtitingin tingin sa paligid.

Masaya naman sana ang party kaso kung may Lance na inaalala nakakainis!

"have you seen a girl wearing a red dress?" he asked

Red dress??

"none at the moment. Why?"

"nothing" he answered, he then sipped again.

"hey tama na yan" awat ko kasi I know matapang ang mga liquor na siniserve nung mga dumadaan daan na waiter

Nakatingin lang siya mga nagsasayaw. Tapos bigla siyang tumayo

"hoy san ka pupunta?" pero di niya ako sinagot. Nice talking

May nilapitan siyang nagsasayaw. Then bigla siya na ang isinayaw nung girl. And she's wearing a red dress. She's pretty, but I'm prettier.

How boring

Lumingon ako sa paligid then to my surprise…

"Gail?" tawag ko

Nakatanggal yung mask niya. And she's with someone na hindi ko kilala

"tinaasan niya ako ng kilay" tinanggal ko yung mask ko

"oww JL" she finally flashed a smile and umupo sa tabi ko

"your boyfriend?" I asked

"fiancé" she corrected

"so wow. Bakit kayo---"

"I don't know may nagbigay kasi ng invitation saakin nung isang araw. So you're alone?"

"no" sagot ko

"who's with you then?" tanong niya

“nah-ah” sagot ko nalang baka isipin pa nito inaagawan ko bestfriend niya

“sige doon lang kami hah.  tara na Seb” sabi niya saka pa niya isinuot ulit ang mask niya. So ganun din naman ginawa ko

Binaling ko yung tingin ko kay Lance ulit. And then…

Napatayo ako bigla.

He’s cupping the girl’s face na!!! I know sweet dance sila kanina pa. and like I care kung hahawakan man niya yung mukha nung girl but gosh! Wala na kasi sa katinuan yang lalaki na yan. He’s drunk.

Gosh Lance!

Pero this is the first time naman na ganyan siya.

Kapag nakainom kasi yan normally magyayaya na yan umuwi

But I admit! They look good together. Nag stand out talaga sila sa gitna.

They are still dancing sweetly and yung girl wala naman ginagawa nor expression sa ginagawa ni Lance.

Lumapit ako. still nakahawak pa din siya sa mukha nung nakamaskarang babae then he bent down to kiss her and unfortunately I called his attention “Lance”  kaya naman nabigla yung babae at natapik niya ang kamay ni Lance na kinagulat naman ni Lance

Hinila ko siya papalayo sa babaeng nakasuot ng red na dress na halos matakpan na ang mukha niya ng mask. Pero I don’t know maganda pa din. She looked great pa nga eh.

“miss I’m sorry”

“no it’s okay” saka pa ngumiti yung babae saakin.

“Lance are you insane?” tanong ko habang hila hila siya hanggang makarating kami sa inuupuan ko kanina

Ngumiti lang si Lance

“her smile” he mumbled

“oh anong meron?”

“her hair”

nakainom talaga ‘to

“her sweet voice”

“na in love ka naman?” tanong ko

Tumawa siya ng bahagya

“she looks like” tumulo yung luha niya na kitang kita naman kahit na nakasuot ang mask kasi tumulo nga -___-

“her” he continued…

Ngayon na nabanggit niya yan.

Napatingin ulit ako kung saan namin iniwan yung babae.

Pero wala na siya.
Whenever he says ‘her’ he’s pertaining to someone we both knew.
pero binulungan ko nalang si Lance

“nakainom ka lang” For him not to think anymore. And so will start a new too.

**Chapter 2: 3 years ago**

**JL’s POV**

“Lance we should go now” baka di kami makauwi nito dahil baka malasing nanaman siya at ako nanaman magbabayad ng taxi.

Everytime na nalalasing siya ng sobra iniiwan nalang namin sasakyan niya. But I will not tolerate that this time.

“JL tell me was that Sharlot?”

“no” sagot ko nalang. She’s wearing a mask! How would I know? At hindi lang basta basta mask. Almost three forth ang natatakpan sa mukha niya. Like duh? Nag-iisip ba tong si Lance?

Nauna na siyang naglakad. He look disappointed sa sagot ko. He even took off his mask. Yung mga babae tuloy tinitignan siya. Err like hello? High school palang pinagtitinginan na siya noon. Di pa ba ako sanay? Naglalakad na kami palabas.

Sa three years ang daming nagbago. I don’t know how we got close. Basta after that mess naging close na kami.

I pity him. really.

But I also admire him for his loyalty to Miyuki. Maybe? Or maybe not?

Hindi ko alam kung may naging past relationship ba siya or whatsoever.

I don’t effin’ care about his boring life but well I guess i care but not that much.

He can walk straight pa naman. He went inside his car kaya naman pati ako na din. Sayang ang dress.

JL JL JL, lagi naman! Di pa ba ako sanay? Gosh! This guy!

“you think hindi talaga siya yun?” halatang kinakabahan siya while asking me.

“yeah, hindi siya yun. And oh well! Sasabihin naman ni Gail kung uuwi si Miyuki and besides close sila ng kababata mong si Kysler right?” tumango nalang siya then pinaandar na niya yung sasakyan niya.

Natatandaan ko pa yung noon.

Nung araw na umalis si Miyuki.

I was on my way to see her off to tell her that I’m glad that I met her. That she should at least come back here alive and still the same Miyuki I know.

I was in the cab when I saw his motorcycle parked at the vacant lot.

At first nag-alinlangan pa ako kung bababa nalang ako. but when we passed that place I saw him there lying and bloods were everywhere. What I mean is that stains were everywhere!!!

Kaya naman napababa ako noon and went closer to confirm kung siya nga.

And no doubt siya nga talaga yun nun.

Halata naman na napaaway siya.

‘Pero bakit ngayon pa?’ I asked myself.

I called his attention; he opened his eyes, smiled and said something “JL I’m a pathetic loser”

Tinignan ko lang siya and told him “get up Lance, puntahan natin si Miyuki”

Tumayo nga siya noon, pero too late. kahit na sobrang lapit na namin. Too late.

Tumingin ako sa watch ko

“nakaalis na siya” he said

“it’s 2pm already, paalis na siya” habang nakatingin siya sa itaas.

Masasabi kong iyon ang unang beses kong nakita siyang umiyak sa harapan ko.

Wala naman akong magawa noon kundi lapitan lang siya at punasan ang dugo sa mukha niya.

In the first place wala akong sapat na dahilan para awayin siya and ‘di ko din naman alam kung anong tumatakbo sa isipan niya. And why did he do that to Miyuki.

We were too close and yet hindi kami nakapunta para magpaalam o Makita lang sana si Miyuki bago siya umalis.

***

“JL!!!” sigaw ni Lance saakin. Nasa school kami ngayon.

“ano? Kumusta na katawan mo? HAHA ang pathetic mo talaga!” kumunot lang yung noo niya at tinaasan pa ako ng kilay.

Gosh! Below the belt na ba?

“yeah” sagot niya

Kaso yung mukha niya may Band-Aid pa. ilang araw pa lang na wala si Miyuki.

“nuod ka sa game namin”

Crazy -___-

Wait? Ano daw???

I gave him a what-the-heck look! Kasi naman why did he asked me to watch him ayt?  Creepy Lance

“great, anong nangyayari sayo?” direct to the point kong tanong.

“look Lance wala akong oras na manuod ng game mo. DUH! Lance! idadawit mo pa ang sa mga kahibangan mo. Look what you just did to Miyuki! Hinayaan mo siyang umalis. And now what? Lahat sila and yeah idamay mo na din ako. lahat kami naghihintay ng reason mo. Hindi nga siguro halata but I do have care to Miyuki.”

“can I trust you?” yun lang ang nasagot niya sa hinaba-haba ng sinabi ko. and note! He asked me if he can trust me?

“why? Sasabihin mo?” I crossed my arms.

“after the game.”

Weird.

***

Napatingin ako ngayon kay Lance. He’s driving. Di na din siya nangahas na magtanong pa.

About sa babaeng naka red kanina. She looked gorgeous. But I think he just made a mistake.

“what?” tanong niya. Napansin niya sigurong nakatingin ako sakanya

“nothing” I lied. Naalala ko lang kasi yung mga nangyari noon. Mula nung umalis na si Miyuki.

“liar” he mumbled.

Alam kong alam niyang nag-aalala ako.

Pero matagal na yun. Wala na yun.

Okay na kahit nandito na si Miyuki.

“Lance okay lang yan”

***

Kalagitnaan na ng game. Bakit ganun?

“nakakainis naman yung mga kalaban nila!!!” sigaw nung babae sa likod ko

“NUMBER TEN!!! GALINGAN MO NAMAN NGAYON!! ILANG GAME NA PINATALO NIYO!!!” sigaw pa niya

Number ten? That’s Lance.

Napatingin ako sakanila. They are all acting weird. Last time I watched them hindi sila ganito.

Lance WAS so amazing and so his teammates.

Then ngayon magkakalat sila?

Halatang inis na inis na sila. Hindi sila naglalaro eh!

Nagkakalat lang sila! Nakakainis. Kaya ba niya ako pinapunta dito para manuod ay para makita ko siyang magkalat sa field? Is he insane? Nakakairita!

Naiinis na talaga ako dito. Tumayo na ako at bumaba sa kinauupuan ko. I can’t take this. THAT GUY IS NOT LANCE MARIANO! HE’S NOT MY CLASSMATE!!! YANG LALAKING YAN AY ISANG MORON! ISANG PATHETIC! ISANG NAKAKAINIS!

I went to the game announcer’s place and took the mic by force.

“Hey damn pathetic moron! What do you think you’re doing!” halatang nagulat silang lahat saakin. Lalo naman yung announcer

“oi miss, ano ba---“ I cut him off and continue “Lance! ano ba! Pinapunta mo ba ako para dyan? for what? To see and watch a loser like you? Gosh Lance! I told you I do----“ fck it! Inagaw nalang nung announcer yung mic saakin

“miss bawal yan.” Saka niya ako tinitigan ng matalim.

“fine!” saka na ako umalis. Lahat sila nakatingin saakin.

Haist Lance Mariano nakakainis ka! Nasisira ako lalo ng dahil sayo!

***

Nakatingin lang ako ngayon sa labas ng kotse.

Si Lance. sa tutuusin naawa talaga ako sakanya.

He loves Miyuki so much.

“buti ka pa” wow? Nagsalita na siya

“bakit naman?” nakatingin pa din ako sa labas. Umaambon na.

“you’re done with him right?”

Ah. Yun pala

“yeah, naka move on na ako haha. Para nga akong tanga na naghabol sa wala noon. Natatawa nalang ako pag naalala ko yun” nakakatawa pag naalala ko ang mga araw na hinahabol habol ko si Jake.

Kahit na lagi ko siyang kasama noon. Wala naman siyang ibang bukambibig kundi MIYUKI. Dapat nga galit ako dito kay Lance dahil pinakawalan niya si Miyuki. Pero life must go on.

Ano ba si Jake para isipin ko pa?

“Lance dapat gayahin mo ako haha”

“yeah right tss”

***

Buti at kahit gumawa ako ng iskandalo hindi naman ako pinalayas o pinakaladkad sa mga guard.

Lahat sila umayos na. kumbaga I hit them al!!! Lahat sila sa team.

After ko kasi dumada doon nag-usap usap sila. And there. Don’t know kaya naman pala nila tapos nag iinarte sila.

Natapos ang game at natalo ang kalaban nila.

Pero si Lance hindi pa din Masaya.

Naiintindihan ko naman because wala nga si Miyuki sa tabi niya

Nang matapos na ang game hinihintay ko nalang siya.  Pagkatapos nila maligong lahat, sama sama na silang lumabas. Ang bigat ng feeling. Hindi ba dapat Masaya sila? Bakit sila ganito ngayon?

They won right? Then what’s up with mood? Kairita ah!

"hey anong nangyari sainyo?" I asked Lance

"That was our last game" he said firmly then napansin ko na he closed his fist

Hah?

Napatingin ako sakanilang lahat.

"hey are you kidding?"

"why would I JL?"

Hinila ko si Lance palayo.

But then bago pa kami makalayo. May mga humarang na saamin.

Ang dami nila. At yung iba pa ay mga kalaban nila sa game kanina.

Hindi ko na maintindihan ang mga pinagsasabi nila. Basta bigla nalang nagkagulo.

I can't help myself but to scream and cry. I even tried to stop them but I failed.

***

Hindi ko alam kung bakit ko naalala ang mga kaganapan na yan.

Bigla bigla nalang nagflash ulit ang mga yan ng dahil sa sinabi ni Lance kanina.

'she looks like her'

Napangiti nalang ako.

Imposible. Kung siya nga yun mamumukhaan niya ako at pati na din si Lance.

Ng dahil sa isang salita lang ni Lance ng 'Sharlot' naaalala ko nanaman ang mga nangyari.

Mga gulo na kelan man hindi pinaalam ni Lance sa mga malalapit sakanya.

Gulong gusto niya siya lang ang lumutas mag-isa.

Pero gayon pa man.

Kung ako ang nasa katayuan ni Miyuki. Mas gugutuhin ko pang kalimutan si Lance at wag ng alamin ang dahilan niya.

Dahil maiinis lang ako.

Maiinis lang ako kasi bakit gusto niya siya lang? bakit gusto niya siya lang ang lumulutas at nagsasakripisyo?

Kaya kung ako si Miyuki kakalimutan ko na siya at hinding hindi na babalik pa dito.

## Chapter 3: the Boy Next door and the Lady in Red

**JL's POV**

Ang mga nangyari sa nakaraan ay parati ko pa din naaalala tuwing binabanggit ni Lance ang pangalan na Sharlot o kung nakarinig ng pangalan na Sharlot o kaya naman nabanggit ng isang kakilala ang pangalang MIYUKI. Si Miyuki ang dahilan kung bakit ako si Jade Louise Cruz ngayon. Sa totoo lang parang ang laki ng utang na loob ko sakanya. And I won't deny the fact that she changed me. I think? Well at least she's the reason why. I salute Miyuki. Though she seems perfect she has her own flaws too.

Nakatingin lang ako sa malayo habang nagmamaneho si Lance. Iniisip ko pa din at minumukhaan ang babae kanina sa party. Pwede naman kasing siya nga iyon? Pero I doubt it. Everytime kasing may party and ang organizer ay Japanese laging kinakabahan 'tong si Lance. feeling niya parati makikita niya dun si Miyuki. Halata naman sakanya.

Kinakabahan siya kasi alam niyang hindi na PARCO ang isa sa mga kuya ni Miyuki. Hindi dahil pwedeng maging sila. YUCK kaya yun! Pero dahil hindi na niya alam kung kelan darating si Miyuki. Konting konti nalang! Mababaliw na talaga siya.

Mga ilang sandali pa hininto na ni Lance ang sasakyan. Napatingin naman ako sa paligid.

"this is not my place" I finally broke the silence.

Pero lumabas lang siya sa sasakyan.

"okay bastos talaga" yun nalang ang nasabi ko at saka lumabas din

"so nasaan na tayo?" then I crossed my arms and is waiting for his answer

But instead, naglakad lang siya na parang wala siyang narinig.

Okay? So what am I here? NOTHING? -__- gosh Lance. talk or else I'll kill you!

Kahit na nabubugnot ako sinundan ko pa din siya. Paakyat kami ngayon sa isang lugar. Pagtungtung palang sa taas tumambad sa akin ang napakagandang lugar! Pinapalibutan ito ng magagandang bulaklak. Sinuri ko ang lugar. Pumunta ako malapit sa fence. Makikita dito yung dagat. THIS PLACE IS SO PERFECT! ROMANTIC AND NAME IT!!! ANG GANDA TALAGA! Lalo na ngayon.

Gosh!!! Bakit ngayon ko lang nalaman ang lugar na ito? Ang ganda talaga!

"Lance how'd you know this place? This is awesome!!!"

Naglakad lang siya papalapit saakin. Nakahawak ako ngayon sa fence at pinagmamasdan yung tahimik lang na dagat. Tumabi siya saakin.

"This place is very special" binaling ko ang tingin ko sakanya.

Really?

"this place is yours and Miyuki's?" well I was just guessing

"kind of. Siya ang unang babaeng---" hindi ko na siya hinintay matapos pang magsalita "una mong dinala dito? Wow edi ang swerte pala niya. So bakit mo saakin pinapakita to kung ganun naman pala ka-espesyal sayo ito?"

"because I think that girl is her."

"what if she's not?"

"what if yes?" nakatingin lang siya saakin ng diretso.

"Lance you think maniniwala siya sayo na sinubukan mong pumunta sa airport? Correct me if I'm wrong but diba pupunta ka lang naman doon hindi dahil gusto mo siyang pigilan? It will hurt her for sure kung nagpunta ka lang doon"

He sighed then sat on the floor then leaned on the fence.

"I just love her too much" yan lang ang narinig kong sagot niya.

"I won't disagree with you there" gosh! Too cold. May umiihip kasing hangin na galing sa dagat. Ang sarap pero maginaw.

"do you still love her that much?" I asked in curiosity "well if you don't mind though" patuloy ko kasi baka mamaya di niya gustong sagutin.

"I don't know" he answered

Di niya alam? Napataas ang kilay ko ng dahil sa sagot niya.

“hindi mo ba alam dahil hindi mo siya nakikita? O hindi mo alam dahil gusto mo na siyang kalimutan?”

“hindi ko pa din alam” aish! Nakakainis naman! Ano ba namang mga sagot yan!

Naglakad na lang ako papalayo sakanya. Ang ginaw. Wala ba siyang balak umalis pa? magmomoment ba siya dyan mag-isa niya?

“bahala ka dyan Lance. Mag-isip ka na lang muna.” Linawin mo na. dahil baka huli ka na.

Naglalakad lang ako hanggang sa hindi ko napansin yung batong naapakan ko kaya naman natapilok ako.

“aray” umupo muna ako at tinanggal yung heels ko.

“ang sakit” reklamo ko. tanga tanga naman kasi ng bato.

“you okay?” napatingin ako sakanya na nakatitig lang saakin

“gago ka ba? IKAW KAYA MATAPILOK NG NAKA-HEELS!”

“psh” lumapit siya sakin saka umupo ng nakaharap ang likuran niya sakin.

Kahit di na niya sinabi sumampa na ako sa likod niya. Mabait din naman pala tong si Mariano? Kala ko lagi nalang akong susungitan -___-

Ibinaba niya ako doon sa may bench saka siya umupo sa harapan ko at ininspect ang paa ko.

“aray naman!”

“tsk, may naalala tuloy ako” sabi niya na may ngiti pa sa labi.

Miyuki nanaman yan for sure. Mga ilang araw pa yan bago niya malimutan si Miyuki ulit. Haha. Ganyan naman siya parati eh.

Sanayan lang yan. Kabisado ko na si Lance. simula nung umalis si Miyuki naging masyadong open saakin si Lance. though hindi man halata sakanya pero halata talaga eh. Ang labo ko na tuloy nahawa na ako sakanya.

Binawi ko na sakanya ang paa ko

“okay na” sabi ko na kahit medyo kumikirot pa.

“is it okay with you if we’ll stay here until midnight?”

“yeah sure”

Ano pa bang magagawa ko?

***

**Gail’s POV**

“ang ganda nung kaibigan mo ah. Anong pangalan nun?” kung nakakamatay lang ang tingin siguro patay na ngayon itong hinayupak na lalaki na ‘to saakin!

“itong si sweety naman! Joke lang yun syempre! Ikaw pa din pinakamaganda sa lahat haha” bola pa! i-dri-dribble na talaga kita.

Pero kahit na ganun nakangiti pa din ako sa mga tao. Kasi naman itong kasama ko eh! Kairita! Kanina pa tingin ng tingin sa mga babae. Sige lang magsawa ka dyan. hindi kita sisitahin. Pero once na nalaman kong may pinatulan siya sa isa sa mga babae dito manghihiram siya ng basahan! Oo basahan talaga dahil magiging taong grasa na siya!

Patuloy lang akong naglalakad hanggang sa may napansin ako.

She’s wearing a long red dress. Maganda din ang pagkakakulot ng buhok niya. Ang mga labi niya mapupula. Habang naglalakad siya hindi talaga mapigilan mapatingin ang lahat sakanya.

“nice lahat ng attention nasakanya” sabi ni Seb na ngayon ay nakatingin din sa naglalakad na dalaga na parang may hinahanap.

Halos matakpan na din kasi ang mukha niya ng maskara kaya parang ang misteryosa ng dating na nakakapagpadagdag pa talaga ng ganda sakanya! She’s a drop dead gorgeous!

Ang mga lalaki ay lumalapit sakanya para yayain siyang sumayaw pero tinatanggihan lang niya ang mga ito. ANG GANDA NAMAN KASI TALAGA NIYA!

Parang pinaghandaan ba niya ito? O talagang ganyan lang siya?

Basta she’s great!

Pero yung dating niya sa akin parang yung matagal ko ng kakilala.

Bessy T____T namimiss tuloy kita.

Eh? Bessy?

Napatingin ulit ako sa babae.

Nawala na -___-

Bakit ko naman naalala bigla si Bessy?

“arg! Seb! Bakit ba kasi hindi na nagpapakita o tumatawag man lang saakin si Bessy! Namiss ko siya bigla” sabi ko na kulang nalang paghahampasin siya! Miss ko na ang bessy ko T^T

“aba malay ko! nasan na ba yung babae? Aish! Ikaw kasi!” hala! Sisihin daw ba ako? iumpog ko siya sa mga babae dito eh!

Nasaan na kaya si JL?

“Ladies and Gentlemen” natahimik ang lahat at napatingin sa harap kung saan may maliit ngunit eleganteng stage.

“I would like to present to all of you Mr. Kojima Haru’s representative”

Wala akong ibang marinig kundi bulungan.

“representative? Wala ba mismo yung nag organize ng party?” isa lamang yan sa mga naglilipanang tanong ngayon dito.

“his Son” pabitin ng announcer na lalo namang ikinagulat nung iba.

“his Son?” bulungan nanaman nila.

“Kojima Seiji!”

Pagka-announce niya yun lahat nakatingin sa lalaking naglalakad paakyat sa stage.

“sabihin mo nga sweety yan ba nagpadala sayo ng invitation? Baka naman trip ka ng hapon na yan? Totodasin ko yan -___-“ halata namang nagseselos lang si Seb kaya di ko na siya pinansin.

Nung humarap na siya saamin. Nagulat ako. ang gwapo kasi niya! Nakasuot siya ng itim na tuxedo.

Ang mga babae ay naglalaway na atang nakatingin sakanya. Tapos idagdag na din ang ngiti niya na lalong nakakapagpadagdag ng kagwapuhan niya! BOY NEXT DOOR ang dating niya!

“Konbanwa Minna.” Waaaaaaah! Ang gwapo ng boses!!!

Nagbubulungan nanaman ang mga tao. Yung iba kinikilig dahil gwapo siya.

Yung mga kalalakihan naman nakatingin lang at hinihintay ang susunod na sasabihin niya.

“Father organized this party in order for me to meet you all. Though I still haven’t meet the owner of one of the biggest company here.” I think he’s too young for his position now! Osige English-an? -__-

Pero wow ah!

“I heard that the Mariano family---“ wait ano daw? Mariano family??? SILA LANCE YUN!!! SILA LANG NAMAN ANG MARIANO NA MAY SARILING COMPANY AT ISA SA PINAKAMALAKI DITO EH!!! SILA LANCE YUN!!! Hindi ko na tuloy narinig ang mga sumunod pa niyang sinabi

“I know all of you are in the state of shock tonight because I’m known as the black sheep of our family.” Nakangiti pa din siya

“anyway, I am not here to talk about myself. Please enjo---“ napahinto siya bigla nung may lumapit sakanyang lalaking nakaitim at may inabot na papel.

Binasa ito saglit ni Seiji at napangiti.

“by the way I want you to meet my partner” in-extend niya ang kamay niya na para bang niyayaya niya ang isang babae sa baba ng stage?

Napatingin kaming lahat sa kung sino ang babaeng tinatawag niya.

At O___O

Yung babae kanina yan!!!

“onegai hime-chan” may pa-pout pout pa yung lalaki kaya naman natawa ang halos lahat.

May pagkakwela naman pala itong si Seiji.

“by the way she’ll be my partner while staying here in Philippines. She’s the daughter of my father’s most trusted family friend” paliwanag niya.

I don’t know kung anong party ito.

Parang get together party lang naman para magkakila-kilala silang mga involved sa business.

Tinanggal na ni Seiji ang kanyang mask.

Waaaaaaaaaaah!! Ang gwapo niya talaga!!!

“hoy! wag kang tumingin sakanya >3<” sabay yakap saakin ni Seb sa likod.

PDA na ah!

Napatingin kami nung mapilitan ng umakyat ang babae sa stage.

Muling umingay ang paligid dahil sa bulungan. Kesyo ang ganda daw niya at ang sexy niya. Pag tititigan daw sila SOBRANG PERFECT DAW NILA. Hanggang sa may nagsuggest na tanggalin ang mask nug babae.

“para siyang si Bessy” bigla ko nalang nasambit.

Parang siya talaga kahit na halos matakpan ang mukha niya nung mask.

“siya ba? Parang di naman.” Sabi naman nitong si Seb -_____-

Yumuko ang babae at humawak siya sa maskarang nakatakip sa mukha niya.

Tatanggalin na ba niya?

“baka naman pangit siya?” natatawang sabi nung babae sa likuran ko.

“eeewww naman nun” sabi pa nung kasama niya

Kung manahimik na lang kaya sila? Ang ganda kaya niya! Kahit na nakatakip pa ang mukha niya.

Tinanggal niya ang mask niya.

At unti-unti niyang inangat ang mukha niya.

“Everyone, this Lady in Red is no other than my brother’s sister.”

Humarap saamin ng tuluyan ang babae.

Na ikinagulat namin pareho ni Seb.

“Miyuki Sharlot Parco”

Nagulat ako nung Makita ko ngang siya yun.

“bessy” bulong ko.

Hindi pa din ako makapaniwala ngayon.

“mukhang siya ang nagpadala ng invitation card sayo nung isang araw” sabi ni Seb.

Kung ganun bakit hindi niya sinabi saakin na uuwi na pala siya dito?

Bakit wala akong nagiging balita sakanya?

“I’m glad that I am finally back.” Yan lang ang tanging binitiwan niyang salita. Nakangiti siya sa lahat. hindi ko masabi kung nagbago ba siya.

Siguro oo dahil hindi niya ako kinakausap.

At mas gumanda pa siya lalo.

Ilang sandali pa bumaba na sila pareho nung si Seiji at ang dami ng lumapit sakanila para kausapin sila. Most of them were businessmen. Yung iba naman na lalaking lumalapit ay para lang kausapin si Sharly.

“Grabe siya ba talaga yun?” tanong ko kay Seb

“lapitan mo” nakangiting sabi saakin ni Seb

“pero kasi, hindi kaya nakakahiya? Hindi kaya---“

“adik ka na ba? Bestfriend mo yun mahihiya ka? Aish mga babae talaga ang hirap intindihin” saka niya ako tinulak ng bahagya kaya naman naglakad na din ako papalapit kay Sharlot

Kinakabahan yata ako? -___-

Gail Fernandez? Kinakabahan? HAHA patawa naman ako.

Lumapit ako sakanya.

Iba na ba siya? Pareho pa din kaya siya dati?

Nang makalapit na ako sakanya tumingin siya saakin. Nagtitigan kami ng mga ilang Segundo at pagkatapos nun bigla siyang lumapit saakin at niyakap ng sobrang higpit.

“waaaaaah Bessy!! Bessy!!!” natutuwa siya. Natutuwa siyang Makita ako! ^^ ginantihan ko din siya ng yakap.

“namiss kita bessy. Sobra” she said sniffing.

“namiss din kita. Grabe ang ganda mo na!” sabi ko nung maghiwalay kami.

Nagmamadali siyang hinila ako paalis at pumasok sa isang kwarto dito sa venue.

“grabe Bessy!!! Buti pumunta ka dito! I missed you so much” saka niya ulit ako niyakap.

Naspeechless ako actually haha.

“hindi ako makapaniwala! Ang ganda mo na talaga!” sabi ko sakanya habang nakahawak sa kamay niya.

Umupo kaming dalawa sa couch.

“yieee grabe naman ‘to. Ako pa din naman si Miyuki.” Tumayo siya sa harapan ko “Look. Ako pa din naman si Miyuki Right? Ako pa din siya.”

What does that mean na siya pa din ang dati?

Ibig sabihin ba nito.

“kung ganun walang nagbago?” I asked her

Medyo kumunot ang noo niya. Maybe meron?

“hayaan mo na nga! Teka nga pala” umupo siya ulit sa tabi ko “nakita mo ba kanina si JL? Nandito siya” sabi ko

“ah yeah nakita ko sila kanina” nakangiti lang siya

“grabe ang ganda pa din ni JL. Ang sexy niya and yung dress niyang itim ang sexy tignan sakanya!”

“what do you mean by sila?” tanong ko. sino ba kasama ni JL? Wala naman ako nakita kanina. Pero oo nga sabi niya kanina may kasama siya

“ikaw din ba nag-invite kay JL?” tanong ko pa ulit

“ah no. actually I didn’t expect her here. Actually she’s with Lance kanina” napanganga nalang ako ng binanggit niya ang pangalan ni Lance

“he’s here? Kung ganun, anyway I thought wala siya dito kasi teka. Sino nga muna si Seiji. Ay teka! Mamaya napala yun ang dami kasing tanong sa isip ko eh. So n-nakausap mo si L-Lance? h-hindi ka ba--“

“Bessy wag ka ngang mautal dyan! haha look that was way back then. That was so yesterday Gail. Actually nakasayaw ko si Lance kanina”

Lalo pa akong napanganga sa sinabi niya. Ano daw? Nakasayaw niya si Lance???

“a-anong sinabi niya sayo?”

“ah wala naman. Hindi yata niya ako nakilala so I didn’t bother to introduce myself.”

Nagugulat ako sa mga sinasabi niya.

“so you mean---“ hindi niya ulit ako pinatapos magsalita

“It has been 3 years, three long years bessy. I had let go, moved on.” Tumigil siya at saka ulit nagpatuloy sa pagkukwento.

“Three years ago, I wanted to run away, just like he did without an explanation. After telling me he loved me. Those three little words made my heart chocked and stutter because he gave up. Just like that. So I promised myself I wouldn't go and find him. I wouldn't go looking. Not this time. Not ever. He’s nothing to me now bessy. I feel nothing for him. I love him no more” nakatingin lang siya sa mga mata ko. I can feel it.

Totoo ang sinasabi niya.

Kung ganun nakalimutan na nga niya ang nararamdaman niya para kay Lance.

Bumukas ang pintuan at pumasok si Seiji.

“I thought you’re alone. So I suppose she’s your bestfriend?” sabi lang ni Seiji. Grabe ang hot nito! Pero may kamukha siya?

Tumayo si Sharlot at lumapit kay Seiji at saka niya ito hinila papalapit saakin

“Sieji I want you to meet my bestfriend, Gail.” Tumayo ako at inabot ko ang kamay ni Seiji na kanina pa gustong makipag shakehand

“Gail meet Seiji Kojima. He is Shizu-nii’s big brother” ^^,

Ano daw??? O__O

**Chapter 4: TESTING HER!**

**JL’s POV**

“Hey Lance! maginaw na ah!” pagtataray ko sakanya. Wala pa ba siyang balak umalis? DUH! Hindi ba niya napapansin na may giniginaw na dito!

Nakaharap ako at nakapamaywang ngayon sakanya! “HELLO LANCE! nakikinig ka ba hah? MA-GI-NAW!”

Tumayo siya at tinanggal niya ang kanyang itim nyang tuxedo at saka niya nilagay sa likuran ko.

“w-wow ah thanks” sabi ko na lang. Ang bango ng amoy nitong tux niya. Bakit ko ba naamoy?

“ano na? di pa ba tayo aalis?” naiinip kong tanong sakanya. I’m bored and its effin’ cold!

“fine” then he stared walking as if wala siyang kasama dito! Inayos ko nalang yung nagugulong buhok ko dahil sa malakas na hangin.

Bago ako tuluyang umalis pinagmasdan ko muna ang buong lugar. I don’t know why pero napangiti nalang ako. She’s really lucky.

“JL!”

“oo na!!!” tss. Ano ba ang nangyari at siya parati ang kasama ko? dahil ba sa no choice ako? -___-

***

Inihinto niya ang sasakyan sa isang kainan. This is not a classy type. It is just a stall.

“hello sir and ma’am anong order nila?” ani nung lalaking nasa stall.

He’s alone and may dalawang taong kumakain ngayon. siya din marahil ang cook.

Those people are staring at us. Why? Kasi nakasuot pa kami ng formal? Gosh ngayon lang ba sila nakakita ng maganda at gwapo? Tinaasan ko lang sila ng kilay and there! Nag-iwas na sila ng tingin saamin.

Lance sat down. Dun sa may kataasan at circular shaped na upuan.

"sit" utos niya saakin na animoy aso lang ang pinapaupo niya. KUTUSAN KO TO NG WALA SA ORAS!

"Might as well join me" sabi niya saakin. Kaya naman umupo na din ako. And besides maginaw talaga. Gusto ko din kumain dahil nagugutom din ako.

Hindi naman ako kumain sa party kanina.

Meron silang mami, sopas at kung anu-ano pa. hmm

"bigyan mo siya ng sopas, mami sakin" edi siya na pala dapat kumain! Kung umoder naman akala mo siya kakain. Hmp!

"ayos sir saan po ba kayo galing ng syota niyo?" tanong niya habang pinapatong yung order namin.

"di ko siya boyfriend manong" sagot ko kasi mukhang di naman iimik tong kasama kong lalaki

"talaga? Sayang naman ang ganda mo pa naman ma'am"

"thanks"

Narinig kong tumawa si Lance pero mahina lang. pero kahit ganun di ko mapigilan hindi mapatingin sakanya.

"what's so funny?" I asked

"nothing" tumingin siya sa akin na parang natatawa nanaman

"hey! Don't tell me you're laughing because of me! The nerve!" nakakainis talaga tong si Mariano

"no" saka na siya sumubo sa kinakain niya

"this is good" he commented.

Natapos na yung dalawang kumain kaya naman kami na lang ni Lance dito

Gosh! Can't take this ang tahimik ah!

Well sanay naman akong tahimik siya. Pero kanina, kanina lang yata siya tumawa? What I mean is kanina ko lang siya nakita na tumawa ng kaming dalawa lang.

"kung hindi ka niya boyfriend sir, nililigawan mo ba siya?" tanong ni manong kay Lance. tss. Seriously! Kailangan nakikichismis? What's up with this old man? Is he bored or something? I'm sure hindi din naman siya sasagutin ni Lance

"mukhang mayayaman kayong dalawa?" ngumiti lang si Lance at saka nagsalita "isa pa nga" tukoy niya sa mami na kinakain niya

"okay" sagot ni manong

Matakaw din pala tong si Lance at walang galang.

"nililigawan? I'm not. But I am enjoying her company"

Lokohin mo lang sarili mo Lance.

"patay na patay po sa akin 'tong lalaki na 'to manong." Pagsisinungaling ko. lokohan pala ah.

"tss, asa ka pa. baka ikaw?"

"ahahaha bagay na bagay kayong dalawa. Bakit nga ba hindi pa maging kayo?" suhestyon ni manong

"hwag na naku! Manong hindi ako nakakatagal sa isang tahimik na tao. And besides he's not my type" i rolled my eyes

"The feeling's mutual JL"

"ganito ka din ba kay Miyuki tuwing kasama mo siya?" wala sa sarili kong tanong.

At muli, naghari nanaman ang katahimik sa pgitan naming dalawa.

***

Pababa na sana ako sa sasakyan nung nagsalita siya

"I'll pick you up tomorrow."

"no thanks Lance." I answered smiling. "don't waste your time on me. You see, you can do better things than being with me. I think you need t---"

“just say what you want. I’ll be here tomorrow morning” aish! Ang tigas ng ulo!

“whatever!” I opened the car’s door then went out.

Bahala siya sa buhay niya ang tigas talaga ng ulo. Then he started the car’s engine and left. Lance is stupid. SO STUPID!

As I watched him, I unconsciously I whispered “please don’t get too close with me.”

**Gail’s POV**

Agad din lumabas kanina si Seiji nung pinakilala siya sa  akin ni Sharly.

Hindi pa din ako makapaniwala.

Ang tanging nagbago lang kay Miyuki ay ang pagtingin niya kay Lance. Nothing more.

“so kumusta na kayo ni Seb? Okay pa din ba siya? Gail tell me. Kwentuhan mo ako” excited niyang tanong sakin.

Grabe! Hindi ba dapat ako ang magpakwento sa kanya? Wala akong kaalam alam sakanya ng tatlong taon! Miss ko lang talaga siya as in!

“bessy hwag kang magagalit sa magiging tanong ko ah, pero totoo bang nalimutan mo nga siya? I mean---“

“about kay Lance ba?” nakangiti pa niyang tanong.

Grabe! Kung makabanggit siya ng Lance at kung ngumiti  parang wala lang nangyari ah!

“bessy as I’ve said I feel nothing for him now. Oo umalis ako ng Pilipinas na galit sa kanya and yeah iniyakan ko siya pagkarating ko sa Japan. Yun na nga siguro ang pinakamasakit na naramdaman ko sa tanang buhay ko” kwento niya but still nakangiti pa din siya.

“I thought Lance was my life” tumingin siya saakin at saka nagpatuloy “actually I can still remember him well especially I saw him and danced with him couple of hours ago”

Hinihintay ko siyang magpatuloy.

“alam mo ba bessy three years ago when I was in the hospital” napatigil siya “that was the most painful memories I had in my whole life” alam ko naman. You were so miserable back then. Naalala ko lahat ng iyon.

“pero alam mo ba it also helped me” hinawakan niya yung mga kamay ko “bessy that made me better than before, that night was the last time I saw him in person” natatawa lang siya. She’s pertaining to Lance. that night nung pinipilit kong pumasok at kahit kausapin lang ng sandali si Sharly.

“hindi ko din naman maipagkakaila na naging bitter ako sakanya. Masakit kasi yun eh. Yung maghiwalay ng hindi nalalaman ang rason ng isa? Masakit talaga. Oo nga’t galit ako sakanya but then I realized ano namang mapapala ko kung magagalit ako sakanya? Siguro nga may mabigat siyang dahilan kaya mas pinili niyang saktan ako at hayaan nalang”

Nagiging seryoso na siya. Pero wala sa mukha niya ang bakas ng sakit o ano mang emosyon. Basta seryoso lang siya at parang wala na talaga sakanya. Hindi ko din ramdam ang sakit. Yung sakit na nararamdaman ko kapag nagkukwento siya saakin ng mga masasakit na bagay o kahit konting inis kay Lance wala akong maramdaman.

“Masaya naman ako kasi at least naramdaman ko kung paano mahalin ng lubos. Nalaman ko din na ang sobrang pagmamahal ay nakakasakit din pala ng sobra. Pangit din pala yun nuh bessy? Pero never akong nagalit sa mga lalaki hahaha”

Tumayo siya at kumuha ng wine glass. Nilagyan niya ito ng puting likido at saka ininum at pagkatapos nagpatuloy siya sa pagkukwento.

“masasabi ko na ang unang tatlong linggong pag-stay ko sa Japan ang pinakamahirap. Kasi wala akong ibang ginawa kundi magkulong, magmukmok at umiyak. Pero pag naalala ko yun natatawa ako. Na ang hina ko palang babae? And then dahil nga naman wala naman akong mapapala sa pag-iyak iyak sa sulok edi ayun lumabas ako ng bahay at nakilala ko si Seiji ang kuya ni kuya Shizu. Alam mo ba grabe siya!” natatawa nanaman siya ngayon

Bakas talaga sa mukha niya yung labis na tuwa

“siya ang unang nakapagpatawa sa akin sa Japan! Haha ewan ko ba kahit na para siyang engot nung unang beses ko siyang nakilala. Hindi ko nga din inaasahan na kapatid siya ni Kuya Shizu ^^,. Pati siya nakikitawag na din ng Hime saakin haha”

Napapangiti nalang ako dito habang nagkukwento siya ng tungkol sa mga nangyari sakanya. At least bawi naman yun sa mga panahon na hindi niya ako kinakausap nuh >3<

“napag-alaman ko nga noon na sobrang pasaway ni Seiji! Hahaha kelan lang din yan tumino eh. Sabi nila dahil daw sa amin ni kuya Shizu kaya yan nagtino. Natakot sya sa pagdating ni kuya Shizu eh hahahaha”

“bakit napunta kay Seiji? Eh si Lance?” pang-aasar ko sakanya. Sinusubukan ko din kung talagang wala na nga. Saka isa pa hindi ako interesado kay Seiji. Mas gusto ko yung kay Lance. ewan ko. kahit na medyo kuntento na ako sa mga sinabi niya. Parang di lang kasi ako makapaniwala.

Kung tutuusin mahirap mag move on.

Mahirap makalimot ng basta basta na lamang.

Mahirap makalimutan ang taong sobrang minahal ng higit pa sa sarili.

“si Lance? ah! Oo may naalala pa ako! lagi akong dumadaan sa profile niya sa facebook! Haha tapos pinagbawalan ako ni kuya kaso hindi ko mapigilan sarili ko. kaya ayun nagpopost pa din ako ng kung anu-ano sa wall niya nun. Sobra kasi yung pagkamiss ko sakanya noon eh haha.” Ngayon na sinabi niya yan. Tama nakikita ko pa yun noon. Pero pag saakin di niya ako kinakausap. Selos nga ako noon eh >3<

“oo nga nuh?” biglang niyang sabi na para bang may light bulb na nagpakita sa taas ng ulo niya

“bakit?” tanong ko.

“kasi dati lagi kong tinitignan yung account niya tapos nung tumagal hindi ko na tinitignan kahit na nag oonline ako?” napakamot siya sa ulo

Wala na nga. Hindi na nga niya gusto si Lance.

Siguro? Pero ano kayang reaction niya kung yayain ko siyang makipagkita sa dating barkada?

“paano kung Makita mo siya at makausap ulit?” tanong ko sakanya.

Hindi naman dahil gusto ko silang magbalikan. In fact hwag na! masyado na siyang sinaktan ni Lance.

“edi kakausapin. Siguro naman friends pa din kami” walang alinlangan niyang sagot

“hindi mo na ba siya mahal?” dali dali kong tanong

“syempre mahal pa din as a friend nga lang” sagot niya ng nakatingin lang ng diretso sa mga mata ko

f-friend???

“bessy tapatin mo ako. ikaw ba pinadalhan mo ng invitation si Lance para Makita mo siya o Makita niyang nagbago ka?”

“no, ang alam ko nga parents niya ang dadalo” inosenteng sagot niya

“so you mean everything was unexpected?” tanong ko

“yup”

“so bakit ka ba talaga bumalik dito?” ewan kasi bigla siyang bumalik dito na walang pasabi, na hindi niya kasama ang iba niyang kuya maliban dito sa kuya ng kuya Shizu niya.

“to help Seiji” nakakunot at parnag naguguluhan na siya saakin.

“bessy are you doubting me or something?” bigla niyang natanong

“no, hindi lang kasi talaga ako makapaniwala na you’re here in front of me who really looked fabulous, fantastic and amazing!”

“so? I’m still me” maikli lang niyang sagot

“yeah a-akala ko lang kasi pagbalik mo, malay mo mayrerevenge ka pala? I mean na baka bitter ka pa din over him and---“

“HAHAHAHA bessy!! HAHAHA OH EM! HAHAHA naisip mo yun? S-sorry I just can’t st--- HAHA stop myself from laughing hahaha”

Nang makabawi siya pinunasan na niya yung nangilid niyang luha dahil na din sa pagtawa.

“No I never thought of that bessy haha” sagot niya habang tumatawa pa din

bumukas ulit ang pintuan at pumasok si Seb

“ah excuse lang pero i-uuwi ko na ‘tong fiancé ko gabi na kasi baka magalit si tita” nakangiti lang si Seb

“eeehhh Seb naman eh >3<” protesta ko

“honey naman tumawag na si mommy mo oh! ako nanaman lagot nito eh!”

“tse! Ikaw nga dyan ang laging umaalis tapos ako yung laging lagot sa ate at mommy mo eh” reklamo ko sa kanya

“bessy uwi na^^ puntahan kita bukas sainyo”

Grabe kung ituring nila ako para akong isang teenager na tumakas lang ah! -___-

“Bukas bessy ah!”

“sure thing isama mo din yung iba para naman Makita ko din sila okay?”

“even him?” I challenged her

Pero taliwas sa inaasahan ko ang naging sagot niya. In fact masigla at walang takot pa niya akong sinagot ng:

“Yup even him.”

## Chapter 5: Reunion

### Gail’s POV

Naiinis na ako sa cellphone na yan ah! Tunog ng tunog.

“Seb yung cellphone mo!”

Itinaklob ko yung unan sa ulo ko. pero kahit na ganun na-bobother pa din ako sa tumutunog na cellphone ni Seb. Kasi naman ‘di pa sagutin!

“SEB!” umupo na ako.

“tulog mantika talaga!”

Kinuha ko yung cellphone niya at sinagot ito nang hindi tinitignan ang caller ID.

“hello? Madaling araw na po kung pwede sana marunong po kayong tumingin ng oras bago tumawag nuh?” nakakainis kasi

“ah sorry akala ko kasi mag-isa si Ceric”

“mamay---“ hindi ko na naituloy ang sasabihin ko nung biglang magregister sa utak ko na babae yung nagsalita.

Teka! Babae yun!

*tootoot*

Aba! At binabaan pa ako!

Sa sobrang inis itinulak ko si Seb para mahulog siya sa higaan! Kung bakit nanaman kasi nandito nanaman ‘tong lalaki na ito sa kwarto ko!

“a-aray naman Gail” reklamo niya habang nagkakamot ng ulo “grabeng likot mo naman matulog! Nahulog pa tuloy ako!” saka niya inilaw yung lampshade

“hwag ka mag-alala hindi ako malikot matulog. HI-NU-LOG talaga kita!” I retorted emphasizing the word HINULOG

“oh cellphone mo! Kausapin mo yung babae mo!” saka ko ibinato sakanya yung cellphone niya

“hala! Nagseselos ka nanaman dyan! wala nga akong babae!”

“anong wala! Madaling araw na tatawag pa!”

Bakas sakanya yung pagkagulat.

“o-oi! Wala talaga akong babae!”

“bahala ka dyan!” bulyaw ko saka ako humiga at nagtaklob ng kumot.

“lumabas ka na nga” pahabol ko pa ng hindi tumitingin sakanya

Pero sa halip na bumubukas na pintuan ang narinig ko, yung boses niya ang narinig ko “dito ako sanay matulog kaya dito lang ako” pagmamatigas niya saka pa siya nahiga sa tabi ko.

Kainis. Kung sino namang babae ngayon yung tumawag?

“oi, hindi ko kilala yung sinasabi mo. Wala akong babae” niyakap pa niya ako mula sa likuran ko.

“bahala ka dyan”

“sus naman tong si Honey oh. hwag ka na magselos. Hindi ko talaga alam yang sinasabi mo”

Honey, sweety, love? ang dami naman kasing endearment ng taong ‘to saakin. Playboy talaga. Hindi na magbabago. Kawawa naman ako sakanya.

Tinatanggal ko yung kamay niyang nakayakap saakin at saka tumayo.

“oi oi saan ka naman pupunta?” hindi ko nalang siya pinansin saka lumabas sa kwarto.

“edi dyan ka matulog. Pupunta ako kay Bessy >__<”

Pumasok ulit ako sa kwarto para kumuha ng damit na babaunin saka pamalit na din.

Si Seb nakatingin lang saakin

“saan ka pupunta? Gabi na ah”

“maglalayas”

“hala! Gail naman. Wala nga kasi akong babae”

“okay sabi mo eh”

“naman oh!” lumapit siya saakin tapos binabalik niya yung mga kinuha kong gamit.

“Seb! Ang gulo ah!”

“gabi na oh. kung maglalayas ka naman yung hindi sa delikadong oras”

“paki mo ba?”

“fiancé kita! Natural naman may paki ako” saad niya

Aish! Naku maaga akong tatanda dito kay Seb

Nakakawala naman kasi sa mood yung malambing na boses kanina

Inagaw ko yung mga damit ko na kinuha ni Seb saka naglakad palabas.

Di naman sa OA pero kasi diba? Sino ba naman kasing babae ang maglalakas ng loob na tawagan yung lalaki ng madaling araw? And hello! Parang kelan lang nung may naghahanap kay Seb eh.

Naiinis lang naman ako.

“Gail naman gabi na oh baka kung mapanu ka wag ka na magtampo. Hindi ko talaga alam yang sinasabi mo” nakapout pa niyang sabi. Pa-cute pa -___- kala mo naman tatalab saakin.

Tinignan niya yung cellphone niya. Siguro nagdedelete na yan ng messages para di ko mabasa at numbers para din a ako maghinala -___-

“sweety unregistered oh! hindi ko kilala ‘to”

Talaga lang ah?

“babae siya malambing ang boses niya” sabi ko na para bang nagmamaktol

“ayieee ito namang si loves oh! selos kasi agad hindi ko talaga yun kilala. Wala nga akong nakakausap na babae diba? Si Miyuki lang yung kanina.”

“eh kanina ang daming babae dun. Malay mo nung iniwan kita doon tapos may nakausap ka tapos---“

“paranoid naman masyado si sweety. Hayaan mo sila ikaw naman pinakamagandang babae hahaha joke mas maganda pala yung kaibigan mo kani---“

“ANO YUN??? ANONG SABI MO?”

“sabi ko matulog na tayo hahha”

“di mo yun babae ah?”

“hindi nga” hinila na niya ako pahiga para matulog na >.<

Teka nga?

“bumalik ka na nga sa kwarto mo! Nandito ka nanaman kasi”

“ayoko inaanntok na ako” saka na siya pumikit.

Hay adik kong fiancé!

***

**JL’s POV**

Gosh! Late na ako! si mommy naman kasi!

Hindi pa ako nakakapagsuklay and all!!! This is the worst!

Napahinto ako sa pagtakbo nung makita ko yung car ni Lance sa labas. oww sht! Bakit nandito yan? Napatakbo ako ulit papasok sa bahay. Humarap sa salamin at nagsuklay.

Kasi! Bakit nandito yun? Nakakahiya! He just saw my worst face ever!!!

Hala wala pa akong make-up !!!

Bahala na!

Lumabas na ulit ako.

Nakita ko siyang lumabas sa sasakyan niya.

O’cmon! Ano ba kasing ginagawa niya dito?

“ano nanaman?”

“ang aga pa para magsungit” sagot lang niya

“diba sabi ko hwag mo ko sunduin?”

“get in” ano pa nga ba? Male-late na din naman ako.

Sumakay na ako sa tabi ng driver’s seat niya.

Actually may inaayos ako sa school.

Graduate na ako. and si Lance naman ay nag-aaral ng BSBA. Graduate na din naman siya ng Bs bio.

Credited naman ibang subject niya so mapapadali nalang din ang pag-aral niyan. In fact kahit di na yan mag-aral kaya na niya.

I’ll pursue medicine later after this school year.

“bagay din naman pala sayong walang make-up”

“yeah right Lance. mang-asar ka pa!”

It sucks dahil wala pa din akong nahahanap na trabaho. Currently I’m a tambay! Ayoko pa magtrabaho, all I want is to study!

Tahimik lang kaming dalawa until tumunog ang phone niya.

“Kysler?”

Kysler? Yung friend yata nila yan?

“yeah? Now?”

I took my phone and started playing. Gosh lang. nabobored ako. kaya ayoko sumasabay kay Lance.

“I’m with JL. Bakit?” napatingin ako kay Lance. “who?”

Psh pati na naman sa kaibigan niya tipid pa din siya magsalita?

“okay” saka na niya binaba

“after you settle all your---“ I shut him off and said “magpapasama ka nanaman? Where to?”

Ngumiti lang siya

Di ako nakukuha ng ngiti -____-

“to my friends”

Hmm? Okay? So matagal na din naman niya di nakikita mga kaibigann niya. Great baka kuyugin lang ako ng mga yun. I know all of them knew about what I did to Miyuki years ago.

“oo nalang”

**Gail’s POV**

“pupunta ba yung si Lance?” tanong ni Ales

“oo tinawagan ko na siya maw!” ngiting ngiting sagot naman ni Kysler sakanya.

Lahat sila hindi pa alam na nandito na si Sharly. Nasaan na nga ba yun? Busy pa siguro siya.

“bakit nga pala pinatawag mo kami bigla Gail?” tanong ni Dennis

“sus! Parang ayaw mo naman! Nakakamiss din kaya tong barkada!” sabat ni Kysler

“HAHA SYEMPRE GUSTO!!!”

Nandito kami sa bahay bakasyunan nila Seb. Walang tao ngayon dito. Maganda at malawak naman yung lugar. May enough rooms din for us.

“Gail! Tara mag ihaw tayo!” excited na yaya saakin ni Ales.

Kami lang kayang dalawa ang babae ngayon ^^

Pumasok muna kami sa kusina para iprepare yung mga dapat iprepare.

May naluto na din ako kanina.

Yung mga lalaki naglaro na muna ng basketball dyan sa labas.

“buti naisipan mo ‘to nuh? Grabe natuwa naman ako nung tumawag ka kanina! Pina cancel ko pa kaya yung lakad ko kanina. Si papa kasi ang kulit eh!”

“haha pinipilit ka nanaman niya mag model nuh? Adik yang daddy mo”

“naku! Sinabi mo pa. hanggang ngayon nga tago kami ni Kysler. Nakakatakot si daddy! Hahaha”

“grabe yan ah! Sa tagal niyong yan! Hindi pa kayo nahuhuli ni Kysler haha”

“okay lang wala naman kasi nagbago sa pakikisama namin ni Kysler pag madaming tao. Ganun pa din madalas para kaming mga batang nag-aaway.”

“si Lance hindi ko gaano nakikita ah” sabi ko

“ako din eh. Busy kasi siya sa business nila. Tinuturuan na siya ni tito magpatakbo ng company nila. Grabeng stress yun haha. Ang pagkakaalam ko nga siya din yung umattend sa party na dapat sila tito ang pupunta”

“ah” >.< yun yung party nila Sharly

Nakasayaw pa nga daw niya gaya ng sabi ni bessy pero hindi naman nakilala. Haist buti na din yun

“WOAH!!! PARE!!!” naghihiyawan na yung mga lalaki sa labas.

“baka si Lance na yan?” tanong ni Ales

“siguro nga. Tara tignan natin” yaya ko.

Iniwan na muna namin mga ginagawa namin ni Ales. Tutal nag preprepare palang naman kami

Paglabas namin.

Okay???

He’s with JL.

Naalala ko nanaman yung sinabi ni Bessy na kasama ni Lance si JL kagabi.

“s-sila na ba?” tanong ko kay Ales

“ewan siguro” hindi sigurado niyang sagot

“adik ka na? bestfriend ka niya diba? Bakit di mo alam?”

“busy siya lagi! Malay ko ba sa taong yan. Sa tuwing pupunta ako sa bahay nila wala naman siya parati and besides ayaw ko siyang kausapin”

“eh? Bakit?”

“about sa nangyari dati. Yung alam mo na yung sakanila ni Miyuki. Hanggang ngayon kasi di niya masabi saakin yung rason niya. Selos na nga ka okay JL laging siya kasama niya sa mga party! Dati naman ako yung pinakaclose niyang babae Maliban kay Miyuki >__<” halata sakanya na naiinis.

Nakakainis nga naman kasi si Lance.

Tapos naalala ko pa itong si Seb.

Ayan na! nakatingin na nga kay JL -___-

Aba subukan lang niya! Malilintikan talaga sakin ‘tong lalaking ‘to mamaya!

Papasok na sila dito sa loob. kami naman ni Ales nakatayo lang dito sa harapan ng pintuan.

“siguro pag wala si JL dyan pwede pa akong lumapit” pagkasabi ni Ales yun naglakad na pabalik sa loob. Pero okay naman na si JL eh. Actually she’s nice na? at napatunayan ko yun kagabi. I think? Kung hindi lang talaga siya Type ni Seb siguro nilapitan ko na din yan ngayon!

“sama ka na muna kina Gail” said Lance

“hah? iiwanan mo kong mag-isa dito pagkatapos mo ko isama? Ayoko nga!” aba! Parang sinabi na din niyang ayaw niya saamin ah! Malditang ‘to talaga! Naku!

Di na siya nagbago! Matarayan kaya niya si Miyuki mamaya?

Or not?

Will Sharlot consider her as a rival? Or not?

Ghad!

“hoy pasok muna kayo. Kain muna” tawag ko sakanila.

Kasi naman akala ko papasok na sila kanina tapos biglang hindi pa.

“anong pagkain? Masarap ba?” kumikinang pa ang mga mata ni Dennis

“ano ka ba! Luto yan ni sweety kaya masarap!” naku nambola pa!

“buti pala hindi si Maw nagluto! Kung hindi baka di niyo ma-sik-mu-ra” slow motion na sabi ni Kysler kasi si Ales dito hinahanda na yung kamao niya. Ewan ko ba bigla siyang lumitaw sa likuran ko at nag pro-produce pa ng black aura haha.

“Joke lang naman syempre! Masarap kaya magluto si Maw HAHAHA” sus! Pinagpapawisan na siya ng malamig na pawis eh ahahaha matatakutin masyado.

“tara” simpleng sabi lang ni Lance kay JL

Psh

Ayoko si JL dito >__<

Sa table mga lalaki lang maingay except kay Lance na di gaano nagsasalita. Yung tatlo lang. at talagang tinatawag pa nilang master itong si Seb? Pag umpugin ko kaya silang tatlo? -___-

“pigilan mo ko Gail ah. Napupuno na ako kay Kysler” bulong saakin ni Ales

“haha di na kita pipigilan isama mo na din yung katabi niya!” katabi kasi niya si Seb

“o-sure yun lang pala eh” saka siya ngumiti ng nakakatakot kaya naman nanahimik na si Kysler hahaha

Nakukuha pala siya sa isang ngiti sana si Seb din^^

Napatingin ako sa may pintuan and nagulat ako.

Napatayo ako.

“hi Bessy” masigla niyang bati

Napatingin silang lahat sa direksyon kung saan galing ang boses.

“wow kumpleto ah” lumapit pa siya saamin

“Hi Ales. How are you?” saka pa niya bineso beso. Halata naman kay Ales ang pagkagulat

Si Dennis naman kulang nalang malaglag ang nginunguya niya.

“MIYUKI!!!” sabay turo ni Dennis sakanya

“yup ako nga. wow Dennis! Wala kang pagbabago!” saka pa niya pinat ang ulo ni Dennis na para bang bata lang ang kausap.

“bessy bakit di mo siabi na nandito ka na pala? Sana naman nasalubong kita dyan sa labas” nilapitan ko siya at saka niyakap

“ah yeah. Sorry nalate ako. may ginawa lang kasi ako kanina”

“grabe parang wala kang pinagbago!” said Kysler

“haha I’m still me!” natutuwang sagot ni Sharlot sakanya

And then napatingin siya kay Lance

“Hi Lance? musta na?”’ bati niya na para bang normal lang. kumbaga parang sinabi lang niya na ‘hello long time no see’ sa dating kaklase!

Halata sa lahat ang pagkagulat.

As in gulat talaga maliban lang kay Lance.

Kung saan lahat ng mata namin ngayon nakatingin sakanya

At tenga na nag-aabang sa isasagot niya.

“okay lang ganun pa din”

Ngumiti lang si Sharlot sakanya

“hi JL. Hindi kita nakausap kagabi. Umalis kasi kayo kaagad ni Lance sa party”

Grabe. Parang ewan! Ako yung kinakabahan! Ang tahimik lang namin at tanging sila lang yung naririnig ngayon.

Nakakabinging usapan.

Na nakakakaba.

>.<

Isa lang masasabi ko ngayon.

Kulang nalang pasukan ng langaw ang mga nakaawang naming bibig >__<

## Chapter 6: Bemuse

**JL’s POV**

I tried to look normal. I mean, not shock at all! GHAD! She’s really here! So that means hindi talaga nagkamali si Lance kagabi?

“hey guys! Natahimik kayo? Wala ba akong welcome hug? Na-miss ko kayo sobra!” she’s still the same Miyuki I used to know.  I think?

Nginitian ko lang si Miyuki. I don’t know. Wala ako masabi. She’s producing a different aura. She’s not Miyuki. She. Is. Not. HER!

Tumingin ako kay Lance. tinitigan lang niya ng saglit si Miyuki then kumain na ulit. Okay so ano kaya ang feeling niya?

Nagsitayuan sila then hugged her one by one. Kami lang ni Lance ang hindi tumayo para i-hug siya. Err that's awkward well not me but Lance.

Umupo si Miyuki sa harapan namin ni Lance, to be exact sa tabi ni Gail.

Actually wala ako maintindihan sa kwentuhan so I didn't bother myself to listen at all.

"bored?" mahinang tanong ni Lance. nginitian ko nalang siya then continued eating.

"AH!" napatingin kami lahat kay Miyuki. She acts as if may naalala siya

"naku nakalimutan ko. wait lang hah" tatayo na siya ng biglang may isang taong pumasok pa.

Lalaki siya, tall dark and handsome. A Japanese guy. Porma palang malalaman mo ng Japanese.

"I put all your stuff their Miyuki" sabi nung guy while pointing at the living room.

"Thanks Seiji" tumayo pa si Miyuki at lumapit kay Seiji

"guys!" tawag niya saamin ng hindi tinatanggal ang ngiti sa mukha niya." meet Seiji. Kapatid siya ni kuya Shizu" tuwang tuwang pakilala niya sa kanyang kasama.

Kapatid 'to ng kuya ni Miyuki? So kapatid din niya right?

Sa pagkakaalam ko kapatid niya si Shizu. If tama ang pagkakaalala ko.

"Miyuki, Boku wa sugu ni iku." Said that Guy

"eh? Ima? Nande?" okay! Sila na nagkakaintindihan!

"Shizu san wa mukaenakerebanaranaide desyou." Nahihilo na ako sa usapan nila ah. In fairness naman!

"ONIISAN WA MO KAETTA NO?" nagulat kaming lahat kasi biglang parang excited si Miyuki dun sa sinabi ni Seiji.

"Hai. Atode modotte iku mo ii ka?"  ngumingiti pa yung si Seiji?

"iiyo. Ki wo tsukette ne." she said smiling

"Anata mo." Tapos hinalikan niya sa pisngi. Agad akong napatingin kay Lance. no reaction ka pa ba niyan Lance?

After sa hindi namin maintindihan na conversation nila umalis na yung guy. What the hell just happened?

“ano daw sabi ni Seiji?” asked Gail.

Si Lance naman tumayo lang and went out of the dining. BITTER! HAHA

Kanina he’s acting as if he doesn’t care at all.

Sinundan ko si Lance. nakita ko siya sa may terrace nakatayo dun and smoking.

“so anong naramdaman mo?” I asked leaning on the fence

“happy”

“and?”

“its awkward”

“I thought so”

Silence took over. Wala kaming ibang marinig kundi yung mga nagsisiyahan sa loob.

“so ano? Tuloy pa din ba na dito ka?”

Ang pagkakaalam ko kasi, overnight or maybe ilang days sila mag-stay dito.

“kaya mo?” I asked challenging him

“there’s nothing to worry about JL.”

“really? so gusto mo na nandito siya?” tumingin ako sa view. Maganda. Ang sarap sa mata tignan ang paligid

“no. yes? I don’t know” he confusedly answered

“takot ka pa din?” still di pa din ako nakatingin sakanya.

Nagulat ako nung malaman ko na he can smoke. This is not the first time. Lagi naman yan nag-smoke especially pag kasama niya yung mga dating teammates niya. I don’t know. Lagi niya akong sinasama. Siguro dahil he thinks medyo pareho kami in a way? Not really pareho. We have same situation but vice versa. Siya ang nang iwan ako yung naiwan something like that. Not really the same though. Seriously! What am I talking about?

“nagulat ka ba sa inasta niya?”

“yeah”

“you think she’s still in love with you?”

“I don’t know. Ano sa tingin mo?” saka pa siya tumingin sakin

“maybe? A normal girl cannot do that. You see mahirap mag move on” I said

“and you?” he asked pertaining to my feelings toward Jake

“sabihin na nating, oo nasasabi kong nakapag move on nga ako pero hindi ko naman alam kung anong mangyayari pag nakita ko ulit siya. Seems funny but first love ko siya. Hindi ko naman maikakaila na mahirap din siyang kalimutan”

***

Gabi na

The guys set a bonfire.

They said we should cherish this Reunion daw.

As if naman kasama ako sa barkada nila.

For them I am just a chaperone of Lance. as if naman di ko nababasa mga nasa utak nila.

I guess they just hate me too much hah?

“YEAH YEAH!!! HETO NA INUMAN NAAA!!!” sabi nitong si Dennis daw -___-

“woooh! Yeah boy! Ang tagal ko ng di nakakainom ng alak! Lagi akong binabalawan nung halimaw dyan sa tabi hahaha”

So sinong halimaw? His GF?

Funny endearment

“buti ka nga binabawalan lang uminom! Ako tinali na nung isa dito hahaha” that’s err. Seb??? Gail’s Fiance. The one she was with last night’s party?

“ah ganun! Tinali pala ah! Sige lang.” may galit sa tono ng boses niya

Cute couple. :>

“So JL kumusta naman ang lovelife?” tanong sakin ni Ales. Napatingin naman silang lahat saakin

“wala naman” matipid kong sagot

“REALLY? so kayo ba ni Lance?” tanong pa ni Kysler

Tumingin ako kay Lance. pero it seems he doesn’t care at all. Tinungga pa niya yung alak.

“we’re friends” I answered. Kita ko na may binulong si Ales. Hindi ko man narinig. Alam ko na kung ano.

Selos siya. -___-

Pero ‘di ko inaagaw ang lalaking ‘to sa kanya.

Kanya na.

Lamunin pa niya

Napapasama lang ako dahil no choice.

Kahit alam kong hindi naman nila siya papabayaan ng mga ito.

Pero pag nakainom kasi si Lance ‘di talaga mapigilan mag-alala.

Knowing na ako lang nakakaalam nung mga ayaw niyang sabihin sa mga kaibigan niya.

“oh bago magkainitan dyan mag-laro tayo ng truth and only truth!!!” sabi ni Kysler.

Wow hah. naramdaman siguro niyang iba na ang kinikilos ng GF niya.

Tss

“so kumusta naman ang soccer?” si Miyuki na ang nagtatanong.

Napatingin naman kami kay Lance na ngayon ay nananahimik lang.

“matagal na akong tumigil”

“EEHHH?? BAKIT? Sayang naman nun! Ang galing mo pa naman!” was that a compliment? Or was she just hurting Lance?

“so bakit ka tumigil?” dagdag pa niya

Tinitigan lang siya ni Lance.

“ah confidential ba? Sige wag mo ng sagutin” nakangiti pa siya.

Alam ba niyang she hit the bull’s eye?

“oh oh tama na yan!!! Ikutin ko na ‘to!” sabi naman nung si Dennis.

Inikot niya yung bote

At ilang sandali pa huminto ito sa harap ni Miyuki

“waaaaah ang daya naman! Bakit sakin agad?” she said pouting

“aangal? Bawal yan bessy!” matawa tawang sabi ni Gail

“great! Ako ang magtatanong!” masayang sabi ni Ales

“ang daya naman! Dapat ako magtatanong kay Crush! Ako nag-ikot ng bote!” angal naman ni Dennis

“HOY DENNIS! PAG DI MO PINAGBIGYAN ANG ALES KO.---“

“Malilintikan ka pag inagawan mo ang isang babae” dagdag naman ni Seb

These guys are CRAZY!

Ghad

I just sipped my glass of beer.

“so Miyuki!” tawag ni Ales

“hala! Wag mahirap ang tanong ah” nakapikit at parang she’s saying ‘please madali lang ah’

“so yung si Seiji. Ano mo siya? Boyfriend mo ba?” diretsong tanong niya

“dapat ba talagang sagutin yan?” parang nahihirapan pa siyang sumagot

“ayieeeeee namumula oh!!! hahaha” nililoko nung mga lalaki si Miyuki.

Aish.

“yes! Kasi kung di ka sasagot paparusahan kita! Hahaha”

Si Lance kahit di man ipahalata interesado yang malaman.

“5”

“hala! Bakit may countdown!” reklamo niya

“4”

“simpleng yes or no lang yan. 3” said by Kysler

“2”

All of them were counting

“1”

“mahirap ba ang tanong hah Crush? XDD”

“hindi naman pero kasi—“

“wala parusahan na ‘to!!!” sabi naman ni Kysler

Ang gulo nila.

Pero Masaya silang panuorin

“sige na nga. Parusa nalang >__<”

“kiss Lance” pagkasabing pagkasabi ni Ales yun. Naubo si Lance. nasamid yan. Bigla ba naman idamay ang pangalan. I think binulong ni Gail yun sakanya.

“sht” he cursed

“Lance okay lang ba?” tanong ni Miyuki

Sadista -____-

Kawawa naman si Lance.

Tumayo si Miyuki at saka lumapit kay Lance

Umupo siya para pantay sila ni Lance.

And then she kissed him sa cheek.

“YUN OH!!! MULING IBALIK ANG TAMIS NG PAG-IBIG! HAHAHAHA” sabay sabay yung tatlong lalaki

“mga baliw” sabi naman ni Gail

“hahaha. Adik kayo ah!- Miyuki

“Yan si Miyuki! Game na game!” –dennis

Napatingin ako ulit kay Lance.

Tumayo siya. Then umalis.

“hala kayo!!! Nagalit si Lance!!! ikaw kasi Ales eh!!” sisi ni Dennis

“oi! >__< di ko naman alam na gagawin ni Miyuki! Nagulat nga ako eh >___<. Saka si Gail kasi!”

Tsk.

Tumayo nalang ako “pinapunta niyo lang ata siya dito para paglaruan” I said then sinundan si Lance.

Kawawa naman ‘tong Lance na ‘to.

Ramdam kong nanahimik nung iniwan ko sila.

Katulad kanina nasa may terrace ulit siya.

Nagsindi siya ng sigarilyo.

“Hoy Lance”

“oh? pipigilan mo ko?” tanong niya.

Asa naman na kukunin ko sa kanya yung stick ng cigarette

“no.” tumawa lang siya

“awkward ba?” tanong ko.

Pero di niya ako sinagot “so masakit ba?”

kahit di niya ako sagutin alam kong nasasaktan yan.

“alam mo bang nahuhulog na ako sayo?” diretso kong sabi sakanya

Tumawa lang siya.

Alam ko naman na tatawanan lang niya yan.

Hindi pa din siya nagrereact sa sinabi ko.

Ganun ba siya pag may umaamin sakanya?

“nakakatawa lang. iniisip ko pa naman kagabi kung bakit ako nagkakagusto ngayon sa tulad mo. Well you see ang pangit mong kasama. Masyadong tahimik. Napag-isip isip ko din na swerte at malas ang mga taong pinapahalagahan mo”

“bakit?”

“swerte sila kasi masyado kang mapagpahalagang tao. Nakayanan mong kamuhian ka nila. For their safety. Malas nila kasi dahil masyado mo silang pinapahalagahan hindi mo na iniisip kung anong iisipin nila, hindi mo na iniintindi na gusto din naman nila makatulong. Pero swerte sila kasi isang dakilang Lance Mariano ang kaibigan nila”

Sumulyap ako sakanya at nakita ko ang nagform niyang ngiti.

“you know me that much?”

“3 years Lance. sa tatlong taon nakilala kita.”

Muli nanaman kaming nanahimik. I don’t feel rejected or what. I don’t know. Kasi umpisa palang wala naman eh. This feeling of mine? Tsk. Hindi ko ipagsisiksikan ang sarili ko sakanya.

Dahil sa tatlong taon.

Ni minsan hindi niya kinalimutan si Miyuki.

“swerte ni Ales kasi kahit di mo naman sinasabi sakanya ang problema mo, itinuturing mo pa din siyang bestfriend.”

“ang dami mong alam” he hissed

“well magagalit ka naman kasi kanina pero hindi mo magawa. Bestfriend mo yun at alam mong wala naman siyang nalalaman”

Bahagya siyang natawa sa sinasabi ko.

Based on my observation kasi hindi siya agad agad nagagalit sa mga taong mahalaga sakanya.

“tingin mo iisipin din nila yang mga iniisip mo?” ang seryoso niyang magtanong. Siguro dahil miss na din niya ang mga kaibigan niya. Kanina pa kami nandito pero halos kami lang din ang nag-uusap.

Ni hindi niya malapitan mga kaibigan niya.

“alam mo hindi biro ang makita mong nakatutok ang baril kay Miyuki, Lance. kaya ang swerte niya sayo. Dahil sobra mo siyang mahal. sa oras na malaman nila ang mga dahilan mo. Ang rason mo kung bakit mo sila iniwasan, magtiwala ka ipagmamalaki ka ng bestfriend mo sa ginawa mo. Pero kay Miyuki? Hindi ko lang alam siguro baka lalo pa yun magalit sayo”

Iiwanan ko na sana si Lance. pero pagkatalikod ko para bumalik na sana sa iba, isang ‘confused’ na Ales ang tumambad sa harapan ko.

“what does that mean?” napaharap sakanya si Lance.

“nothing” sagot lang niya

“Nothing? LANCE! ano ba! Why didn’t you tell me?” nagpipigil siya.

“JL! What does that mean?”

“asked him and not me” after that, iniwan ko na sila.

For them to talk as bestfriends

**Chapter 7: STONE!**

**Gail’s POV**

“hey I’m going” bungad saamin ni JL nung bumalik na siya.

“ah? Gabi na. bukas na” sagot naman ni Sharlot

Si Ales naman sinundan kanina si Lance.

“no thanks. Hindi na ako magtatagal dito lalo na kung ang mga taong nakapaligid naman saakin ay pinaplastic lang ako. well anyway ano nga bang magagawa ko. sino ba naman kasi ang maniniwalang KAIBIGAN lang ako.” ngumisi siya saka naglakad papalayo saamin

Kahit kelan talaga! Ang maldita pa din ng babaeng yun.

Nabigla naman ako nung biglang tumayo si Bessy at hinabol si JL.

“sira ka ba? Sino naman nagsabi sayong iniisip namin yun?” I do Sharly >.<

“Look I know di ako tanggap dito and I don’t care. Pero as Lance’s friend, I do care about him! hindi lang halata pero alam niyo namang kahit papaano sensitive din yung tao.”

The nerve! Kasalanan nga ni Lance! and what? Sila na close ganun?

Kung nagpaliwanag siya dati pa edi sana walang ganito ngayon. mas galit pa yata ako kesa kay Bessy.

“Pinapahirapan? JL, if you are talking about sa nangyari kanina katuwaan lang naman yun. Hindi ko nasagot yung tanong kaya ginawa ko yung dare. Anong problema doon?”

“and so? Pinapamukha mo saamin na naka move on ka na?”

“that’s not it. Look I’m sorry ‘di ko naman sinasadya”

“really? kung umasta ka kasi parang hindi naging mahalaga sayo yung tao. And wait” tumingin lang siya kay Bessy at saka nagpatuloy “I know this is insensitive pero kung umasta ka kasi parang walang bata na nawala sainyo”

“JL! Mali na yata yang sinasabi mo!” I shouted. Maling mali naman kasi talaga.

Ganun nalang yun? Umalis na siya?

“hayaan mo na bessy” ngumiti lang siya but a faint one saka siya nag iwas ng tingin.

Yung kaso kay Lance parang wala lang kay Sharlot pero kung ang bata na iba na yata yun.

Hindi ko pa naranasan maging ina kahit isang beses, kapag buntis ka na ina ka na eh. Kaya alam kong masakit sa bestfriend ko ang sinabi ni JL.

Pero ayoko man aminim.

Totoo ang sinabi ni JL kanina.

Tumingin ako sa bestfriend ko at napansin kong nagpahid siya ng luha.

Nasasaktan siya.

Hindi dahil kay Lance kundi dahil sa bata.

“nasaan na ba kasi yung mga lalaki?” alam kong pilit ang ngiti niya ngayon.

Siya pa din ang bestfriend ko kahit papaano. Alam kong hindi siya nagbago.

Dahil kung nagbago siya at talagang nakalimot na nga hindi siya magpapaapekto ng ganito.

“Bessy” sabi ko habang inaalo yung likuran niya.

Umiiyak na kasi siya.

Naupo ulit kami sa may bonfire. Wala yung mga lalaki. Kumuha lang sila ng iinumin sa loob.

“bessy tahan na”

“am I that bad? Hindi ko naman sinasadya ah. Bakit kelangan idamay niya yung anak ko?” diredirestso lang niya yun tinanong sakin.

“sshhh hindi. ‘di mo naman talaga sinasadya” sige kunsintihin ko pa >.< pero di ko naman talaga alam kung sinadya niya o hindi.

Kasalanan ko naman.

Binulungan ko si Ales. Inutos lang niya yung sinabi ko.

Pero kasi hindi ko kasi alam kung maniniwala ako kay Sharlot o hindi.

“w-wala naman ako pakialam kung anong mangyari kay Lance. wala din naman akong pakialam kung ano gawin niya. Kung isama pa niya si JL dito. Wala lang naman saakin yun pero wag naman sana dinadawit yung bata”

Humahagulgol na siya. Inaalo ko lang ang kanyang likuran.

Ang mga palad naman niya ay nakatakip sa mukha niya.

“hala! Bakit umiiyak si Crush?” umupo sa tabi ni Sharly si Dennis. Tumingin ako sa dalawang dumarating pa. sila Kysler at Seb

“w-wala naman may naalala lang kasi ako” palusot naman nito

“si Lance ba yan?” tanong ni Kysler

“hindi”

Tumahimik nalang kami habang hinihintay na kumalma si Sharlot.

Ayaw naman namin magsabi ng kung anu-ano.

Mukhang hindi pa din niya nakakalimutan yung sa anak nila noon.

“masama kasi ako” nagulat nalang kami nung bigla siyang nagsalita

“hindi din” –seb

“oo nga hwag mo ngang isipin yan” sabi nama ni Kysler

“hindi ka masama crush oo minsan ang sama mo nga pero saakin lang ang daya mo nga eh! >.<” pa-cute pa itong si Dennis.

I sighed.

“Sharlot hwag ka ngang mag-isip ng ganyan. Alam mo naman yung ugali nun diba? Kaya lang niya nasabi yun kasi siguro dahil talagang close sila ni Lance?”

“parang sa mga sinabi niya kasi kanina parang pinaparating niya na I’m on revenge. But bessy NO!” she retorted. “I wouldn’t do such thing.” Then niyakap lang niya ang kanyang mga binti at nagpatuloy “Again”

Again?

“inaamin ko naman na nagbalak ako magrevenge dati yung kay Russel pa. that was so yesterday! And I wouldn’t do that again! Revenge will not turn me to a great person! It will only turn me into A LOSER!”

“kaya bakit naman sasabihan ako ni JL ng ganun?”

Feeling ko, feeling ko lang naman. Ngayon palang siya naglalabas ng sama ng loob about sa nangyari dati.

Hindi ko siya maintindihan kasi siguro di ko pa naranasanan.

“tama na. hindi naman siguro sinasadya ni JL”

Natahimik ulit kami. Yung mga lalaki uminom nalang.

“i-I’m okay now. Thanks” she finally said siguro after 10 minutes.

Si Ales wala pa din.

Kumuha na lang ako ng baso namin ni Bessy sa tabi at saka nilagyan ito ng maiinom.

Inabot ko sa kanya yung nilagyan ng alak ni Seb na baso.

“thanks”

“LANCE NAMAN! SABIHIN MO NA DIN KASI SAKANILA!” napatingin kami sa nasigaw na si Ales.

Hila hila niya si Lance.

“hindi na nga” sagot naman nitong isa at saka tumingin saamin.

“si JL?”

Ah? Pagbalik na pagbalik si JL agad ang hinanap?

“LANCE ANU BA! Tell them!”

“huwag na nga. Tapos na ano pa bang babalikan? Ang kulit mo!” parang naiirita na si Lance

Woah.

“anong nangyayari naman? Lance hwag mo ngang sinusungitan si Ales!” pagtatanggol ni Kysler sa girlfriend

“tss”

“where is JL?”

“umalis na” sagot ni Sharlot

“bakit niyo hinayaan umalis? Gabi na oh!” medyo nagtataas na ng boses si Lance

At di na ata ako makakapayag dyan.

“so kelangan magalit? Pinigilan namin siya!” sagot ko sakanya. Naiirita na kasi ako.

“Ales akin na yang susi ko”

“ayoko! Sabihin mo muna sakanila!”

“ano bang pinagtatalunan niyo?” nacucurious na din ako. pero buti nalang tinanong ni Kysler

“oo nga ano ba yun!” pag sang ayon pa nitong si Dennis

Pero imbes na matinong sagot ang marinig namin mula kay Lance isang matigas na “wala” ang sagot niya

Umiiyak na din si Ales ngayon. ewan ko kung bakit

“naiirita na talaga ako Lance!” bigla nalang lumabas yan sa bibig ko at saka pa ako tumayo!. Feeling brave naman ako.

Pero kasi nakakainis na.

“ngayong gabi dalawang babae na yung umiiyak! Ano ba! I set this up for us to ENJOY! For us to settle all the problems we had”

Totoo naman. Hindi lang dahil kay Sharlot kaya ko sila tinawag lahat.

Hindi para mag-away lang ulit.

“please Lance naman wag na kasing matigas ang ulo” pakiusap ng kanyang bestfriend

“it will clear the misunderstandings Lance”

“okay na kasi. Okay naman si Sharlot. Okay naman kayong lahat! Bakit ba kelangan niyo pa yung paliwanag ko? THAT WAS NOTHING!”

“NOTHING? LANCE NAMAN! magkakaganito  ba ako after I heard all of that!”

“bakit ba kasi hindi pa ikaw ang magsabi?” suggest naman ni Seb

“oo nga oo nga!” sang-ayon nanaman ni Dennis

Napatingin ako kay Sharlot

“kasi si Lance dapat.”

Natawa lang ng bahagya si Lance.

“neither you tell’em or not. I don’t care anymore” sa sinabing yun ni Lance I assume alam na ni Ales ang dahilan.

“but Lance! di mo sinabi lahat!”

-____-

Labo.

“si JL. Gabi na. baka mapanu siya. Susi ko” saka pa naglahad ng kamay si Lance para hingin kay Ales yung susi .

Parang kami napapatameme nalang dito.

Curious kung ano ba talaga ang nangyari,

Pero sa inasta niya parang wala siyang pakialam sa nangyari noon.

Naasar ako.

Naglakad na si Lance paalis nang makuha niya ang susi.

Sinundan ko lang siya hanggang sa makarating kami sa harap ng bahay.

“bakit mo ba ako sinusundan?”

“bakit ba kasi ayaw mo pang sabihin? Bakit ba ang dami mong arte hah Lance?”

“may mababago ba? Wala naman diba?”

“kung sinabi mo siguro dati pa edi sana walang nagbago!”

Aktong bubuksan na sana niya yung pintuan ng sasakyan niya pero sinarado ko ‘to.

“Gail what’s with you?”

“ano? Susundan mo si JL? GHAD LANCE!”

“ano naman ngayon kung susundan ko?”

“mas mahalaga ba ang JL na yan kaysa sa bestfriend ko?”

“Lance sabihin mo nga! Mahal mo na ba si JL?”

“girlfriend ba kita para sagutin yan?”

I slapped him. He deserves that SLAP from me! Dati pa ako nagtitimpi.

Dati ko pa gustong gawin yan para sa bestfriend ko.

“Lance hindi na ba mahalaga si Sharlot sayo? Pinagpalit mo ba siya kay JL? Si JL ba ang dahilan? I mean-“ nakita ko lang na parang umiba ang eksperesyon niya sa mukha.

Naging malungkot? Hindi ko siya mabasa dahil siguro madilim na din. Mata lang naman ang umiba. Parang nalulungkot na..EWAN! di ko siya mabasa!

“JL? ni minsan hindi ko naisip yang sinasabi mo”

“kung ganun ano? Siya na pinalit mo as bestfriend? Ang immature naman!”

“look who’s talking. Immature? Ako? bakit dati ba nandyan kayo? Bakit niyo sisisihin si JL kung siya lang ang nandoon noon? Bakit niyo siya sisisihin kung wala naman siyang ginawa? I never told her any! Pero nalaman naman niya. Kasalanan ko bang tinuturing ko siyang isa sa mga kaibigan ko?”

“Lance ano ba! Hindi kita maintindihan!”

Gulo na ako >.<

“Gail mahal ko si Sharlot. And until now. I love her.” Parang lalong gumulo yung isipan ko. sa loob ng tatlong taon ba---

“ni minsan hindi ko siya kinalimutan. So Gail take care of her. I’m happy that at least---“

“kung mahal mo siya sabihin mo saknya yung rason mo”

“no need. She’s happy now. Nakamove-on na siya. ‘di na niya kailangan marinig ang mga tapos na. She’s now happy living in the present. Ayoko siyang guluhin pa”

“at ikaw?” I asked

“nasa past. Dahil lagi nalang pinapaalala ng mga tao sa paligid ko ang kasalanan na nagawa ko”

Pumasok na siya sa sasakyan niya at pinaandar ito.

Pinanuod ko lang siyang umalis. At pabalik na ako nung Makita ko si Sharlot na nakasandal sa poste malapit saamin.

Isa pa siya. Hindi ko mabasa ang ekspresyon sa mukha niya ngayon.

“narinig mo ba yung sinabi niya?” I asked

“oo.”

“mahal na mahal ka daw niya”

“I heard it”

“kung magpapaliwanag ba siya sayo tatanggapin mo ba siya?” she shook her head.

“no?” tanong ko and she nodded as an answer

“so hindi nga?” tanong ko ulit

“hindi na” sagot niya pa.

“pero kung magpapaliwanag ba siya?”

“papakinggan ko”

“tapos?”

“edi napakinggan ko nga”

“pilosopo naman to!”

“Sharlot hindi mo na ba talaga mahal?”

“hindi na. wala na ako maramdaman”

“bessy, para na kasi akong bato. Wala na ako maramdaman.” Patuloy pa niya at Nag inat siya saka nagsimulang maglakad

Naglakad na din ako at sinusundan siya.

“siguro dahil ilang beses na akong nasaktan noon. Natatakot na yata ako magmahal ulit. Ng kahit sino pa dyan. 21 palang naman ako. madami pa ako magagawa. Nakakatakot na kasi.”

“hindi ko siya sinisisi sa desisyun niya noon. Buhay niya yun at buhay ko din naman ito. Alam kong pareho kaming may pagkakamali. Kung sinisisi man niya ang sarili niya then we’re on the same foot”

Huminto ako sa paglalakad at napaisip.

Nakakatakot din kasi magmahal.

RISK- nandyan kasi yan parati sa pagmamahal. kasi hindi natin alam kung ano ang mangyayari.

Sa pagmamahal may mga elemento talagang nakadikit dito katulad nalang siguro nung nangyari sakanila. Ang tinatawag na heartbreak that can turn someone into a stone. However, some may still be living in their past. Still thinking of that someone kahit na hindi niya alam kung iniisip din ba siya nito. Or maybe alam niyang hindi na siya iniisip nito at inexpect na ganito na ang mangyayari.

“ganun nga kaya kahalaga si JL sakanya?” napatigin ako kay Sharlot dahil sa tanong niya.

“pero ayus nuh? Buti nalang may tumingin sakanya noong panahong iniwan ko siya at nagdesisyung kalimutan siya. hindi ako nagsisisi na iniwan ko siya noon”

**Chapter 8: wounded heart**

**JL’s POV**

Papara na sana ako ng bus pero biglang dumating si Lance.

Nagulat pa ako. I thought magpapaiwan siya dun kaya di na ako nagpaalam sakanya.

So there ang tahimik nanaman.

“Lance napaiyak ko si Miyuki kanina” hininto niya yung sasakyan.

I thought so.

“anong ginawa mo?” he asked

“well I told her some insensitive stuffs. I’m pissed.”

“JL you shouldn’t have said any!”

“masisisi mo ba ako? I’m your friend right? Naiinis lang kasi ako sa inaasta ni Miyuki. Ano ngayon kung naka move on siya? dapat ba talaga hindi na siya maging aware na naiilang ka sakanya? Lance you were so obvious kanina! She’s cruel!”

“kahit na. I can manage it” pinagtatanggol pa din niya si Miyuki.

I earned Lance’s trust long ago. Nalaman ko ang mga rason ni Lance dahil na din sinabi ng mga teammates niya.

I don’t know kung bakit hindi man lang nag-abalang lumapit ang mga kaibigan ni Lance sa mga taong laging nakakasalamuha niya.

I didn’t too. Ang teammates niya, Sila lang naman nagsabi saakin.

“Lance I think you should tell them.”

“why?”

“pwedeng iniisip mong walang mangyayari. Pero alam mo kahit papaano may karapatan silang malaman. Lalo na si Miyuki. So nasabi mo na ba sa bestfriend mo kanina?” natatawa nalang ako dahil baka iniisip nila pati ang pagiging bestfriend kay Lance inaagaw ko na.

Yan naman na ang tingin nila saakin. MANG-AAGAW.

Hindi na nila inisip ang nararamdaman ko.

Kung magbitiw sila ng salita saakin parang ang laki kong EPAL sa kanila.

Hindi ko naman sila masisisi. Bigla nalang akong nag pop out sa group picture nila.

And them? Nawawala na sa larawan.

So pathetic.

“Tell Miyuki, Lance. kahit siya lang. kahit hwag na sa iba. To clear things out”

“no”

Ang tigas talaga ng ulo.

“wala ng mangyayaring masama sa kanya. Don’t worry. Wala na”

Natatakot lang kasi si Lance.

Alam kong nakakatakot.

“ginawa mo na ang isang napakalaking risk dati. I think ngayon na ang panahon para makuha mo naman ang return ng risk na yun diba?”

Pinaandar nalang niya yung sasakyan.

“I’ll never clean my name by using that stupid past. I will never use that excuse for that reason alone.” Nagmamatigas pa.

“aalm mo ba yang sinasabi mo? Lance be open-minded naman. May karapatan din yung tao. Alam mo naiinis na nga ako sainyo ng Miyuki na yan! Ang sarap niyong pag-untugin! Mga nagmamatigas! Yung isa sinasabing wala na siyang nararamdaman sayo, at ikaw naman nagmamatigas na itago pa din ang rason mo! Lance---“

“I never intended to hide this. Kung gusto mo ikaw ang magsabi”

“talaga! Sasabihin ko yun!”

I heard him sighed.

“ako na”

“good. Kasi dapat lang na ikaw ang magsabi at hindi kami”

***

**Gail’s POV**

Ang mess talaga nung nangyari kagabi

“Seb”

“oh?”

“ayusin mo na nga yang gamit mo. Uuwi na tayo!”

“natutulog pa ako” saka pa siya nagtaklob ng kumot.

Hinayaan ko na lang muna siya doon at nagpunta sa labas.

“eeh! Seiji!!! Give me that!” inaagaw ni Sharlot yung hawak hawak ni Seiji. Hindi ko Makita kung ano yun. At lalong nagtataka ako at nandito na agad si Seiji. Ang aga aga pa.

“hahaha you’re too small! You can’t even reach this! Haha”

“UNFAIR!! GIVE ME BACK MY PHONE!”

“what is he saying here?” reklamo ni Seiji nung binabasa ang message. siguro tagalong. Kawawa naman

“you’re such a bully!!! I’ll tell Shizu nii about this!!!”

Nag-aaway ba sila o naglalambingan?

“ah! Bessy!” napansin na ako ni Sharly na nakatingin sakanila.

“good morning” bati ko

“ohayo guzaimasu” Nginitian ko lang si Seiji pagkabati niya saakin.

Magsasalita palang sana ako nung bigla akong hinila ni Sharlot papuntang kusina.

“neh bessy! Maaga kaming aalis ni Seiji may pupuntahan pa kasi kaming appointment eh. Kawawa naman siya baka mamaya tagalugin siya nung kausap niya diba? Saka need talaga ako dun” paliwanag niya saakin

Nahihiwagaan talaga ako sakanila ni Seiji.

“boyfriend mo ba yun?” walang malay kong tanong

“ah? Hindi ah! Haha”

“bakit wala ka pang boyfriend?” tanong ko pa

“bessy naman diba sinabi ko na kagabi?”

Pinagmasdan ko yung mga mata niya.

Namumugto pa ito kasi iyak siya ng iyak kagabi.

Dahil sa baby.

“pero diba ang pangit ng reason mo? Natatakot ka kaya ayaw mo na muna?”

“I loved and I will love bessy but for the meantime loving myself is my top priority” nakangiti lang siya habang hawak ang kamay ko.

Very well said!

“oo na sige na naniniwala na ako”

“eh? Hindi ba ako mukhang sincere sa sinasabi ko? kasi---“

“that’s not it kasi. I still can’t believe that you’re over him” i said shrugging my shoulders

“ah that” bumuntong hininga siya “mahirap siguro paniwalaan kasi I’m head over heels sakanya noon. Pero noon yun.”

“why?”

“ah-ah naman bessy! Ang daming tanong hahaha”

“ano? Sagutin mo na” atat lang ako.

“kagabi, wala akong maramdaman sakanya”

“MIYUKI!!! Let’s go. My secretary called and--- ah sorry did I distur---“

“no not at all Seiji. “ ngumiti ako.

Wrong timing naman si Seiji eh >.<

Nagpaalam na sila saakin. Pati na din sila Dennis umalis na kasama sila Kysler at Ales. Ang alam ko si Ales napilitan sa model thingy na pinipilit sakanya nung dad niya. Kaya ayun umuwi na din sila

Umakyat na ako sa kwarto.

Papasok na sana ako pero narinig ko may kausap si Seb

Makikinig nalang ba ako dito?

Sino naman kaya kausap niya? Sa phone siguro.

“edi sabihin mo kay Ate! Problema ba yun?” halata sa boses niyang naiirita siya.

“Hindi nga kasi!”

Bakit ba parang galit na galit itong si Seb?

“ano? Ano nanaman ba kasi? Ano bang kailangan mo?”

“WHAT THE HECK! Malay ko dyan?”

Eh?

“ano naman kinalaman ng nararamdaman ko? BULLSHT NAMAN YAN! Ano ako?”

Nararamdaman?

Bubuksan ko na sana yung pintuan.

Kaso may narinig ulit ako.

“mahal pa din naman kita”

Parang kinurot lang yung puso ko sa narinig ko.

“hanggang ngayon”

Parang ulan lang na biglang bumuhos yung mga luha ko.

Para pa silang nagre-race sa sobrang bilis lang talaga.

Hindi ko na naririnig yung iba pa niyang mga sinasabi dahil na din di ko mapigilan ang sarili ko.

Napatawa ako ng bahagya.

Bakit ba kasi ako umasa na nagbago yan?

Ilang babae ba kasi meron yang gago na yan?

Hindi ko siya pinapansin nung nakita niya ako. di din naman niya ako kinakausap.

Nung pauwi na kami wala pa din naimik saamin. Wala ako sa mood pagkatapos ko marinig yung mga sinabi niya kanina na sa phone. At parang pati siya may malalim na iniisip.

Hindi ko pa pala alam lahat kay Cedric.

I sighed. A deep one.

Malapit na ang pasko. Napatingin ako sa mga dinadaanan namin.

At bigla nalang nasagi sa isip ko ‘to:

Hihiwalayan kaya ako ni Seb?

Hwag naman sana

***

## Chapter 9: Thank You

*** ** ** **

“Seiji aren’t you coming with me?” tanong ni Miyuki sa kanyang kasama.

Sa tatlong taon naging mabuti ang kapatid ng kanyang kuya na si Shizu sakanya.

Isa siya sa mga nakapagbalik ng ngiti sa dalaga.

“that’s ahm boring” sagot lang nito sakanya habang nagdadrive papunta sa isang restaurant.

“just call me when you’re done with that appointment”

‘ang tamad talaga nito’ isip naman ni Miyuki.

December 24 na kaya naman papunta ngayon sila Miyuki sa isang Restaurant para makipagkita sa may-ari ng hotel kung saan gaganapin ang party na pinapahanda ng pamilya nila Seiji.

“are you sure you don’t want to come---“

“are you nervous?” pabalik na tanong ni Seiji sakanya.

“not at all. Why would I anyway?”

“because you’ll meet his father or his mother right?”

“haha funny! Hindi din”

“what?”

“nandemonai” (nothing) she answered smiling.

Hindi pa din nakakauwi sila Miyuki dumiretso na kasi sila sa restaurant.

Kaya naman hindi pa niya nakikita ang kapatid niyang si Shizu.

Close kasi talaga silang magkakapatid.

Ang dalawa pa niyang mga kuya naman ay naiwan pa din sa Japan. May mga trabaho na din kasi sila doon at mahirap iwanan kaya mas pinili pa nilang magpaiwan doon.

Tinignan ni Sharlot ang wristwatch niya. Late na siya ng 5 minutes. Nahihiya na siya kasi kilala pa niya ang kanyang imemeet tapos ganito pa? late pa siya?

“you were with your ex last night right?”

“are you jealous?”

“haha who would?”

“gees!”

“Kinou no ban, Anata ha kare ni au toki nani wo kanjita nodesu ka? “ (may naramdaman ka ba kagabi nung makita mo siya?)

“nothing. Well I was shocked” she said

“doshite?” (why?)

“I thought he’s also over me now. But It turned out that he haven’t move on yet”

“so you’re happy?”

“no???”

“no??”

“Seiji!!!” bulyaw na Sharlot kasi nalagpasan na nila yung Restaurant.

Pagkapark palang nung sasakyan agad na siyang bumaba.

“Seiji---“

“Dozo osakini” (please, go ahead) sabi ni Seiji kay Miyuki habang nakangiti

“ki o tsukete” (take care) saka na pumasok sa loob si Miyuki

Hinanap niya kung nasaan ang katatagpuin.

Kaso hindi niya ito Makita agad buti nalamang at may waiter.

“Ms. Parco?” tanong nung waiter

Tumango lang si Miyuki dito at saka na siya ini-lead nung waiter papunta sa isang table kung saan may lalaking nakatalikod.

Pagkaupo niya halatang nagulat ang lalaki.

“s-sorry kung late ako” nagtataka pa siya habang humihingi ng paumanhin.

Pero mas lalong nagtaka naman ang lalaking nasa harapan niya ngayon.

“tsk. Talaga naman!” bulong nung lalaki

“ahm kagabi nga pala” unang nagsalita si Miyuki.

“business first” tama ang lalaki ngayon ay si Lance Mariano. Nagawa pa niyang sungitan ang babaeng gusto niya talagang yakapin ngayon. -___-

So nag-usap na sila about sa venue nung party na gaganapin nga sa isang hotel na pagmamay-ari nila Lance. si Lance ang inatasan ng dad niya na asikasuhin ito. Hindi para lang asarin si Lance kundi dahil busy din ang parents niya. Nagulat talaga ang binata nang Makita niya ang babae sa harapan niya ngayon.

“so that’s it? Wala na bang idadagdag?” asked Lance habang nakatingin siya sa mga papeles na hawak hawak niya.

“that’s it. I think kaya niyo naman na ihandle yun right?”

“yeah”

“so now that we’re done. Ahm---“ hindi maituloy ni Sharlot ang sasabihin niya kasi hindi naman niya alam kung sasabihin ni Lance o hindi ang rason niya.

“ah wala nevermind that” saka na ininum ni Sharlot ang drinks na nakalapag sa table nila.

“about ‘that’ hah?” he asked

Kaya napatingin si Sharlot sakanya. Tumango nalang siya bilang sagot sa tanong ni Lance.

Kahit na narinig pa ni Sharlot kagabi na mahal pa din siya ng lalaking nasa harapan niya ngayon hindi siya naiilang.

Ni wala siyang maramdaman ngayon sa taong ito.

Ang tanging nararamdaman lang niya siguro ay HIYA. Dahil na din sa pinaggagagawa niya kagabi. About sa DARE na ginawa naman niya.

Pero kahit ganun hindi nalang niya pinapakita.

Kahit na sinaktan siya ng lalaking ito noon, wala pa din naman kasi siyang karapatan para manakit din ng damdamin ng iba.

Ang gusto lang ni Sharlot ngayon ay maging Masaya na ang taong nasa harap niya.

“sorry nga pala kagabi” si Lance ang unang bumasag sa katahimikan

“a-ayos lang”

“umiyak ka daw”

“medyo”

“sorry din sa ginawa ko kagabi” tinutukoy ni Miyuki yung paghalik kay Lance sa pisngi without considering kung may nararamdaman pa ba ang tao sakanya.

“ah. Ginawa mo lang naman yung inutos sayo”

“oo nga. Sorry talaga” nahihiya niyang sabi.

“kumusta na pala sila Eris at Erick? Mula kasi nung pumunta ako ng japan wala na akong balita sa kanila”

“pumunta silang states. nakahanap sila ng donor for Eris’ disease”

“wow that’s great! Eh si Erick???” halata naman kay Sharlot na excited siya. kagabi kasi nagtanong siya sa iba pero wala silang alam. Kaya buti nalang kahit papaano alam ni Lance ang sagot sa katanungan niya.

Nagkibit balikat lang si Lance. marahil yun lang talaga nalalaman niya.

“babalik sila”

“talaga?? Kelan? Saka kelan pala nagpa-surgery si Loisa?”

“3 weeks after you went to Japan.”

Bahagyang napangiti si Lance na napansin naman ni Sharlot.

“pansin ko expressive ka na ngayon. unlike dati na bihira lang kung ngumiti. Medyo dumaldal ka na din.”

“di din”

“hahaha pero masungit ka pa din” matawa-tawa pa si Sharlot ngayon.

*kriiing kriiiing*

“hello?”

may tumawag kay Sharlot kaya agad niya itong sinagot.

“yeah. Okay… I’ll wait for you here then. Okay. Take care”

Kahit kating kati si Lance tanungin kung sino yung tumawag hindi naman niya magawa kasi wala naman siyang karapatan.

Matagal na siyang nawalan ng karapatan magtanong ng mga personal na bagay sa babaeng kaharap niya.

“nga pala Lance ano kayo ni JL? a-ano if you don’t mind lang naman. Nakakacurious kasi kagabi yung ginawa niya. Haha halatang pinapahalagahan ka niya”

“we’re friends.”

“with benefits ba yan??? Haha just kidding. Pero ang ganda na niya ah! Swerte nung makakatuluyan niya kasi maintindihin na siya ngayon at saka kahit na nagsusungit siy----“

“sorry sa ginawa niya kagabi. She told me about that last night.”

“naku naku! Wala yun. Haha hayaan mo na” with hand gesture pa.

“s-sige sa labas na ako. yung sundo ko kasi… bye na” saka siya tumayo at lumabas ng tuluyan sa restaurant.

Sa totoo lang iniiwasan niya yung topic baka kasi maiyak nanaman siya.

Tuwing yung bata kasi ang topic hindi niya mapigilan ang pag-iyak niya.

Tingin niya kasi kasalanan niya yun.

Kasi kung naging mas malakas sana siya noon okay pa ang bata.

Baka nga ngayon tinatawag na siyang mommy.

Pinahid niya yung luha niya.

She heavily sighed. umupo siya sa may bricks at pinahid ang luha niyang nangilid na.

“hindi mo naman kelangan itago sakin kung naiiyak ka” umupo sa tabi niya si Lance.

“hindi ko kasi mapigilan” paliwanag naman nito

“kasalanan ko kaya ako dapat sinisisi mo” sabi nalang niya habang niyukom ang kamao niya.

Nanatili lang na tahimik si Miyuki,

Hinihintay kung may sasabihin pa ba si Lance.

“kung hindi kita hiniwalayan hindi sana nangyari yun”

“hindi mo kasalanan yun. Hindi mo naman alam na nagdadalang tao ako noon. Kung sana ako din alam ko, sana di ko ginawa yung kahibangan na yun”

Natahimik lang silang dalawa.

Maaga pa at tirik pa ang araw.

Pinagtitinginan sila ng mga dumadaan dahil na din siguro nagawa pa nilang umupo sa labas ng restaurant

“wala ka bang ibang lakad?” tanong ni sharlot sa kasama pero hindi siya kinibo nito.

“sabi ni JL saka na din ni Ales karapatan mo na malaman ang nangyari kung bakit ako nagkaganun”

Napatingin si Sharlot sa katabi.

‘why all of a sudden?’ nga kasi diba?

“naduwag kasi ako” nakatingin lang siya sa malayo at nagpatuloy “naalala mo yung soccer game noon? Yung kalaban namin dun. Dati pa akong pinag-iinitan nung iba sa team nila kahit nung hindi pa tayo”

Hindi maintindihan ni Sharlot ang pagpapaliwanag ni Lance kaya naman hinintay pa niya itong magsalita ulit.

“nung una hindi ko pinansin ang banta sakin. Ewan ko ba. Ang laki kasi ng galit ng mga yun sakin. Siguro dahil na din sa soccer. Kami lang kasi halos nakakatalo sakanila”

“they do not know how to play fairly”

“then after ‘that’ game’s victory party” napabuntong hininga siya “after we left napaaway yung mga kasama ko”

“may gang yung iba sa kabilang team. Gang na dati din ay nakaaway ko ng dahil sa mga karera sa motor at kung anu-ano pa na dati kong ginagawa.”

Nagsindi si Lance ng sigarilyo, hindi pa din siya nakatingin kay Sharlot habang nagpapaliwanag samantalang nakatitig naman sakanya ito.

“desperado na sila. Nasa university ka nun naglalakad lang. nasa may malapit lang kami sayo” he stopped and took a deep breath. Bakas sa mukha niya na ayaw niya yung topic pero kahit ganun nagpatuloy pa din siya “nakatutok yung baril sayo”

Galit. Yan lang ata ang mabasa ni Sharlot sa mukha ng kausap.

At pagkagulat naman ang naramdaman ng dalaga sa narinig.

“natakot kasi ako na baka sa susunod, ng dahil sa akin mawala ka” tumawa pa si Lance kasi may luhang tumulo sakanyang mga mata na agad naman niyang pinunasan.

“kapag nagquit ako agad sa soccer baka saktan ka nila. Kung matatalo ko naman ang team nila sa next game ganun pa din ang gagawin nila sayo.”

Walang masabi si Sharlot ngayon.

Hindi niya alam kung paano siya mag rereact ngayon.

Matutuwa ba siya dahil sa ginwang desisyon ni Lance? o magagalit dahil bakit hindi niya agad ito sinabi sakanya noon?

“ayoko lang kasi na madami pang madamay. Sakin sila mainit kaya hwag dapat nila kayo dinadamay. Gusto lang naman nila matalo ako. mabugbog. Siguro mapatay na din?”

“pero sana nga pinatay nalang nila ako noon. Kesa----sht” pinunasan niya yung luha niya

“sana ako nalang. Sana hwag na yung bata”

Nalungkot si Sharlot sa narinig.

Mahal na mahal talaga siya ni Lance.

Pero kung sana dati pa niya sinabi, siguro MASAYA na sila ngayon.

Ang kaso kahit narinig na ni Sharlot ang paliwanag ni Lance. wala na talaga siya maramdaman.

Ayaw din naman niyang lokohin ang sarili niya.

Tumayo si Lance at lumuhod sa harapan ng babae

Katulad ng pagluhod din niya noong pinipilit niyang makipaghiwalay dito.

“Sorry Miyuki.. sorry” parang ulan na nag uunahan ang mga iyak ng lalaki ngayon.

“kasalanan ko ang lahat. Sorry kasi nasaktan kita. Sorry kasi hinayaan kong ganun nalang ang mangyari. Sorry…”

Para namang estatwa si Miyuki ngayon. hindi niya alam ang sasabihin niya.

“Lance tumayo ka na. you don’t have to apologize”

“Miyuki” tawag ng isang lalaki sakanya.

Tumayo si Lance...

“Miyuki Let’s go”

“ah Seiji—you go first.” Taboy niya dito na sinunod naman ng lalaki.

“Lance thank you for telling me this now. You don’t have to feel or say sorry. Ginawa mo lang kung anong alam mong nararapat. Thank you kasi at least sinabi mo na. s-sige mauna na ako” naglakad na siya papalayo sa lalaki.

“S-Sharlot” huminto siya sa paglalakad at hinintay ang sasabihin pa ng lalaki “I’m still in love with you” seryoso at halatang sincere siya sa pagtatapat niya ngayon.

Straightforward pa din gaya ng dati.

Lumingon si Sharlot at ang tanging naisagot lang niya ay “salamat” saka tuluyang umalis.

**Chapter 10: Christmas! lalala**

**Gail’s POV**

Pinapunta ko agad si Bessy dito nung maka-uwi sa bahay. Umalis din naman kasi si Seb. Hapon na nung dumating si Sharly. Busy yata siya kahit na December 24 ngayon? Christmas na mamaya tapos nakakainis yang si Seb!

“bessy alam mo naman yang fiance mo playboy talaga. Pero see! Sayo umuuwi”

“eehh! Di naman kasi yun Sharly. Oo saakin siya umuuwi! Bakit? Kasi fiancé niya ako! hindi na nga niya ako sinasabihan ng I love you. Tapos maririnig ko sa kausap niya sa cellphone na mahal pa din niya yun!. Ano pa ako? panakip butas pala? O kontrabida sa pagmamahalan nila?” hindi ko mapigilan ang pangingilid ng luha ko.

Nakakainis talaga si Seb!

“anong balak mo?” she asked

“hindi ko alam. Baka di ko muna siya kakausapin. Nakakakulo kasi ng dugo!”

“hwag! Ano ka ba! Kausapin mo!” suhetiyon nya

“ayoko bessy! Naiinis pa ako” pagpupumilit ko.

Hinawakan niya ang kamay ko. ang init ng kamay niya.

“bessy look. Kung hindi niyo pag-uusapan yan. Or if you did not even care about to tell your doubts. What will you think will happen?” she sighed then continued “baka masira ang meron kayo ngayon.” ngumiti siya at saka ulit nagsalita. “gusto mo bang matulad ka saakin? I mean not exactly pero diba for some reason medyo ganyan din ang nangyari saakin? Bessy kausapin mo siya kasi baka huli na ang lahat kapat nalaman mo pa ang rason niya”

“bakit? Alam mo nab a ang rason niya at kung makapagsabi ka ng huli na---“

“yeah. Kanina lang” wait? Kung ganun alam na niya ang reason ni Lance?

AS IN?

“a-ano daw?” tanong ko na halata namang ayaw niyang sabihin kasi sabi niya “hwag nga natin pag-usapan yung saakin. Yung iyo! Kaya mo nga ako pinapunta dito diba?”

“oo na kakausapin ko siya pag-uwi niya dito. Hindi pala pagkatapos ng Christmas nalang!” agad ko ding bawi. Kasi gusto ko malaman yung kay Lance. kung anong naramdaman ng bestfriend ko habang sinasabi lahat ni Lance yun.

“tell me about his reason!” determinado akong malaman yun. Aba! Tatlong taon din yun!

“Bessy naman. Hindi ako pumunta dito para pag-usapan yung saamin ni Lance. in fact wala naman dapat pag-usapan tungkol saamin kasi wala naman. Kayo ni Seb. Ayan yung pinunta ko dito”

“sus! Naglilihim ka na sa bestfriend mo! Ganyan ka na” nagtatampo pa ang tono ng boses ko

“okay fine! I’ll tell you. But promise me! Kakausapin mo si Seb pag nakahanap ka ng tyempo”

“okay! Promise” I said raising my right hand.

Kaya naman sinabi lahat saakin ni Sharly ang mga sinabi kanina ni Lance. at oo! Hindi ako makapaniwala! Sino ba naman kasi ang mangangahas na sarilinin nalang ang problema na yun? Aww parang naawa ako naman ako kay Lance bigla. He loves Sharlot TOO MUCH. Hindi na niya inisip ang sarili niya para lang kay Sharlot.

“a-anong balak mo? Anong naisip mo? No scratch all of that! ANO YUNG NARAMDAMAN MO KANINA!” dahil sa excite ko hindi ko mapigilan ang mapalakas ang boses! Grabe! Seryoso ba?

“naisip ko? to be frank. Nababawan ako.” what the heck? Seryoso ba siya? nababawan siya sa ginawa ni Lance?

“bakit naman? Tignan mo yung magandang rason bessy!

“hindi naman yun eh. Kung ikaw ang nasa posisyon ko Gail makikita mo. Maling mali talaga kahit pa sabihin na valid ang reason niya”

“bakit? Paano mo naman nasabi?” medyo tonong sarcastic pa ang pagkakasabi ko. medyo nainis naman ako sa paniniwala ni Sharlot. At lalong nainis naman ako sa binulong k okay Ales na ipagawa kay Sharly kagabi!

To think mahal pa ni Lance si Sharlot! HE’S IMPOSSIBLE!!! 3 years na wala ang bestfriend ko dito! 3 years na halos wala kaming narinig mula kay Sharlot at 3 years kong kinamuhian si Lance! seryoso! Naiinis ako kay Lance sa ginawa ni Sharlot pero after sabihin ni Bessy saakin ang mga ito! GULAY AT TILAPYA! Ang sama kop ala :<

tumayo siya at tumabi saakin. “hindi naman sa pagiging bitter pero don’t you think ang babaw talaga? Bakit hindi niya ako sinundan sa airport noon kahit limang minuto lang. diba?”

“paano kung may balakid? Paano kung hindi nakarating kasi may ginawa?” kontra ko naman

“why did he not set aside those things?”

“paano kung sobrang importante? Paano kung may sakit siya noon?” sige kokontrahin kita hanggang malaman ko iniisip mo! Hindi kasi kita mabasa Sharly >.<

“sakit? Reasons! Mababaw pa din yun.  Bakit hindi niya ako pinuntahan sa Japan? Mayaman siya! and anytime pwedeng pwede siyang sumunod. And to tell you the truth I waited for him. pero dahil walang dumadating na Lance doon sumuko na ako. ayoko na. nakakasakit lang kasi lalo yung paghihintay sa taong hindi mo alam kung darating ba o hindi. And besides he didn’t so natauhan lang ako. kung yun ang paniniwalaan niya pwes ako hindi! Baluktot kasi masyado kahit balibaliktarin mo pa.”

“Bessy gang yun. Ayaw ka niya mahalo sa gulo. And it only mean one thing! You’re his weakness”

“and so? Pinagtatanggol mo ba siya Bessy?” nahalata na yata niyang kanina ko pa kinokontra ang mga sinasabi niya.

“no hindi naman. Kasi kung ako nasa kalagayan niya maybe ganun din gagawin ko. the pressure was on him. I think mahal na mahal ka lang niya talaga. And until now diba?” I explained kasi yun naman ang totoo. Mahal lang talaga siya ni Lance. ayan bumaliktad na ako! dati ayaw ko si Lance. ang pangit tuloy.

Well that’s natural! Hindi niya sinabi saamin and I think ang sama ko. hindi ako nagbigay ng effort para malaman ang totoo.

“pero kahit na!” nagmamatigas pa din siya

“any feelings kanina?” tumingin lang siya saakin ng diretso and answered me this way “I never felt any bessy.”

I just sighed deeply and said “that’s your opinion.”

“pero kasi hindi niya ako pinuntahan noon sa airport” balik pa niya

“what if nga may nangyari? Bessy ang pagkakatanda ko nung nasa----“

***Krriiiiing***

Abala naman yung cellphone!

“hello? Anong meron?” bastos kong sagot sa tawag ni Dennis. Oo si Dennis ang caller ID

(sasabihin ko lang sana na may party mamaya! Christmas eve mamaya. Sama naman naman kayo ni Master at balita ko nandyan si Crush isama mo na din!) party?

“sino sino pa kasama?”

(barkada lang hahaha teka kasama ko yung dalawa ngayon! di pa din kami naghiwahiwalay. Oi! Alam ko na rason ni Lance ikaw hindi pa hahahaha talo----)

“alam ko na din”

(ay) parang disappointed pa siya haha. Nakakatawa naman ‘tong Dennis na ‘to.

“Bessy!!!” tawag k okay Sharlot

“bakit?” hindi siya nakatingin saakin kasi nanunuod siya ng TV

“party daw mamaya. Free ka?”

“sure! Sino ba kasama?” she asked.

“barkada lang daw”

“ah sige okay lang” sagot naman niya

“kahit kasama si Lance?” tanong ko and yun! Napatingin na siya saakin

“sige. Kayo bahala” saka niya nilipat sa cartoons yung palabas.

“Hoy Dennis! Isama mo si Lance. pag siya wala mamaya ipapabugbog kita sa tinatawag mong master!” kahit tampo pa ako kay Seb ngayon. “hoy! narinig mo ba ako? dapat isama mo si Lance”

(oo na oo na! isasama naman talaga. Sige pakisabi naman kay Miyuki hwag niya kakalimutan yung regalo ko hihihi)

He ended up the call.

“bessy sa mukha mo ngayon parang may binabalak ka” nakatingin nap ala saakin si Bessy! Grabe! Wala naman akong binabalak gusto ko lang mag-sorry kay Lance

“assuming! Wala akong balak! Bakla ka.”

After that, nagpunta kami sa tinutuluyan nila Sharly ngayon. Magpapaalam muna siya sa kuya Shizu niya and guess what? May naabutan kaming girl slash maganda at sexy na mukhang mayaman pa sa unit nila ngayon! OMG!!!

“hoy sino yun?” tanong k okay Sharlot nung makapasok kami sa kwarto niya

“si Ate AJ. Hihi” parang kinikilig pa siya

“oh ano siya? asawa ba siya nung si Seiji?” kasi wala naman si Shizu so I guess si Seiji? Kahit na mukhang si Sharlot naman gf nun. Teka nga ang gulo ah!

“ah! Actually hindi ko alam ang status nila ni ate AJ at kuya Shizu ko. Ang pagkakaalam ko kasi nung umalis si kuya Shizu dito hindi niya sinabi kay Ate AJ. Nakita mo naman diba? Mukhang naiinis si Ate AJ ngayon? haha”

Grabe naman ‘tong kuya niya.

“bakit hinayaan mo lang na si Seiji ang mag-entertain sa bisita niyo?” kasi naman Hi at Hello lang batian nila kanina ni Sharlot tapos itong babae naman na ito pumasok na agad sa kwarto niya.

“kayo ni Seiji? Ano mo siya?” I asked

“kuya ko din. Kasikuya siya ng kuya ko. diba? Kuya ko din hahaha”

Kuya? KUYA! o’great!!! Kung umasta sila sa harapan namin kahapon parang magsyota!

“sweet lang kasi talaga si Seiji. Though di ko siya tinatawag na kuya kasi ayaw niya. Ewan ko dun feeling kasi niya binata pa din siya”

“HOY SHIZU!!! TUMINGIN KA NGA SAAKIN KINAKAUSAP KITA!” hala?

“Sharlot! Sumisigaw na yung si Ate AJ mo sa labas!”

“hayaan mo hahaha. Nakakatawa talaga sila. Pati sa cellphone sinisigawan din siya hahaha.”

“Shizu naman!!!”

“what are you doing here anyway? Diba sabi ko sayo pupuntahan kita doon! Nakakainis naman to!” naririnig namin yung usapan nila mula dito. Ang lalakas kasi ng boses.

“ei! I’ll go first. I have to attend a party” si Seiji yata yun? Kawawa naman walang pumansin.

“ano tara na?” tanong ni bessy.

Kumuha lang siya ng mga damit niyang babaunin. Overnight kami doon. Vacation muna kami. Free from stress muna! Haha

“neh nii san!!! Aalis kami ah. Paparty muna ako kasama nila Gail namiss ko kasi sila. Enjoy your date with ate AJ! Bye bye hahaha” pilyang to! Namumula na tuloy yug AJ. Sakto pa na nakahawak si Kuya Shizu sa kamay niya. Ahaha.

***

“ang sabi ni Dennis nagpareserve daw sila ng resort. As in yung barkada lang daw natin! Wow! Excited na ako!” sabi ni Sharlot.

Halos siya nalang nagsasalita. Paano kasi nasa passenger’s seat ako. si Se bang nagdadrive walang umiimik saamin ngayon. kating kati na ako magtanong kaso nandito si Sharly at isa pa ayoko masira ang araw ko. ayoko >.<

Kahit gusto ko malaman kung sino yung tumawag kanina. Kung saan siya nagpunta kanina!

After 2 hours nakarating na kami sa pinareserve nila Dennis na lugar.

“WOW ANG GANDA NAMAN!!! Ang galing hahaha. Gail mauna na ako sa loob baka nandoon na sila Ales! Sige ah.” Alam ko naman na hindi yun ang rason. Gusto lang niya kaming maiwan ni Seb.

Nakapasok na si Sharlot doon. At ako naman nakatayo pa din dito.

“ang tahimik mo ngayon. may masakit ba sayo?” tinapik ko yung kamay niya na nakahawak sa noo ko

“oi? Anong nangyari sa honey ko? ang sakit nun ah?” nag-pout pa >.<

“wala ang pangit mo kasi!” sabi ko nalang saka naglakad

“hah? ako pangit??? Hoy hindi!!! Ang gwapo kaya ng fiancé mo! Wala ng mas ga-gwapo pa saakin!” at talagang hinabol niya ako

“mas gwapo si Dennis” sabi ko nalang saka ko siya iniwanan dun. Pagpasok ko sa parang bahay na tutuluyan namin nakita ko si Lance at JL magkatabi at kaharap naman si Sharlot.

Okay? Ang awkward naman niyan. So talagang sinasama parati ni Lance si JL kahit saan siya magpunta?

“sorry sa ginawa ko last night” hini nakatingin si JL pero halata sakanya yug sinseredad. Mabait naman pala siya medyo maldita lang talaga.

“AYUN!!! Kumpleto nap ala tayong lahat!!!” sigaw nung kadarating na si Kysler at binatukan naman siya ng girlfriend niyang si Ales. Saka tinawanan naman ng kasama nilang si Dennis.

Yung resort kasi na inupahan nila may bahay. Yung bahay ito yung tutuluyan namin. Ang saya nga kasi kami lang nandito! Pero as if naman kung may maliligo sa pool! Haha ang lamig kaya!

Masaya naman kahit medyo may pagka awkward gawa nung problems from the past at pati na din siguro ngayon.

Dahil medyo may pagka-uhaw sa alak ang mga boys kanina pa nila nilalantakan ang mga brandy at kung anu-ano pa! ang pinaka lasing siguro ngayon si Dennis! Ang cute lang niya hahaha

“tuwang tuwa kang pinapanuod yun alipores na yun ah” said Seb na biglang yumakap saakin

“nakakatawa kasi siya kulang nalang matulog siya sa sahig hahaha”

“n-nagseselos na ako” selos selos! Sus! Ang dami mo ngang sinasabihan ng I Love You! Selos ka pa dyan!

“oh bunutan dali!!!” naglabas ng isang box na may mga papel si Ales at inilapag sa sahig

“heto ang rule! Tutal hindi tayo nakapaghanda ng mga gift! Kung anong meron tayo ngayon yun lang ang ibibigay natin! Lahat ng nakasuot saatin pwede ibigay!”

“WOOOO GUSTO KO YAAAAAAN!!!” –Dennis

12am nap ala. 25 na. Christmas.

Lahat kami nagbunutan na. at ang nabunot ko si Dennis. Nice naman! Haha sakto matagal na niyang hinihingi yung necklace ko! buti pala suot ko. si Se bang unang tumayo at ibinigay ang shirt kay Kysler. Hot! Okay resist lang Gail hindi mo yan bati! Sumunod na tumayo si Ales at ibinigay ang clip saakin! Ayieee. Ako naman tumayo na at binigay na yung necklace ng biglang nag react ang fiancé kong babaero

“bakit siya ang nabunot mo??? Pwede namang hindi!!!”

“aba! Kasalanan ko bang siya nabunot ko?”

“bakit yang necklace mo? Bigay ko yan sayo ah!”

“wala na akong suot! Alangan naman itong damit ko ang ibigay ko sakanya!”

“palusot ka! Pwede naman yang tsinelas mo nalang! O kaya yang hikaw mo! Hwag yang necklace!” -__-

“OO NA SIGE NA! HINDI NA! OH! ayan na” tinanggal ko yung hikaw ko saka ko binigay kay Dennis

“HAHAHA NAG-AWAY PA! GANYAN PALA PAG NAGSELOS SI MASTER!!! ISUSULAT KO YAN SA NOTEBOOK KO!!! ANG NOTEBOOK KONG MAY TITLE NA HOW TO BECOME A MASTER!!!! *O*”

Baliw na siya. tumayo na siya at binigyan ng panyo si JL.

“ang cheap naman -___-“ tumayo si JL at binigyan ng cute na bracelet si Seb hahahaha

“yan ibigay mo sa girlfriend mo ng magbati naman kayo”

So that means si Lance at Sharlot nalang. At sila nalang ang hindi pa tumatayo! MEANING NABUNOT NILA ANG ISA’T ISA!!!

Naunang tumayo si Lance. “oh” may binigay siya sa kamay ni Sharlot. Hindi na namin nakita kung ano yun. Ang daya.

“thanks. Heto sayo. Teka lang ah” tinanggal ni Sharly yung nakatali sa buhok niyang rabbit at saka niya bahagyang tinali sa buhok ni Lance! HAHAHAHA

Lahat kami natawa dun! ANG CUTE NI LANCE!

“yieeeeeeeeee lalambot na puso ni Miyuki!! HAHALIKAN NA NIYA SI LANCE!! MGA NAPAPANUOD KO SA TV GANUN!!!” sigaw ni Dennis

“baliw hindi!!! Hihilain nung lalaki yung babae tapos biglang hahalikan! Ganun yun!” si Kysler naman nagsalita

“mali! Hihilain ni Lance si Sharlot paalis dito at magsasarili silang dalawa!” singit pa ni Seb

“YUN OH!!! MASTER TALAGA!!!” sigaw pa nung dalawa -___-

My ghad!

“o siya! hilain niyo si Lance! ipasok niyo dun!” utos ni JL na ginawa naman nung dalawa

“damn! Bitiwan niyo nga ako!” nagpupumiglas siya.

Ano bang balak nila???

Ngayon si JL at si Ales nagkatinginan tapos biglang.. what the heck! Bigla nila hinila patayo si Sharlot at saka hinila papasok din sa loob!

“o-oi a-anong ginagawa niyo???”

“Ikukulong ka namin sa kwarto kasama si Lance!!!”

Napatakbo ako papunta doon din sa loob. para mas mabilis humingi ng tulong yung dalawang babae at binuhat ni Seb si Sharlot papunta sa loob! si Lance anman wala ng nagawa! Nakadami na din kasi ng inom kaya hindi na siya nagtangkang labanan pa yung dalawang nanghila sakanya doon.

“hehe sigurado a ba JL? magkakaayos yung dalawang yun?” tanong ni Ales kay JL

“not sure. Hayaan niyo silang dalawa. Magsama sila. Untugin ko sila eh” hawak ni JL yung susi

“hoy Gail! Wag mo silang palalabasin hanggang bukas. Kayo nung boyfriend mo hindi gaano nag-uusap. Nakakapanibago”

What? Napansin pa niya yun?

“mag-usap kayo baka matulad pa kayo sa dalawang yun. O baka gusto mo ikulong din namin kayo?”

Si Ales naman nangiti lang ng parang ewan >.<

natakot naman ako sakanila!

“wala kaming problema ni Seb kaya hayaan niyo lang kami” sabi ko nalang

“okay sabi mo eh!” naghop na pabalik si Ales doon sa pwesto namin kanina

“YAH!!! BUKSAN NIYO NGA ‘TO!!! ANG MEAN NIYO NAMAN EEEHHH!!!” sigaw ni bessy >.<

Sorry bessy ayoko maging KJ T^T

“HEY!!! ANG DAYA NIYO NAMAN EEEHHH!!!” bessy ko T^T

“WHAT A CHRISTMAS!” sarcastic pa niyang sigaw.

Okay lang yan! Magsama naman sila ni Lance kahit papaano!

Bumalik na ako doon sa lugar kung saan kami nagkakasiyahan.

“okay lang bang ikulong sila doon?” tanong ni Ales

“ayos lang yun. Mahal ni Lance si Miyuki. Kaya kahit ano pang masasakit na salita ang bitiwan ni Miyuki ngayon tanggap yun ni Lance. bestfriend mo siya diba? Alam kong alam mo yan”

“bakit ba feeling ko mahal mo si Lance?” singit kong tanong kaya napatingin sila saakin

“ah yun ba? Oo yata? Mahal ko na yata siya. pero kung si Miyuki lang din ulit ang aagawan ko hwag na. maghahanap nalang ako ng iba hahaha”

Mali pala ako kay JL. nagbago nga siya.

“pero kung yun lang ang paraan para marealize ni Miyuki ang nararamdaman niya. Bakit hindi? Hahaha” medyo mean ang pagkakatawa niya pero halatang concern siya sa dalawa

“JL. sorry ah. Pinag-isipan kita ng masama”

“hwag ka ngang magsorry! Malay mo yung fiancé mo pala ang gusto kong agawin. Tsk” tumunghay pa siya.

Sira na siya. mahal niya si Lance pero hindi siya nagtake advantage. Kung sabagay wala siyang pag-asa. Walang wala talaga.
Bigla nalang akong hinila papalayo ni Seb.

At pagkatapos sasabihin lang niya na: “hwag kang tumitingin sa Dennis na yun! Nagpapacute lang yun! Hwag mo siyang tititigan! Nagseselos ako! oh regalo ko sayo” iniwan niya ako pagkatapos niya ibigay yung regalo niya saakin.

Hah? first time! Nag-abala siya!

**Chapter 10.5: Christmas! lalala**

***** *** *** *****

Habang nagsasaya ang iba sa labas, nakakulong naman ang dalawa sa loob.

“Nakakainis! Tama bang pagkaisahan tayo?” asar na sabi ni Miyuki sa kasama

“gisingin mo nalang ako pag tapos ka na dumada” -__- at nahiga nga talaga siya!

“seriously? Tutulugan mo nga ako? HOY!” hindi na siya sinagot ni Lance kaya naman naupo nalang siya sa may gilid. Nag-iisip kung anong pwedeng gawin at pa na din kung bakit sila kinulong dito ng mga kasama.

“ang sama ng ugali nila. Christmas na Christmas naman kasi.”

Napatingin nalang si Sharlot sa hawak hawak niya kanina pa. ito yung bigay ni Lance.

“ibibigay mo din ba ito sa iba kung sakaling sila nabunot mo?” bigla niyang tanong kahit walang kasiguraduhan kung sasagot ba ang kasama o hindi. Tinutukoy niya yung singsing na naiwan niya noon sa hospital. Hindi niya alam na kukunin pala ito ni Lance doon at muling ibabalik sa kanya.

“hindi ko alam. Malay ko” saka pa umupo ng tuwid ito. Pero sa kabila ng pagkakaupo nananatili pa din siyang nakapikit.

Lumapit sa kanya ang dalaga. “ayusin ko ah” sabi niya saka niya tinali ulit ng maayos yung buhok ni Lance XD

Awkward man halos pinipilit pa din ni Miyuki na umasta na parang wala lang yung sinabi ni Lance sa kanya kanina. Hindi na nga lang niya ito iniisip para naman mabawasan ang nararamdaman niyang awkwardness.

Ang totoo niyan nahihilo si Sharlot ngayon dahil na din sa nainom at si Lance naman gusto lang manahimik saka pinapakiramdaman ang kasama. Hindi kasi niya ito mabasa at hindi niya alam kung anong balak nito.

“neh Ransu. Have you ever thought of---ah nandemonai.” Bawi din niya. Naglakad lakad na ulit ito at pumunta sa harap ng pintuan

“HOY! MAAWA NAMAN KAYO SAMIN DITO! BUKSAN NIYO NGA!” pero kahit masira yata ang lalamunan niya sa kakasigaw hindi pa din sila pagbubuksan.

“bakit ba gustong gusto mo ng lumabas? Ayaw mo ba akong kasama?” napatingin ang dalaga sa nagtanong na binata.

‘grabe! Lasing na yata talaga to’ isip niya

Pero totoo naman kasi. Madaming nainom si Lance kanina.

“hindi naman sa ayaw. Alam mo kasi Lance medyo hindi pa din ako comfortable kasama ka” prangka ang pagkakasabi nito. Walang halong pagka-sarcastic.

“I see”

Huminga ng malalim si Sharlot at lumapit sa nakaupong si Lance. madami siyang gustong tanungin dito. At may gusto pa siyang malaman dahil may gumugulo sa isipan nito ngayon.

“Lance yung about kanina kasi---“

“okay lang naiintindihan ko” sagot ni Lance kahit hindi pa natatapos ni Sharlot ang sinasabi.

“teka lang naman! Patapusin mo naman ako. kasi diba sinabi mo na mahal mo pa ako?” halata naman na nakuha ni Sharlot ang atensyon ng binata kaya nakatingin ito sakanya at hinihintay pa ang mga susunod na sasabihin ni Miyuki.

“kasi ang totoo niyan.---“

“I was hurt. Kahit papaano pala masakit ang thank you. Pero hindi kita masisisi ang gago kasi ng ginawa ko sayo. Kaya okay lang” humiga na ito at saka pumikit

“HOY! Hwag mo naman akong tulugan! Asar naman ‘to. Pwede naman siguro tayong maging magkaibigan kahit papano diba? Please? Kasi ayoko lang ng ganito. I mean wala tayong maayos na closure dati at isa pa ang dami kong gustong itanong”

Pareho lang sila na malakas ang loob ngayon. dahil na din sa alak na nainom nila kanina. Sabi nga nila PAMPATAPANG DAW YUN! PAMPALAKAS NG LOOB! XD

“magtanong ka. Sasagutin ko” sabi niya na may assurance ang tono.

“umupo ka! Hwag ka mahiga! Paano ako makakapagtanong ng maayos kung hindi ko naman pala namamalayan kung tulog na o hindi pa ang kasama ko!”

“tsk. Oo na” -___- Kahit kelan bastos talaga ang ugali ni Lance. umupo naman ito at sinunod ang kagustuhan ni Sharlot na umayos ito ng upo kahit na gustong gusto lang talaga niya mahiga kasi medyo nahihilo pa siya.

“ano na?” tanong niya nung maayos na siyang nakaupo

Tumayo naman si Sharlot at pinag-iisipan kung saan magsisimula.

“madami akong hindi natanong kanina Lance. k-kung totoo nga yung mga sinabi mo kanina. B-bakit hindi ka pumunta sa airport nung araw ng alis ko?”

“sinubukan kong humabol. Nabugbog ako sa daan.” Diretso lang ang sagot niya. Halata naman kay Sharlot na naguluhan siya “k-kung ganun bakit hindi ka nagpunta ng Japan? Bakit di ka sumunod?” tumingin siya sa malayo at saka nagpatuloy “alam mo bang hinintay kita dun?”

“isang taon halos ang nakalipas bago ako matauhan Lance. isang taon din ang nasayang sakin. Nakakatawa lang”

“nung paalis ka, hindi ako humabol lang para pigilan ka ang totoo niyan hindi kita pipigilan umalis. Pero gusto ko lang sana malaman mo nun na hihintayin kita bumalik. Hindi kita pinuntahan sa japan kasi hiyang-hiya na ako sa'yo. Na, ang gago lang kasi. Sinubukan kong kalimutan ka kasi alam kung nasa isip mo na nakalimutan ako. sinubukan ko pero wala. Naiwan ako sa nakaraan. Ikaw pa din yung naiisip ko. ginawa ko na nga lahat para makalimutan ka. Inom dun, makikipagkarerahan sa kanila, nag-aral. Pero wala eh. Gago kasi kaya nagpunta ako ng Japan. Tatlong araw.”

“pinuntahan kita pero may kasama ka”

“pinuntahan kita pero mukhang Masaya ka na” Tumayo si Lance at nagpunta sa harapan ng pintuan. “HOY JL! NANDYAN KA BA? BUKSAN MO NGA TO!”

“Sharlot pumunta ako eh. Pinuntahan naman kita pero ayoko lang makasira. Okay na akong nakikita ka. Kaya nga ayos lang sakin kung wala ka ng nararamdaman. Tanga kasi ako... ang dami kong pinalagpas. Pumunta nga natakot naman. Sinubukan ko nga may pumigil naman. Siguro nga hindi lang talaga tayo para sa isa’t isa but listen Sharlot even if you say you don’t love me, I don’t care because---“ naudlot ang sasabihin nya ng biglang buksan nila JL ang pintuan.

"Never will i move on! I’ll make sure you will fall for me over and over! so get ready miss. you'll be mine and you'll say i love you too again. Merry Christmas BAH" nakangiti siyang umalis sa harapan ng mga ito.

Nagulat lang sila JL, Gail, Ales at pati na din si Miyuki sa hindi inaasahang sinabi ni Lance ngayon ngayon lamang.

“Imagine I’m drunk and was locked in a room with the girl I love.” umiiling iling pa siyang umalis.

**Chapter 11: tama ba yun?**

**Gail’s POV**

“GRABEEE NARINIG NIYO YUN?? SHEMAY UNICORN!!!! KINIKILIG AKOOOOO!!!! HAHAHA” grabe! Totoo pati ako kinilig! Hahaha shock lang ako at hindi nagprocess agad sa utak ko! grabe si Ales makareact! Sabagay bestfriend kasi niya yun.

“pasikat” sabi naman ni JL

Si Sharly biglang lumabas at parang hinabol si Lance?

“woah! Anyayareee?” I said wala lang nakikigaya lang. makareact lang hahahaha.

“TARA!” saka kami hinila ni Ales papunta sa malapit kina Sharlot

Ayan makikinig muna kami! Ano kayang sasabihin ni Bessy? Makikipagbalikan ba siya? sasampalin ba niya si Lance? magrereact ba siya na kinikilig siya? HINDI KO SIYA MABASA!!! My ghad! -__-

“RANSU MATTE!!!” sigaw niya. Aysus!!! Naghapon pa!!!

“ano daw yun? Haha” tanong ko sa dalawa

“malay ko!”minsan talaga masarap kutusan itong si JL kahit na sabihin pang mabait na siya sa lagay na yan!

Hindi naman kami kalayuan kaya naririnig pa din namin mga sinasabi ni Sharly! Chismosa na kung chismosa! Hayaan na ang kanilang privacy! Pero minsan sa chikahan dapat hindi nahuhuli ang mga bestfriend >o<

“don’t just simply say something Lance. kasi hindi naman laging tama yang mga sinasabi mo. In fact maling mali! Lance naman kasasabi ko lang naman na friends na lang. Huwag na kasi. Tapos na 'di ba?”

Humarap sa kanya si Lance

“I never said that I’m always correct, it’s just that I’m rarely wrong Sharlot” ngumisi pa siya saka tuluyan umalis!

“h-hey you heard that???  Yieee proud ako sa bestfriend ko ^o^”

“AAAHHH ANG KAPAL MO PA DIN KAHIT KELAN! BAHALA KA DYAN!”

Para naman silang bata??? Well anyway kahit papaano parang nacoconvince ako na may gusto pa si Sharlot kay Lance pero may nagsasabi din na hindi kasi bakit naman ganyan siya? I mean kung bitter man si Sharlot kay Lance bakit ganyan siya makipag usap?

“oh? anong ginagawa niyo dyan?” mataray yung pagkakatanong ni Sharlot hahaha halatang nainis sa ginawa namin

“ano? Awkward ba?” asked JL

“awkward? Not really more likely ahhm paano ba? I heard some revelations but not awkward at all” ano ba itong babaeng ito? Hindi ko na siya mabasa! Nahihirapan na ako kay Bessy. :/

Hindi na siya katulad dati. Na-sad naman ako bigla doon. Pero kahit na ganun siya pa din ang Bestfriend ko!!! hahaha niyakap ko siya ng mahigpit na mahigpit ngayon at naramdaman ko din ang yakap niya saakin.

“bessy nakakatuwa ka naman bigla bigla kang yumayakap dahil ba lasing tayo?” tanong niya haha. Di ko din alam pero gusto ko lang siyang yakapin ^^

“ah ang daya!! Sali din ako dyan!”saka dumamba pa ng yakap saamin si Ales hahaha. Wala natutuwa lang ako sa mga nangyayari ngayon! kahit na sabihin na nating may mga misunderstanding pa din

“bahala kayo dyan” said JL saka na siya umalis. Cute niya mataray lang :)

Bumalik na kami sa bonfire doon si Lance may kausap at nakaloud speaker pa haha natawa naman ako rinig tuloy namin

(KUYAAAAAAAAAAA kasama mo daw ba si ate Ales??? Nag-aalburoto si Tito hahahaha)

“oo”

(waaaaaaaah bakit di niyo ako sinama? Ang daya daya naman saan kayo? Punta din ako kuya) feeling ko paiyak na tong kapatid niya hahaha

“wag na dyan ka sa habielabs mong pangit” aba naman? Habielabs??? Hahaha

(kyaaaaaah huwag ka nga kuya! kinikilig ako! HAHAHAHA. Babyieeeeeee ay teka!!! ATE ALES ATE ALES!!! HUWAG MO PALAPITIN SI ATE JL!!! KAY ATE SHARLY LANG SIYA)

“pakialam ko sayo? Tsk” he ended the call na haha bastos kang Lance! palibhasa medyo namumula siya sa sinabi ng kapatid niya.

Napatingin ako kay bessy wala naman siyang reaction.

“weird” said JL

“bakit?” tanong naman ni Ales

“may boyfriend na kapatid mo? Sayang! Crush ko pa naman siya!!!”-dennis

“baliw! Upakan kita dyan! parang kapatid na turing ko sa kapatid ni Lance!”-kysler

“kawawa ka naman talaga Dennis ayos lang yan tuturuan kita kung paano manligaw ng babae”- Seb

“pwede? Ang ingay niyo! Kitang nag-uusap kami dito!” ako yan! Naiinis kasi ako kay Seb! >.<

“ikaw ang sungit mo talaga ngayon sakin!” aba napansin niya!

“paki mo ba? Ayaw nga kitang Makita ngayon eh” diretso kong sabi

“haru haruuuu!!! May LQ ditooooo!!! Hahaha” at natuwa pa si Dennis adik talaga nito -.-

***

Matapos ang ilang araw busy nanaman si Bessy. Ewan recently may ginagawa sila ng mga kuya niya.

December 28 na nga ngayon eh. At hanggang ngayon hindi ko pa din nakakausap si Seb ng matino. SERYOSO! Ayaw ko siyang tanungin natatakot kasi ako.

Pero, gusto ko na talaga malaman >.<

“Sweety!!!” ayan nanaman siya sa mga endearment niya

“oh?”

“bakit ang sungit mo sakin? Ilang araw na”

“wala naman”

“wala? Ano ba yan! Huwag mo ko sungitan! Ilang araw na akong di nakakakiss sayo”

“ikisskiss kita dyan manahimik ka nga! Nanunuod ako!”

Nanunuod naman talaga ako. news pa nga oh! patayan pa >.<

“Dapat hindi yan ang pinapanuod mo. Amin na yang remote” kinuha na niya sa akin tapos inilipat sa movie.

Kasi naman!

Tumayo nalang ako at saka nagpunta sa kwarto

“oi! Saan ka pupunta?” tanong niya

“magpapakamatay. Huwag kang sumunod! Malulungkot mga babae mo sa buhay”

“aish! May pinagseselosan ka ba?” meron yung kausap mo sa phone

“sino naman? May gusto bang masampal ko?” tanong ko sakanya. Kainis

“Gail hindi kita maintindihan!” napatigil ako sa paglalakad

“at hindi din kita ma-gets” tuluyan na akong umalis sa harapan niya at nagkulong nalang muna sa kwarto.

Nakakatamad kasi.

“Gail” kumakatok siya sa pintuan ko.

“HOY HWAG KANG KUMATOK DYAN MAINGAY!” sigaw ko

“Gail naman!”

“natutulog ako! paano mo nakakausap ang tulog?”

“Gail naman kasi! Anong problema mo?”

“wala! Matutulog lang ako”

“anak ng pating! Kagigising mo pa nga lang matutulog ka nanaman?”

Oo nga nuh? Amp! Napaupo ako sa kama. Kumakatok pa din siya. “Gail buksan mo na oh. usap tayo sweety”

Sweety? -.- ayoko pa din.

I roamed my eyes around tapos nakita ko yung bigay niya saakin. Kinuha ko yun saka ko binuksan

-________-

Walangyang SEB!!!!!!!!!!!!
!@#$%^&*(!!!!!!!!!

“SEEEEEB NAKAKAINIS KA TALAGA!!!” sobra talaga yung sigaw ko!!! nakakainis!!!

Tama ba naman kasing panty at bra ang iregalo saakin???

Masasapok ko talaga siya!!!

**Chapter 11.5: tama ba yun?**

Baliw na talaga siya! my ghad! bakit ko hinayaan ang sarili ko na ma-fall? And ghad! For that guy! Baliw na talaga siya! o baka naman kasi talagang malas lang ako sa lalaki? Sabi ko pa naman bago ako mag high school noon na pagnagka boyfriend ako kahit pangit basta hwag lang babaero at manyak. Ano ito Lord? Bakit mo ko pinagkaitan ng lalaki T____T

“Gail! Buksan mo na kasi ‘to”

“BALIW! PAGKATAPOS MO KO BIGYAN NG GANITONG REGALO! BUTI SANA KUNG MATINO! ANO TO? EH KUNG IKAW KAYA MAG SUOT NITONG T-BACK! BWISIT KA TALAGANG MANYAK KA!!!”

“oi! Joke lang yan! Kasi di mo ko kinakausap nung umuwi tayo galing sa reunion niyo nila Miyuki! Natural gagawa ako ng paraan pansinin mo lang ako! hoy Gail naman!”

“BAHALA KA DYAN >.<” kainis kasi! Kung sana hindi ko narinig yung usapan nila sa phone nung babae niya edi sana di ako ganito. Okay lang mambabae siya hwag lang niya ipaparinig saakin!

“Gail naman sorry na kasi. Buksan mo na tong pinto honey. Usap tayo please???” kasi naman eh! Bakit ka nagpleplease!

“sa ginagawa mong yan aminado kang may kasalanan ka!” I shouted

“wala naman akong kasalanan ah! Meron ba? Kung meron sabihin mo”

“wala ka ba talagang matandaan na kasalanan mo?” tanong ko

Lumapit na ako sa pintuan para hindi na kami nagsisigawan. Pero still di ko pa din binubuksan. Nakatayo lang ako dun

“wala naman”

“talaga?”

“yun ba yung pinakain kita ng gulay kahit ayaw mo?”

“hindi”

“may nagtext nanaman na babae sayo?”

“hindi”

“may nabasa kang message sa facebook?” loko to ah! Meron ba sa facebook??? -___-+++

Lumilitaw isa isa mga kasalanan niya!

“nung pinilit kitang halikan mo ko?”

“HINDI DIN!” nakakainis na to! Baka mamaya kung ano pang sabihin nito!

“wala na ako matandaan! Nung pinasok kita sa kwarto mo kahit nagbibihis ka?”

“bahala ka dyan mag-isip ka lang dyan ng kasalanan mo! Ilista mo na kasi mga kasalanan mo!”

“gail ano ba kasi yun???”

“tse! Ewan ko sayo!”

“nung nagpunta ako ng bar nang hindi nagpapaalam?”

“kelan ka nagpunta?” tanong ko. hindi nga naman nagpaalam paano ko malalaman?

“aww patay” narinig ko pa din yun kahit na medyo mahina lang pagkakasabi niya

Alam kasi niyang ayaw kong nagpupunta siya ng bar. At nagpunta siya ng hindi nagpapaalam sa akin!!!

“Honey hindi pa ba yun? Iba pa ba???” oo iba!! YUNG BABAE MO YUNG BABAE MO!!! YUNG SINABIHAN MO NG MAHAL MO PA DIN!!!

Sarap sanang sabihin sakanya yan kaso paano kung mali ako?

After 2 minutes I heard his footsteps. Paalis na siya.

I sighed. ang bilis naman niya sumuko! Sana kapareho nalang niya si Lance! kaso hwag pala naduduwag naman si Lance. pero may rason siya. buhay ni sharly ang nakasalalay. Eh dito? Wala namang buhay na nanganganib -,-

I envy Sharlot kasi ang loyal ni Lance sakanya. Kahit na wala ng feelings ang bessy ko ayun siya at sinabi pa din kay Sharly ang nararamdaman.

Samantalang kami ni Seb hindi niya sinasabi saakin ang mga katagang yun! NAPAKABIHIRA! AT TUWING ANO PA! BASTA! YUN NA YUN!

Naiinis talaga ako!!!

“kainis ka Seb!” padabog akong naglakad pabalik sa kama ko. naupo lang ako doon.

Mga ilang oras pa parang may naririnig akong nagsasalitang babae sa baba?? Wait??? Babae?? Sa bahay ko???

BAHAY KO ITO EH!!! SI SEB LANG NAMAN NAGPUMILIT NA TUMIRA DITO PARA DAW MAY KASAMA AKO!

Hindi na ako makapagpigil! Lumabas ako ng kwarto ko and pagbaba ko sa sala. OMG!!!

Anong ginagawa niyan dito???

“oh hi Gail” nakangiti pa siya! pero ang weird bakit ganyan siya makangiti?

“h-hi” mautal utal pa ako at pilit ngumiti sa harapan NILA!! Tumingin ako sa right side niya and what the heck? Kilala ko ang babaeng ito!!!

“oh how rude of me hindi pa pala kayo magkakilala. Gail meet my friend Shannen.”

Tinitigan lang ako ni Shannen. Siya yung babae noon sa mall.

“kilala ko na siya Roxan. Nakita ko na siya noon. Kumusta na? ang ganda mo pa din” bati niya

Bakit ganun? Bakit feeling ko may balak ang ate ni Seb?

Oo ayaw sa akin ng ate Roxan niya at lalo naman ng mommy niya! Pero ginusto ko ba ito? Hindi naman ah! Pinagkasundo lang kami ng tatay niya at ng mga magulang ko.

“ano nanaman bang masamang hangin na nagpapuntsa sayo dito hah Ate?” walang galang na tanong ni Seb sa ate Roxan niya habang nakaupo siya at nakatingin lang sa magazine>.<

“nangangamusta lang mahal kong kapatid haha. Halika dito Shannen dun tayo” hinila niya si Shannen paalis sa sala at nagpunta sa may kusina. At nung makaalis na sila nagsalita itong si Seb.

“sorry di ko alam na pupunta si ate dito at kasama pa niya yun” tukoy niya kay Shannen

“wala naman ako magagawa” dry kong sagot

“galit ka pa din?” tanong niya habang hawak ang kamay ko at inupo sa sofa.

“hindi ko alam kasi hindi naman ako sigurado” sincere na sagot ko sakanya

“hindi mo alam kung bakit ka galit saakin? At hindi ka sigurado? Aba iba na yan sweety ko” niyakap niya ako. ewan ko pero heto nanaman ako nagpapadala sakanya. Lagi naman. Kumbaga siya lagi niya ako hinihila at ako naman ay nagpapatangay lang. ganyan naman kami parati sa everything.

“sige sabihin mo sakin kung ano man yang rason kung bakit ka nagtatampo. Di ako magagalit” wow? Siya pa magagalit pag sinabi ko? lokong Seb >.<

“kasi”

“kasi???”

“SEEEEB WALA BA KAYONG PAGKAIN DITO?” aish kahit kelan ang ate niya bungangera! Nandito nanaman kasi!

“WALA! BUMILI KA KUNG GUSTO MO!” nagtakip nalang ako ng tenga nung sumigaw si Seb. Sakit kaya sa tenga!

Tumayo si Seb at saka hinila niya ako paakyat sa kwarto niya.

“kailangan natin ng privacy. Maingay sa baba” umupo siya sa kama niya and he tapped his bed. Senyas para umupo na din ako kaya ayun umupo naman ako sa tabi niya

“Seb kasi---errr paano ko ba sasabihin?” nakita ko lang na parang nag-aabang siya ng sasabihin ko

“may babae ka ba?”

“WHAT THE HELL GAIL?”

“oh? meron ba o wala?” tanong ko pa

“natural wala! Kaya ka ba naghihimutok dyan?”

“eh kasi! May narinig ako! may kausap ka sa phone!”

“hah? ano naman yun?”

“kasi sabi mo sa kausap mo mahal mo pa din siya! siya ba yung ex mo bago naging tayo talaga? I mean yung babae noon? Yung pinupuntahan mo pa talaga para lang tulungan?” (refer to sadist lover: 3 months contract)

“hindi iba yun!” AND THAT’S IT! MERON NGA! AT IBA PA PALA YUN?

“i-I mean kahit yun ang narinig mo iba yung pagkakaintindi mo” pagtatanggol niya sa sarili niya. Nakita ko siyang nagpanic pero saglit lang. siguro dahil nakita niya ang pag-iiba ng itsura ko

“ano pala?” cold lang ang pananalita ko.

“sweety makinig ka hah?” he cupped my face using his both hands. Nakatingin lang ako sa mga mata niya

“I love her still.” Aray.

“first love ko siya.” aray ko ulit.

Anong laban ko sa first love? kasi diba it never dies? Aray naman.

“pero listen Gail” pero kung first may second naman diba? Ako ba yung second? O may iba pang nauna ulit bago ako?

“yung ngayon oo mahal ko siya pero bilang kaibigan lang ng ate ko” hah?

Parang nabuhayan ang loob ko.

“siya si Shannen. Hindi ko alam kung paano sasabihin sayo noon pero kasi hindi ko naman alam na dadalhin pa siya dito ng kapatid ko. akala ko una at huling beses niyo na magkikita sa mall noon”

“bakit kailangan mo itago sa akin? Bakit parang takot na takot kang makita siya? siguro mahal mo pa siya”

Binitiwan niya ako. naglakad siya papuntang pintuan.

“hindi ko din alam Gail” sabi niya saka na siya tuluyang umalis.

Aray. Bakit hindi niya alam? Naguguluhan ba siya?

Nakita ko. napaisip siya sa sinabi ko kanina.

Nakita ko yun :(

Baka nga kasi mahal pa niya si Shannen?

Ano mo pala ako Seb?

Fiancé mo lang?

Fiancé mo nga pero di mo naman pala mahal?

O mahal mo ako pero naguguluhan ka kasi bigla nanaman lumitaw ang babae sa nakaraan mo?

Kahit ano pa yan! MAHAL KO PA DIN SI SEB >__<

Gagawin ko nalang lahat para hindi siya maguluhan! Para ako nalang piliin niya kung sakali!!! THINK POSITIVE! Malay ko naman kung ano ang nararamdaman niya? Mahal niya ako sabi niya noon.

Sinabi niya na yun dati sa akin kaya masasabi pa niya ulit kaya naman magpapakabait na ako sa kanya!

Pero teka! Tama ba yung naiisip ko? tama nga kaya?

Ang hirap naman ng ma-in love!

**Chapter 12: Half of the story.**

Nakaupo pa din ako sa kama nang biglang bumukas ulit yung pinto.

Si Seb pala. Papunta siya sa direksyon ko ngayon. pagkatapos hinila ako patayo.

“bakit?” nagtataka kong tanong

“sweety labas tayo. Ang pangit pa din kasi ni ate hahaha”

“sus ayaw mo lang makita first love mo” nakapout kong sabi

“hindi ah!”

“eh bakit di mo ko masagot kanina?” nakatayo pa din kaming dalawa ngayon

"kailangan pa ba yun? Napaisip nga ako saglit dun. Pero di ko na pala kelangan mag-isip hahaha. Paglabas ko ng kwarto akala ko susundan mo ko hindi pala kaya ayun kukunin ko lang yung naiwan ko dito sa loob kaya tara na?”

“para naman akong gamit na pwede mo lang iwanan kung saan. Ayoko lumabas”

“sweety naman >.<”

Bigla niya ako niyakap at pinatong ang ulo niya sa balikat ko. nagpapakasweet nanaman siya. ganito kami parati pag nagkakatampuhan. Madalas kasi nadadala ako sa ka-sweetan niya. hindi naman sa nagpapakamartir ako pero ibang usapan kasi kung ikakasal kami pero hindi naman pala namin mahal isa’t-isa ang pangit naman nun. For some reason may karapatan akong malaman ang totoong nararamdaman ni Seb. I’m his fiancé so he should love me like the way I do.

Alam ko naman mahal niya ako, natatakot lang ako sa pagbabalik ng first love niya.

Nakayakap pa din siya saakin. Ramdam ko ang mga kamay niya sa likuran ko, ang dampi ng labi niya sa leeg ko pati ang paghinga niya sa balat ko. buhay nga naman.

“ikaw ang mahal ko Gail” sabi niya na may kasiguraduhan ang tono

“totoo? Hindi ka nagbibiro?” narinig kong tumawa siya

“sa tatlong taon ba naman nating magkasama sa iisang bahay, kulang nalang anak happy family na sana”

“Seb naman” hindi pa din siya bumibitiw kaya niyakap ko na din siya. “basta mahal mo ako ah”

“oo naman. Si Shannen? Wala yun. Hindi naman naging kami nun”

“totoo ba yan? Edi hindi mo siya nahalikan? Wala din ano. Ahm wala ding nangyari sainyo?”

“HAHAHAHA ang straightforward mo talaga. Kaya kita mahal eh” hinalikan niya pa ako sa ulo ko >///<

“mahal mo talaga ako? as in sobra?” naninigurado lang ako >.<

“oo naman. Ikaw na ang mahal ko. ikaw na at ikaw lang. sus yung mga nababasa mong messages sa FB wala yun sila lang nagmemessage saakin. Nakita mo naman siguro di ako nagrereply. Sa mga post lang sa wall ko ako nagrereply para mabasa mo.” Binatukan ko siya nung sinabi niya yun totoo kasi >.<

Tumawa lang siya. ang dami niya ngang tinatawag na babes, sweety dun kaya minsan ayaw ko ng endearment baka mamaya isa sa mga babae niya yun >.<

“kapag naman pumupunta ako sa bar mga barkada ko lang kasama ko. kahit pa sundan mo ko dun at hulihin next time na tatakas ako” pinalo ko siya sa braso kasi nagbabalak pang tumakas ulit

“bakit kasi hindi mo nalang ako isama?” tanong ko

“para malaman ng barkada ko na may caring akong fiancé para mainggit sila. Nakakatawa nga pag tumatawag ka kapag nasa bar ako. kahit pinagtatawanan nila ako pinagmamalaki kita sa kanila”

“weh? Totoo ba yan? Lagi mo lang naman ako nililoko at pinagtritripan.” I said pouting

Yung kamay niya parang iba na yata ang pinupuntahan? -___-

“hoy! yung kamay!” banta ko sakanya nung parang may binabaklas na siya sa likod ko. totodasin ko talaga tong loko na to

“hahaha ‘tong si honey naman napansin pa!”

Bumitaw na ako sakanya

“basta ako yung mahal mo ah”

“opo ikaw lang po” saka niya hinawakan yung mukha ko and kissed me tenderly.

“pero hindi talaga naging kayo?” ewan para na akong nagiging bata dito. Para bang nagtatanong kung wala ba talagang assignment na binigay yung teacher kasi baka mamaya binubully lang pala ako ng kaklase.

“promise hindi naging kami.” Ngumiti siya at muli nanaman akong hinalikan.

“sabi mo yan ah”

“opo soon-to-be misis ko” >///<

“baliw talaga >.<”

Hinawakan niya ang kamay ko saka lumabas kami ng kwarto at pagkatapos ayan nanaman yung ate niya. ayoko talaga sa ate niya. natatakot ako kay ate Roxan :(

“saan kayo pupunta? Gabi na”

**Jade Louise’s POV**

Gosh naman.

“stupid Lance! you should have at least kissed her when I locked you there! By the way thank me for doing that!”

“crazy” then sipped again his glass of beer.

Nasa bar kami ngayon ni Lance. soon nandito na din yung bestfriend niyang kanina pa gustong sumama pero may biglaang photoshoot naman. I heard she’s a model.

“you know what Lance? I can help you with her if you want to” iniikot ikot ko lang yung baso ko and is thinking something.

“no need JL”

“where did you get that confidence of yours Mariano?” he just smiled as an answer.

That was a great way to escape a question. Smile. Gosh! He’s crazy! Ang sarap nilang pag untugin ni Miyuki.

“so what did you talked about? If you don’t mind though”

“I told her that I went to japan to see her”

“oh? naniwala naman?”

“don’t know”

“tanga mo kasi eh! Nakita mo lang si Jake ang kasama napanghinaan ka na ng loob! nakita mo lang silang nagtatawanan akala mo naman naka move on na agad yung Miyuki na yun. Lance I know may mga narinig ka at nakita na di dapat? Pero at least sana naman---“

“hey guys” so here she is! His bestfriend! Great timing! Nakalimutan ko tuloy sinasabi ko

“hey” bati ko sakanya. She looked refreshing and dazzling like a doll.

“and they kissed? Kahit gusto ko pang suntukin si Jake wala naman ako magagawa”

“they kissed. And so?” sagot ko

“teka anong pinag-uusapan niyo?” asked Ales

“oh well this bestfriend of yours suck.” Then I did a thumb down.

“matagal na JL” saka pa tumawa si Ales.

“pinagkakaisahan niyo nanaman ako. mga babae talaga. Isa pa nga!” tawag niya sa waiter.

“ano ba yung kiss na naririnig ko? sinong nagkiss?”

“his ex and my ex? Hahaha” I said laughing

“edi magkiss kayo para patas!” pareho kaming napatingin ni Lance kay Ales.

“JOKE!” bawi din naman niya agad. “pero seryoso? Ano nga kasi yun? Sinong ex and ex? Miyuki and?” totoo ba to? Hindi niya kilala si Jake?

Anyway, hindi nga pala kami close ng babaeng ito.

Ininom ko nalang yung kanina ko pang hawak.

“Ales remember when I was missing for 5 days? I was in Japan for 3 days.”

“WOAH! Di nga??? Seryoso Lance???”

“do I look like I’m joking?” here he is again! His famous poker face! Wala nanamang emotion ang mukha niya. that’s why it’s kinda hard to read what’s on his mind!

“I went there to see her. Namimiss ko kasi siya sobra.” He explained and this Ales girl is waiting for a continuation. Pero dahil hindi nagsalita si Lance nagsalita na ulit si Ales

“oohh! kaya nga ilang araw kang umiinom nun eh. Pati ako napapagalitan dahil sayo”

“same as me” I said

“talaga? Napapagalitan ka din?” she asked

“halata bang nagsisinungaling ako?” tanong ko

“yup hahaha” gosh this Girl.

“so ano na? kwentooo!!! Pinangako niyong dalawa na sasabihin saakin LAHAT LAHAT >.< bestfriend ako eh! Selos ako kay JL! i-gitna niyo ko!” para siyang batang naagawan ng candy ng isang bully. And of course, once again, I am the bully!

Magsasalita pa sana ulit siya but then suddenly her phone rang.

“hello? Hey Miyuki! Hahaha”

Napatingin si Lance kay Ales. Tsk. Nakarinig lang ng Miyuki. Bakit ba ako nagseselos? -___-

“ah? Nandito sa bar kaya maingay! HAHAHA”

“want some?” tukoy ko sa lemon ng gilid ng glass ko.

Ngumiti lang si Lance. yan nanaman yang ngiti niyang yan. Ngiti niya yan pag naririnig ang pangalang Miyuki.

“talaga??? Pupunta ka dito??? Kasama ko si Lance! walang bawian yan ah! Osigeee see yah”

“what the hell?” react pa Lance.

Anyway, the other half of the story will be revealed later Lance.

Paaminin ko si Miyuki ngayong gabi. Promise ng matahimik ang loob mo dyan! -___-

**Chapter 12.5: Half of the story**

“wohoo!! Inom pa!” I did not expect something like this! Akala ko pa naman pumunta siya dito para pigilan ang bestfriend niya sa pag-inom. And look! Siya na ang pinipigilan ni Lance at inaawat uminom!

“haha ano ba Lance! we should drink pa kashiii!”

“Ales stop and listen to me” may pagbabanta sa tono ng boses ni Lance.

“woshooo! Pag nandito na si Miyuki mamaya di mo na ko masasabihan ng ganyan! Mananahimik ka nanaman belat!” and sipped another glass of vodka

“tss” inagaw pa ni Lance yung basong hawak ni Ales. well that was sweet.

Ininom ko nalang yung hawak ko kanina pa. MIYUKI IS SOOOO LATE! kanina pa dapat yun!

Kainis! I want to know the truth! Di ako naniniwala sakanya. AS IF SHE'S OVER HIM! That's impossible! Masyado siyang head-over-heels kay Lance kaya napaka imposible talaga!

"JL lets go there! Sayaw tayo!" bigla niya ako hinatak at saka siya nag-umpisang sumayaw. -___-

"sumayaw ka dyan" kelangan pa ba akong isama? Gosh! Umalis ako sa tabi niya at bumalik sa upuan namin kanina.

"Lance go there samahan mo yung bestfriend mo baka kung mapanu"

"no need. Kilala kami dito. Subukan nilang galawin at bastusin yan." Sabi ko nga

He shot again another one. Then a familiar voice called our attention "Hey guys" isang nakangiting mukha ang lumapit saamin wearing light blue dress and her hair tied up. One word! Gorgeous! And who else?

"MIYUKI!" a hug from behind shocked her.

"kanina ka pa namin hinihintay hihi" Ales -___-

She sat beside Lance. what a sadist.

"mukhang kanina pa kayo ah! Di kayo nagyaya kaagad. Saan yung iba?"

"supposedly kami lang ni Lance DAPAT" I said emphasizing the word DAPAT. Then Ales looked at me with a. hmm? Furious look? HAHA! Childish! Kahit ipakain ko pa sayo si Lance!

Gosh! I'm having bitches thoughts again!

Naiinis kasi ako kay Miyuki and Lance! seeing them sitting together and not talking at all!

"oi! Si Lance ba 'to?" napatingin kami sa mga nagsilapitan. They looked familiar.

"oi pare si Ales! ALES KUMUSTA NA? haha long time no see! Ikaw din JL!" nginitian ko nalang sila as if naman kilala ko sila pero parang nga -___-

"wow! Miyuki diba? Yung girlfr---" hindi na natuloy yung sasabihin niya kasi biglang sumingit si Lance "Ex"

"ah! Akala ko nagbalikan na kayo. Nakakamiss magsoccer! Di mo ba namimiss?" tanong nila sa kanya

"hindi"

Miyuki and I? ayun! Nakatingin sa mga nag-uusap and Ales? Ayan umiinom.

“tara dun muna tayo!” inakbayan na nila si Lance at saka sila umalis. Good! Kanina ko pa siya gustong paalisin.

Tinabihan ko si Miyuki.

“so hi?” I greeted

“kumusta ka na JL? di pa kita nakakausap ah” yeah hindi pa nga

“well I’m feeling great. So how’s Japan?” I asked sarcastically

“my first 3 months I think was a hell” she laughed

“so I think I don’t need to ask why” I said

“yeah haha”

“Miyuki actually hindi ako naniniwala sayo”

Tinitigan lang niya ako na para bang hindi makapaniwala.

“alam kong pumunta si Lance sa Japan. Akala ko pa nun he’ll persuade you. Wala siyang pinagsabihan na pupunta siya doon. Basta nung bumalik siya dito alam mo bang gumanti lang naman siya sa isang member ng dating nakaaway nila? Kasi as far as I know hindi siya gumanti sa mga bumangga sakanila. Noong papunta siya ng Airport alam mo bang kawawa siya noon? Nakita mo ba yung itsura niya noon? Syempre hindi kasi umalis ka pa din”

She looked away saka ininom ng diretso ang nasa baso. Feeling tense huh?

“hey hey! Gotta go. Galit si boyfieee! HAHAHA” nagmadaling umalis si Ales.

Mas lalong good! I can now express myself.

“tell me Miyuki. Anong naramdaman mo nung nalaman mong pinuntahan ka niya?”

“nothing. Kung pinuntahan niya ako dapat nagpakita siya”

“kung wala kang naramdaman hindi ka magbibitaw ng komento na ganyan”

Nakikita ko yung pagbabago sa mukha niya. naiinis siya.

May galit siya kay Lance siguro. Or siguro saakin? Don’t know.

Tumayo siya and so sinundan ko! hanggang makarating kami sa labas.

“Miyuki hindi kita tatantanan. You know that”

“ano mo ba si Lance para alamin ang lahat? JL nakakainis ka na. bakit ba hindi mo na lang paniwalaan mg sinasabi ko!”

“kasi iba ang sinasabi mo sa mga reaction at ginagawa mo” I smiled. As if I won.

Naglakad siya ulit papunta sa sasakyan niya

“and you’re asking me if what is Lance to me? Simple! I love him” humarap siya sa akin na para bang hindi siya makapaniwala.

“madami akong alam kay lance na hindi mo alam” I said kahit hindi naman totoo.

“ikaw? Ano ba si Lance sa'yo?” tumingin nanaman siya sa malayo. A sign na may mga gusto siyang sabihin na hindi pa din niya nalalabas.

“Miyuki alam ko gusto mong ipakita sa amin na nagbago ka. Pero hindi ka makakapagsinungaling sa akin. I know you. Sa laki ba naman ng galit ko sa'yo noon?” she remained silent.

Ang simple lang ng tanong ko. hindi niya masagot?

“what? Miyuki I’m waiting. Ano si Lance sa'yo?” kahit ang obvious naman. Iba pa din pag galing sa kanya.

“wala! Okay?”

“really? then convince me Miyuki.”

“why would i?”

I crossed my arms and answered her “para alam ko kung saan ko ipoposisyon ang sarili ko” and again she looked shocked.

“b-bakit?” now she’s stuttering! HAHAHA i-untog ko kaya siya sa pader? -___-

“bakit? Kasi konti nalang makakalimutan ka na ni Lance!” I lied again! Pwede na ako sa hell. And oh! sa theater!

“s-so a-anong gusto mong iparating?”

I rolled my eyes. Nakakainis na tong kausap ko ah! “simple lang Miyuki. Itatanong ko lang kasi sayo kung mahal mo pa siya. bakit? Kasi kung hindi na edi ako liligawan ko na si Lance! aakitin tulad ng ginawa ko kay Jake noon. Or maybe dahil na din siguro nasa'yo si Jake ngayon so para fair right?”

“w-wait! Anong sinabi mo?”

“ang alin?” kahit naman obvious na alam ko yung tinutukoy -___-

“about Jake?” nanlalaki pa yung mata niya

“ah! Kasi Lance saw you and Jake. Saw something and HEARD something. Dahil na nga din doon kaya nagawa niyang gantihan yung dahilan kung bakit siya naging tanga sa pagdecide. Now then bye” naglalakad na ako palayo sakanya.

Bahala siya.

Aagawin ko si Lance? asa naman.

Pero pwede din.

Pero ayoko.

“JL WAIT!” tumigil ako sa paglalakad and faced her

Nakita ko na huminga siya ng malalim. “I still love him. pero hindi na katulad ng dati”

“eh ano pala? Friends? Or as a man?” I asked pero hindi siya sumagot so I started walking away from her again.

“MAHAL KO PA SIYA! pero hindi na ako aasa pa! hindi na ako maniniwala pa! JL ayoko na. sawa na ako.”

“so what about Jake? Keeping both of them hah?”

“no!”

“so can you explain me that KISS?”

“mahal mo si Lance diba? Hindi naman namin sinasabi na makipagbalikan ka. Ang saamin lang huwag kang gumanti ng ganito. You’re silently killing him! ang sadista mo nga talaga. Emotionally”

“hanggang ngayon hiyang-hiya pa din si Lance sa'yo. Kita mo naman diba? Hindi ka niya malapitan. Hindi ka niya makausap ng matino. At lalong hindi siya ang Lance na kilala namin. Lumalapit siya sayo pero tinataboy mo naman. Give him another chance Miyuki. Just one last chance.”

Tumalikod lang siya at bubuksan na sana ang sasakyan niya ng bigla siyang magsalita “siya dapat ang humingi niyan. Hindi ikaw”

**Chapter 13: The Wedding**

**JL's POV**

Ang tanong bibigyan mo ba siya?

I want to ask her that. I want to. Pero masyado na akong pakialamera. Tama na.

I went inside the bar again. I saw Lance sitting alone.

"so where's your err teammates?"

"former teammates"

"whatever Lance"

"ayun, ayun, yun pa" turo niya sa mga nagkahiwahiwalay niyang kasama. "san sila?" tanong niya referring dun sa dalawang babae.

"wala na ayaw kang kasama ni Miyuki kaya umalis. Yung bestfriend mo naman aawayin pa daw ng boyfriend niya" okay? Where did I get all of that? HAHAHA

"Lance I need to go. So bye"

Hindi ko sasabihin sa kanya ang nalaman ko. like hello! Sinong tanga nasasabihin yun sa kanya? Sapat na sa akin yung nalaman kong malaki ang chance niya. kung pagbibigyan pa siya.

"JL wait" hinawakan niya yung wrist ko to stop me.

"what now Lance?"

"anong sinabi mo? Bakit sila umalis?"

I sighed then I answered this way "whatever Lance. kapag ba umalis siya may sinabi na ako? that's ridiculous! Anyway pakiss nga! Hahaha"

"baliw ka na" saka niya ako binitiwan so I leaned forward and kissed him na kinagulat naman niya.

"Lance I know where my position is so don't worry. Bye" I left him astonished

It's for him to find out kung ano ang nararamdaman ni Miyuki. Umalis na ako sa bar and went to a coffee shop and obviously I ordered coffee like duh! Who would order an ice cream? -___-

"may nakaupo ba?" tanong ko sa lalaki sa table.

"wala" after he said that umupo na ako. parang familiar nito? Or rather may kamukha siya?

“why?” oh! so nahalata na pala niya akong nakatitig sakanya

“nothing. Parang may kamukha ka kasi” then sipped my cup of coffee.

I heard him chuckled. So? May nakakatawa na pala sa sinabi ko? or lasing lang ba ako kaya ko nasasabi ang mga ‘to sakanya?

“what?” I rolled my eyes.

“baka yung kambal ko yung nakita mo?” he asked

“kambal?but I haven’t saw him. Maybe.”

“it’s not a HIM it’s a HER” he corrected emphasizing the words him and her

“sorry about that.” Tinitigan ko lang siya. “for some reason naiinis ako sa'yo” I said

And there tumawa lang siya “what now?” tanong ko pa

“hahaha bakit ka nanaman naiinis?”

“sa naiinis ako. anong pakialam mo?” why am I talking to this stranger anyway?

Parang nakita ko na talaga siya!

Hinawakan ko yung ulo ko and started to think deeply! Na-bobother ako sa itsura niya. not that pangit siya pero kamukha lang talaga ng isa sa kinaiinisan ko. pero who?

Kinaiinisan ko? hindi naman si Miyuki, Jeska? No hindi. Joy? Hindi din! Mae? Erg! Sino ba?

“may kilala ka bang Trisha?” tanong ko

“wala naman why?”

“iniisip ko talaga yung kinaiinisan ko eh! Wait I’ll think further” natawa nanaman siya. am I a clown? What’s so funny? I’m serious here!

Ara? Hindi din.

“ano natatandaan mo na ba?” tanong niya

“no not yet! But I’m sure matatandaan ko yun!”

Tinitigan ko siya. sobrang tagal ko siyang tinitigan talaga yung tipong maiilang na siya sa titig ko. well I don’t care! Sa inaalala ko yung taong yun!

“AH! I know! Kilala ko na! kulang nalang sabunutan ko na siya noon dahil sa sobrang inis ko sa kanya”

“hahaha wow nananakit ka pala”

“yeah I’m a bitch you know”

“oh? sino na?”

“Eris the goddess of discord and destruction” nagulat yata siya samantalang ako natatawa

“twin sister ko hahaha” he said laughing nung nakabawi na siya sa gulat

“oh so ikaw naman si Ares? God of war? Hahaha”

“Lance” he said

“oh ang dami talagang Lance sa mundo -___-“

“you must be referring to Nathan Lance?”

“yeah kilala mo din pala”

“who would not? Hahaha”

“tawa ka ng tawa dyan!” itapon ko sakanya tong kape ko! ang daming pwedeng pangalan Lance pa! kung iniitcha ko kaya siya sa high way para mamatay na lahat ng Lance?

Iniisip ko palang na layuan si Lance biglang may nilapit naman na Lance sakin! Sarap lang suntukin ng Fate -____-

**Gail’s POV**

“T-teka Seb! San ba tayo pupunta?”

“wala hwag ka na magtanong”

Panong hindi? Kanina takot na takot ako sa kapatid niya tapos bigla nalang ako hinila ni Seb paalis sa bahay ko.

“ano handa na ba?” tanong niya sa kausap sa cellphone niya.

Nag-pout nalang ako dito sa tabi tabi kasi naman eh!

KRIIIIIIING sabi ng cellphone ko

“hello?”

(bessy I need to tell you something) serious much?

“ano yun?”

(pwede ka ba ngayon?) tumingin ako kay Seb

“bessy kasi ano. Si Seb hindi ko alam kung saan kami papunta”

(then can I tell you here now?) she asked mukha siyang kinakabahan

“may problema ka ba? May nangyari ba?”

(something like that bessy. Kasi ano…)

“kasi?”

Napansin kong napatingin sa akin si Seb

(may nasabi ako kay JL! baka kasi wala pala. anyway hayaan na. sige enjoy your night) then toooot

Okay! Binabaan ako! tatanungin ko palang siya kung ano yung sinabi niya kay JL ehhhh >.<

A moment of silence devoured us. Grabe lang

“Seb saan ba kasi tayo pupunta?”

“to paradise baby” Psh stupid endearments!

“nandito na pala tayo.” Inihinto na niya yung sasakyan

“magsisimba ka?” I asked

“hahahaha hindi. Tara”

“saan?”

“dyan!” turo niya sa loob

“ah? Bibili ka ng pagkain?” may nagbebenta kasi sa palibot ng simbahan -___-

“hahaha pinapatawa mo ko sweety!”

“edi tumawa ka lang” bumaba na siya tapos pinagbuksan talaga ako.

Bakit sa simbahan?

“anong meron?” tanong ko pero hindi niya ako sinasagot.

Hawak hawak niya yung kamay ko.

Ayan na yung heartbeat ko. bumibilis.

“magpr-pray ba tayo?” pero tinawanan lang niya ako.

Pagpasok namin sa loob biglang binuksan lahat ng ilaw then I saw Dennis and Kyler with Ales. Nice so what’s with the set-up?

“anong meron?” tanong ko kay Ales

“ewan ko! bigla nga ako tinawagan ng kumag na ‘to” amoy nakainom tong babae na to.

“uminom ka?” tanong ko sakanya

“hihi oo kanina! Taposh kashama pa si Lance at si JL taposh si Miyukiii haha”

“oh? may alam ka ba dun sa usapan ni Miyuki at ni JL?”

“wala naman meron ba???”

“ah? Wala naman”

“nandito na ba?” napatingin ako sa nagsalita. My ghad! Diba yung parish priest yan?

Suot niya yung veil niya.

Bigla ako pinagtulakan ni Ales sa may altar sa tabi ni Seb.

Omg!!! Napatingin ako sakanila nag thumbs up lang.

h-hindi na to laro-laro lang?

I mean--- wala man lang ba yung bestfriend ko para ma-witness ang k-kasal??

***

**I, Cedric Seb Reyes, take you, Gail Fernandez, to be my friend, my lover, the mother of my children and my wife. I will be yours in times of plenty and in times of want, in times of sickness and in times of health, in times of joy and in times of sorrow, in times of failure and in times of triumph. I promise to cherish and respect you, to care and protect you, to comfort and encourage you, and stay with you, for all eternity.**

Ewan hindi ko na alam ang nangyayari.

Nagpapakasal na ba talaga kami? Hindi pa nga kami tapos mag-aral!

“and now you may kiss the bride” hindi na ako naka react ba kasi bigla na niya akong hinalikan.

Tumingin ako sa kamay ko. may singsing na ako.

Tumingin ako kay Seb. Ngumiti lang siya at hinawakan ang kamay ko.

“ayan nagpatali na ako sayo. Huwag mo na akong pagdudahan ah. Hayaan mo sila ate.” Aww natouch naman ako. hindi ko alam na naluha na pala ako. pinunasan niya ito.

“I love you” aww ang sweet niya. pinakasalan ako ng hindi man lang sinasabi saakin agad para naman sana nag-ayos ako >.<

“pakakasalan mo pa ako ulit diba? Yung bongga? Yung hindi dahil sa rush lang dahil sa ate at kaibigan niya?” tumango tango lang siya tapos niyakap ko siya.

“ano? Honeymoon na?”

“ARAY! Gail naman” sinikmuraan ko nga! Mamilipit ka dyan sa sakit!

“wow! May malalagay nanaman ako sa notebook ko! hahahaha how to become a master *O*”

Ang problema lang naman namin ngayon yung ate at mommy niya >.<

**Chapter 14: problem solved!**

**Xyla’s POV**

Aaaaaaaaaaahhh!! NAKAKAINIS! >.<

Ang busy busy naman kasi! Pati ako nadadamay! Habielabs ko mamaya na ako magrereply sa mga text mo >3<

“Ma’am Xyla! Nasan po si Sir Lance?” ayan nanaman yung mga employee. Malay malay ko ba kasi! Bakit ba ako nandito? Bakit ba ako biglang hinila ni kuya dito! Kawawa naman ako.

“teka lang hahanapin ko po” ang galang ko talaga! HAHAHA. Tumakbo na ako kasi nagmamadali na. ang alam ko isang oras nalang magsisimula na ang event dito.

Post-Christmas party daw siya nila ate Sharly! Kaya siguro ako sinama ni kuya para Makita ko siya! yieee Sweet ng kuya ko hahahaha.

“KUYA KUYA! NASAAN NA YOU???”

“ssshhh Xyla!” suway nung secretary ni daddy ko.

“tse! Nihahanap ko nga si kuya kasi may problema daw! Nasaan ba siya? nakita mo ba?” masungit ako dyan! ang pagkakwento kasi ni mommy saakin noong bata ako may crush yang secretary kay daddy ko! o’diba? Kaya parusahan siya ng kasungitan *O*

Di ko na siya hinintay na sumagot kasi nagmamadali tapos bagal bagal sumagot >.<

HMP! MEAN XYLA XDDD

Naglakad lakad ako para hanapin si kuya. pumasok ako sa isang kwarto doon kasi alam ko natutulog si kuya kasi napuyat kagabi kasi ang pagkakaalala ko wala yang tulog kagabi wahahahaha.

“KUYA!!!” sigaw ko pagkapasok na pagkapasok sa kwarto niya sa hotel namin.

“ang ingay ano nanaman?” aba! Akala ko natutulog hindi pala. May mga inaayos siyang papel tapos nakasuot siya ng eyeglasses tapos naka business suit siya. tapos gwapo siya tapos ma-iin love na sakanya ulit si ate Sharly tapos papakasal na sila tapos sila na FOREVAH! HAHAHA

“daydreaming again Xyla? Anong pinunta mo dito?” psh! KJ! Kinakasal na nga sila sa isipan ko! tinanggal ko yung nakatakip na kamay ko sa bibig ko at saka nagsalita na.

“kasi may problema daw kuya.”

“WHAT?” hala! Nagalit na!

“ano daw?”

“ah? Hindi sinabi sa akin. Basta pinahahanap ka nalang nila saakin. Kawawa na nga ako! hindi na ako nakakatext kay Louie! Dapat nga may photoshoot kami para sa organization namin!”

Hindi na yata siya nakinig sa akin agad na siyang umalis eh HAHA di na nagbago! Magpapa-impress lang naman kay ate Sharly ko hehe

Lumabas ako para sundan si kuya tapos nakita ko!!! SI ATE SHARLY SAKA SI KUYA!!!! omysiomai *O*

Yieee ako kinikilig pero pareho silang seryoso hahaha. Nu ba yan. Sheeeeee di ba nila pwedeng sabihin pareho ang THREEEEEEEEEE??? Para nakangiti sila pareho wahahahaha

Lumapit ako ng kaunti para marinig ko sila. Hala! Bad KC! Gusto ko din i-hug si ate Sharly.

“hindi ba pwedeng gawan mo yan ng paraan? Lance naman isang oras nalang oh!”

“that’s what I’m doing!” Ano bang pinag-aawayan nila?

“What’s the problem?” may matagkad na gwapong lalaking lumapit sakanila. NO WAY! Boypren ba yan ni ate Sharly? Pero mas gwapo pa din ang kuya ko! >.<

“Seiji-kun” woah! Seiji pala ang pangalan ni kuya kapre..

Tapos nag-usap si ate Sharly at si kuya kapre ng di maintindihang salita hahaha.

“maayos ko to” sabi ni kuya ko saka na siya tumalikod dun sa dalawa. Aww selos kaya siya? o talagang aayusin lang niya yung problem?

“that was very mean of you Miyuki” marunong naman kasi sila mag-english di pa sila nag English kanina! Di pa din nila ako napapansin dito haha

“dapat lang na mahirapan si Lance.”

“what?”

“I said he can manage that. Siya pa! magaling siya eh!” ang layo naman ng translation ni ate Sharly XDD

“hah?”

Hala ngayon ko lang naisip! Pinapahirapan ni ate si kuya ko T___T. kawawa naman si kuya

Tapos si kuya kapre naman hindi maintindihan sinasabi ni ate Sharly >.<

“But Miyuki you shouldn’t have done that!”

“I said he can do that! He can solve that problem! What’s wrong with giving him A PROBLEM? Minsan lang naman tapos hindi mo pa ako pagbigyan! Kung si kuya Shizu ang nandito baka tinulungan pa akO!”

“what are you saying?”

“nothing! I said you’re so handsome!”

Naglakad na si ate Sharly at nakita ako! hala lagot! Baka ako din pahirapan niya T____T

Hwag po ate Sharly hwag po! Maawa ka saakin. Ako ay dakilang maganda at makulit lamang na kapatid ni kuya kong gwapo na si kuya Lance T___T

Aalis na sana ako kaso baka isipin niya may narinig ako >.<

“a-ate Sharly!” I tried to be cheerful as always.

“Hi Xyla? Kumusta ka na? wow ang ganda mo na ah!”

“kayo din po” nakakatakot ka nga lang ngayon.

Ngumiti lang si ate. Ngumiti si ate! Yung ngiti na hindi niya pinakita kanina sa dalawang lalaki.

Yieee special siguro ako kaya niya ko nginitian haha

“bakit ka nandito? Tinutulungan mo ba ang kuya Lance mo?” kinakausap niya ako na parang bata >.<

“ate dalaga na po ako. isip bata nga lang pero pwede mo pa din ako kausapin na parang dalaga kasi parang dalaga na ako”

“osige kakaupin kitang parang dalaga kahit na parang bata ka pa din hahaha” she patted my head like I’am a kid T^T

Bata nga kasi ako hehehe

TEKA! Dalaga na ako >.<

“halika doon tayo” hinawakan niya ang kamay ko at saka kami pumunta sa may lobby malayo sa venue nila ate kasi sa taas yung venue nila *O*

“a-ate ano po ba yung problema kanina? Kasi si kuya kawawa naman pinagpuyatan niya tong event niyo tapos may palya pala” nag pout pa ako. nakaupo kami ngayon sa mga sofa dito

“ah yun ba? Yung mga fireworks na papaputukin mamayang 10pm nabasa”

“oh? hala! Ang alam ko nahirapan si kuya makipagdeal doon sa gumagawa kasi pina-customized pa niya yun para sa event na ‘to T___T” kawawa naman ang kuya ko. tapos binasa lang ni ate Sharly.

“and yung caterer nag-back out” hala!!!

“b-bakit daw?”

“I don’t know” she answered.

Kahit alam kong gawa mo yan di kita masisisi T____T

Galit ka kay Kuya ko.

Kriiiiiiing kriiiiiiiiiing

Ayan nagwawala na ang cellphone ni ate Sharly hahaha

“hello? Yeah? oh okay. I see. Thank you” she hanged-up

“sige Xyla I need to go.” Patakbo siyang umalis papunta sa may elevator.

Biglang may nagtext saakin si Kuya.

[matutulog ako. call me kung may prob pa ulit]

Sabi na eh! ANG GALING TALAGA NG KUYA KO! HAHAHAHA

Nagreply ako sakanya

[kuya! si ate Sharly din naman nanira. Pinapahirapan ka haha]

Tumunod ulit cp ko.! wow! Mabilis magreply haha

[I know :)]

Yieee pagnakangiti si kuya na ganyan tinatanggap lang niya yung mga hamon ni ate Sharly sakanya!

Wow! GO GO GO KUYA *O*

Basta mean man si ate sayo o hindi boto pa din ako sa kanya! Galit lang yan kaya ganyan hahaha. Natutuwa ako. sarap panuorin si kuya ng ganito kasi ngayon lang nag eeffort wahahaha.

Hindi na siya kelangan utusan nila daddy siya na nagkukusa. Galing galing lang haha

**Chapter 14.5: problem solved!?**

**** *** ** ** *****

‘ang bilis naman niya solusyunan! Parang expected niyang gagawin ko yun’ isip ni Sharlot. Pero totoo naman kasi masyadong mabilis natapos ni Lance ang problemang ginawa ni Sharlot o baka naman kasi talagang magaling lang siya?

“Miyuki!” tawag ng kuya Shizu niya sa kanya. At halata naman na parang alam na ni Miyuki ang sasabihin nito. Malamang baka pagalitan siya nito

“ano yung sinabi ni Seiji sa akin? Miyuki company ni Papa ang sinusugal mo sa ginagawa mo”

“oo na ngayon lang naman” she answered pouting. “don’t worry I won’t do that again. Hindi ko naman yun gagawin ng hindi alam ang magiging resulta. Sinubukan ko lang naman kung hindi siya papalya. And tama naman ako.”

“oo na. pasaway ka” he said patting her head.

“kuya Shizu sorry. Hindi na ulit mauulit. Promise” itinaas niya yung kanang kamay niya. sign na sincere siya sa sinabi niya.

“be good”

“oo na po. Puntahan mo na po si Aliyah Janine mo na po doon po” tinuturo turo pa niya ang babaeng naghihintay sa kapatid sa isang table.

“hwag ka mangugulo. Gumanti ka pag tapos na to”

“hindi naman ako gumaganti ah! Pinagtripan ko lang! hahaha”

‘hindi naman ako gumaganti talaga. Trip ko lang siya pahirapan ngayon. mahal naman daw niya ako. kaya hindi yan magagalit. Kainis ang bilis naman kasi niya solusyunan’

Miyuki sighed deeply. Kahit papano nakokonsensya siya sa ginawa niya pero agad din naman nakabawi.

“kung mahal niya talaga ako. pakialam ko?” bulong niya sa sarili niya at saka umupo na din sa tabi ni Seiji.

Mag-uumpisa na din naman kasi yung program nila. Wala lang naman ito parang kumbaga treat nila sa mga empleyado nila at saka para ma-meet din ng company nila Seiji ang iba pang tanyag na businessmen sa pilipinas.

Nung naglaon, tinamad na din naman manuod si Sharlot kung kayat pinili niyang maglakad lakad na muna at magpalipas ng oras.

“hindi naman kasi ako kailangan dun pero bakit kasi ako pa ang inutusan na mag-asikaso nung event? dahil ba mukha na akong walang magawa?” sabi niya sa sarili niya habang naglalakad.

“bakit?” tanong niya sa nakasalubong na nakatingin sakanya.

“bakit? Haha. Kinakausap mo ang sarili mo dyan tapos tatanungin mo ako ng bakit? Halika nga dito!” inakbayan siya nito at saka sila parehong umalis sa venue.

“ang daming pwedeng venue bakit niyo naman naisipan sa hotel nila Lance? pwede naman sa kaibigang kompanya nila na kanila Kysler”

“o kaya saamin” he insisted

“Jake” he sighed. alam na niya kasing ayaw ni Sharlot.

“oo na. friends nga diba?” natatawang sabi ni Jake sakanya.

“Jake alam mo bang natatawa ako?”

“bakit naman? May ginawa ka bang hindi ko alam?”

“well pumunta si Lance sa japan” Miyuki confessed

“alam ko” sagot ni Jake kaya naman nanlaki ang mga mata ni Miyuki

“and you didn’t----“

“hindi ko sinabi sayo”

“WHY?”

“wala. Tanga siya eh. Umalis para hinalikan lang naman kita sa lips -___-“

“baliw! Sira ulo!”

“bakit? Kung nakita mo ba siya dun papatawarin mo kaagad? Hindi niya sinabi sayo ang dahilan niya. nawala ang walang malay na tao. Pinuntahan ka ba niya sa airport? Hindi! Ano? Patatawarin mo?” hindi na nagsalita si Sharlot pa sa mga sinabi ni Jake. Totoo naman kasi lahat ang sinabi nito.

‘patatawarin ko nga ba?’ tanong niya sa isip niya.

“kinalimutan ko na ang lahat ng iyon. Pinapatawad ko na siya”

“HAHAHAHA! Pinapatawa mo naman ako Miyuki! Hindi madali sayo ang magpatawad. Alam ko yun. Hindi mo pa siya napapatawad dahil iniwan ka niya. sinaktan ka niya at natatakot ka”

“oo na! sige! Ipamukha mo pa sa akin yan! Kung sinusuntok kaya kita ngayon at ibitin batiwarik dyan?” turo niya sa may bintana

“ ang brutal mo talaga!”

Naglalakad pa din naman sila nang bigla nilang makasalubong si Lance. si Lance na nagtataka sa nakita.

Si Sharlot naman parang wala lang sakanya.

“halika” hinawakan ni Jake ang kamay ni Sharlot kaya holding hands na sila. Hindi din naman umangal si Sharlot sa ginawang iyon ni Jake. Minsan kasi ganun talaga si Jake sakanya at parang wala lang din naman kay Sharlot ito.

Pero ang pagkakaiba lang kasi nakita ni Lance! ni hindi nga nag-alala dito si Sharlot kung ano ang iisipin ni Lance.

“wala lang yun” Lance said to himself. Umiling nalang ito saka nagpatuloy sa paglalakad. Medyo kagigising lang din nun at agad na bumalik sa venue para ayusin kung may problema pa.

“okay na ba ang lahat?” he asked dun sa isang nagababantay

“ayos na po sir.tatawag po ako sainyo pag hindi po ulit namin kayang solusyunan”

“good. I’ll be off then” paalam niya dito at saka umalis na ulit. Nakita nga din niyang napatingin sakanya ang kapatid ni Miyuki na si Shizu pero hindi na lang niya ‘to pinansin.

Paalis na siya nung maabutan niya si Xyla sa may lobby

“kuya” nag-papout pa ito

“umuwi ka na may gagawin pa ako”

“ayoko kay ate JL T^T”

“tss bakit?” nagtataka naman itong si Lance sa inaasal ng kapatid

“sinungitan ako kanina. Tinatanong kasi niya kung nasaan ka. Nandito kasi siya kanina sagot ko sa kanya natutulog ka pa”

“masungit talaga yun”

“kaya nga ayaw ko siya! AYAW KO KAY JL ! gusto ko si Ate Sharly lang”

Ngumiti lang si Lance sa kapatid.

“gusto ko si JL. kaya wala ka ng magagawa dun”

“uwaaaaah! HINDI MAARI KUYA!” sanay na ang mga nasa lobby na ganun ang inaasal ni Xyla. Minsan kasi lumalabas ang pagka spoiled nito lalo na sa mommy nila at madalas nga ang daddy at ang kuya lang niya ang nakakaawat at kinatatakutan niya.

“bakit mo gusto si JL? BAKIT??? PAANO ANG ATE SHARLY KO?” saktong narinig naman nila Sharlot ang usapan ng magkapatid at idagdag pa ang bumalik na si JL.

“so there you are Lance! kanina pa kita hinihintay. Itong kapatid mo kasi eh. Nakakainis”

“JL!”

“oo na aawat na. masyadong isip bata ang kapatid mo Lance. She should act like the way she looks!”

“JL.” awat pa ni Lance

“kuya!! ayaw ko dyan!!!” saka pa siya pumunta sa likuran ng kapatid.

“oh look who are here! Hi Miyuki and oh Hi Jake.” Bati ni JL sa kanilang dalawa

“hi JL” ngiting-ngiting bati ni Miyuki sakanya.

“kuya nakita ka tuloy ni ate Sharly >.< solve this problem!” she whimpered to his kuya Lance.

## Chapter 15: Assurance

### JL’s POV

“OMG! HAHAHAH nakita mo ba yung mukha nila when I kissed you sa cheek! Oh gosh! What if hinalikan kita sa lips edi mas nagulat sila? HAHAHA OMG!!! I can’t help but to laugh! HAHAHHA”

“baliw ka talaga. Sinungitan mo na nga kapatid ko nantrip ka pa”

“hahaha kung nakita mo lang yung mukha ni gagong Jake! Oh gosh! HAHAHA”

“hwag mo na ngang uulitin. Paano ko naman mapapatunayan ang mga sinasabi ko kay Sharlot kung ganyan mga inaasta mo” hindi niya ako tinitignan habang sinasabi mga yun pero I can feel na nainis siya HAHAHA. Psycho na nga yata ako like everyone is saying. I love bitching around when it comes to Miyuki lalo naman kung nasa harapan si Lance because he’s letting me to! HAHA

“so you like me” out of nowhere nilabas ko yang topic.

“yeah”

“hahaha like how you like your friends. Like Ales, Gail. Everyone” I didn’t asked it was a statement.

“yeah”

“how could you Lance. masakit ah” I said but he just chuckled.

“bakit mo ba ako pinuntahan?” and finally nakahalata na siya.

“wala naiinis kasi ako. you see nakita ko yung nakakairitang girl! Like duh! Sarap sabunutan” I crossed my arms and legs too.

“who?” itinigil niya ang sasakyan sa isang restaurant. Oh! di pa ba siya nagdinner? Well I mean gabi na masyado.

“the goddess of discord”

“Loisa?”

“Loisa?” I asked back

“Eris”

“yeah that girl. I saw her! And gosh! Gusto ko talaga siyang sabunutan! Naasar ako! I can’t believe na gusto ka ng walang hinaharap na babaeng yun! OMG!”

Tumawa lang si Lance sa sinabi ko.

“bakit ka naman tumatawa dyan? mas malayong maganda naman si Miyuki sa kanya. I have to admit she’s cute! Pero mas sexy si Miyuki”

“let’s eat” okay! Winawala niya!

“selos ka sa nakita mo?” I asked

“hmmm medyo” bumaba na siya at sinundan ko naman kasi hindi naman niya ako pagbubuksan ng pintuan.

Umupo kami sa may dulo. Ewan ko sa trip niya. anyway, hindi naman ako magtatagal. Aalis ako mamaya. That Erick guy asked me for a date -___-

So kelangan ko matulog ng maaga!

“gusto ko si Erick” bigla ko nalang nilabas yung topic

“that’s good. Mabait yun” he said

“talaga?”

“yeah. ilang beses ko din siya nakausap” nagulat ako kasi ngumiti siya! NGUMITI SI LANCE MARIANO!

“mabilis siya hindi torpe tulad mo” sambit ko. tawa naman siya dun.

“hindi naman ako torpe” defensive! Hahaha

Hindi nga naman kasi siya torpe hindi lang niya alam kung saan uumpisahan. Well that was based on my observastions!

“bakit mo pa ako pinuntahan?” hahaha napansin pala niyang kulang pa ang sinabi ko.

“well Lance. baka di na kita guguluhin after this. I know nakakagulo ako sa pagporma porma mo kay Miyuki” tumatawa pa ako niyan. Eh kasi nakakatawa! HAHAHA

“buti alam mo” he hissed

“just call me kung may kailangan ka. If you need a shoulder to CRY on Lance” I teased

Ngumiti lang siya then binigay ang order sa lumapit na waiter.

“no need JL. i have plans.” He assured.

“so just call me if you need a friend then. And oh! tell Xyla that she’s sooo cute! Hahaha”

“sure.” And that I left him. kelangan ko lang ng assurance na gagawa na talaga siya ng paraan hindi yung nananahimik siya at INAAGAWAN nanaman ng iba. Jake. -___-

**Chapter 15.5: Assurance**

***** **** *****

Ilang araw na ang lumipas. Nasa bahay ngayon ni Gail si Sharlot.

“ang daya talaga! Bakit di niyo ako tinawagan nung kasal niyo? Aaah! Ang daya talaga!” reklamo ni Miyuki.

“eh kasi! Tinatawagan ka daw nila Kysler kaso out of reach ka naman daw!”

“pero kasama ko noon si Ales! Bakit hindi niyo sinabi? Anyway tapos na eh! Legal ba yan?” tanong niya habang kumukuha ng magazine

“oo nagpirmahan kami”

“WOW!!! EDI MARRIED NA TALAGA ANG CIVIL STATUS MO!?”

“o-oo hehe” nagblush pa si Gail “ginawa niya yun para tumigil na yung ate niya. pero syempre nagulat lang din naman ako diba? Bigla ba naman daw akong isama papuntang simbahan tapos ang witness lang sila Dennis, Kysler at saka si Ales diba?”

“pero at least may pari. Kaso ang daya! Wala naman kami! Magpakasal ulit kayo sige na dali!!!”

“sira! Parang ang dali naman daw magpakasal kaagad! Haha hindi pa nga alam nila mama. Kila Ate Roxan palang nasabi”

“oh? anong sabi? Diba yun yung masungit na ate?”

“oo siya nga! Nga pala maiba tayo bessy! Yung gabing iyon din! Bakit ka napatawag? Anong meron? Waaah tell me!!!”

“ah? w–wala! Wala hahaha” mautal utal niyang sagot sa kaibigan.

Hindi na din naman nagtanong ulit si Gail kasi ayaw naman niyang pilitin ang kanyang bestfriend.

Lumipas ang mga araw at new year na. January 5 to be exact. Sa Parco residence, si Sharlot lang naman ang walang ginagawa.

“yah! Nii-san! Hwag mo ilipat! Sumbong kita kay kuya Rex!”

“sumbong kita kay kuya Rex! Bakit nandito ba?” pang-iinis ni Shizu sakanya

“palibhasa may date lang kayo ni ate AJ mamaya. Ayusin mo yang damit mo kuya! hwag yan! Heto dapat” pinakita niya ang blue na blouse sa kapatid

“blue? Asa” tapos lumakad na siya paalis sa harapan ng kapatid niya.

“sheeee sungit mo talaga kuya! pero okay naman! Bumait ka naman kahit papaano haha”

“geh tumawa ka! Puntahan mo yung address sa papel!” sabi niya sa kapatid

“san kuya?”

“table”

“okiee! May gagawin na ako haha. Di na ako mabobore dito! Amp” agad naman niyang tinignan yung papel.

“kuya para saan ba ‘to?” she asked habang tinitignan yung paper

“may magpapadesign daw sayo”

“what?? Akin??? TOTOO???” hindi naman maitatanggi na naexcite kaagad si Sharlot doon kaya kaagad siyang naligo at umalis na!

Tumawag sakanya si Gail na agad naman niyang sinagot. Nagyayaya lang naman itong magmall sila but Miyuki declined kasi first time kayang may nag-offer sakanya ng trabaho!

“ano kayang ipapadesign? Bahay kaya? Naexcite ako bigla” tuwang tuwang sabi sa sarili niya

Nakarating na siya sa address na sinasabi dito at napansin niya na napapalibutan lang naman ng resort ang lugar. ‘resthouse kaya?’ isip nito.

Maganda kasi ang lugar may beach sa malapit at masasabing hindi pa ito napapansin. Pero maganda siya.

Naglakad lakad ito hanggang makarating sa isang restaurant, yun kasi ang address na binigay sakanya. Pagpasok niya agad naman siyang nagtanong sa mga staff sa loob.

“dito po ito?” tanong nito na halatang obvious naman

“ah opo ma’am. Miyuki Sharlot Parco po ba?” tanong ng isang lalaki. ‘Siguro ito ang manager nila.’ Isip nito

“ah opo” mga nasa twenties ang lalaki. May hitsura. Okay na.

“maupo na po muna kayo. Tatawagan ko lang po si sir”

Naglibang libang nalang muna siya sa panunuod sa labas. Mula sa kinauupuan kasi nakikita niya ang labas. Maganda talaga ang scenery lalo na at hapon na. medyo palubog na din kasi ang araw.

Halos 3 hours din kasi ang byahe niya papunta sa lugar.

“makakauwi pa kaya ako?” naka salumbaba niyang tanong sa sarili

‘dapat pala pinagpabukas ko na ito! Grabe naman kasi naexcite naman ako’

“buti naman nandito ka na” a familiar voice caught her attention.

“eerr Lance what is the meaning of this?” she asked.

Umupo si Lance sa harap ni Miyuki. Now facing each other.

“ano bang gusto mong design ng bahay mo?” may pagkasarcastic ang tanong ni Miyuki. Na kanina ay excited pero ngayon hindi na.

“it’s not a house”

“then what? Para matapos ko na mamaya”

“a hotel”

“WHAT??? T-teka! Bakit naman ako? gusto mo siguro akong pagtawanan kaya ako ang kinua mong gumawa ng design nung hotel niyo nuh? Nasisiraan ka ba? Bago palang ako”

“wala ka bang tiwala sa sarili mo?”

“hindi sa ganun. Pero pwede naman yung mga architect niyo nalang! Kasi diba? At least sila professional na talaga at saka isa pa---“

“then are you avoiding me?” out of the blue question ni Lance sakanya “NO!” agad naman na sagot ni Miyuki pero medyo napalakas nga lang kaya napatingin ang mga taong malapit sakanila.

“then can you do that? I’m not asking you because I said so”

“kung hindi ikaw. Edi sino? Haha Lance magpapakatotoo ako ngayon hah. tutal tayong dalawa lang naman eh. Ayaw kitang Makita o makausap pa. bitter kung bitter pero naiinis lang ako sayo. And with a reason naman.”

“this is not the issue here Miyuki” nanlaki lang yung mata ni Miyuki kasi sino nga naman hindi magugulat? SHARLOT lang naman kasi ang laging itinatawag sakanya ni Lance.

“Fine I’ll do that! Can I see the place now? kung saan itatayo ang hotel nyo?” pero umiling lang si Lance sign na hindi pa pwede!

“why?” halata sa tono ng boses ni Miyuki na dismayado siya

“kaya mo pumunta doon ngayon?” turo ni Lance sa mga may nakatayong building na medyo may kalayuan

“I can!”

“lubog na ang araw. Makikita mo pa?”

“fine! Then bukas!”

“sige”

Agad ng tumayo si Miyuki.

“aalis ka na?”

“obviously? Yes Lance” tinarayan lang niya si Lance at saka na siya lumabas sa restaurant.

“sir di yata talab yung charm niyo dun sa chick ah!” sabi nung lumapit sakanya. Ngumiti lang si Lance at saka sinagot ito “ganun talaga siya pero galit kasi yun sakin” tumayo na din naman si Lance para sundan sana si Miyuki.

Paglabas ni Lance nakita lang niyang nakatayo si Sharlot sa harapan ng sasakyan nito.

“napanu ka dyan?”

“call me a cab Lance!” utos niya

“why would i?”

“nasiraan ako ng sasakyan! Hindi ba halata?”

Lumapit si Lance dito. “tss walang taxi dito”

“hah??? eeehh nakakainis! Then hatid mo ako saamin!”

“hindi ko dala yung sasakyan ko”

“hah??? seriously??? Lance hwag mo nga ako niloloko! Paano ka naman pumunta dito?”

“commute”

Napakamot sa ulo si Sharlot sa sagot ni Lance.

“kainis naman!” sabi nalang niya saka siya naglakad palayo

Where do you think you’re going?” he asked

“duh! Commute ano pa kaya?”

Sa isip-isip nalang ni Lance ‘ang sungit naman nito’ which is true naman. Kanina pa nga siya sinusungitan ni Miyuki.

Maya maya pa may mga lumapit kay Miyuki. Tatlong lalaki at kitang-kita naman ni Lance yun pero hindi siya lumalapit o ano pa para pigilan ito.

“pwede hwag niyo nga ko lapitan!” syempre tinarayan ni Miyuki yung tatlong lalaki.

Sumulyap pa nga si Miyuki sa hindi kalayuang nasa likuran na si Lance. tinignan niyo ito ng hindi-mo-ba-ako-tutulungan? Look!

Pero dahil hindi nagrespond si Lance doon tuloy nalang sa paglalakad si Miyuki.

“miss saan ka uuwi? Hatid ka na namin” sa isip-isip ni Miyuki kadiri naman tong mga to! Not that pangit sila. May hitsura nga pero syempre mga perv pa din!

“pwede ba may boyfriend ako!”

“weh? Nasaan siya? wala kang boyfriend miss niloloko mo lang kami” sambit nung isa

“meron kaya tigilan niyo ako!” sabay tulak niya sa isang lalaki na medyo malapit na talaga sakanya

“nasaan? Bakit ka niya hinahayaan maglakad eh gabi na!”

“kasi nag-away kami! Ano ba? Layo nga!” tulak pa niya sa isa

“ISA! PAG HINDI MO PA AKO NILAPITAN DITO KUKURUTIN KITA NG PINUNG-PINO!”

“sino naman yun? Boyfriend mo miss? HAHAHAHA” tawanan pa yung tatlong lalaki.

“a-a-aray!!!! PUTAKTE!!!” sigaw nung lalaki na kinagulat naman ni Sharlot.

“ang sabi niya layuan niyo siya! hindi ba kayo nakakaintindi?” kung papansining mabuti halos mangiyak ngiyak na si Sharlot. Kasi sa Japan lagi siyang nililigtas ng mga kuya niya and dati naman si Lance laging nasa tabi niya.

“ano ba pare!” tinulak nung lalaki si Lance.

“ano ka ba niya hah? boypren ka ba niya?”

“miss yan ba ang pinagmamalaki mo? Eh wala pala to eh!” nagugulat nalang si Sharlot sa pangyayari hanggang sa nagkasuntukan na.

“TUMIGIL NA KAYO PLEASE!” awat ni Sharlot. Aamba pa sana ng suntok yung isa kay Lance pero hinarang ni Sharlot ito kaya hindi tinuloy nung lalaki.

“gago pare! Hindi mo naman girlpren tapos naninira ka ng trip!”

“BALIW KA PALA EH! BOYFRIEND KO YAN! Sabi ko nga kasi nag-away kami! Lance tara na nga! Isa ka pa! bakit sinabi ko bang suntukin mo? Gago ka na ba? Tatlo sila iisa ka lang! nababaliw ka na ba?” tuloy tuloy lang ang pagsermon ni Miyuki sakanya habang naglalakad sila.

“sira yung sasakyan ko! wala kang sasakyan! Tapos nakipagsuntukan ka pa! ano na? paano tayo uuwi niyan?”

“boyfriend mo ako diba?” nagulat si Sharlot sa tanong nito sabay may “hah?” pa siya para magtanong

“kung boyfriend mo ako. edi ayos lang pala sayo na dito tayo magstay. Isa pa madilim na.”

“B-BOYFRIEND? Kelan ko sinabi yun? Nauntog ka lang kanina!”

Natawa nalang si Lance sa huling statement na binitiwan ni Sharlot at saka ito naglakad knowing na susundan naman siya ni Sharlot dahil no choice naman ito at dahil alam ni Lance na takot yang si Sharlot mabastos kahit na hindi pa niya ipahalata.

At least kahit naiinis siya kay Lance hindi naman maitatanggi na sigurado siyang ligtas siya dito.

## Chapter 16: FUN FUN FUN! sarcasm

### Sharlot's POV

"Lance! gutom ako"

"tara" napakamot ako sa ulo. mapera nga pala siya.

"hindi na pala ako gutom"

"okay" balik ulit siya sa pag-upo at nuod ng tv. So gugutumin nga niya ako?

Okay! Nasa iisa kaming kwarto. Bakit? Kasi wala ng available room! Madami kasing nagbakasyon dito ngayon! heto nalang din kasi pinakamalapit na hotel. At sabi pa niya maganda din daw na matulog siya dito. SIYA lang. pag-aaralan daw niya kung paano ang pagpapatakbo nila ng hotel dito. Like I care? Hmph!

Tumayo ako mula sa pagkakaupo ko sa may kama. Lalabas ako para kumain. Bahala siya sa buhay niya. manuod siya dyan!

"san ka pupunta?"

"lalabas natural! Parang gusto naman daw kitang kasama dito?" walang sabi-sabi sinarado ko na yung pinto at binilisan maglakad. Pero saan nga ba ako pupunta? Haha

Tutal no choice din naman ako. edi mag-eenjoy nalang ako mag-isa ^^,

Lilibutin ko itong lugar ng akong mag-isa! Wow so FUN! -____-

Gail I miss you! Dapat pala sumama na lang ako sakanya kanina sa mall. Dapat pala ininis ko nalang muna si kuya SHizu doon. Sana pala kinulit ko muna si Seiji na kapag may related na business ni--Wait! Related nga pala ito sa business nila Lance. err paano ko kaya siya aasarin ngayon?

Sana pumalpak naman si Lance yung tipong mapapagalitan talaga siya ng dad niya haha. Hala ang mean ko.

Pumunta nalang muna ako sa pinakamalapit na kainan dito. Isa siyang seafood restaurant. Awkward lang kasi kung hindi families ang nandito ay lovebirds naman. But I threw away that awkward feeling! Nagugutom na kasi ako ^o^

Matagal tagal din akong hindi nakakakain ng mga ganitong pagkain eehhh

Pumasok ako doon sa restaurant at nag order ng madaming madaming madaming pagkain! Haha. Nagutom ako at magtatanggal ako ng stress.

I put down my cellphone nung binigay na saakin ang aking mga order. YUM! Haha. Natatawa na lang ako sa tingin ng mga customer dito. Siguro kasi mag-isa ko lang pero ang daming kong order. Ewan ko nga din kung mauubos ko ito. Pero kaya ko 'to! Para di sayang ang pera hehe.

Kumakain na ako nang biglang may umupo sa harapan ko at dahil sa pagkadismaya hindi ko nalang siya pinansin.

"eating alone?"

"ay hindi! May kasama ako oh! ang takaw nga" sarcasm -__-

Inubos ko nalang mga nasa harapan ko at hindi ko talaga inalok ang nasa 'harapan' ko ngayon! yeah right. Inis ako sa kanya. Galit ako sa kanya and yet mahal ko siya. nakakatakot lang kasi kaya gagawin ko nalang lahat para mainis siya.

Okay na ako noon eh. Okay na kasi ako nung hindi ko alam na mahal pa pala niya ako. I was shocked. Who wouldn't? when I left him I decided to forget about him too. But I failed. So nagbakasakali ako na baka nakalimutan na niya ako. kaya pakikitunguhan ko siya ng maayos. And then malalaman kong pinuntahan nga niya ako pero naduwag siya. and for what reason? Dahil nakita niya ako with Jake?

Ang babaw niya!

Pagkatapos ko kumain agad na akong tumayo and leaving him there alone.

Naglakad ako sa mga store sa paligid. And dahil wala akong damit bibili ako. Gagamitin kong pantulog ang isa and yung isa para pag umalis ako bukas. Haha. Kating kati na ako umuwi eh ^^

"mahilig ka pa din sa blue?" wow may nagsasalita sa likuran ko! but don't mind him Miyuki. Just don't.

"ah manang eh heto?" tinatanong ko kung magkano haha

"para ba sa boyfriend mo yan?" sabay tingin naman siya sa asungot sa likuran ko

"boyfriend? Asan? Wala po ako nun manang hahahaha sa kuya ko yan"

"bagay kasi kayo nung lalaking nakasunod sayo" sumulyap naman ako kay Lance na ngayon ay nakatingin din saakin.

"baka gusto mo din ng damit? Baka wala kang damit?" tanong ko sa kanya

"nah meron ako." wow! Boyscout pa din siya.

Syempre kahit mean ako sakanya kelangan kinakausap din. Baka mapanis pa laway niya dyan.

“manliligaw mo ba yang binata?” tanong pa ni manang

“ahahaha naku! Mas lalong hindi po!” lumapit ako kay manang saka bumulong “stalker ko yan! Nakakatakot nga eh!” this time si manang naman ang natawa “admirer ang tawag dyan hija! Gwapo eh” saka pa siya humagikgik.

“ah sige manang di na pala ako bibili” -____-

“hahaha ito namang si miss joke lang. tama yung sinabi mo pangit pangit nga niyan! Kaya hwag mong sasagutin pag nanligaw sayo” sus! Kung makapag salestalk si manang huling huli ka na eh. Pero sige na nga hahaha

Dahil natawa naman ako kay manang binili ko pa din mga nakita ko kanina.

“ako na magdadala” said Lance.

“no thanks. ako nalang.”

“sabi mo yan” at hindi talaga kinuha! Di pa din siya nagbabago. Hindi pa din gentleman

Naglalakad-lakad pa din ako. nararamdaman ko ang dampi ng hangin sa balat ko. malamig kasi January palang. Nagmemelt na siguro ang snow galing sa ibang bansa.

Umupo ako sa may dalampasigan. At natural yung sumusunod saakin umupo din.

“layo ka Lance! hindi ako makakahanap ng lalaki ko dito kung malapit ka sakin. Baka isipin pa nila boyfriend kita. Layo layo!” oo na! aaminin ko ganito ako umasta sa harap niya pag wala yung iba. Kasi panigurado sisitahin lang ako at kokonsensyahin nung iba.

“sabi mo kanina boyfriend mo ako”

“baliw! Nasa bingit ng kamatayan ang buhay KO. natural naman sasabihin ko yun defense mechanism ba. Saka isa pa ikaw lang naman kilala ko dito. Alangan naman manghila ako ng lalaki dyan at saka ko sasabihing boyfriend ko sila!” hindi ako nakatingin sakanya habang sinasabi yan pero gamit ang aking peripheral vision, nakita kong ngumiti siya.

“anong nginingiti ngiti mo dyan?”

“wala naman ganun kasi si mommy kaya nagkakilala sila ng daddy ko” mama’s boy pa din siya. walang pinagbago talaga. Yun lang mas madalas siyang ngumiti ngayon. dahil siguro kina JL?

Tatlong taon din naman kasi. Kaya di na ako magtataka kung nagbago nga siya. nananahimik lang kaming dalawa. Siguro 5 minutes pa bago niya binasag ang katahimikan.

“Sharlot?”

“hmm?” nag-dawdrawing ako sa buhangin

“if. Shiz nakakatorpe!” bulong yan pero narinig ko XD. Siya? natotorpe? Haha bago yun ah.

“ano?” tinignan ko siya at nakita kong napalunok siya. hahaha. Nakakatawa siya.

“ano na?” tanong ko ulit

“if-if I’m going to ask for a chance. Again. Will you give me another one?” I can feel the sincerity in his voice and the suddenness of his question made my heart thump. BUT. “hindi kasi ganun kadali yun Lance. sinaktan mo kasi ako. though sa paliwanag mo reasonable naman siya sa perspective ng iba. Pero sa iba yun. Like Gail and Ales isama mo na din si JL. pero Lance sa akin kasi hindi. We were a couple and yet nagawa mong pagtaguan ako. karapatan kong malaman yun dati. Why? Kasi buhay ko naman eh. Buhay ko yun and not yours” mahina lang ang boses ko. hindi ko siya tinitinignan.

“but for me you were my life. And until now”

“just dream Lance. I will not give you a chance unless mapatunayan mo ngang karapat dapat ka pa. Kasi. Pagkatapos mo akong saktan at hayaan?” umiling-iling ako at nagpatuloy “wala na Lance.” I lied.

“so No?” tanong niya na para bang expected na niya ang sagot.

“hindi ko alam. Hindi naman ako sigurado” I answered

“then Y-yes?” halos mautal-utal niyang tanong. I find that cute and funny. Weird

“ayoko magpaasa” sagot ko nalang then I heard him sighed like an old man.

“my point is, hindi ko kelangan ang rason mo. Patunayan mo kung bakit dapat kitang bigyan pa ng chance. Kasi ayokong magbigay ng chance kung itatapon mo lang ulit. Masyadong masakit yung ginawa mo saakin dati.” I still flashed a smile on him but a faint one. Naalala ko lang kasi yung supposed-to-be baby namin.

“alam mo bang Nathalie ang gusto kong pangalan ng baby kung sakaling babae siya? at Nathaniel kung lalaki? Haha weird. Why am I telling you this anyway? Siguro kasi karapatan mo diba? Kasi baby mo din naman yung nawala”

“hindi kita sinisisi sa pagkawala nung baby natin kaya hwag kang yumuko dyan” napansin ko kasing napayuko siya. so I think sinisisi nanaman siya ang sarili niya. well in fact dapat ako yung sisihin dito dahil naging mahina lang ako.

“galit ako sayo sa pag-iwan mo saakin sa hospital. At lalong nagalit ako sayo noong hinayaan mo akong umalis. Pero nakalimutan ko yun noon. Kahit nung nakita kita ulit. Pero nung sinabi mo yung rason mo saakin? Naiiinis talaga ko sa'yo. Big time!”

“sorry hah. hwag ka nalang magsalita Lance. gusto ko lang kasi talagang ilabas ng sama ng loob ko sa'yo” I wiped the tears on my face.

“kasi kahit ang tagal na. OA kung OA. Pero pag-naaalala ko kasi yun nagsisisi ako sa mga act na ginawa ko. siguro kung naging malakas ako siguro di tayo ganito. Siguro kung pinaunawa mo sa'kin. Hindi talaga ganito ngayon. sayang lang kasi yung pinagsamahan natin. Sayang kasi. But you wasted it. Kaya nga ayaw ko na magbigay ng chance basta basta Lance. kaya sana patunayan mo muna sakin. Kasi habang tumatagal namamanhid na ako”

Tumayo ako at pinunasan yung nangingilid pa ding mga luha.

“wooo So much for this drama! I went out to have fun.” I took a step closer to the beach and shouted “I WANT TO HAVE FUN FUN FUN!!!”

Fun? That’s what I’m always doing. To. Have. Fun.

Maglalakad na sana ako when suddenly I felt his soft hot hand on mine.

“then will you still allow me to love you? And make you fall for me again?” that question struck me.

Unconsciously? I smiled and answered him “do what you want but I’ll make sure I won’t fall for you again” iba sa salitang gusto ko talaga sabihin. In a way, sinasaktan ko ba ang sarili ko o nag-eenjoy lang talaga akong pinapahirapan siya?

Two things.

I’m a liar.

I’m. A. Pretender.

## Chapter 17: After that Nightmare

Pagkatapos nung scene namin sa dalampasigan kanina napag-isip-isip ko na ang timang ko. why? Kasi sabi ko depende pa kung bibigyan ko siya ng chance. Pero parang binigyan ko na siya kasi gusto kong patunayan niya sarili niya? buti hindi siya nakahalata? Nabobo na kaya siya? pwede naman yun. Baka nga bobo na siya. Mali! Bobo na pala siya dati pa. nung hinayaan niya ako naging bobo siya.

We’re still watching. Pareho kaming hindi makatulog. Kanina nakahiga na ako doon sa kama. Ready to sleep na nga! Kaso hindi ako makatulog. Nababanas ako! iniisip ko palang na kasama ko siya dito naiinis na ako. amp! Pero natutuwa ako sakanya kaninang sumusunod siya sakin. Kasi wala! Nakakatawa siya at tingin ko nakakatawa din ako! timang ako pero MAS naman siya. aish.

Nilipat ko yung channel ng hindi siya tinatanong kung pwede ba ilipat. Pakialam ko ba sakanya kung ayaw niya yung palabas. Hindi naman yan palanuod ng TV or movies.

Napansin kong napatingin siya sakin. Hinayaan ko lang siyang tumitig. As if naman maiilang ako. so then, nanuod lang ako at hindi ko siya pinapansin kahit na parang ang tagal na niyang nakatitig sa akin.

Parang gusto naman akong tunawin nito! Twenty minutes na akong nanunuod ng cartoons at talagang nakatitig pa siya saakin! Anubayan!

“anong problema mo hah?” nakaharap ako sakanya. Ni hindi man lang natinag kahit pinandilatan ko na siya.

“wala nilipat mo kasi yung channel”

“and so?”

“kaya ikaw yung pinapanuod ko” ako daw pinapanuod niya? siguro kung tayo pa at di ako naiinis sayo siguro kikiligin ako. kaso hindi talab.

“bumanat ka nalang next time”

“bakit?”

“walang epekto” sabi ko

“I see. Dahil sa sinabi mo yang lumakas ng konti yung loob ko” he said. Wow makata na siya! HAHA

“bakit nanaman?” sabay tingin ko ulit sa TV

“at least alam kong gusto mo ulit akong makita. Dahil may Next Time sabagay may next time talaga” nakita ko yun! Napangiti siya! baliw na siya. baliw baliw! Nakakainis! Tumayo nalang ako saka ko initcha yung remote sakanya!

“matutulog na ako bahala ka dyan!” sabi ko. nakakainis! Naiinis ako. hindi sakanya! Sa sarili ko! baliw kasi siya! ‘may next time talaga’ kaasar! Muntik na ko ngumiti dun. Matutulog na lang ako.

Pero nakailang ikot na yata ako sa kama di pa din ako nakatulog! Kaya pinagbuntungan ko nanaman si Lance.

“patayin mo nga yang TV! Di ako makatulog!” at sinunod naman niya pero hindi na siya nagsalita.

Hours later di pa din ako makatulog. Hindi ko alam kung anong oras na. tapos maya maya narinig kong naglalakad si Lance. papalapit ata siya saakin? Nakapikit lang ako. baka sakaling makatulog. Ramdam kong nakatayo siya ngayon sa gilid ng kama.

“ano bang gagawin ko?” kausapin daw ba ang tulog? Mali! Gising nga pala ako na akala niya ay tulog.

“natotorpe talaga ako pag sa harap mo” weh? Hahaha bago talaga yun. Straightforward ka eh!

Then, umupo siya. ramdam ko yung mga titig niya. gusto ko nga siya itulak ngayon pero akala kasi niya tulog ako. kaya paninindigan ko nalang na tulog ako. baka may malaman pa ako pag kinausap niya ulit akong tulog. Haha.

“bah” nagulat ako sa mahina at malambing niyang boses. Parang tinaasan ako ng balahibo. P-parang baliw siya! parang nung sinabi niyang ‘merry Christmas bah!’ ganun yung feeling. Pero this time kasi yung boses niya. hindi kasi siya lasing like the last time he called me with that endearment.

“di ko mabigay sayo ‘to kanina. I know you will love this.” Aba sosyal! Love daw ah? Ano ba yung sinasabi niyang ibigay?

“Dwayne pakabait ka! Ibibigay na kita. Ang tagal mo na din sa akin” ano yun? Sino yung Dwayne? Yun ba yung ibibigay niya? para namang tatanggapin ko yan. Unless----

“bah. Di mo naman siguro ‘to tatanggihan diba? Blue rabbit naman ‘to. May pangalan na nga. Kaso sigurado iibahin mo pangalan niya. kaya ikaw Dwayne tanggapin mo ibibigay niyang pangalan ah” para siyang bata. Natuwa naman ako dun sa pagkausap niya sa stufftoy. Sigurado na akong stufftoy yun. Nangongolekta kasi ako ng blue rabbit. Di lang halata >.<

Gusto ko Makita yan!!! Pwede ko na ba imulat mata ko? ang daya! Hwag naman dapat gumamit ng weakness diba? Ang daya talaga. Then after I-don’t-know-how-many seconds I felt his lips on my forehead.

Ang bilis ng pagtibok ng puso ko. hindi ko alam na kaya pa din pala niya ‘to pabilisin parang dati.

“sorry Sharlot hah. sorry for not trying to get you there. sorry dahil binigo kita. Sorry kasi hindi kita nilapitan. You know how much I love you bah. Nakakatawa naman ako. one sided love na lang ba talaga to? Sleepwell bah”

*** ** ** **

“mama” Huh? Isang bata

“ang galing mo talaga hime!” naririnig ko silang lahat. Lahat ng mga papuri ng mga kuya ko. Pero bakit walang tao sa paligid? Bakit sarili ko lang nakikita ko?

“please hwag mo ko iwan… please?” tumatakbo ako na parang may hinahabol. Pero itim ang paligid.

Naririnig ko lang yung sarili ko. umiiyak ako. basag ang boses ko at nagmamakaawa.

“ma! Ayoko magtransfer! Ayokong mahiwalay sa mga kaibigan ko!” alam kong ako yan. Bakit naririnig ko ang mga nangayari dati pa? Bakit nakakasikip ng dibdib?

“bakit niyo ko iniiwasan? Mae! Inah! Bakit???” Bakit lagi akong iniiwan?

“Jake no… please” hindi ko kaya.

“bessy? Aalis ka?”

Then everything shifted. Iba nanaman. Ang dami kong naririnig na boses pero boses ko pa din ang nangibabaw “darating si Lance.” bakit ko ba naririnig ang mga ‘to? Bakit?

“Mama”

Nagising akong humahagulgol. Kinikilabutan ako. isang batang lalaki ang tumawag sakin ng mama.

“ssshhh tahan na bah.” Akap akap ako ni Lance.

“tahan na” he was patting my head. Hindi ko alam kung bakit pero niyakap ko siya. Ayokong iwanan ako ulit. Natatakot ako sa mga mangyayari pa.

I heard him humming. I know he was trying to make me sleep again in his own gentle way. Somehow I felt that I’m at peace that he won’t leave me again.

‘mama’ alam kong lumuluha pa din ako noong nakatulog ako at nung nagising ako nakayakap pa din ako kay Lance. tumayo ako na para bang walang nangyari at dahil sa gumalaw ako nagising siya.

“o-okay ka na ba?” he asked.

“Bakit mo ko niyakap? Bakit dyan ka natulog! Sinabi ko bang matulog ka dyan?” kasalanan mo kaya ako nanaginip ng ganun!

“nanaginip ka kas---nevermind” then tumayo na siya mula sa pagkakaupo niya sa kama.

Nakita ko yung stufftoy na nasa tabi ng mga unan. Kinuha ko ‘to.

“akin ba ‘to?” pagmamaang-maangan ko. ngumiti lang siya bilang sagot.

“pwede ko ba siyang bigyan ng pangalan?” tanong ko pa ulit. Alam ko namang may pangalan na siya. natatandaan ko lahat mga narinig ko kagabi.

“s-sure” there was a hesitation on his answer. Siguro ayaw niyang palitan ang pangalan nung stufftoy na ‘to. Malaki siya, fluffy at cute talaga!

Tumayo na muna ako at saka naligo. Inalala ko yung panaginip ko.

Nakakatakot. Ayoko nang iwanan ako. lagi nalang nawawala sa akin mga minamahal ko. ano bang meron at lagi nila akong iniiwan?

Pag-off ko nung shower naalala ko ang boses ng batang lalaki “mama” kinilabutan ako. nalulungkot ako. natatakot na baka next time may mang-iwan nanaman saakin. Ayoko na. lalo kung walang kasiguraduhan. Lumabas ako sa banyo. Nakita kong nilalaro ni Lance yung bigay niya. para siyang bata.

“may naisip ka na bang pangalan?” he asked. Siguro ayaw talaga niyang palitan pangalan niya. nakakatawa naman siya. kahit papaano nababawasan yung iniisip ko. nakakatakot kasi.

“babae ba siya o lalaki?”

“lalaki”

“suggest ka ng pangalan. Tutal ikaw naman nagbigay sa akin niyan” humarap na muna ako sa salamin at saka nagsuklay. Ang haba nap ala ng buhok ko. magpagupit kaya ako?

“p-pwede?”

“ay hindi Lance. kaya nga sabi ko magsuggest ka kasi hindi mo pwedeng bigyan ng pangalan yan” umirap ako. natutuwa talaga ako sa kanya ngayon. somehow iba siya sa dati. Ganito din kaya siya around everyone? Nauutal?

“gusto ko Dwayne” sabi na. ayaw niyang palitan ang pangalan niya.

“okay. Simula ngayon siya na si Dwayne” ewan ko pero bigla akong ngumiti sa kanya. Para bang may sariling isip yung mga labi ko para ngitian siya >__<

Nakita ko tuloy na ngumiti din siya! kaasar. Hwag siyang ngingiti.

“ngumingiti ka nanaman dyan” sabi ko na lang

“wala. Mas maganda ka pa din kasi pag natural yung ngiti mo” pagkatapos niyang sabihin yun pumasok na siya sa banyo.

“baliw talaga. Oo na! gwapo ka pa din kapag nakangiti din” syempre bulong lang yan! Baka sabihin niya may pag-asa na siya. pffft. Lumapit ako sa stuffed toy gusto ko sana suntukin si Dwayne kaso ayoko kasi rabbit siya tapos blue pa >.<

“yung nagbigay sayo. Baliw masyado. Baliw sakin” pangiti ngiti nalang. Pahihirapan ko siya. akala niya -___-

**Chapter 18: Ex**

Naglalakad kami ngayon papunta dun sa bakanteng lote na sinasabi ni Lance. yung sasakyan ko kasi nasa talyer daw. Si Lance na kasi nag-asikaso nung sasakyan. Tapos wala naman daw siyang sasakyan. Pero saan ba niya kinuha mga gamit niya? nakakapagtaka lang. Anyway, wala din naman masakyan kaya maglalakad nalang. Nauuna siyang maglakad. Hindi naman pwedeng ako kasi ‘di ko alam kung saan yun.

Kanina pa kami naglalakad at pansin ko lang hah. Yung mga High School students na nadadaanan namin kanina pa tumitingin kay Lance. katulad nalang nito “kunan mo ng picture! Tignan mo ang cute kasi! Ang sweet naman” ayan katulad ng mga bulungan na ganyan. Naku naku.

Siguro dahil hawak hawak niya si Dwayne. Sakanya ko kasi pinadala eh. And isa pa! hindi lang kasi basta hawak ang ginagawa niya kay Dwayne kundi yakap. Hahaha siguro dahil dyan.

Huminto siya sa paglalakad at saka lumingon saakin “can you walk a little bit faster Sharlot?”

“oo na” sagot ko at lumakad na ulit siya.

“sayang may girlfriend na siya” mukhang disappointed pa itong high school girl na ‘to. Don’t worry di ko naman yan boyfriend.

“pero ang cute talaga ni kuya! tignan mo! Ngumiti!!! Kyaaaaaah” hala! Todo kilig naman siya haha. Ganyan ba ako nung high school ako? hindi naman.  Seryoso na kasi buhay ko high school palang amp.

Parang ang sayang tuloy ng teenage life ko. bakit ngayon ko lang narealize?

“tingin mo mag-on talaga sila? Nauuna maglakad yung lalaki!” hay! Buhay nga naman ang daming tsismosa kahit na studyante palang.

“baka nag-away”

Hindi nalang namin pinansin ang mga nagbubulong-bulungan. Ganoon ba kanakaw pansin kasama si Lance? parang ‘di naman kasi. Baka dahil kay Dwayne! Tama siguro dahil kay Dwayne kaya ganun. Pampadagdag pala ng charms yung si Dwayne eh hehe.

Nakarating din kami sa bakanteng lote. Malawak ito at wala masyadong nakapaligid. Pero maganda ang tanawin.

“ano sa tingin mo?” tanong niya saakin

“well maluwang ang lugar. Pangit naman kung ang hotel na itatayo dito ay parang sa dalawa niyo pang hotel. Hindi kasi maganda para sa lugar. Mas maganda kasi kung, teka personal opinion ko lang hah, mas gusto ko kasi kung ang itatayo dito ay yung parang bahay lang. kumbaga hote siya pero mafefeel nila na nasa bahay lang sila.” Paliwanag ko habang tinitignan ang kabuuan ng lugar.

“okay. Tara na” eh? Yun nay un? NAGLAKAD KAMI PAPUNTA DITO NG HALOS ISANG ORAS PARA LANG DUN? YUN NA YUN? Wala na ba siyang sasabihin na gagawin ko or what? I mean di ko alam ang preference niya or something. Pero kung sabagay kasi ako ang magdedesign.

“para kang sira ulo” bulong ko. paano maglalakad ba kami ulit? Like hello? Ang layo kaya ng nilakad namin! Ang init pa! pero buti nga may payong ako. siya wala! Masunog sana balat niya! hindi kaya inseure lang ako? mas maputi kasi siya saakin hahaha.

Habang naglalakad kami tinanong niya ako kung ano ba maganda na gawin doon kaya ayun naman si ao dada ng dada. Ewan ko lang kung ako lang ang nakakapansin ah! Pero feeling ko nakangiti pa yan. Kinikilig siguro siyang kasama niya ako. hahaha kapal ko! mamumula pala yan pag kinikilig hehe.

Gusto ko tuloy ulit siya makitang namumula. Parang kamatis lang ang sarap sanang pang blackmail sakanya haha.

“KUYA LANCE!!!” napatingin ako sa batang lalaking tumawag sakanya. Nasa sampung taon siguro ito o kaya 12.

“wow! Dala mo ulit si Dwayne!” tumakbo ito papunta kay Lance. ano bang meron kay Dwayne at kilala yata nitong batang ‘to? Mali kilala pala niya talaga.

“pinapasyal ko siya”

“hahaha baliw ka na talaga kuya! kuya! turuan mo ko ulit!”

“ngayon na?”

“oo!” sagot nung bata kay Lance at tong kumag naman este si Lance tumingin saakin. As if he’s asking for permission.

Tumango nalang ako bilang sagot.

“girlfriend mo kuya? akala ko ba mahal mo yung ex mo! Kuya! akala ko susuyuin mo pa yung ex mo? Hala ka dyan! ganyan nab a ang tinuturo ni tito Jun?” ex? Ako ba yun? Ako yun malamang mahal pa nga ako ni Lance.

Tumingin lang ako kay Lance hihintayin ko sana ang reaction niya kaso nauna na siyang nag-iwas ng tingin at saka inakbayan yung lalaki at naunang maglakad.

“kuya Lance! namumula ka! May sakit ka? Haha” namumula daw? HAHAHAHA di pa din nagbago si Lance! teka natatawa tuloy ako. amp! Pigil Miyuki hahaha

Sinundan ko nalang sila. Medyo malayo na sila saakin. Hinahayaan ko lang sila hanggang sa makasunod na ako. tumigil sila sa isang open field. Umupo ako sa may damuhan doon.

Naglalaro sila ng soccer.

“ANG DAYA NAMAN! Akala ko ba di ka na naglalaro ng soccer kuya? ang daya!”

“kung gusto mong gumaling dapat talunin mo muna ako” ang yabang talaga. Naalala ko tuloy nung una ko siyang nakitang maglaro ng soccer. Sigawan ang mga babae noon sa paligid pati yata bading nakikigulo na noon. Puro number 10 naririnig ko.

Nung mga araw na yun hindi ko alam na siya pala ang mananakit saakin ng lubos. Dahil na din sa simpleng bagay kagaya nitong laro niyang soccer.

“time-out! Ang daya talaga!” tumakbo yung lalaki palapit saakin. Hindi ko alam kung bakit.

“ate!”

“bakit?”

“girlfriend ka ba ni kuya Lance? kasi alam mo hindi na pwede! Kita mo yung stufftoy na yun?” turo niya kay Dwayne na nakaupo sa upuan. Sosyal siya! ako nga sa damuhan lang.

“matagal na sakanya yun ate! Siguro mga 2 years ago! Sabi kasi niya ibibigay daw niya sa ex niya yun!” eh? Ganun katagal na nun? Kung 2 years ago pa edi nakaalis na ako dati pa.

“GIN!”

“aruy!!! Sige balik muna ako dun ate! Basta kung girlfriend ka man niyang si Kuya Lance stop na makipagbreak ka na! kasi hindi ka mahal niyan pag hindi ikaw yung ex niyang si. Ano kasi pangalan? Si Sharlot! Ayun si Sharlot!”

“GIN KUNG HINDI KA PA BABALIK-----“ hindi na natapos ni Lance ang isisigaw niya kasi sumabat na si Gin “OO NA BABALIK NA!”

Buong hapon ko silang pinanuod maglaro. Nakakatuwa sila. Hindi ko nga namalayan na may iba na din nakikinuod. Mostly mga babae. Bata at saka mga dalaga.

Sari-saring bulungan ang naririnig ko. meron dyang matagal na palang crush si Lance at nagsama nanaman daw ang magpinsan.

So magpinsan pala itong si Gin at si Lance.

“paupo ako ah” tinignan ko yung babae. Maganda siya, morena, itim ang buhok at may pagkabrown ang mata.

“sige” ‘di naman saakin ang inuupuan ko at lalong di naman ako dito nakatira.

“baliw talaga yang Lance na yan” kinuha pala niya si Dwayne sa bahay.” Teka? Hindi ba’t---eh??? Bahay?

“sorry I’m talking about that toy” turo niya kay Dwayne >.<

Teka? Akala ko ba bigay sakin ni Lance yun? Bakit ‘tong babae?

“parang alaga na niya yan” di ako interesado dyan! gusto ko malaman yung bahay thingy!

“napansin ko na yung mg ananunuod dito mga lagi ding nanunuod kapag nandito si Lance at si Gin. Mga may gusto yata sa magpinsan haha. So I think baka ikaw din kahit na ngayon lang kita nakita dito?”

“exclude me” sabi ko

“oh sorry I thought you’re one of them, wow hah bihira ako makakita ng taong ayaw kaw Lance dito. Or siguro dahil bago ka hahaha” sinaktan kasi ako ng loko nay an. -___-

“I’m Claire nga pala, ikaw?” Pakilala niya saakin

“Miyuki” tipid ko lang na sagot.

“wait about yung kay Dwayne nga pala---“

“haha hwag mong isipin na baliw yang lalaking yan ah. Kasi lagi niya yang dala. And so kahapon iniwan kasi niya sa bahay before going to somewhere, sa architect yata na sinasabi niya. then akala ko naman hindi siya umuwi sa bahay! Yun pala umuwi pero saglit lang at kinuha lang ulit si Dwayne at konting damit”

Hah? damit? Bahay?

“Claire!” nasa harapan na namin siya ngayon

“hey Lance I want you to meet---“

“Ate! Ano ka ba! Girlfriend ata niya yan!” sabat ni Gin na nasa harapan na din namin

“hindi niya ako girlfriend” sagot ko nalang

“ooohhh hahaha buti naman! Kasi mahal niya pa yung ex niya! akala ko talaga kung ano ka na ni kuya!. ano ka nga ba ni kuya Lance?”

“ex” sagot ko nalang at saka tumingin sa lupa >.<

“IKAW SI SHARLOT???” sabay pa silang dalawa.

“ang daldal kasi” sabi nalang ni Lance at saka tumakbo at kinuha si Dwayne doon na nakaupo >.<

Wala! Nahihiya ako bigla sa dalawang nasa harapan ko ngayon na para akong kinikilatis. Dapat pala umuwi na ako agad. Dapat di na ako sumunod. amp

## Chapter 19: nakakabadtrip siya

“YO!!!” nawiwindang na ako sa nangyayari. Kanina isang madaldal na bata lang ang nasa harapan ko! ngayon naman yung makulit na kapatid ni Lance naman ang nandito sa harap ko ngayon! at mukhang mag wrewrestling pa yata silang dalawa!

Sinungaling si Lance! sabi niya wala siyang sasakyan! MAY SASAKYAN SIYA SA LABAS NG BAHAY NA ‘TO! Sinungaling siya! -____-

“Sharlot! Meryenda muna oh” inilapag ni Claire and isang plato ng mga cookies ng may ngiti pa sa mukha. Actually, kanina pa ako hindi nagsasalita. Masyado kasi akong nagugulat. Nagsasalita lang ako pagkakausapin ako.

“sige iwan na muna namin kayo ah. Gin at Xyla dun muna tayo” umalis na yung tatlo.

Ngayon kami nalang ni Lance ang nandito ngayon. nakatingin lang siya ng diretso saakin at ganun din naman ako.

“sinungaling ka” umpisa ko. kasi naman! May sasakya pala siya! edi sana nakauwi ako kagabi!

“kung gusto mo patunayan sarili mo hwag naman ganyan! You’re being unfair! Oras ko lang naman sinasayang mo!” hindi ako nagtataas ng boses dahil nasa bahay ako ng pinsan niya.

Tumayo ako at kinuha si Dwayne sakanya.

“w-where do you think you’re off to?”

“uuwi! Kukunin yung sasakyan sa talyer, aalis. At din a magpapakita sayo” tuloy tuloy kong pagkakasabi. Nakakainis kasi. Sinungaling niya!

“teka! Hwag pa baka kung mapanu ka”

“hello? Mapanu ako? ni hindi nga ako nakapagpaalam sa kuya ko”

“pinagpaalam kita”

“WHAT???” ano daw? Pinagpaalam niya ako? baliw ba siya?

“kulang nalang suntukin niya ako sa tawag kagabi nung sinabi kong kasama kita”

Agad kong nilabas yung cellphone ko at tinignan yung call history. At oo nga! Tumawag si kuya Shizu >.<

“LANCE!!! bakit hindi mo sinabi na tumawag si kuya!” napalakas na yung boses ko kaya agad naman nagsilapitan yung tatlo.

“hahahaha under pala si kuya Lance eh!” chorus pa silang dalawa ni Xyla sa pagtawa.
Pero tinitigan lang sila ng masam ani Lance kaya sila nanahiik.

“Xyla sabihan mo yang kuya mo hah. nakakainis kasi ugali eh!”

“YES MA’AM!” sabay nagsalute siya saakin na sinabayan naman ng “Ate ako din! Gusto ko din mapagalitan si kuya Lance haha” at nag-apir naman tong dalawa kaya nginitian ko nalang sila.

“ah Sharlot can we talk?” tumingin ako kay Claire. Feeling ko tuloy ang sama sama ko kay Lance kanina. Nalaman ko na si Claire pala ay mas bata ng isang taon kay Lance kaya pareho lang kami ng age. “s-sure” nag-aalangan ko pang sagot sakanya.

Pumunta kami sa may likuran ng bahay nila. Wala yung parents nila, kami kami lang ang nandirito ngayon.

“Sharlot” she gulped, parang kinakabahan ata siyang kausapin ako. hindi ba dapat ako yung kabahan? Kung sabagay bakit ako kakabahan?

“alam namin na nasaktan ka ni Lance. a-ano kasi nasaktan din naman siya”

“tapos? Anong gusto mong mangyari?” iasked without hesitation. Wala akong pakialam kung maging masama tingin niya saakin. He was hurt? And so do I.

“naku! Hindi ko alam na salungat sa kwento ni Lance ang ugali mo! Ang sungit mo pala” nakapout niyang sabi saakin. Cute siya este maganda hehe. Di naman ako nagalit sa sinabi niyang masungit ako. yun naman kasi ang pinapakita ko. dapat nga ganyan ang isipin nila sakin para tigilan na nila ako -___-.

“anyway highway Sharlot bilang pinsan ni Lance hindi ko kukunsitihin yung katangahan na ginawa nung pinsan ko. aba! Naiintindihan ko ang feeling ng naloko. Pero aminin mo sakin mahal mo pa ba si Lance?” napanganga naman daw ako sa tanong niya. seryoso ba siya?

“bakit ko yan sasagutin?”

“w-well nandito ka kasi sa lugar namin ngayon. simple lang din naman kasi ang sabi niya samin dadalhin niya yung ex niya dito. So baka---“

“hindi ko kasi alam na siya pala yug client na imemeet ko. basically, ginamit niya ang work para mapapunta ako dito.”

“what about the hotel?” pati ba naman yun na chismis na ni Gin? Jusko ang batang yun madaldal pala!

“I have no choice? Kasi nasiraan ako ng kotse and wala ng vacant room.”

“oohhh I see. So you love him?” so again! Bumalik siya sa naunang tanong.

“do I really need to answer that?”

“based on your question now? hindi na kailangan alam ko na” she said at ang lapad ng ngiti. >.< am I that obvious?
“obvious ba masyado?” tanong ko.

“haha well yes dear. Don’t worry I won’t tell him. hindi din ako magtataka kung ang sungit mo sakanya. Natural yan. Nasaktan ka eh. Let me tell you something”

Siguro maghapon kaming nagkwentuhan nitong si Claire. Sobrang bait niya. ewan ko nga na kahit natatarayan ko siya sa kalagitnaan ng usapan namin nakangiti pa din siya at masasabi ko lang na isa na siyang santa! -___-

Tumingin ako sa watch ko. 5:30 na ng hapon. Ganun siya kasarap kausap. Ni hindi ng amakalapit saamin yung iba as in sinolo ako ni Claire. Madami kaming napag-usapan na kung anu-ano lang. masyado siyang random mag-isip. Maya’t maya maiiba yung topic namin hehe.

“excuse me lang hah” tumayo ako at lumayo sandal para sagutin yung nag-aalburoto kong cellphone -.-

“hello? Nani?” si Seiji kasi tumawag.

[I miss you, where are you now?] patay! Nakalimutan ko pala sabihin sakanya na di ako nakauwi. May pupuntahan pala kami dapat ngayon >.<

“I have to do something soo---“

[when will you be here then?] aww touch naman ako kay Seiji

“maybe later”

[don’t go home late okay? I’ll be waiting]

“hai hai. Ah Seiji-kun can we just set another schedule for that?” kasi i-to-tour ko siya! hahaha. Feeling tour guide naman kasi ako. saka I want him to meet my friends pa. sila Ales, kysler and etc.

[nande? M-may p-punta ikaw?] O___O what??? Teka!

“wait! Hahaha did you just speak in---- hahahahhaa.” Hindi ko mapigilang hindi tumawa kasi naman ang cute niya magsalita! Hahahaha.

[don’t laugh! AJ tought me while she was waiting for Shizu---]

“but that was sooo funny! Hahaha can you repeat that? Pretty please? Hahaha”

[yada. Ja ne] then I heard that *toot toot* sound HAHAHA.

Pagharap ko sa kausap ko kanina. Dalawa na sila -____-

Nawala na yung tawa ko kanina. Umurong nung nakita ko si Lance.

“ano? Ayos nab a yung car ko?”
“hindi pa bulok na yata. Tapon mo na -____-“ ba lokong to!

“oi! Hindi yun bulok!”

“sasakyan yun ng kuya mo nung nandito pa kayo. Malamang hindi namentain. Bulok na -____-“

“tse! Bulok bulok ka dyan! ibenta ko sa junk shop sasakyan mo eh!” banta ko. jaguar pa naman yung sasakyan niya. bihira dito hehe. Mayaman talaga.

“Claire aalis na ako. masyado na kasing hapon eh”

“magdinner ka nalang muna dito! So you can meet my parents” tapos hinila na niya ako papasok ng bahay nila leaving Lance sa may garden.

Tumingin muna ako kay Lance saka ko siya binelatan haha. Bahala siya dun XD

“oi mamaya sama ka saakin. Ililibot kita dito! Dito ka na din matulog papahiraman kita ng damit pati na undies kung gusto mo hahaha” O__O

Matutulog nanaman ako dito? Grabe na ah! Ano ‘to bakasyon?

“don’t worry sa room ko tayo matutulog with Xyla” sabay turo dun kay Xyla na nakikipaglaro pa kay Gin. Para siyang bata. Cute hehe. Bata pa nga pala siya. isip bata XD

Dahil no choice naman ako kasi sira pa yung sasakyan ko at ayaw ko naman na ihatid ako ni Lance. magtitiis nalang ako na kasama si Lance dito tutal hindi naman siya yung kakausapin ko.

Pagkatapos namin magdinner namasyal na muna kami. Malapit lang sila sa may dagat kaya sa may dalampasigan kami nagpunta. Nagswimming kami kahit gabi na! hahaha. Si Lance sumama pero hindi na siya nagswim. Ginawa namin siyang tiga-picture. Isa siyang TIGA! Tigabitbit ng gamit, tigakuha ng kung anu-ano ahahaha.

Pabalik na kami nung may narinig kaming “A-aray” isang babae yun at si Lance ang unang nakakita sakanya kaya siya ang lumapit.

“okay ka lang miss?”

“do I look like I’m okay?” buti nga sayo! Sinungitan tuloy haha. Obvious naman kasing hindi siya okay eh! Nakaupo siya at hawak hawak ang paa.

“sorry my bad” tapos tumingin sakanya yung babae.

“ah! Pinsan ni Claire!” sabay turo niya kay Lance. ako naman napatingin kay Claire. At si Claire naman tinitigan yung babae.

“kilala mo?” I asked

“hindi haha. Sikat lang talaga kami dito! Ang ganda ko kasi hahaha” self-proclaimed siya! haha pero totoo namang maganda siya

So kahit saan pala magpunta si Lance may nakakakilala pa din sakanya? -___-

Sila na talaga ang madaming connection

“can you walk?”

“i-I’m perfectly fine” saka tumayo yung girl na halata namang nahihirapan.

Maglalakad n asana siya kaso natumba nanaman kaya laking gulat ko nung bigla siyang binuhat ni Lance! i-I mean lahat kami nagulat!

“saan ka ba? Ihahatid na kita kesa naglalakad kang ganyan”

“ehem ehem ehem! KUYA!” tawag ni Xyla sa kuya niya

“mauna na kayo”

“ah talagang mauuna na kami inaantok na ako eh” said Claire saka na niya ako hinila.

“astig talaga ng kuya Lance ko! sana ganun din ako paglaki ko!”

“hihi hwag mo idolin yun! Siraulo yung kuya ko eh hahaha”

Sa bahay nila si Lance lang naging topic nung tatlo ako naman ay OP. hinahayaan ko nalang sila. Katext ko naman kasi si Jake at saka si Gail. Si Gail namromroblema sa ate ni Seb. Naku yan ang mahirap kung pamilya naman ang may ayaw sayo.

Si Jake naman nangungumusta naman kasi did aw ako nagpaparamdam. Baka naman magula ‘to pag sinabi kong kasama ko dito si Lance?

Haist

Dumating na din yung parents nila Claire. Mababait sila. Nagkwentuhan kami sandal pero hindi sinabing ex ko si Lance nakakahiya. Ang pakilala saakin ni Claire ay Miyuki at ako daw ay kaibigan niya. ngayon nasa may garden ako. mag-isa lang ako kasi may ginagawa yung tatlo ngayon. natutuwa naman ako kay Xyla kasi di niya ao masyadong kinukulit, si Gin kasi ang kakulitan niya.

Pinapanuod ko lang ang stars nung biglang may umupo sa tabi ko.

“oh kumusta naman daw siya?” tanong ko sakanya.

“may fracture ang paa niya”

“I see, ano daw ang pangalan niya?” teka! Bakit ko ba siya tinatanong! Nagtataka na siguro siya kaya siya nakatingin saakin ngayon >.<

“Celina Espiritu”

“ilang taon na?” hala Miyuki! Sige tanong pa!

“why?” ayan na nga sinasabi ko! dapat hindi nagtatanong!

“k-kasi ano mukha siyang bata tapos naglalakad siya mag-isa ng gabi” excuses nga naman

“haha 19 daw. Natalisod kasi siya kanina. I’ll go see her again tomorrow sasama ka?”

“h-hah? b-bakit mo pupuntahan? Diba that’s too much na? I mean---“

“naglayas daw kasi siya sakanila. Nasa hospital siya ngayon. tutal wala naman siyang tutuluyan kaya kahit di naman siya kelangan mahospital dun nalang siya. nag-aalala lang ako”

What the! Samantalang nung ako ang nasa hospital ni hindi siya nagpapakita saakin! Tapos sa babaeng bagong kilala niya magpapakita siya? what the hell

“ano sasama ka?” inirapan ko lang siya at saka naglakad palayo sakanya. Nakakainis siya! wow hah sige patunayan mo lang na di ka karapatdapat Lance! naiinis ako sayo!

“Sharlot nagseselos ka ba?”

“WHAT? Haha nagpapatawa ka ba?”

“una tinanong mo pangalan niya, pangalawa pati taon”

“so?”

“pangatlo I was just asking kung gusto mo sumama”

“well Lance. Sana magkamabutihan na kayo nung babaeng yun para mawala  na ang asungot na tulad mo sa buhay ko.” sus! Dalawang oras lang nawala ang dami na niyang alam sa Celina na yun?

Bakit hindi niya sinungitan yun? Sana pala di nalang nagbago ugali ni Lance

Dapat masugit nalang siya forever at hindi pumapansin ng tao! Nakakabadtrip lang siya.

**Chapter 20: Please?**

“sus ginoo! Feeling ka naman! Mahilig lang ako magtanong! Selos selos ka dyan! umbagan kita ng suntok eh! Kahit na maghapon pa kayo dun bukas at kung magkadevelopan man kayo. Wala akong pakialam. Ang kapal talaga ng mukha!”

“selos ka! Aminin mo!”

“BALIW! hwag ang ngumingiti-ngiti dyan Lance! kadiri! Selos? Haha may boyfriend ako!”

“single ka sabi ni Gail”

“nagsisinungaling siya”

“hindi”

“kadiri talaga. Basta hindi ako nagseselos. In your face!” pagkasabi ko ng mga yan sakanya umalis na ako sa harap niya at pumasok na. feeling ko naman bahay ko ito hehe.

Kinabukasan, okay na yung sasakyan ko kaya ayun umuwi na ako. yung damit ni Claire ay ibabalik ko nalang pag bumalik pa ako dyan haha.

“Miyuki!” bigla ba naman akong yakapin ni Seiji haha

“I know you miss me so much b-but I can’t breathe” pag-OA ko lang kaya binitiwan na niya ako haha.

“I was so bored here!”

“para yun lang. sana lumabas ka kasi haha”

“what?”

“nothing Seiji” pumasok na ako sa loob at saka nagpahinga na muna.

masyado ba akong obvious? Pero hindi naman ako nagseselos eh. Kahit na maghapon pa sila dun wala naman akong pakialam. Celina? Okay naman siya maganda naman siya at mas bata haha

nagseselos nga ba ako? amg babaw naman nun hahaha. Isa pa ang laki ng kasalanan saakin ni Lance. mababaw siya! saka isa pa humihingi siya saakin ng chance tapos heto ang gagawin nya? Aba! Ano siya? sinuswerte?

Buong araw ata akong nakahilata lang sa kama ko. pinagmamasdan ang aking kisame at nag-iisip isip. Bibigyan ko pa ba yun ng chance? Kinuha ko si Dwayne na kanina pang nakatitig saakin.

“Dwayne bakit ba Dwayne ang pangalan mo? Worth it pa ba yung nagbigay sayo sakin? I mean pagbibigyan ko pa ba siya?”

“sana Talking blue rabbit ka nuh? Para may kausap ako. kaso nakakatakot naman kung bigla ka magsalita dyan haha” nababaliw na ako! bakit ko ba kinakausap ang rabbit na ito?

*riing riing*

Sinagot ko agad yung cellphone para wala ng maingay.

“yes hello?”

[ah Sharlot] napaupo ako bigla nung marinig ko yung boses niya.

“bakit?”

[are you free tonight?]

“why?”

[pwede ka bang yayain magdinner?] wow! Mas confident na siya ngayon compared last time ah. I mean din a siya nauutal.

“ayoko nga”

[bakit? Are you busy?]

“hindi naman ayoko lang. by---“

[I’ll wait]

“hah? –anong pinagsasabi mo dyan? hindi nga ako payag eh”

[I’ll wait. Sa Garden Palace, 6pm] Garden Palace? Yung dating pinupuntahan namin?

“hwag ka na maghintay wala ka naman hihintayin Lance. sige bye” I hanged-up. Ang lakas ng loob na yayain ako magdinner! Sa Celina siya magpasama. Para ayos hehe.

4pm na din naman kaya nakakatamad na. lumabas na muna ako ng kwarto ko. si ate Aj nandito.

“hello” bati niya saakin with sweet smile pa. she’s pretty

“wala pa si kuya Shizu” I said

“no it’s okay I’ll wait. Alam kong busy naman siya. saka kasama ko naman si Seiji”

Tumabi ako sakanya saka nag-usap muna kami ng mga bagay-bagay hanggang sa matanong ko siya about sa relasyon nila ni kuya.

“actually, hindi ko kasi alam kung kami talaga? Pero sabi niya kasi feel free na pumunta lang ako dito kasi somehow natutuwa daw siya pag nandito ako. pero diba ayaw niya ng madaldal pag pagod siya? kay anga hindi ako nagsasalita kapagka ganun saka pinapatigil lang din naman niya ako magsalita” nakita ko siyang nagblush. Parang I smell something fishy about sa pinapatigil magsalita hehe

Magtatanong pa sana ako kaso bigla naman may tumawag saakin.

“hello?”

[Bessy! Puntahan mo ako dito! Ayoko na! bahay ko nga to nakakatakot naman!]

“anong nangyari ba?”

[si ate Roxan kasi! Pinapahirapan ako! alam mo naman na di ako masyadong magaling magluto diba? Turuan mo nga ako magbake!] ay ang labo ni bessy haha. Magluto daw pero magbake.

“osige punta na ako dyan ah”

So dahil nga kinakailangan niya ang aking tulong pumunta naman ako agad doon. At nakita ko yung si ate Roxan. >.< sungit ng itsura! Ipalapa ko siya kay lolong eh hahaha. Mean Miyuki!

Nagpapalinis pa nga siya ng nail nung dumating ako. feeling niya kanila yung bahay na ito! Bahay naman nila bessy ito eh. Amp siya! wala siyang karapatan pahirapan ang bessy ko >.<

“kumusta kayo ni Lance?” ewan ko pero yan ang bigla niyang tanong saakin pagkaakyat namin sa kwarto niiya

“ayos naman” kinukulikot ko yung mga stufftoy niya naghahanap ako kung may rabbit haha.

“walang rabbit dyan girl. Bilhan nalang kita” sabi niya na para bang nabas aniya ang nasa utak ko hahaha.

“bessy hwag na! meron naman ako”

“sus yung dati pang bigay ni Lance? nasan na pala yun?”

“kasama nung iba kong stufftoy. Naglalaro sila tuwing gabi. Lumilipad hahaha” tinatakot ko lang si Gail kasi matatakutin yan kagaya ko haha.

“hindi na ako pupunta sainyo!” bulyaw niya hahaha. See? Takot yan eh XD

“dapat lagi mo kasama si Seb! Para naman hwag ka matakot. Haha”

“parang ikaw hindi takot ah! Teka bessy 8pm na pala. Pupuntahan ko nap ala si Seb, may pupuntahan kasi kami eh. Ano sabay ka na?”

“osige” ^__^

Sumabay na ako sakanya kasi madadaanan naman niya yung condo namin. Pero habang nasa daan kami napansin ko yung way papunta dun sa may garden.

“ah Gail! D-dito nalang pala ako” nandun pa kaya yun?

“hah? malayo pa yung sainyo ah. Sure ka?”

“oo may bibilhin pa kasi ako”

“samahan na kita hindi naman ako nagmamadali eh”

“h-hindi na bessy! Naku baka malate ka pa dun sa pupuntahan niyo ni Seb nakakahiya naman. Saka car ni Seb ito diba?”
“o-okay sabi mo eh” hininto na niya sa may gilid ng daan yung car niya tapos binilin pa niya ako na kapag daw may problema tawag daw ako agad sakanya. Ganun hehe.

Nandun pa kaya si Lance? grabe ang ginaw pala! Sana hindi na ako bumabasa sa sasakyan kanina >.<

Naglalakad ako habang hawak-hawak ko ang braso ko! maginaw kasi!

8:30 na eh. Feeling ko wala na yung si Lance dun. Pero hindi naman masamang i-check? Nakakakonsensya din kasi. Lalo na maginaw kasi. Baka magkasakit pa >.<

Kasalanan ko pa kung magkataon man! Pumara na ako ng taxi at nagpunta doon. Pagbaba ko parang wala naman bakas ng isang Lance Mariano dito? Pero kahit di ko naman siya Makita ayos lang. tutal nandito na din naman ako. pumunta na ako dun sa lagi naming pinupuntahan. Medyo madilim na pero may mga dim light pa naman doon.

“wow!” ang ganda pa din nitong lugar! Buhay na buhay pa din ang mga halaman at maganda kasi nagkalat yung mga bulaklak! I mean petals pala haha.

Lumapit ako sa fence at laking gulat ko nung Makita ko yung dagat! Ang ganda niya! kasi may mga lumulutang na kandila! Ang ganda talaga!

Heto kaya ang ginawa ni Lance? okay lang na wala siya dito. Nakita ko naman. Pero mas maganda sana kung naghintay siya.

Tumingin ako sa watch ko. at 9:19 na pala. Dapat na yata akong umuwi. Baka mag-alala pa ang kuya ko saakin.

Paalis na ako nung may marinig akong nag-uusap sa may baba. Dun sa may dagat. Kaya lumapit ako sa fence kasi familiar ang boses at hindi nga ako nagkamali. Si Lance.

“mukhang sayang effort natin hijo.”

“hindi naman siguro. Saka Okay lang” sagot naman ni Lance

Patuloy lang akong nakikinig. Ayokong magpakita baka isipin niya sinipot ko siya. teka? Sinipot ko nga! Dahil concern ako sa health niya! tama yung health kasi niya sakitin pa naman yan.

“sayang yung fireworks na pinahanda mo” parang nanghihinayang pa yung matanda nung sinabi yun.

“hindi yan sayang. Mapapanuod mo naman manong haha”

“aba eh! Sisindihan ko na ba ito hijo?”

“o-osige po” ewan ko. bigla ako napangiti doon. Kasi hindi siya nabadtrip dahil akala niya hindi ako sumipot.

Si manong sinenyasan niya yung nasa kabilang side. Sa may gilid nila. Gamit ang isang ilaw na iwinawagayway! At pagkatapos umupo si Lance sa may malaking bato at sinamahan naman siya ni manong.

Kita ko sila dahil nandito ako sa taas. Mga ilang sandal pa biglang lumiwanag ang kalangitan. Ang ganda niya. tuloy tuloy lang ang pagsabog ng makukulay na paputok sa kalangitan. Pero sa kalagitnaan ng panunuod ko may tumatawag saakin. Agad ko naman itong kinuha at sa pagmamadali kong pindutin ito NAHULOG SIYA sa baba! Dun sa baba talaga sa kinaroroonan nila Lance!!!

“CELLPHONE KO!” oops! Agad kong tinakpan yung bibig ko at umupo para hindi Makita.

Patay ako. baka nakita niya ako! napansin ko siyang lumingon.

Lagot ako!

Tumayo ulit ako para umalis na pero maglalakad palang ako nung biglang nandito na siya sa harap ko pawis na pawis at hingal na hingal.

“y-you came” he said na may tuwa talaga sa mukha niya.

Nabigla ako nung bigla niya ako niyakap. Hindi ako agad nakareact!

“akala ko di ka pupunta.”

“L-Lance layo ka” pero hindi niya ako pinapakinggan! Nakayakap pa din siya saakin.

Ang higpit ng yakap niya. “c-chansing ka na ah!” pero still hindi niya ako pinapansin.

“naaalala mo ba kung anong meron ngayon?” hah?

“a-anong pinagsasabi mo dyan?” hindi pa rin niya tinatanggal yung yakap niya saakin. Feeling ko nagblblush na ako sa ginagawa niya! umiinit kasi yung mukha ko.

“tanda mo pa ba nung naging tayo pero not really official?” oohh yung tinulungan niya ako? yung naging boyfriend ko siya pero hindi talaga boyfriend?

“ngayon kasi yun” he whispered. “I know what I am doing right now is really nothing to you. B-but at least---“ nilayo ko siya saakin.

Magsasalita palang sana ako nung bigla siyang ngumiti.

“okay lang kung ayaw mo nitong ginawa ko. natutuwa lang ako na pumunta ka. I was desperate kaya naman pati pagwish sa fireworks pinatulan ko” he uttered na parang nahihiya pa siya.

“kung hindi mo pa nahulog ang cellphone mo hindi ko alam na pumunta ka pala. Thank you”

Aww. Nagpapasalamat siya kasi pumunta ako? samantalang dapat nagsosorry ako kasi late ako. like when we we’re in college and supposedly we’ll date pero naudlot dahil nalate ako at pinaghintay ko siya ng 6 hours noon. At kahit ilang sorry ang sabihin ko hindi niya ako pinansin kasi may sakit siya noon.

Ngayon nababaliktad na. Nagbago talaga siya.

“Sharlot I love you”

“Lance alam mo namang---“

“then can we be friends? Sharlot please?”

“t-teka? Anong ginagawa mo? Tumayo ka” bigla kasi siyang lumuhod sa harapan ko.

“Lance tumayo ka sabi”

“ayoko gusto ko maging friends tayo”

“Lance naman!”

“please?” hwag kang magpacute! Tumatalab! Benta kasi yung mukha hahaha.

“sige na please? Kahit sungitan mo pa ako araw-araw basta lagi kita makausap. Kahit utusan mo ako araw-araw basta lagi kita Makita” hala baliw na isya! Paano yung trabaho nila diba? Yung Celina niya? pati na din ang JL niya? ang other friends niya kung araw-araw siyang tatabi saakin?

“Sharlot? Di ako tatayo dito”

“bahala ka!” sagot ko saknaya at saka tumalikod then maya-maya bigla siyang humalik sa pisngi ko.

“LANCE!”

“bahala ako eh” what the? Déjà vu?

Feeling ko pinapaalala niya saakin yung mga pinagdaanan namin dati.

“friends na tayo ah”

“oo nga! Hwag ka lang makulit!”

“YES! Hahaha”

“hoy Lance! Friends lang! hindi girlfriend! Kung maka-yes ka naman!”

“ganun na din yun! I LOVE YOU!” >///< sige sigaw ka pa! mamaos ka sana! Friends lang kasi! Kung makasigaw naman kasi ng YES

“baliw ka akala mo naman! Friends lang hindi tayo close friends!” pambabara ko pa

“pareho na din! Basta may friend!”

Baliw baliw! Baliw si Lance! basta may friend. girlfriend? Baliw talaga! Hwag siya magpahiwatig! Kukurutin ko siya ng pinong-pino! Pero in fairness naman daw ngayon lang siya nagpacute haha.
*****

**Chapter 21: hahahaha**

“kumusta na pala yung Celina?”

“bakit? Nagseselos ka?”

“DUH! Asa ka naman. Natural naman daw na kukumustahin ko siya diba? Naglayas yun sakanila DIBA?” -___-

“ang fracture hindi basta basta nakukuha dahil natapilok lang. nagsisinungaling yun.”

“oh so nagsisinungaling pala siyang naglayas ganun?”

Dahil nagugutom ako at FRIENDS naman DAW kami ayan nagpalibre ako. wala kasi akong dalang pera saktong pamasahe lang ito haha.

“diba pinuntahan mo siya?”

“kanina? Hindi”

“eh? Akala ko pupuntahan mo?”

“ayaw mo kasing sumama. Baka kung anong isipin mo.”

“bakit naman iniisip mo kung anong iisipin ko? haha hello? Di naman kita boyfriend”

“kasi sinusuyo kita tapos makikita mo iba ang pinupuntahan ko. ayoko.”

Baliw. Napakastraight forward! Pero natuwa naman ako kahit papaano dun. In a way parang pinagseselos lang niya ako kagabi! Pero asa siya! hindi talab! Teka? Hindi nga ba? Ay ewan! Basta di naman siguro niya nahalata kung OO, hindi ba? Sana.

Kinuha ko yung cellphone ko at saka nagtext. Tapos inubos ko na din yung kinakain ko.

“hatid na kita” alok niya nung matapos na kaming kumain.

“ahm no thanks Lance”

“wala kang sasakyan” he reasoned out.

“hindi na talaga. Tingin ko naman parating na din yung sundo ko” then tumingin ako sa labas ng restaurant. And ayun na nga siya. great timing haha. “see you Lance” paalam ko nalang saka ako lumabas sa restawrant na iyon at sinalubong naman ako ni Jake.

“gabi na. bakit ka ba kasi nandito? Kakain ka nalang dito pa” ayan pinagagalitan na niya ako haha. Pero natigilan siya nung Makita niya yung nasa likuran ko. si Lance. nga pala! Nakalimutan ko si Lance -___-

“kasama mo pala siya. bakit ka pa pumayag na sunduin kita?” ayan nanaman siya!

“eh kasi nakakahiya naman kay Lance kung magpapahatid pa ako! nilibre na nga ako ng pagkain magpapahatid pa ba ako? naku hwag na”

“tapos saakin di ka nahiya? Wala pa akong tulog” reklamo niya

“ikaw po kaya nagpresinta! Kasalanan ko baa? Osige alis ka na! papahatid nalang ako kay Lance!”

“hindi na! joke lang. hinihintay ka na kasi ni Aki! Miss ka na daw niya! matagal na daw kasi kayong hindi nagkikita!”

“sino si Aki?” biglang singit ni Lance. oo nga hindi niya kilala si Aki.

“wala naman. Some guy I met in Japan” I lied, then hinila ko na si Jake but before makaalis ng tuluyan, I faced Lance and bid my goodbye.

Baliw ka talaga Sharlot. Ano yun? Pagseselosin mo yung tao ganun? Pero totoo naman na nakilala ko si Aki sa Japan ah? Bahala nalang siya sa iisipin niya haha.

“oh? nagpipigil ka yata ng ngiti dyan?” napa-hah? naman ako bigla dahil sa sinabi ni Jake.

“paano ko ba sasabihin? Friends na kami ni Lance?” patanong kong sabi sakanya haha. Pero supposedly statement dapat yun haha.

“wow. Ang bilis bumigay!” minsan kahit alam kong din a ako gusto nitong si Jake hindi ko matanggal sa isip ko na minsan ay bitter pa din siya saakin.

“haha nakakatawa!” umirap pa ako saka nagfocus lang sa dinadaanan namin.

“alam ko namang galit ka pa sa ginawa ko” sabi niya. talaga! Galit pa ako kay Jake! He drove away Lance from me! Noong nagpunta si Lance sa Japan. Pero nangyari na, kasalanan din ni Lance.

“alam mo naman kasing nagpromise ako sayong babawiin kita pag sinaktan ka niya.” he reminded

“yeah but alam mo namang may limitation as to how you’ll deal with that kind of situation. Alam mong I was so hopeless back then. I was always waiting for him. I was. And when he finally made all the way to

Japan you just drove him away! Ni hindi mo man lang pinakusap saakin. Alam ko namang sila kuya yung isa sa mga nag-utos sayo nun. Pero diba? Ayaw ba nila akong maging Masaya?"

Oo na. Nalaman ko na napilitan lang umalis si Lance sa Japan. Hindi lang si Jake ang may sala kundi pati mga kuya ko. alam ko naman na pinoprotektahan nila ako. alam ko yun.

Pero mahal ko naman kasi si Lance ng sobra noon. Kaya siguro hindi din nila ako maiwan kay Lance kasi ayaw nila akong masaktan ng todo ulit. Lalo na't noong mga panahon na'yon I was so weak nab aka isang sorry lang niya baka ako pa ang magrequest na magkabalikan kami.

"we're here" Jake tapped me on my shoulder. Oo nga nandito na kami. Sa bahay ni Seiji haha. Hindi ko na hinintay na buksan ni Jake yung pintuan niya, lumabas na lang ako kaagad at nagmadali pumunta sa loob ng bahay ni Seiji. Right. May bahay naman kasi talaga yan dito. Binili yata yan ng dad nila dati pa?

"AKI???" sumigaw ako! feeling ko bahay ko naman hehe. Nakalimutan ko na ngayon pala ang dating nila ngayon dito!

"Princess!" agad akong niyakap ni Lavi-oni

"yah nii-san! Si Aki?" nagpacute pa sakin si kuya lavi jusko! Haha. Oo na namiss ko na din siya pero mas namiss ko yung pamangkin ko! yieee cute cute!

"TITA!" agad tumalon itong si Aki para yakapin ako! haha limang taon na ang batang ito. Anak siya ni Seiji! Odiba? Ang batang may anak! 23 siya nung namatay yung girlfriend niya sa panganganak! At yun ay si Aki. Medyo na-attach ako sa batang ito dahil wala ang mom niya para gabayan siya. hindi naman sa ako ang naging nanay! Ako ang tita kaya ako nag-aalaga pag wala ang papa niya. kaya nga sabi ko, minsan feeling binata si Seiji haha. Isa rin si Aki kaya naging Masaya ako sa Japan, somehow parang inaalagaan ko yung anak ko.

"tita! You know what? Dad missed me so much! He said he's bored here!" sinanay siyang mag English, Japanese at tagalong! Buti nga nakakapagtagalog ang batang to unlike his father hahaha. Kasi nakapalibot kami, kuya lavi and kuya rex which are good sensei with S para plural! haha

"hayaan mo yung dad mo! Pangit yun eh hahaha"

"no tita! He's handsome parang ako!" buong pagmamalaki niya haha. Tatlong taon ko din kasi siya inalagaan kaya ganyan kami kaclose ng batang 'to. Pero never na kinonsidera niya ako bilang nanay. Kumbaga tita lang talaga. At Masaya naman ako dun kasi never napalitan ang mama niya sa puso niya. I hope lang na pag kinasal ang dad niya sa iba hwag siya magtampo.

Kinuha ko yung cellphone ko kasi parang kanina pa yata nagvivibrate. Amp! WHAT IN THE WORLD!!!!

53 messages! ALL FROM LANCE!

C'mon get a life! May 12 missed calls pa!

[who's aki?] hah? HAHAHAHA. Bigla nalang ako umupo sa sofa at nagpakawala ng malakas na tawa! Pinagtinginan tuloy ako nung mga nandito sa loob haha.

[who's he?]

[Sharlot may boyfriend ka ba talaga?]

[sino siya?]

Paulit ulit nalang yung iba. But somehow, nakakatawa! Kasi he never texted like this before! Hindi kasi siya mahilig magtext! Hahaha. Aki? Hahaha napatingin ako sa bata na napakaclueless sa nangyayari haha.

I replied: yung lalaking pinakamahalaga saakin ngayon hehe.

Aasarin ko pa siya! haha. Bahala siya mag-isip dyan!

[then why are you with Jake?] ano bay an! Friends kami sa lagay na to! Pero kung umasta ah!

:::you don't care Lance. di kita boyfriend so stop will you?

[no!] after his reply di ko na nireplyan. Bahala nga sya haha.

Si Aki pa ang pinag-interesang pagselosan? Hahahaha. Isang limang taong bata? HAHAHAHA.

"napapanu ka Hime?" asked kuya Lavi haha

"oo nga! Na-stress naman ang gwapo mong kuya" sabay hawak ni kuya Rex ang mukha niya hehe

"kuya nothing haha" tumayo na ako at pupunta sana sa may kusina ni Seiji. Hinihintay pa kasi nila si Seiji dito panigurado. Kaso biglang nagsalita si Jake "yung si Lance yang tinatawanan niyan"

"HAH?" sabay pa sila kuya >.<

"w-wala! Hindi yun t-totoo!" I denied. Kasi itong si Jake! Napakadaldal!

"Miyuki binabalaan kita. Hwag na hwag kang makipaglapit ulit sa lalaking yun" banta ni kuya Lavi >.<

"tss! Wala naman palang kwentang bantay yung si Shizu! Mukhang yung girlfriend lang niya inatupag niya! kawawa naman tong gwapo kong mukha! Na-stress na!"

"baliw! Natural! 3 years din kasing di nagkita yung dalawa!"

"eh bakit? Nagskype naman sila! Si Princess ang inaalala ko! mamaya masaktan lang yan ulit nun! Napakadaming sikreto kasi ng Lance na yun!. Basta! Hwag mo muna lumalapit dun!"

"huli na kayo para bantaan yan! Mukhang na-inlab ulit yang kapatid niyo" said Jake.

"tita! Who's Lance? your boyfriend?" binuhat ko si Aki kahit may kabigatan siya.

“wala akong boyfriend. Ikaw boyfriend ko Aki. Yaan mo ga matandang yan. Pinapakialaman si tita. Diba? Ganda ganda ng tita mo tapos pinipigilan sa katuwaan?” tapos nag-walk out pa ako kasama si Aki.

Sa may garde habang binabasa ko lahat yung text ni Lance.

Paulit ulit lang. nagseselos lang siya. sa bata hahahahaha

But this one struck me.

[aasa lang ako ng aasa kasi mahal na mahal talaga kita. Ayaw kitang tawagan kasi magseselos lang ako pagnakarinig ako ng lalaki sa tabi mo. Ayoko mapanghinaan ng loob ulit. I won’t tell you what really happened on Japan. Basta mahal kita at ayokong mawala ka lang ng tuluyan sakin]

Nalaman ko kay Jake na sinadya niyang ipakita kay Lance yung kiss dati. Hindi din ako agad nakareact nun kasi nagulat lang ako kay Jake. Di ko siya nasampal or what. At lalong hindi ko alam na nandun pala si Lance noon. At lalong hindiko alam na after that scene, lumabas ang kuya ko sa bahay. Yun yung time na pinapasok na nila ako sa loob na hindi man lang nagtaka kung bakit. Yun pala, si Lance nandun. Yun yung time na sinagot ko yung tanong ni Jake na “paano kung nandito si Lance, gusto mo ba siya Makita?” ng ganito “ayoko na, masakit na sobra. Ayoko na talaga siyang Makita kahit kelan. At kahit pumunta pa siya dito ngayon. hindi ko na siya kakausapin at tatanggapin pa. kasi ang tanga ko dahil siya ang pinili kong mahalin at hindi ikaw, I love him so much, more than how I love myself. Kaya sana kung naririnig niya man ako sana hwag muna siyang magpakita saakin. Kasi di ko pa siya kayang harapin. Sobrang masakit pa kasi.” Yun pala, alam ni Jake na ganun ang isasagot ko, kasi pinapakita ko sakanila na ayaw kong Makita si Lance, pero sa totoo lang parati ko siyang hinihintay sa labas ng bahay. Araw-araw. Hanggang sa nawalan nga ako ng pag-asa.

And then malalaman ko nalang bigla ngayon na, nandun pala siya that time. And alam nila Jake at mga kuya ko yung bagay na yun. Sinabi din saakin ni Jake na binantaan nila kuya si Lance na wag muna magpakita sa Japan, na hintayin nalang akong bumalik. Kung hindi, hindi nila ako ibabalik sa mga kaibigan ko. at natural pati na din kay Lance.

Pero kahit na alam ko na ngayon ang rason. Hindi pa din yun siguro sapat para padaliin ko ang buhay ni Lance. malay ko ba kung hindi pala talaga siya ang itinadhana saakin.

Baka mamaya--- nagvibrate ulit ang cellphone ko.

[goodnight. Matulog ka na. hwag mo na kausapin si Aki] ayan! Humagalpak nanaman ako sa kakatawa hahahahaha.

## Chapter 22: a Jealous bestfriend!

### JL’s POV

“yeah and so?” Gosh! Ano ba ‘tong pinasok ko? kahit na alam kong kapatid niya tong ever kinaiinisan kong babae na ‘to pumayag ako sa dating stage na ‘to!

“desperada ka! Pati kapatid ko?” >.< halatang may galit naman ‘to sakin

“hahaha baliw! Hindi ako katulad mo na pinagsisiksikan ang sarili mo! Adik ka na siguro? Kapatid mo ang nag-aya saakin! Kapatid mo ang may gusto saakin!”

“MALANDI KA!” ang ayaw ko sa lahat ang tinatawag akong malandi! Baka mamaya totohanin ko

“what’s up with you? Ang laki ng galit mo sakin ah! Dahil ba hindi mo nakuha si Nathan Lance Mariano hah?”

“siguro gusto mo siya nuh? Siguro---“

“paano kung gusto ko nga? May magagawa ka ba?”

“KITA MO NA! MALANDI KA MALANDI KA!!!”

“hoy! kanina pa kayo nag-aaway ah. Di pa ba kayo tapos?” singit nitong Erick.

“baliw na yang kapatid mo. Mana yata sayo! Isa ka pa eh. Kanina pa ako inaaway ng kapatid mo tapos hinahayaan mo lang. baka mamaya masabunutan ko pa yang kapatid mo” pagbabanta ko kaya naman lumayo ng konti saakin si Eris HAHAHA

“kuya nakakainis ka! Bakit siya pa? bakit siya???” wala naman ibang ginawa ‘tong Erick na ;to kundi panuorin kaming mag-away. Gandang trip lang ah.

“alam mo Erick bagay ang kapatid mo sa isang kaibigan ni Miyuki. Si Dennis pareho kasi silang Loser hahaha. Sige aalis na ako. see you again Loser. Bye” lumabas na ako sa tinitirahan nilang apartment. Gosh lang yung kapatid ni Erick. Hindi ko akalain na ang laki ng galit niya saakin hahaha. I don’t know pero nag-eenjoy akong bwisitin ‘tong Loisa na ‘to haha. It’s freaking awesome!

Pag-alis ko sakanila, well obviously di na ko magpapahatid kay Erick. Dun siya sa kakambal niyang possessive haha. As if aagawin ko ang Erick na yun! Kahit sila pa ang magpakasal. So then, I went to my favorite bar! I’ll drink and dance tonight and will find my one and only for this night! Just for this night though.

Pagpasok ko, I saw Lance. ano naman ginagawa nito dito?

“problem?” I asked pagkaupong pagkaupo ko sa tabi niya

“don’t know” then ininom niya yung hawang niyang shot glass.

“Miyuki” I guessed

“JL nagseselos ako”

“what? Hahaha. Hindi nga kayo tapos nagseselos ka? Poor you Lance” I teased. Napakamanhid naman ni Lance para hindi mahalatang mahal pa siya ni Miyuki. My gosh.

Nag-order na din ako ng iinumin ko. nas amay counter lang kasi kami.

“wow nandito ka din” nilingon ko kung sino yung nagsalita. Si Ales lang pala.

Feeling ko talaga may galit sakin to -____-

**Alesana’s POV**

Eeeehhh! What’s this? Bakit magkasa sila? Akala ko ako lang ang tinawagan ni Lance! bakit nandito si JL? :(

Tumabi ako kay Lance. nalungkot naman ako. napalitan na ba ako? hindi na kaya ako ang bestfriend ni Lance? insecure tuloy ako kay JL. dahil ba mas maganda siya saakin? Pero maganda din naman ako! mas fierce nga lang si JL saakin. Personality palang and the way she looks. :(

“so am I a nuisance here?” tanong ni JL saamin. Hindi naman ako makasagot kahit na saakin siya nakatingin >.<. makaramdam ka nalang!!!

“great. Bye” tumayo siya at saka lumapit sa ibang table. Grabe siya! nagawa pa niyang makipag-flirt!

“tss” uminom lang si Lance. wala ba siyang balak sabihin saakin ang pinoproblema niya?

“anong problema mo?” tanong ko sakanya.

“ikaw may problema ka ba?” pagbabalik niya nung tanong saakin.

“wala selos ako >.<” sabi ko sakanya

“ah ganun din ako. iba nga lang” hah? ano daw? Selos din siya pero iba nga lang? @___@

“sabihin mo kung may galit ka sakin. After all we’re bestfriends” he said

Sasabihin ko ba? Na kahit papaano nagagalit ako sakanya? Kasi parang kinalimutan na niya ako. :(

“naiinis kasi ako sayo Lance. parang simula nung nawala si Miyuki sayo parang wala ka ng tiwala saakin. Never ka na nagsabi ng mga problema saakin. Pumupunta nga ako sa bahay niyo kaso lagi ka lang nagkukulong o kaya naman busy o kaya malala pag wala ka dun at kelangan ka pa namin hanapin tapos malalaman namin na nandun ka lang pala sa tabi-tabi!”

“ano pa?” bakit ba? Pinapunta niya ba ako dito para ako ang maglabas ng sama ng loob? akala ko ba siya? >___<

“nakakainis ka!!! Naiinis ako sayo kasi parang si JL na ang bestfriend mo! Ano na pala role ko sayo? Parang inagawan niya ako! nakakainis lang kasi hindi lang pala boyfriend ang kaya niyang sulutin! Pati

pala bestfriend! Pero hindi ko naman sinasabi na masama siya ang akin lang nakakagalit kayong dalawa! Nagsosolo kayo. Di niyo ko sinasama! Ano ba ako? diba bestfriend mo ako?” T____T

“ano pa?”

>_______<

“tapos pagbalik ni Miyuki, laging sa new found bestfriend mo ikaw at saka sa ex mo! Diba ex o din naman ako? bestfriend mo din naman ako? pero bakit di ka saakin nagsasabi ng problema! Oo okay lang saakin na pinupuntahan mo si Miyuki syempre mahal mo yung tao. Pero diba din a kasi kita maintindihan simula nung inilalayo mo sarili mo! You kept on blaming yourself kasi noon!”

“I see” uminom lang siya ulit. Tapos nakita ko siyang ngumiti. Pagkatapos ko sabihin lajat ng ranting ko ngingiti lang siya dyan?

“wanna know something?” tumango lang ako bilang sagot na gusto ko malaman ang sasabihin niya.

“don’t tell anyone about this. Pumunta ako ng Japan”

“alam ko na yan eh!”

“di ko siya nilapitan”

“alam ko na din yan!” ngumiti lang siya sakin. Akala ko ba may sasabihin siya? yun na yun?

“sinabihan ako ng mga kuya niya na layuan ko si Sharlot. Hwag ko muna kausapin. Kung hindi, hindi niyo na siya makikita. Ayoko maging makasarili. Hindi ko pagmamay-ari si Sharlot para magdecide kaagad. Inisip ko kayong mga kaibigan niya. naalala ko ang sinabi saakin ni dad noon, nung kinausap niya ako” he paused. Siguro inaalala nanaman niya.

“hwag maging makasarili. Sinabi niya yan sakin nun, nag-away pa kami ni daddy ng dahil dyan sa hwag maging makasarili na yan. Nandun pa si Sharlot nun” @___@

“pinapashift ako ni dad ng course, sabi ko ayoko pero nagalit siya. hindi daw ako nag-iisip. Hindi ko man lang daw ba inisip yung mga nagtatrabaho saamin? Madaming mawawalan ng trabaho pag wala na sila dad. Pag walang magpapatakbo nung kompanya” ng dahil du nag-away sila ng dad niya? yun ba yung sinabi saakin ni Xyla na nagsigawan ang dad niya at si Lance sa harapan nila kahit nandun siSharlot. Yung parang Think daw ang natatandaan lang ni Xyla doon eh! Magkukwento nalang siya di pa detalyado >.<

“kaya nga ngayon heto ako, nag-aaral pa ulit. Ganun din naman ginawa ko samin ni Sharlot. Inisip ko lang kayo. Ayoko maging madamot. Natatakot ako nab aka hindi ko siya Makita. Natatakot lang ako nab aka magalit kayo lalo saakin pag nawala siya sainyo ng dahil sakin. Okay lang siguro kung ako lang, basta hwag kayo.” Aww

“pero may choice ka naman sabihin samin Lance”

“pero diko pinaalam” eh?

“bakit hindi mo sinabi? Bakit kasi nanahimik ka at tinanggap lahat ng panghuhusga?”

“wala, gusto ko patunayan sa mga kapatid niya na may paninindigan ako. mahal ko pa din naman si Sharlot. I just don’t know how to prove that but on the second thought I don’t need to prove myself. Alam ko namang hindi lang sapat na mahal ko siya.”

“at di din sapat na may tiwala ang isa sainyo. Dapat pareho kayo” tuloy ko. napangiti naman siya dun.

“Lance mahal mo siya, may tiwala ka sakanya. Pero para maging successful ang isang relationship, para saakin, kailangan mahal niyo isa’t isa diba? Dapat may tiwala diba? pero sa case niyo hindi lang sapat yun kasi dapat pati ang mga taong mahahalaga sainyo tanggap kung anong meron kayo. Mahirap yan lalo pag ang sumasalungat ang pamilya na niya. hindi mo sila masisisi Lance. nasaktan ang bunso nila. Siguro ganyan ka din naman kung mangyayari sa kapatid mo yan, n asana hwag naman.”

“I know. Ang akin lang, I want to earn her trust first. Kahit hindi na niya ako mahalin ulit. Pero ang gago ko kasi. Hindi pa nga kami kung umasta na ako para niya akong boyfriend. Sht. Ales! Nagseselos kasi ako kaya kita pinapunta dito!”

“hah???” ano daw? Ang haba ng kwentuhan namin tapos iba pala ang gusto niyang topic?? Aba loko to ah!!!

“may kilala ka bang aki? May nabanggit ba si Gail o---“

“aki? Sino yun? Boyfriend ni Miyuki?” may boyfriend ba si miyuki? Ang alam ko kasi wala >.<

“she said special someone daw niya. sht! Ales paano kung may mahal na siyang iba? Paano ku---“

“BALIW! Tingin mo madali kang kalimutan pagkatapos ng mga ginawa mo sakanya? Tanga ka ba Lance? kahit galit pa ang nararamdaman sayo ni Sharlot ngayon at least ikaw pa din ang iniisip niya! pag may galit siya sayo ibig sabihin mahal ka niya! kung pinapahirapan ka man ni Miyuki ngayon then Endure! Hwag ka nga papadala sa emotions mo! Grabe ah! Ngayon lang kita nakitang ganyan hahaha. Nabaliktad ang mundo! Dati si Yuki ang ganyan. Wow! Ang taray ni Miyuki ah! Isang Lance Mariano ang napaparanoid dito sa bar kakaisip kung sino si Aki? Grabe! Ang dami natin intro ang daming kadramahan tapos heto lang pala ang gusto mong sabihin HAHAHAHA”

Uminom nalang siya ulit at namumula na siya hahaa. Mahal na mahal niya talaga si Miyuki.

Nagtext ako kay miyuki kung sino si Aki. And then heto ang reply niya: HAHA nagseselos ba si Lance? ddon’t tell him. haha Aki is my nephew. Sobrang cute nya. Just tell him boyfriend ko tong si Aki. Hayaan mo siya dyan! kapal niya para nakawan ako ng kiss sa pisngi! Aba! Ano siya swerte? Bahala siya dyan!

GRABE!!! Tumawa nalang ako dito ng tumawa! Kasi naman eh! BATA NAMAN PALA ANG PINAGSESELOSAN NG UNGAS NA TO!!! HAHAHAHA

“oh? tawa ka dyan?”

“wala! Si Kysler kasi tinatawag na ako! hahahaha. Bye bye”

“what? Iiwan mo ko dito?” naguguluhan niyang tanong sakin.

“yup. Haha. Kaya mo nay an! Matanda ka na! hahahaha.”

“tss. Oo na.” tumayo na ako pero bago ako umalis nagsalita muna ulit ako. “ako ang bestfriend mo hah. hwag kang magkakamaling sabihan muna ang iba bago ako!. dapat ako muna bago sila! Maliwanag? Kung si JL ang pagsasabihan mo ng problema magtatampo na talaga ako sayo! Selos na selos na nga ang Mal ko ng dahil sayo! Sabi niya saakin ano daw ba kita? Parang ikaw pa daw ang boyfriend ko eh hahaha. Sige hah. magagalit na real boyfriend ko. sige ka suntukin ka pa niya. Basta Lance hah!”

“oo na sabi. Alamin mo kung sino si Aki ah!”

“oo na hahaha. Grabe ka hahaha”

“tss tawa pa. kaya ayoko sabihin sayo” -_____-

“wala! Dapat sakin mo sasabihin mga yan!”

“oo na. hwag lang makakarating yan sa iba. Kundi kukutusan kita” hahaha nagbanta pa talaga siya.

Naglakad na ako then nilapitan ko muna si JL.

“JL pabantayan si Lance ah. Puntahan ko muna boyfriend ko. may date kasi kami nun ngayon.”

“ano ako ni Lance? yaya?”

“tanggap ko na JL. ika wang second bestfriend niya! kaya dapat magkasundo tayo!”

“bestfriend? Heck no! lalandiin ko nalang siya! sige na! sulutin ko boyfriend mo eh!”

“baliw! Basta paalagaan si Lance ah”

“I’m not his nanny. Bahala siya dyan. tawagan mo yung Miyuki niya.”

“as basta! Sayo dapat! Sayo ko pinagkakatiwala ang pagiging second bestfriend ni Lance! pero dapat saakin muna magsabi si Lance ng problem bago sayo! Nagseselos kasi ako sayo!. MALIWANAG?”

“daming satsat umalis ka na nga” itaboy ba ako!

Wala naman kasi ako magagawa kung magaan loob ni Lance kay JL. may aura kasi si JL na mapagkakatiwalaan mo naman despite sa mga nagawa niya noon. At least yung kanina, parang

pinapunta lang din ako ni Lance dito para liwanagin na ako ang bestfriend niya. kasi sinabi niya saakin yung about sa Japan. Inisip lang niya kami. At ayaw niyang maging makasarili, marahil ayaw lang niyang mawala si Miyuki ng tuluyan saaamin ng dahil sakanya. Dahil baka ilayo siya pati saamin pag hindi niya sinunod ang mg akapatid ni miyuki :(.

Dapat hwag maging makasarili, isipin din ang mga taong nasa paligid.

Kaya bilang bestfriend ni Lance, kelangan ko din tanggapin na may mga iba pa siyang malapit na kaibigan kesa saakin. Na hindi na lang ako lagi, kasi may mga bagay din akong hindi kayang intindihin sa mga panahon tulad noon. May pagkukulang ako na makikita naman sa iba kaya dapat hwag maging selfish. Dapat isa alang-alang ko din ang mga taong nakapaligid saamin.

**********

**Chapter 23: pasaway**

**Miyuki's POV**

"AKI! Hwag kang magulo!!!" pinaghirapan ko to tapos sa isang punitan lang niya nawala na!

"LABAS KA NGA AKI!" I don't want to be rude pero syempre nagtatrabaho ako dito and yet sinira lang niya!

"BAD TITA BAD KA!!!" tumakbo na siya palabas. Kainis naman. Ano na? uulitin ko nanaman to! Tatlong araw akong halos nakakulong lang dito sa kwarto ko magawa lang ang plano na to tapos sinira pa niya. pasalamat yang Aki nay an dahil mahal na mahal ko siya amp >.< kaso nakakaiyak naman eh. Pinaghirapan ko kasi 'to.

Tumayo na muna ako at lumabas sa lungga ko. nakita ko si Aki na naninira nanaman ng gamit -____-

"tita I wanna go out! Tita!!!"

"oo na sige na. san mo ba gusto pumunta baby?"

"waaaaaaah ANYWHERE TITA ANYWHERE!" kumikinang pa talaga ang mata niya haha. Halata namang excited siya.

Saan ko ba siya pwedeng dalhin? Bakit kasi wala kaong kasama na nagbabantay sakanya ngayon? sinira tuloy niya mga gamit dito >.<

Si Gail may pasok naman. Kung si Ales may photoshoot naman. Si Dennis kaya?

Tinawagan ko si Dennis pero ang sabi niya did aw pwede may date daw siya! >.<

Si Jake? Mahirap kasi pag ako lang mag-isa mag-aalaga kay Aki.

[sorry may board meeting kasi kami mamaya.] ouch.

Sige na nga! Ako na! ako na talaga maglalabas kay Aki.

Sa mall nalang kami pumunta ni Aki. Nanuod kami ng pambatang sine kasi gusto daw niya.

Nung matapos na kumain kami sa Jollibee. Nakita kasi niya yung mascot kaya dun kami.

“Aki wait here okay? Punta lang sa CR si tita”

“hai hai” sagot niya habang hawak hawak pa ang chicken na kinakain niya. naku bata nga naman hehe. Pero on the second though isasama ko nalang pala siya! hihintayin ko nalang,

“tita why aren’t you leaving yet?” loko to!

“I’ll wait for you, kaya bilisan mo na kumain haha”

“okiee tita *O*” agad naman niya inubos yung kinakain niya. ang takaw kasing bata.

“tita go buy me a Jollibee!! Like that one!” tinuro niya yung mascot. Ano ba yan

“gusto ko like that size too!!!”

“sheez hindi pwede Aki. May tao kasi sa loob niyan! Hindi sila real. Okay?”

“ay? How boooring >.<” pinunasan ko na yung kamay niya at saka ko siya hinawakan sa kamay para di siya mawala habang naglalakad kami. Isasama ko pa sana siya sa loob ng cr tutal bata naman siya kaso sabi niya hintayin daw niya ako dito sa labas. Feeling niya binata na siya pareho sila ng ama niya. nagfefeeling binata nga lang yung isa hahaha

Uuuggghh pagpasok ko ang daming taong nakapila sa Cr >.<

Baka mainip yung batang kasama ko dun baka mamaya kung ano pa ang sirain dyan sa labas. Yung payphone baka pagdiskitahan pa niya yun naku patay ako!!!

Siguro after 7 minutes nakalabas na ako doon ang kaso!!! NASAN NA YUN???

“Aki???” agad akong pumunta sa mga kalapit na stores kaso wala siya!!! hala lagot na!!!

Omg!! Naiiyak ako… natataranta na ako.

“Aki???” wala na akong pakialam kung pinagtitinginan ako ng mga tao. Bakit ganun? Bakit wala akong naririnig na umiiyak! Dapat umiiyak nay un ngayon kasi nawawala siya kagaya dati!

Pumunta na ako sa mga pwede niyang puntuhan pero no sign of Aki!!! Dapat talaga sinama ko siya sa loob para hindi siya nawala!!

Nagtanong tanong na din ako sa mga nandoon sa malapit sa cr kanina kung may napansin ba silang bata pero wala! Nakakainis naman. Kinakabahan na ako. nasan na ba siya???

“aki???”

No choice na ako kundi pumunta sa mga guards para magpatulong sa pag hahanap. Patay ako nit okay Seiji eh! Dapat talaga hindi ko nalang nilabas si Aki. Naiiyak na ako dito!!! Ayokong tawagan si Seiji. Pagagalitan ako nun.

Pinunasan ko na yung nangingilid kong luha. Patay kasi talaga ako. saka bata pa yun. Hindi yun makakauwi mag-isa.

“kua guar----“

“WAAAAAH TITA!!!” liningon ko yung batang tumawag saakin. Nakahawak siya sa kamay nung lalaki.

“tita!! Look! May ice cream ako!!!”

“ano ka ba namang bata ka! Diba I told you to wait? Alam mo bang naiiyak na ako sa kakahanap sayo!”

“waaaaah tita scary!!!” paiyak na siya kaya bigla ko siyang niyakap. Feeling ko talaga muntik na siyang mawala saakin. Ayoko nun. Ayokong mawala pa siya sakin.

“kasama mo pala siya. napagod ako sa kakaikot sa mall mahanap ko lang kasama ng batang ‘to. Sino ba to?” muntik ko ng makalimutan ang taong nasa harap ko. si Lance. sa dami ng pwedeng makakita bakit siya pa? >___<

“A-Akira! Akira pangalan niya” dapat aki lang pero kasi baka mamaya >__<

“ah akira pala. Tss. Akira.”

“kaano ano niya si Aki?” patay!!!

“a-ano. Kuya! diba akira?”

“eh? Nani??” makisama ka Aki please??? T____T

“a-ano basta! Tara na. baka hinahanap na tayo ng kuya mo”

“nasan yung Aki? Kasama mo ba? Patingin ako” -____-

“tse! Manggugulo ka pa! hwag mo kami susundan susundutin ko mata mo” kinarga ko na si Aki na ang dungis dungis na dahil sa ice cream na binigay ni Lance. pero bago ako umalis inagaw ko muna yung ice cream ni Aki.

“diba I told you not to eat ice cream? Bawal ‘to sayo.. Hoy Lance! oh kunin mo!” binalik k okay Lance yung halos matunaw ng ice cream hahaha.

“waaah Tita bad!!! Bad bad!!!”

“sssh!! Hwag ka magalaw! Bibilhan kita ng madmaing candy at chocolates kaya ibigay na natin sa kuyang pangit yung ice cream mo hah”

“waaaah chocolates??? I want hundreds tita!!!”

“sure bibilhan kita ng madaming madami. Basta be a good boy.”

“yey!!!” in fairness ang bigat niya!!!

“oi Lance kunin mo!” binaba ko na si Aki. Kasi madudurog buto ko sa batang to eh >____<

“hwag kang magkakamaling sundan kami! Ayaw kita Makita. Shooo” hinila ko na si Aki paalis.

Kasi naman! Bakit nandito si Lance? naging akira pa tuloy pangalan ni Aki. At least may Aki pa din!!!

**********************

**Chapter 23.5: pasaway**

**Miyuki’s POV**

Naglalakad lang kami ni Aki at halata kong sinusundan ako ni Lance!!!

“Lance pwede hwag mo nga kami sundan!”

“di ko naman kayo sinusundan” hindi daw! Grabe ah!

“hello! Sinusundan mo kaya ako!”

“pareho lang tayo ng pupuntahan” palusot niya

“talaga? Saan ka naman papunta?”

“sa isa mo pang pamangkin” what the hell??? Isa pang pamangkin??? Natigilan ako dun.

“tita he’s good! He bought me an ice cream *O*. I want him to be my tito hihihi” lokong bata ‘to! Matchmaker na din ba siya? may patakip takip pa siya ng bibig habang humahagikgik.

“Aki este Akira! That’s rude. Hindi natin yan kilala. So don’t just link us okay?”

“no tita! He’s good! He helped me. He also bought me a toy! Sabi ni tito don’t cry kasi we’ll find you kaya niya ko binilhan ng toy!” -___-

“that’s bribery Lance!” I retorted angrily! Kainis

“hindi ko naman alam na kasama mo siya. isa pa naiinis ako dahil Aki ang sinabi niyang pangalan niya” tapos I saw him grinning >____<

“Aki you’re tita is a liar. Hwag mo gagayahin” ginulo pa niya ang buhok nito

“hai hai Tito weeeee. Gimme my toy! Haha” anakngpalaka anong toy?

“here.” Inabot niya yung laruang robot kay Aki at saka ako hinarap “oh tara puntahan na natin yung isa pang Aki na pamangkin mo din dahil kuya niya yun” kaasar!

“bakit? Sinabi ko bang kapatid niya? di naman ah!” palusot ko pa “hindi porket kuya niya ang sinabi ko kapatid na niya! pwede namang nag-aalaga sakanya o kaya naman trip ko lang tawagin na kuya niya!”

“magpapalusot ka na lang yug halata pa. tss.”

“Tito! Lets play!” hinila ni Aki si Lance at saka sila pumunta sa may arcade. Anak ng tokneneng naman ih!

Paano nangyaring mas close siya kay Lance? ngayon palang sila nagkita!

“you know what tito! I missed you!” ANO DAW?

“t-teka anong meron? Anong miss miss ang sinasabi niyan?”

“bakit ka curious?” -___-

Binuhat niya si Aki at saka sila naglaro nung sa shooting game! Yung basketball. Amp.

“Lance answer me!”

“don’t know. Namiss daw ako” kasi naman! Ano daw eeerrr! Ang cold ng loko na ‘to!

“Aki tara na nga hayaan mo na siya” sinubukan kong kuhanin siya kaso tinapik ni Lance yung kamay ko >___<

“LANCE SOBRA KA AH!” napalakas yata yung boses ko kaya napatingin yung iba saakin.

“anak nila yun? Cute nila ah! Kaso parang ang bata naman yata” sige lang pagchismisan niyo pa kami. Amp!

“Lance hwag tayo dito. Madaming tao. Napagkakamalan tayo-----“ but before I could finish my sentence ayan na naman si Lance “hayaan mo. Bagay naman tayo”

“yey! Bagay si tita kay tito” GEES!!! Humanda talaga ang Lance na ‘to sakin! Bakit kasi nag-eenjoy si Aki sakanya!

“hindi ko alam na pamangkin mo pala tong batang ‘to. I played with him once. But that was when I was in Japan. Matalino ang batang ‘to natatandaan ako eh” tapos tumingin si Lance saakin. Si Aki naman shoot lang ng shoot ng bola. Nakatayo nga siya sa mismong game machine eh.

“so siya si Aki? Tss. Uminom inom pa ako kagabi para lang sa batang ‘to? Tss. Ibang klase ka din mantrip” I rolled my eyes. Bahala siya dyan. parang siya pa may gana mainis ah!

“Aki let’s go? Magdidilim na baby”

“yada yo! Tito and I will play!”

“tito let’s pay that one!!!” hinila nanaman niya si Lance papunta sa isang game. Yung pambata. Ewan ko kung ano yun. Basta ikot sila ng ikot. Lro lang sila ng laro! Parang hindi nila ako kasama. Actually sampid si Lance dito! Kami dapat ni Aki yun!

“ang cute nung guy na may dalang bata nuh! Anak kaya niya yun?” napatingin naman ako sa chismosa

“tingin ko hindi! Hello ang bata naman niyan!” said chismosa number 2!

Kung sabihin ko kaya sakanilang muntik na kami magkaanak? Na dapat 2 years old na :(

Lumapit na ako kina Lance at Aki dahil napagkakamalan na silang mag-ama. Dapat mabawi ko na tong pamangkin ko.

“Lance uuwi na kami ni Aki.”

“okay. Aki pakabait”

“ayaw ko pa! tito play pa!”

“aki busy si Lance kaya we need to go home na”

“YADA YADA!!!” bigla siyang umupo saka sahig at saka nag-iiyak dun! Ayan na yung nakakatakot niyang tantrums! >.<

“Aki will you please stop? Hindi na! sige na! maglaro na kayo dyan!”

“YEY! Tito piggyback!!!” itinaas pa niya yung kamay niya para magpabuhat kay Lance. at talagang binuhat naman siya ni Lance sa likuran. “lets go there!!!” turo ni Aki sa kainan.

Itong si Lance naman go na go.

Nauuna silang naglalakad pero biglang huminto si Lance at humarap sakin. “dito ka nga sa tabi ko”

“ayoko nga! Bakit naman kita tatabihan?”

“para magmukha tayong mag-asawa! Lika na!”

“engot! Ayoko nga! S-sino naman tatabi sayo nuh! Mukha kang tatay dyan!”

“kaya nga tabihan mo ko para mukhang may nanay naman tong anak ko” -____- at feeling naman niya anak niya si Aki? At may pangiti ngiti pa siya?

“oh” sabay abot niya sa kamay niya

“anong meron dyan?” I crossed my arms. Para mataray effect.

“hawakan mo para di ka mawala”

“ano ako? bata? Hwag na. dito lang ako sa likod niyo.”

“sabi mo eh” i-iskor ka pa sakin! Kala mo naman! Hmmp

Kanina pa kami lakad ng lakad. Ang sakit na ng paa ko :(

“oi dito nalang ako. hintayin ko nalang kayo dito hangagng magsawa si Aki sa kakapasyal” umupo ako sa bench.

“ayos ka lang?” lumapit siya saakin habang nasa balikat pa din niya si Aki.

“napagod lang. just play”

“okay”

Umalis na silang dalawa. At ako? naiwan ditong nakaupo. Tinignan ko yung paa ko. aray. :(

Napaltos yung paa ko. amp. Sabi na nga ba dapat hindi ito yung ginamit ko eh. Lagi akong napapaltos dito! Amp.

“Hi” may tumabi saakin. Mabango. Amoy pabango ng lalaki. Tatayo na sana ako kayo yung paa ko masakit na T^T

“wala kang kasama?” hindi ko siya pinansin. Kinuha ko nalang yung cellphone ko para magbasa ng unread messages.

“so I guess wala ka ngang kasama?” ang kulit nito ah! Upakan ko na kaya? Ah alam ko na!

Tinawagan ko si Lance pero hindi ko syempre pinakita na tinatawagan ko siya. patago lang para kunwari nakasilent yung cellphone ko haha

Nung nakita ko ng naka in call. Saka ko palang nilagay sa tenga ko yung cellphone

[oh bakit?]

“bah! Buti tumawag ka! Nasan ka na ba? Ang tagal mo naman bumili ng band-aid! Bilisan mo! Masakit paa ko oh napaltos!”

[h-hah? anong sinasabi mo---tito! Is that tita?]

“bilis na! yung anak natin hwag mo iwawala ah! Pag wala pa kayo dito ng within 2 minutes manlalalaki ako! pakibilisan bah. Thank you.” Saka ko na binaba.

“ayus din trip mo miss ano?”

“hah? hindi yun trip” sagot ko ng nakatingin sa lalaki. May itsura siya. okay na. pero kumpara sa mga lalaking nakapalibot saakin? Siguro nasa level siya ni Dennis! Pacute lang pero hindi gwapo.

“pwede ko ba kunin number mo miss?”

“kapal mo din eh! Hindi mo nga ako kilala tapos---“ bigla nalang may humila saakin patayo. Nakaramdam ako ng kaba. Iba eh. Ewan ko! >///<

“ma! Who’s that guy?” ma? Ano daw? Anong pinagsasabi ni Aki?

“umalis lang kami saglit nitong anak natin may lalaki na agad sa tabi mo. At talagang kinausap mo pa!” binaba na niya si Aki.

“ikaw! Layuan mo nga asawa ko” eh??? >///< asawa daw.

“mukha lang yang bata pero 29 na yan! Kaya layuan mo na” agad naman tumayo yung lalaki at saka mabilis naglakad palayo.

“at ikaw!” bigla niya ako inupo ulit. Natakot naman ako bigla kaya nanahimik nalang ako “bakit di mo naman sinabing napaltos pala yang paa mo! Tss” bigla siyang umupo at pagkatapos---“t-teka! Yung paa ko! hwag na! ako na” bigla naman kasi niya tanggalin yung doll shoes ko at saka inilagay yung band-aid

“yieeeeeee kayo ah!” eh? “G-gail?” agad kong binawi yug mga paa kong nakakalong pa kay Lance! nakakahiya!

“ikaw bestfriend hindi mo sinasbai sakin na nagkabalikan kayo ni Lance!”

“hah? t-teka! Mali ka ng inaakala! Accident lang na nagkita kami dito!”

“weh? Ano yung asawa dyan? at naglaro pa kayo ng bahay bahayan dito sa mall! Hahaha” patawa tawa pa siya habang tinatapik tapik si Seb sa tabi niya >///<

“sweety naman! Hwag mo naman akong paluin kung kinikilig ka sakanila! Baka malagot ka pa sakin mamaya!” ayan nanaman mga banat ni Seb na may double meaning eh!

“basta hindi kami ni Lance! natuwa lang yung pamangkin ko sakanya!”

“sus! Oo na sige na! hindi na namin narinig ni Seb yung BAH kanina dun sa tawag mo! Hahahha. Saka di namin narinig yung asawa at kunwaring anak niyo! Hahaha” OMG! Pati yun narinig nila? Nakakahiya! Napahawak ako sa mukha ko. umiinit kasi bigla dito T^T

“a-ano ba! Syempre may lalaking lumapit sakin kanina! S-syempre gagawa ako ng paraan!”

“sus palusot mo bessy! Ang daming pwedeng gawin! Pwede mo naman sampalin yung lalaki kanina!”

“honey hindi niya pwedeng gawin yun! Baka maturn-on pa yung lalaki sakanya”

“oh? may ganun ba?” parang ang sarap pag-untugin ng mag-asawang ‘to ah! Halata sakanila na kakagaling lang nila sa university. May dala pa kasing books si Seb. Siya nagdadala nung gamit ni Gail. Tapos si Gail hindi nakasuot ng contacts, nakasalamin siya.

“bahala nga kayo dyan! magdate nalang kayo. Aki lets go home na. your dad is waiting. Baka mapagalitan tayo” 8pm na din naman kasi.

“okieee” masigla niyang sagot. “tito bye bye. lets play again. Visit me at my tita’s house”

“sure I will” ngumiti pa tong si Lance! jusko! Subukan niyang pumunta sa bahay uupakan ko siya!

“promise tito? You’ll play with me there? promise???” inaabot pa niya yung pinky finger niya para magpromise sila. Jusko!!

“okay” at ganun din si Lance! ayan na sealed na yung promise

“LETS PLAY TOMORROW!” si Gail naman matawa tawa na sa nangyayari. Nakakainis naman. Kasi naman botong boto pa din siya kay Lance. feeling ko napagtaksilan ako ng bestfriend ko!

“tama na nga yan! Alis na tayo Aki.”

“okay tita” humawak na siya saakin. Nagpaalan na ako kay Gail at kay Seb except kay Lance. bahala siya dyan!

“Bessy! Alam ko na. nasabi na saakin ni JL when I confronted her.” Bulong niya saakin nung nagbeso beso ako sakanya.

“HAH?”

“don’ be too obvious bessy hahaha.”

“b-baliw! Hwag mo nga ko pinagti-tripan!” naglakad na kami ni Aki papalayo sakanila when I heard Lance’s voice

“Shalot may naiwan ka!”

Humarap ako sakanya at tinanong siya “ano?”

“yung puso ko! hahaha”

“b-baliw! Magsama nga kayo dyang tatlo!”

“kung ihatid nalang kaya kita? Tutal asawa naman kita!”

“LANCE UUPAKAN KITA! Tumahimik ka!”

“yieeee tita and tito together.” Isa pa tong batang to!!! Ano bang pinakain ni Lance sa batang ‘to?

“tito said kanina na tawagin kitang mama pag sa harap ng ibang guy para daw magmukha tayong family!” shemay!!! Kaya naman pala tinawag akong MA nitong batang ‘to kanina!

Hindi na ako tumigil ulit sa paglalakad pero mula dito siguro tanaw pa din yung tatlo.

“SHARLOT!” sige sigaw pa! nakakahiya ka Lance. akala mo wala kami sa mall eh >///<

“I LOVE YOU! BASTA WALA KANG BOYFRIEND MAY PAG-ASA PA AKO!”

“TSEEE MANAHIMIK KA DYAN NAKAKAHIYA KA!”

“yieeeeeeeeeee” anakng! May payiiiieeeee yieee pa yung mga tao dito sa mall!

“SHARLOT MAHAL NA MAHAL TALAGA KITA!”

“OO NA MAHAL MO NA AKO! WALA NA BANG IBA DYAN? DI TUMATALAB!”

“yieeeeeeeeeee sagutin na yan!” ay leche!!! Bakit ko ba kasi pinapatulan yang pagsigaw sigaw niya dyan! nakakahiya!

“HIHINTAYIN KITA BUKAS SA MAY RESORT! MAGDATE NAMAN TAYO!”

This time tumigil ako sa paglalakad. Ewan ko. hindi ako naiinis. Kahit na nakakahiya yung mga pinaggagagawa niya ngayon! in fact napapangiti ako kasi ang normal na tao hindi ito gagawin. Knowing Lance. kaya niya talaga! Kasi ABNORMAL YAN! Daig pa ang babae sa mood swings! Kaya niya gawin lahat ang magsungit, magpakabait, mag-ingay basta lahat pag tinopak siya! kahit na mg anakakahiyang bagay gagawin niya mapatawad ko lang. ganun siya. alam kong he’s trying his best.

Pero kasi hindi naman ganun kadali eh. Ano ngayon kung mahal ko pa siya? wala din naman saysay kung ayaw sakanya ng pamilya ko.

“BAHALA KA! Wala kang hihintayin dun” pahina ng pahina ang pagkakasabi ko niyan.

“I’LL TAKE THAT AS A YES!”

“ewan ko.” lagi naman siyang ganan. Kahit hindi ako pumayag sigurado pupunta pa din siya dun. Amp. Resort? Yung malapit siguro kina tita niya.

“BASTA HIHINTAYIN KITA AH! MAY HINANDA AKO DUN!”

“EWAN KO BAHALA KA!” kahit anaman anong sagot ko tiyak nandun ka. Pasaway ka kasi. Bakit ba mahal na mahal mo ako?

Nakakainis tuloy. Kahit akala ko nakalimutan na kita noon, hindi talaga kasi pagkakita ko palang sayo, wala na. nakalimutan ko ng nakalimutan kita. Isa pa kasing pasaway tong puso ko. laging ikaw hinahanap! Pasaway talaga.

“tita! I’ll go there too!”

“hwag na. date ko yun para masolo ko naman siya” anakngAMP! Ano tong sinasabi ko???
************************

**Chapter 24: STEP 2? Uh-oh!**

“Hime! Mamayang gabi aalis tayo” si kuya Lavi talaga kahit kelan puro biglaan ang lakad.

“opo!” naglalaro lang kami ni Aki. Kasi naman nakakatamad din ngayong araw. Pero may date ako mamaya. Date nga ba? Sabi kasi ni Lance. >.<

Habang tumatagal nagiging transparent na ako. nakakahiya na ako minsan. Kahit naman nagmamatigas ako dito alam kong siya pa din.

“tita! Will tito and I play again?”

“probably not. Accident lang kasi na nagkita tayo sa mall. Di ko siya kilala Aki”

“eh? Nandeyo? But tito asked you for a date!” patay!!! Napatingin saakin si kuya Lavi. Kasi naman ang daldal naman ni Aki. Napatingin ako kay Aki mangiyak ngiyak na siya >__<

“anong date yang sinasabi niyan?”

“wala kuya! alam mo naman ‘tong bata minsan malikot ang imagination haha”

“ang bata hindi nagsisinungaling” sabi ko nga -_____-

Tumingin ako sa oras 10am palang. Tatlong oras ang byahe ko siguro para makarating dun. Pupunta ba ako? paano yung lakad namin ni kuya? who will I ditch? Kuya or Lance? am I that bad?

“Kuya! favor paalaga muna si Aki. Puntahan ko si Gail!”

“Gail? Talaga lang ah. O yung date?”

“KUYA! who will I date? Nakakaloka ka ah. Wala nga akong boyfriend tapos date?” si kuya Lavi naging masungit na saakin yan. Minsan hindi na ako pinagbibigyan. Kainis

“hwag na. si Gail nalang ang papuntahin mo dito” minsan naiinis na ako sa pagiging protective niya saakin. Ganun din si Kuya Rex pero mas maluwag ng konti si kuya Rex and about kay kuya Shizu naman hinahayaan lang niya ako. minsan kasabwat ko pa yan sa takas >__< si kuya Lavi lang talaga mahigpit saakin.

Sabi na di ako papayagan nito. Lalo pa nalaman kasing nagtext si Lance saakin nung isang araw. When I was laughing kasi nagseselos siya kay Aki. Without knowing na bata pala ang pinagseselosan. I don’t know natutuwa kasi ako pag ganun si Lance. never kasi siyang naging ganun saakin. Oo nagseselos siya pero lagi siyang galit noon. Unlike now medyo nagbago siya. but still, what will I expect from a Lance Mariano nga naman? Abnormal siya eh.

Abnormal siya kaya mahal ko siya.

“pero kuya may pasok kasi si Gail kaya----“

“may pasok siya bakit mo siya pupuntahan? Mangugulo ka lang” aww. He’s too strict!

“Miyuki kung makikipagkita ka lang kay Lance, ngayon palang sinasbai ko na. Hwag na” umakyat na siya para pumunta sa kwarto niya. we’re back in our old house na nga pala.

“Aki. Please don’t tell na nagkita kami ni tito mo ah. Magagalit kasi yung mga kuya ni tita. Kaya quiet lang hah. para mag-play ulit kayo ni tito next time”

“EYE EYE CAPTAIN!” nagsalute pa siya. napaka obedient na bata. Buti nalang halos ako na ang magpalaki sa batang ito! Napapasunod ko tuloy sa mga gusto ko hahaha.

Well then, makakapunta pa kaya ako? di naman sinabi saakin kung anong oras so probably mga gabi na yun kaso may pupuntahan kami mamayang gabi.

Naligo na muna ako at nag-isip kung paano ako aalis at kung anong palusot ang sasabihin ko kay kuya. sana naman may gawin siya. nanuod lang kami ni Aki ng Cartoons. Nagiging bata ako ng dahil sakanya. Sa panunuod namin nakatulog na si Aki. Ako naman si mabait na tita binuhat ko siya at inihiga sa kama ni kuya Rex.

Pababa na ako nung Makita ko si kuya Lavin a nagmamadaling lumabas ng bahay. YOSH! Haha. Tumakbo ako agad papasok sa kwarto ko at nagbihis! Ano bay an! Kung kelan mas tumanda dun pa parang naging teenager na tumatakas pag may gala!

“MANANG! Paalagaan po si Aki ah. Aalis lang ako” hindi ba’t parang exciting din naman ang ginagawa ko? yung tinatago yung acts ko! oo alam nila kuya na mahal ko si Lance. halata naman ako kapag napag-uusapan nila siya. maaring halata na din ako kay Lance pero minsan may pagka dense yun kahit parang halata na niya hindi pa din yun mag-aassume. Mali! Feelingero nga pala siya. kaya pwede din na nag-aassume siya.

Mahirap din kasi hulaan ang nasa isip niya. abnormal nga kasi siya! kaya dati hindi ko alam kung nagseselos ba siya o may babae lang talaga siyang tinatago. Yun pala iba :/

Buhay ko pala at hindi babae ang tinatago niya. Plus the fact na nagpunta siya ng Japan pero pinaalis siya nila kuya. PLUS narinig niya yung mga sinabi ko about wanting to forget about him PLUS he saw the kiss PLUS pagsasawalang-bahala ko when I saw him the first time. Despite the fact that I was so rude to him, despite the fact na parang pinapaasa ko siya here he is still waiting for me to return to him.

Pumunta na ako sa beach resort that he was talking about. Siguro naman hetong beach lang na ito ang sinasabi niya kasi ito lang naman ang pinuntahan namin doon with his cousins Claire and uuugh who's the other boy again? I forgot his name.

4pm na nung makarating ako. no sign of Lance. napaaga siguro ako. sorry naman excited ako eh! Joke. Kasi he said na may hinanda siya so assumed na nandito na siya by this time. Or maybe hindi na siya pupunta kasi busy buddy din siya. may work siyang ginagawa and he's still studying.

Nakaupo lang ako sa may cottage doon. Wala gaanong tao dito. So peaceful. Ang nadadama ko lang yung hangin. Yung pag-alon. Lumalakas na nga ang alon. Maganda dito nakakatanggal ng mga iniisip.

"Sharlot?" parang nagulat pa siya nung Makita ako.

"yow. You're late" yan nalang lumabas sa bibig ko habang nakatitig siya saakin. Parang di ata siya makapaniwalang nandito ako.

"sorry ah! Napaaga ako. masyado kasi akong excited" Sarcasm. Pero believe it or not hindi ako naiinis. Gusto ko lang magmukhang sarcastic.

"sorry, late ako. akala ko kasi---"

"akala mo hindi kita sisiputin kasi galit ako sayo."

"no"

"eh ano? Na magpapalate ako dahil gusto kitang maghintay?"

"no" loko to ah! Eh ano pala? Ayoko na nga manghula nagmumukha akong ewan.

Funny ngayon ko lang napansin yung suot niya nakapambahay pa siya haha. Tsinelas, shorts and dark blue t-shirt.

"what's up with your outfit Lance Mariano? Hahaha akala ko ba may date tayo! Hahaha" napakamot siya sa ulo.

"kagigising ko lang kasi" what? HAHAHA hindi ko mapigilan yung pagtawa ko! hello? Alas sais kagigising lang niya? anong ginawa niya? hahaha

"hwag mo ko pagtawanan! Nagmadali ako dito nung nakita ka ni Claire. Tss"

“tell me. Di ka ba natulog kagabi?” nahihiya pa siyang tumango.  “why?” kahit papaano naman concern ako sa health ng tao.

“tinapos ko yung thesis paper ko”

“IN A NIGHT?” GRABE! IS HE FOR REAL? IN ONE NIGHT? THESIS! THE HECK?

“finalization lang naman. Relax. After that pumunta na ako agad dito to set-up something pero sablay. Akala ko natanggap mo yung text ko”

“what text?” wala akong nabasang text!

“hindi kasi nahanda agad kaya sinabi ko na bukas nalang” anu ba yan. Tumakas ako sa wala. Kay. Ako na disappointed. Swear! First time ‘to nangyari. Ibang surpresa ang nakuha ko!

“okay so aalis na ako. bye” I heard enough of his explanation today. So I must go and---

“wait. Tutal nandito ka na” hinawakan niya yung kamay ko. “dito ka nalang, maybe I disappointed you. Kaya—“ napakamot siya ng ulo niya. nahihiya pa yata. Ayan nanaman siya sa kamatis na mukha niya. hahahaha. Gusto ko siya tawanan swear! Kaso baka isipin naman niya tuwang tuwa ako sakanya.

Pigil lang Sharlot. Nakatingin lang ako sa kamay niyang nakahawak sa kamay ko. parang ewan kasi parang first time niya akong hinawakan sa kamay. Parang never ko pa siyang nakita. I mean. MIYUKI STOP THIS NONSENSE HILAIN MO YUNG KAMAY MO >_______<

Kaso ayoko.

Nagpahila nalang ako kung saan man niya ako dadalhin. Sayang din kasi nandito na ako tapos uuwi lang ako. hindi worth it kung pagagalitan ako ni Kuya Lavi. Pero isn’t it exciting? Masarap pala gumawa ng mga binabawal sayo!

“wait? Dito mo lang ako dadalhin? Pinalayo mo pa!”

“wait for me here, okay?” what the? And now iniwan ako? biglang tumakbo. Madilim na kaya! PATAY KA SAKIN LANCE PAG-INIWAN MO AKO DITO!

Mga 5 minutes nakabalik na din siya. then narinig ko yung pag-strum ng guitar. No way!

“KAKANTA KA???” nabigla ako masyado! Haha.

“PLEASE LANCE NO! SINTUNADO KA! MAAWA KA SA TENGA KO! HAHAHA”

“akala mo lang. nahihiya kasi ako pagmadaming tao” eh?

Pagka-pluck palang niya nung sa guitar. Alam ko na agad yung kanta.

“duet?” he asked. Nakasmile pa siya. wait! If ever first time ko siya makakaduet! Sige na nga! Kahit na sintunado siya hehe.

“Naranasan mo na ba
Mawalan ng makakasama? “ of all songs! Bakit heto naman kasi ang ginigitara niya?
“Sa gitna ng daan
Hindi alam ang pupuntahan” I have to admit. Maganda naman pala ang boses niya. kinabahan lang siguro talagasiya nung kumanta siya sa public.
[ Lyrics from: http://www.lyricsty.com/paraluman-tabi-lyrics.html ]
“Huwag mag-alala
Hindi kita pababayaan” kainis yang titig niya. nakaka conscious talaga

“Sa iyong tabi
Ako ay iyong mahahawakan”

after that tumigil siya. umupo siya sa harapan ko. wait! Kinikilig yata ako? hwag naman >__<

"ganyan ako nun nung mawala ka sa tabi ko. ang bakla ba?” tumawa lang siya tapos nag strum ulit siya, this time yung kanta yung bata naman.

‘Sa bawat galaw, napapatingin
Unti-unting tinuturo ka sa akin
Sa bawat ngiti na may lambing
Ako'y unti-unti mong pinapa-ibig’

OMG! Hwag niya ako tinititigan! Napapaiwas tuloy ako ng tingin! Feeling ko kinakantahan naman niya ako! kasi naman eh. Ang sama ni Lance. hindi naman niya ako dapat titigan. Nakaka conscious! His voice Plus his smile equals FINE KINIKILIG AKO!

‘Katulad ka ng isang umagang may ngiti
Katulad ka ng hangin sa aki'y dumadampi’

“Lance tama na nga. Nasisira na eardrums ko sayo >__<”

Tuloy lang siya sa pag-pluck kahit nadistract siya sakin. Pero ngumiti lang siya tapos tinuloy yung kanta

“Na ako sa 'yo'y maghihintay
Na ako sa 'yo'y nag-aabang”

“LANCE NAMAN!”

“Katulad ng isang bata na umiibig” nilapag niya yung gitara sa may sand. Nakaupo lang kasi ako sa bato at siya nasa harapan ko naka squat sa sand.  Hinawakan niya pareho yung kamay ko.

“nung isang araw friends na tayo diba?”

“oh tapos? Yung kamay ko Lance” ayan nanaman ako sa pagsusungit ko pero lalo naman humigpit hawak niya saakin.

“pwede na ba ako sa step 2?”

“hah?”

“Sharlot I’ll court you”

“Lance kasi. Can we just be friends? Like this? Kasi---“ natatakot ako sa mga kuya ko.

“galit ka pa din ba sakin? I’ll tell you everything pero not all. Kasi Sharlot---“

“no need Lance. alam ko na lahat. As in everything. About sa pagligtas mo sakin, na sinubukan mo humabol saakin sa airport, yung pagsunod mo sa Japan. Alam ko na lahat.”

“including my brothers actions. Alam ko na lahat. Alam kong yung ang ayaw mong sabihin saakin”

“kung ganun bak---“

“Lance. are you still expecting na may feeling pa ako for you? Lance para sabihin ko sayo---“

“no. hindi ako nag-eexpect. It’s okay.” Tumayo siya. err iiwan niya ako dito???

“LANCE!!!!” may kung sinong babae ang tumatawag sakanya ngayon.

“YUN! Nandito ka lang pala! Diba tutulungan mo ako? c’mon! help me.” Hila-hila na niya yung kamay ni Lance nung mapansin niya ako dito “Oh. kasama mo pal ayung girlfr-“ binitiwan niya yung pagkakahawak.

“shut it hindi ko siya girlfriend. Bukas nalang Celina.”

“woah bad mood pare? LQ ba?”

“tumigil ka nga. Bumalik ka na nga dun”

Si Celina yun kung hindi ako nagkakamali. Siya yung babae na tinulungan ni Lance. bakit close sila?

Help her with what? -____-

Court courtin mo ang mukha mo Lance.

**Chapter 25: Phone Call**

Ewan ko pero naiinis lang ako. di ko dapat ipakita. Dapat understanding! Sinusuyo ako ni Lance pero here comes Celina. Ano bang meron?

“Lance!” tinawag ko siya nung parang aalis na siya. nakakainis.

“about dun sa sinabi ko. kasi hindi ba parang ang bilis kasi? N-nabigla kasi ako” tumingin siya saakin kaya nag-iwas ako ng tingin. Nilaro-laro ko pa yung buhangin para hindi lang niya Makita mukha ko! NAKAKAHIYA KASI! Ano ba ‘tong ginagawa ko? baka sabihin niya pagkatapos ko siya i-turn down heto ako at pinipigilan siyang umalis!

Lumapit siya saakin at ngayon alam kong nasa harapan ko na siya.

“What do you mean? Mali ba ang interpretation ko sa sinabi mo?” eh?napatingin tuloy ako bigla sakanya. Yung kaninang badtrip na aura niya parang wala na. napayuko ulit ako kaso hinawakan niya yung chin ko para muling tumingin sakanya.

“kasi Lance a---“ hindi ko masabi. Ewan ko. tapos dagdag pa ‘tong cellphone ko na biglang nag-ring

“hello?”

[nasan ka?] patay si kuya!!! napatayo ako bigla.

“neh nii-san. Uuwi na ako. sorry di ako nagpaalam kanina. Ano mga 9pm na ako makakauwi kuya.”

[saan ka ba? Are you with Lance?]

“KUYA NO! hindi. Hindi ko siya kasama. Uuwi na ako.” binabaan ko na siya kasi baka bigla pang magsalita si Lance. natatakot ako.

“Lance hindi naman siguro masama kung---“

“natatakot ka sa mga kapatid mo?” I was struck by that question. Gusto kong sagutin kaso ayoko.

“alam ko namang galit sakin mga kapatid mo”

“ I’ll wait. Okay na ako sa ‘friends’ muna.” Tuloy nya. Hindi ko alam na wala na din pala si Celina. Kahit papaano pala marunong makiramdam yun ng tinatawag na privacy.

“hindi kita mahahatid sainyo. Sorry” ouch.

“okay lang. dala ko yung sasakyan ko.” hindi ko alam na sa simpleng salita niyang ‘hindi kita mahahatid. Sorry’ na yan masakit din pala. Parang nag-eexpect din kasi ako. pero kasi masakit din yung nasabi ko kanina. I can’t blame him for that.

9:20 ng makarating ako sa bahay. Kuya was waiting there sa may sala.

“san ka galing?”

“pwede kuya, kadarating ko lang” nilagpasan ko siya. ewan ko pero sinubukan ko naman kasi maging understanding. Sinubukan kong intindihin sila kuya at dahil tapos na nga din kaya hinayaan ko.

“nakipagkita ka ba kay Lance?”

“Kuya Lavi ano ba! Nakakainis ka na sa pagiging overprotective mo ah! Pwede kahit minsan lang hindi ko sabihin sainyo kung saan ako pupunta at kung kanino ako makikipagkita? Ever since sa Japan ganyan kayo! Kaya nga ang saya ko nung wala pa kayo dito sa pilipinas eh! Kahit ilang araw lang yun! Okay na ako kasi kahit papaano nagawa ko yung mga gusto kong gawin! And besides kuya---“

“so you were with him.” fudge! Hindi ko nalang siya pinansin kasi naiinis ako. pinalagpas ko na nga yung ginawa nila noon.

Pag naaalala ko mga reasons ni Lance. hindi ba’t reasonable naman talaga siya? pumunta siya ng Japan pero pinagkait nila saakin na Makita at makausap man lang siya.

Nilayo nila ako kay Lance masyado. Oo choice kung pumunta doon pero dahil nabibigla lang din ako! dahil sa mga nangyayari. Dahil nasasaktan ako.

Heck! Hindi ko na alam ang iisipin ko. para na akong mababaliw.

“Hime masasaktan ka lang” napatigil ako sa paglalakad at saka humarap sakanya. “kuya, tingin mo hindi ako nasasaktan ngayon? sa mga nalalaman ko NGAYON NGAYON LANG? kuya tingin mo hindi ako nagagalit? Tinanggalan niyo ng karapatan yung tao kuya! pati na din ako! parang ayaw niyong ipaalam saakin yung totoo! Kuya nakunan ako noon kaya sana pinakausap niyo naman saakin si Lance nung nadedepress ako! pero kuya kahit anong galit naman gawin ko sainyo wala pa din! Kapatid ko pa din naman kayo. Alam ko na pinoprotektahan niyo ako. pero nakakainis lang kasi talaga minsan! Kung kelan mas tumanda ako dun pa mas madaming bawal! Ano ako? HIGH SCHOOL STUDENT?”

Ni patak ng luha walang lumalabas saakin. Ayoko na kasi maramdaman yung sakit. Kaya kahit nasasaktan na ako hindi pa din ako umiiyak. Minsanan na lang. kasi namamanhid na ako sa iba. Parang kumpara ngayon mas masakit yung noon. Kaya siguro ngayon hindi ko alam. Marahil nakakainis na yung ugali ko. pero wala akong pakialam kung ano ang isipin nila saakin.

Iba na ako. hindi na ako yung dati.

Hindi na ako yung iyakin.

Nagkulong lang ako sa kwarto ko. si Dwayne nakahiga siya sa kama ko kaya siya ang niyakap ko. naiinis ako sa mga kuya ko.

Nagagalit ako. pero kuya ko pa din sila. Kelangan ko silang intindihin.

Pero inintindi ba nila ako? :(

“Dwayne! Nagalit ba yung si Lance kanina sa ginawa ko?” haist. Sumagot ka naman Dwayne. Nalulungkot kasi ako. parang laging ako yung dapat masaktan!

Itetext ko ba siya?

[Lance! sorry kanina ah]

Teka erase! Too casual! Parang hindi ako sincere!

Umupo ako at nagtype ulit ng itetext ko.

[psst! Friends tayo diba? Thanks nga pala kanina!]

Tange Miyuki! Anong pinagsasabi mo? >__< erase!

[about sa nangyari kanina, sorry.]

Buburahin ko nanaman sana kaso bigla kong napindot yung call!!! Hala!

END END END! Ayaw ma-end bakit ngayon pa nagtopak ang cellphone ko??? END SABI!!!!

---in call---
-Lance Pangit -

hala!

[oh bakit?] ang husky ng boses. Este! Ano bang sasabihin ko?

“a-ano kasi”

[Sharlot?] parang nagulat pa siya nung nagsalita na ako.

“s-sorry nagising kita?”

[parang ganun na nga. Napatawag ka?] feeling ko talaga hindi niya inaasahan na tatawagan ko siya. ako din naman hindi ko inaasahan na tatawagan ko siya. -_____-

“wala naman napindot ko lang. sige goodnight”

[teka! Hwag mo muna ibababa.]

“sayang load ko eh. Saka accident lang talaga---“

[sige ibababa ko na.] napaka-obedient niya ah! At binaba nga niya! tss.

Humiga nalang ulit ako. at saktong pagkahiga ko yung cellphone ko ay nagring! Ewan ko pero ako itong sinagot agad nung Makita ang caller! >__<

“oh? may nakalimutan ka?”

[ako kasi tatawag para di sayang load mo] edi siya na nga ang mayaman sa load!

Parang ewan kami. 5 minutes yatang walang nagsasalita saamin.

“ah Lance”

[bakit?]

Paano ba? Eerr >__<

“friends naman tayo diba?” hindi na siya sumagot. Siguro nakatulog na siya.

“hoy Lance! gising pa?” di pa din siya sumasagot -.-

Natahimik ulit ako ng mga tatlong minuto pa. hindi talaga siya nagsasalita. Nakatulog na siguro.

“sorry kanina Lance.” nilapag ko na yung phone ko sa kama ko at saka ako nahiga. Hindi ko na in-off yung call. Bahala siyang maubos load niya. tinulugan niya ako eh! Kainis.

Kinuha ko si Dwayne at saka ko siya niyakap.

“yung nagbigay sayo abnormal! Tinulugan ako. maubos sana ang load niya!” pero syempre mahina lang yung boses ko. baka mamaya niyan gising pala siya.

“pangit niya pa. nakakainis pa ugali niya”

“mayabang siya”

“punong puno ng self confidence sa katawan!”

“sira-ulo siya pero sana nalaman ko agad mga rason niya. para hindi niya sinarili yung nararamdaman niya. para sana kahit papanu kasama niya ako. pareho kami. Kami lang din naman magdadamayan. Kasi kami ang may problema. Hindi naman yung mga taong nakapaligid saamin noon.”

Yun nga lang ang daming maling desisyong nagawa namin pareho. So I cannot blame him and he cannot blame me too.

Gusto ko laging makasama si Lance. Gusto ko makabawi sa ginawa nung mga kuya ko.

Nahihiya ako kay Lance.

Pero mahiya naman sana siya saakin! Hwag niya ipapakita si Celina saakin ulit! >__<

**Chapter 26: kaba**

After nung phone call hindi ko na ulit siya nakausap. Ni hindi nga niya ako tinetext. Namimiss na nga daw siya ni Aki. Natapos ko na nga din pala yung design nung hotel na gusto niya. ang ginawa ko dun tipong feel at home lang ang mag-check in. hindi siya kalakihan pero maluwang siya. all in all may 40 rooms lang siya. 10 per floor ang ginawa ko. hindi na ako nagtanong kay Lance kung anong gusto niya. edi kung ayaw niiya aba edi punitin niya!

Hindi ko nga alam kung anong ginagawa ko dito sa harap ng bahay nila. Nakakahiya ako!

“hwag na nga!” I said, back-out! Hindi ko nalang pala ibibigay tong design. Paano kung wala naman siya dito?

“ate? ATE SHARLY! IKAW NGA KYAAAAAAAAAAAH!” bigla akong dinamba ng yakap ni Xyla. Nakakaloka ‘tong batang to! Haha. Hindi nap ala siya bata. Dalaga na pala daw.

“NAKS! Ate anong ginagaw amo dito? Namiss kitaaa!” napatingin naman daw ako sa kasama niya na nasa likuran niya. ah! Kilala ko ‘to! Nakita ko na siya dati. Ang alam ko. kelan nga ba?

Napansin ata yun ni Xyla na nakatitig lang ako sa kasama niya.

“ay ate! Hwag mo pansinin yan julalay ko yan! Hihihi.” Tanda ko na! si Louie! Yung nagpaalam kay Lance na yun nga. Sila na nga ata ni Xyla? O liligawan? Ay ewan! Basta siya yun

Dalaga na nga! Hehe

“Ah ate pasok ka muna”

“naku hindi. Dumaan lang ako para ibigay ‘to sa kuya mo. Pakisabi nama---“

“ate wala si kuya. 1 week na din po nung umalis siya. nagpunta po kasi siyang Milan. Sabi nila medyo matatagalan daw siya dun. May business echos daw kasi.” Asdfghjk!!! Bakit di niya sinabi sakin???

Miyuki baliw ka ba? Paano niya sasabihin sayo kung ikaw ng amismo nantataboy sakanya! Baliw ka na!!!

“a-ah ganun ba. Sige pabigay nalang din hah. yan kasi yung sa---“

“WOW ANG GANDA!!!” okay hindi pala niya ako pinapakinggan >.<

“sige po ate makakrating po kay kuya. saka sabihin ko na din po na namiss niyo siya kaya kayo dumaan dito! Hahaha”

“Xyla! Adik ka talaga”

“syempre joke lang. sigurado po ba kayong ayaw niyong pumasok sa loob? nandyan kasi si mommy ipapakilala ko kasi si Louie kaya----“

“naku hindi na! may importante din kasi akong pupuntahan eh” liar Sharlot! Gusto ko kaya pumasok! Kahit kumustahin lang sana si Tita Lian. Kaso nahihiya ako.

“bye Xyla” I kissed her sa may cheek na saka na ako sumakay sa sasakyan ko.

Di man lang nagpapaalam! Kainis.

Sayang! Di ko nadala yung puso niya nung nasa mall kami!

Yuck! Ano ba tong sinasabi ko!

Araw-araw parepareho lang ginagawa ko. inaalagan si Aki, lumalabas kasama sila Gail. No interaction with Lance at all. Hindi din siya nababanggit ng barkada.

As in no LANCE AT ALL!

Kumusta naman kaya siya sa Milan? May mga nakakadate na kaya siya dun ngayon? >.<

“hey you‘re spacing out again. What’s the matter with you?” I’m with JL. di ko alam kung bakit siya kasama ko. si Gail kasi busy sa thesis thingy niya.

“hah? w-wala naman. “

“kanina pa ako dito dada ng dada. And look! Wala palang nakikinig.” Nasa restaurant kami ngayon. at di ko pa din tanda kung bakit ko siya kasama.

“sorry JL. I’m not in the mood today”

“so do I Ms. Parco so mind you mahal ang bayad ko dito”

“what?”

“the foods and the drinks of course! You called me for what? To stare these foods? To ignore me? O’cmon! Ano ba talaga hah?” kahit kelan ang taray talaga nito sakin.

Tinawagan ko pala siya?

“wala naiinis kasi ako”

“Gosh! Diretsohin mo pwede? May date pa ako mamaya! So please. Cut the nonsense parts”

“great! Thanks! Anyway, it’s about Lance!” I finally confessed. Kaloka! Kahawa naman si JL kung maka-english! Di naman ako madalas mag-english eh.

“oh what about him? don’t worry may iba akong Lance.” eh? Ano naman daw ang sinasabi niya?

“don’t mind me Miyuki. Go on”

“well nasabi ba niya sayong umalis siya?”

“oo bakit?”

“WHAT?”

“talk about fuss” she said irritated.

“bakit di niya nasabi sakin? Bakit sayo? I mea---“

“like hello? Girlfriend lang? alam din ni Ales I think? And even her boyfriend kysler?”

“bakit di ko alam?”

“aba! Nagtanong ka ba? almost two weeks na siya umalis. As far as I know, business related. Busy person masyado ang manliligaw mo”

“hindi ko siya manliligaw.”

“oh gees! Ewan ko sayo. Tinataboy mo nanaman ba siya? gusto mo ba siyang mawala sayo ng tuluyan? Sabihin mo lang pwede ko siya agawin sayo. Same tactics when we were still in high school. I can do that. Just tell me” patawa-tawa pa niyang sinasabi yan. Masamid ka sana >__ <

“alam mo halatang halata ka pag ako kausap mo or si Lance pero sa mga kaibigan mo ayaw mo pa sabihin. Like what the hell right? So you trust me that much? I can make your life miserable again you know!” baliw talaga siya. di ko siya ma-gets. Hindi ko tuloy alam kung kaibigan ko na ba siya o hindi. Sinisiraan niya sarili niya sakin eh.

“baliw!i trust you! Kaya nga I told you first about my feelings. It was damn hard to hide, to act like I don’t like him anymore”

“gaga! Like? Haha you kidding me? That’s L-O-V-E dear. Love” I rolled my eyes after she said that. Napakadirect to the point! Yung tipong maasar ka sakanya kasi may point siya!

“tingin mo galit siya sakin?” ewan ko ba! Bakit sakanya ako nagtatanong? Pwede naman si Ales! Kaso si Ales kasi close siya kina Gail. Baka masabi pa niya kina Gail ‘to. Edi ako naman yung lagot? Ayoko sabihin kina Gail. Ayoko kasi silang mag-expect na something will happen between samin ni Lance. pangit lang.

“hindi. Pero maybe disappointed. Oh I heard something about this Celina. Maganda ba? Kakalbuhin ko na ba? Just tell. I’ll do that for you. Haha. I’m itching to pull somebody’s hair again! HAHAHA” psycho JL >.<

“I know nothing about Celina. Pero ang alam ko tinutulungan siya ni Lance” eeerrr bakit ba siya ang topic!

“I heard that too. So like Erick’s twin lang pala ang drama niya. gosh! I wanna see her and rip her!!!”

“you’re speaking like---“ hindi niya ako pinatapos magsalita dahil siya na nagtuloy “grim reaper! Hahaha I’ll welcome her to hell! Hahahaha”

Anyway, natapos yung lunch namin na wala naman nangyari. No information about Lance and such. In short, walang kwenta na kinausap ko si JL. puro paniintriga lang naabot ko. sabi nga niya saakin dapat daw pala sinulot nalang niya si Lance.

Okay? Pag kay JL I don’t feel anything weird pero pag kay Celina naiinis ako :/

Sino ba kasi yun?

Mabilis lang natapos yung mga araw. Ganun pa din naman. Boooooring! Walang party, walang gala. Walang barkada.

Walang WORK! Dakilang tambay ako.

“Hime! Ibigay mo nga ‘to kay Seiji mamaya” isa akog dakilang katulong dito sa bahay. :/

So heto naman daw ako pumunta sa guest room. Dun kasi nagstay si Seiji. Kasama niya syempre dun ang anak niya. minsan naman nauwi naman sila sa condo niya. mas gusto daw niya dito kasi daw may mag-aalaga kay Aki. Sino pa? EDI AKO! KATULONG NA YAYA PA! san ka pa? -____-

“here’s the document sir Seiji” asar kong sabi

“thanks you may go now” aba! Kinareer naman daw nila ang pagkakatulong sakin dito sa bahay! May inaayos kasi siya sa laptop niya. parang sales chuva! Di ko gets! Sila na ang may work! :/

“Miyuki tell Lavi that he’ll be meeting with the---“

“fine fine” di ko na siya pinatapos at pumuta agad kay kuya.

“kuya!” ano ba to? Pass the message lang? ako ang nagbibigay ng mensahe? >.<

“oh?” heto naman nanunuod ng NBA -.-

“yung imemeet mo daw” napatingin siya sakin at saka nasapok niya yung ulo niya. parang he’s saying na ‘patay!’

“napanu ka kuya?”

“go change now!”

“what? Para san?”

“magbihis ka nalang!”

Oh no! parang may mali :/

Hindi na ako nagtanong pa kasi panigurado msasabaw lang din naman ako kay kuya Lavi. Lalo na’t mainit pa ulo niyan sakin. So nagbihis nalang ako and ewan ko! nasa car nalang kami ni kuya.

Pero kinakabahan ako swear!!! Saan ba kami pupunta? Bakit ako kasama?

## Chapter 27: Shocking truth!

Hindi ko alam kung saan at kung bakit ako kelangan pa ako isama ni kuya. isang oras din bago kami nakarating sa isang restaurant, matraffic din kasi. Maganda at maaliwalas ang lugar. Masarap sa mata, one thing: mukhang mamahalin.

“tara na” lumabas na si kuya sa car na sinundan ko naman.

Kiakabahan ako. nakasuot lang ako ng normal na panglabas. Bakit naman ako magpapaganda? Magpapaganda ako para sa sarili ko at hindi para kung kanino. Pero sino ba kasi ang ipinunta namin dito?

“kakain ba tayo?” tanong ko nagugutom na din ako.

“very clever Hime. May imemeet tayo” sabi ko nga! Eh sino ba kasi? Ang dami pang alam! Pwede naman sa office nalang nila kuya kung client man niya yan, o kaya sa bahay kung kaibigan! Kinakabahan tuloy ako pag ganito!

Sa Japan kasi ilang beses nila akong isinabak sa BLIND DATE! Yuck! Masyado silang atat na makalimutan ko si Lance kaya nga isa din ito sa mga dahilan kung bakit minsan umaarte nalang ako na wala na talagang nararamdaman kay Lance. si Jake! Siya lang umiintindi saakin pag nag-eemo ako sa Japan. As much as possible hindi ko sinasabi kay kuya rex at kuya Lavi. Buti pa si kuya Shizu at si Seiji.

“sino ba kasi yan Kuya?” hindi pa din kami nakakapasok sa loob. ayoko pumasok kasi natatakot ako!

“kaibigan ko”

“Kuya!”

“Hime, I am not setting you up with him okay? Ang akin lang mangilala ka naman ng ibang tao!”

“pero kuya!”

“this is not a date, I am not telling you to date him. makipagkaibigan ka lang” saka niya ako tinalikuran at naglakad na siya papasok sa loob kaya kahit labag pa sakin pumasok na din ako.

Nandito naman si kuya, hindi siya date. Hindi siya date. Kaibigan siya ni kuya. kikilalanin ko lang. teka? Hindi ba parang pareho lang yun?

Bago pa ako makapag-react nandito na pala ako sa harapan ng kaibigan ng kuya ko.

“Miyuki meet Steven my besfriend’s brother.” May bestfriend pala si Kuya? teka nga? Kapatid ng bestfriend?

Napatingin ako kay Steven, pangiti ngiti pa. mas matangkad siya saakin ng kaonti pero parang pareho lang sila ni Lance ng tangkad. Yung buhok naman parang kay Kysler lang.
Nginitian ko nalang din siya. as much as possible ayoko magsalita. Baka kung anong masabi ko. pero tulad ng sabi ni kuya hindi ito isang date.

Umupo na kami. Talk about awkward! Hindi din nagsasalita si Steven. Si kuya naman parang napansin na din.

Most of the time, sila lang din nag-uusap. Sila lang din naman nagkakaintindihan sa pinag-uusapan nila. Hello? Anong malay ko sa NBA? Anong alam ko sa kuya ni Steven? Wala naman!

At heto na nga ang kinakatakutan ko! umalis lang ako saglit para mag-cr pero pagbalik ko wala na si kuya sa table. Kinakabahan tuloy akong bumalik sa table namin.

“s-si kuya?”

“umalis na, may tumawag kasi sakanya. Emergency daw”

“ah, so aalis na din pala ako kung ganun”

“ihahatid na kita”

“wow hatid agad?” sabi ko syempre with sarcasm in my tone.

“binilin ka sakin ng kuya Lavi” kung maka-kuya! kuya mo? >__<

Pero mukha naman siyang mabait. Bakit ko ba tinatarayan? Haha. Nababaliw na yata ako!

“sige hatid mo ko” I said. Pakapalan na kasi ng mukha. Kesa gumastos gamitin ang pwedeng gamitin!

Habang nasa loob kami ng sasakyan, hindi naman mawawala yung katotohanang naiilang kami sa isa’t isa. Natural alam namin na parang naset-up na din kami ng mga kuya namin. Kahit sabihin na kilalanin, ganun pa din naman yun.

“so ilang taon ka na?” siya ang unang bumasag ng katahimikan.

“21 na ako”

“22 naman ako” same age lang sila ni Lance. bakit ba ako puro Lance? tse! Mabulok siya sa Milan.

“anong tinapos mo?” syempre ako naman itong nagtanong.

“Psychology.”

“nice.” After that tumahimik nanaman kami. Pero compared naman sa mga unang pinakilala saakin ng mga kuya ko, mas gusto ko naman siguro itong kasama. Hindi kasi siya tulad nung iba na ang aggressive. Yung tipong kukuhanin agad yung number and gusto mag-date kami agad kinabukasan! Si Steven kasi hindi, yung feeling na kahit di mo siya kilala parang tingin mo safe ka sakanya. Though, hindi matatanggal saakin yung pagkawalang tiwala sa taong bagong kilala.

“Steven daan lang ako sa mall” nakita ko kasing malapit na kami sa mall. Naisip ko si Aki baka gusto niya ng bagong laruan.

“sige” pagkapark niya akala ko naman aalis na siya, pero bumaba din siya

“teka? Sasama ka?” I asked

“you’re my responsibility now. so if you don’t mind” nakangiti pa siya.

“osige na nga! Tutal mukha ka namang mabait”

“mukha lang?”

“oo mukha lang di pa kasi kita kilala” natawa nalang siya sa sagot kong yun. Pero parang mabait naman kasi talaga siya.

Hindi naman yata siya masyadong nagtaka nung bumibili ako ng laruang pambata actually tinutulungan pa nga niya ako.

Habang kasama ko siya, habang tumatagal, nagiging komportable na ako. para siyang sila Kysler! Sina Dennis. Para lang siya sila kaya hindi ako natatakot sakanya. Ayos naman siya eh.

Para lang siyang si Jake. Mabait at gwapo.

“sorry pala ah” napatingin naman ako bigla sakanya. Hinihintay ko pa kasi yung mga next niyang sasabihin. Nakakapagtaka naman at nagsosorry pa siya!

“san naman?”

“kasi sila kuya tapos yung kuya mo. Tss. Nalaman kasi nila na wala akong girlfriend. Pero don’t worry! Hindi naman ako masamang tao at lalong di naman kita liligawan. Bigla kasi nila tayong sinet-up. Feeling ko dahil sakin kaya ganun” diretso lang siya sa paglalakad. Hindi siya tumigil at ganun din naman ako.

“Steven”

“steve nalang”

“okay Steve.” Daming arte. “feeling ko din kasalanan ko, kasi I was with my ex last time. Sina kuya kasi ayaw sa ex ko. they are that eager to replace him. parang As soon as possible lang ang gusto nila. Hindi ko sila masisisi, kuya ko sila, nandyan yung pag-aalala nila saakin. I know they love me so much” nag-eemote nanaman ako! si steve kasi!

“bakit? Ginago ka ba ng ex mo?”

“I thought yes. Akala ko iniwan niya ako ng basta basta. Pero I thought wrong. Haha. Pero kahit napatawad ko na siya, sila kuya kasi hindi pa.”

“gusto mong makipagbalikan sakanya?”

“sa ex ko? makikipagbalikan ako sa ex ko? haha. Nagpapatawa ka ba?” actually hindi ko alam.

“kung makikipagbalikan ba ako kay Lance? ewan ko.”

“mahal mo ba?” teka nga? Close na kami ni Steven? Pero bakit ang komportable ko sakanya? >__<

“ewan ko”

“oo o hindi lang yan Miyuki” tumigil siya sa paglalakad at hinarap ako.

“oo pero hindi ibig sabihin makikipagbalikan na ako” hindi ko alam, pero hindi saakin nakatingin si Steve kundi sa likuran ko.

“ Wow Sharlot” nagulat ako sa biglang tumawag saakin. Si Gail.

“Gail?” hindi pa din ako makapaniwalang nandito siya.

“alam mo Miyuki alam ko yung efforts na ginagawa ni Lance ngayon sayo. Alam ko yung date na muntik mo ng hindi sinipot, yung pagkakaturn down mo sakanya. Alam ko yun” what the hell? Panu niya nalaman?

“nagtataka dahil alam ko? malamang may common friends tayo right? Anyway, nung nakarinig ka lang ng Celina biglang okay na! parang natakot ka na baka mawala ang attention sayo ni Lance kaya sinabi mong okay na, hell miyuki! I was a psychology student back then! Ang pangit lang kasi, we thought na malaki talaga yung pag-asa na maging okay at mas open kayo sa isa’t isa kasi yung mga kilos mo towards Lance! lahat ng yun may meaning samin! Ang akala namin binibigyan mo siya ng chance! pero Miyuki diretsuhin mo nga ako.”

For a while kinabahan ako. pag ganito si Gail natatakot ako. seriously! Ito ang unang beses na ganito siya makipag-usap saakin!

Nagulat nalang ako sa sumunod niyang tanong at maaring kinagulat din ni Steve ngayon.

"pinapaasa mo ba si Lance?"

**Chapter 28: Gulong-gulo**

"oh may kasama ka pala, I'm Gail her bestfriend, so you are?" siya na mismo ang nagpakilala sa sarili niya. nahihiya ako kay Steve. Ano bang nangyari at parang naging iskandalosa bigla ang bessy ko >.<

"Steve"

"her?"

"friend?"

Awkward :(

Ano bang nangyayari kay Gail?

"Miyuki oo o hindi?" now she's pertaining to her previous question.

Mukha ko bang pinapaasa si Lance?

"hindi"

"talaga? Pero wala kang balak sagutin siya?"

"but I told him already! Sabi ko friends"

"isn't it obvious Miyuki? Nililigawan ka ulit ni Lance! sabihin na nating di mo siya pinayagan. Pero diba sa mga kilos niya? hindi pa ba yun halata? Kung wala ka naman palang balak sagutin ulit si Lance then tama na. hwag ka na makipag-close pa kay Lance. pakawalan mo siya Miyuki. Hinding hindi siya makakapag-move on hangga't may pinapakita kang motibo sakanya."

Motibo? Move-on? Ano bang sinasabi niya?

"let's talk again some other time"

"Cathy tara!" tawag niya sa babaeng hindi kalayuan saamin. Ouch. May new set of friends na din siya. kung sabagay normal yan sa pagiging student. Ang magkaroon ng madaming kaibigan.

Umalis na sila kasama nung si Cathy.

“sorry. Dapat pala di ako nagtanong ng kung anu-ano”

“ah? Ano ka ba! Ayus lang.”

“naging cold tuloy sayo yung bestfriend mo. Tingin ko botong boto sila dun sa ex mo”

“I wouldn’t do such thing anyway. Ang magpa-asa. Pwera nalang kung umaasa pa talaga siya” kasi ako humahanap lang ng tamag panahon.

Kasi ako, natatakot talaga. Yun ang hindi nila maintindihan saakin.

Dahil laging side naman ni Lance ang inaalam nila mula nung dumating ako. Hindi ang side ko.

For three years mga kuya ko ang lagi kong kasama.

For three years ni hindi ako magawang i-contact nila Gail.

For three long years! Tinanggap ko nalang kung ano ang alam ko.

Lahat ng sinabi ng mga kapatid ko.

For almost three years, umasa din naman ako.

Alam kong hindi kasalanan ng sino man pero sana naman maintindihan nila ang sitwasyon ko.

At sa tingin ko alam yun ni Lance. si Lance lang din naman makakaintindi saakin. I think? :(

Dahil si Lance yung nakausap ng mga kuya ko. hindi si Gail, hindi sila Ales kundi si Lance lang.

Hinatid nalang ako ni Steve pauwi saamin.

“pasok ka muna”

“naku di na. baka kung ano pang isipin ng mga kuya mo”

“baliw ka din pala. Kaya nga sinet-up nila tayo para may maisip silang something.” Patawa ko pang sabi sakanya.

“mas baliw ka miss. Isipin mo ang iisipin ng kaibigan mo”

“wala na eh. May naisip na sila. Hayaan mo na muna. Neh Steve, samahan mo ulit ako bukas. Nabobored kasi ako dito. magpapasama sana ako kina Gail kaso ayoko muna siya Makita. Masakit yung sinabi niya ah!”

“sige. Bukas ulit. Sunduin nalang kita?” nakangiti niyang tanong

“sige” I answered smiling. Mabait si Steve. Pero iba si Lance.

Sino naman kaya ang nagsabi kay Gail nung mga yun? Sila Ales siguro?

Pumanhik na ako sa kwarto ko nung makaalis na si Steve. Sila kuya naman ayun busy, naglalaro lang naman sila dun. At least happy naman sila sa ginagawa nila. Kasama nila actually si Aki.

Punong-puno ng lalaki ang bahay namin! Kelan ba magkakaroon ng babae dito maliban sakin? >.<

Napansin ko na wala pa si kuya Lavi kanina. Buti naman kasi kung nandito yun patay ako! kung anu-ano nanaman ang itatanong.

Bago ako matulog syempre ginawa ko muna mga ritual ko! ang maligo at kung anu-ano pa!

Papunta na ako sa kama ko nung mapansin ko si Dwayne.

“oh? anong tinitingin-tingin mo dyan?” kinakausap ko si Dwayne na parang si Lance lang ang kausap ko. pfft. Nababaliw na ata ako.

Nahiga na ako habang yakap yakap ko si Dwayne. Malamig kasi >__<

“pinapaasa ba kita? Diba sabi ko friends lang muna?”

Sana sumagot ka naman nuh?

“bakit ka nga ba umalis ng di nag-papaalam?”

Aish!

“alam mo kung ano? Naiinis ako sayo! Akala mo kung sino ka! Tignan mo! Inaaway na ako ng bestfriend ko! mukha ba kitang pinapaasa? Sabi ko naman kasi sayo itigil mo na. wala kang mapapala. Pero diba friends naman tayo?”

“may mahahanap ka naman sigurong mas higit sakin.”

MIYUKI! Baliw ka na! kung anu-ano ang iniisip mo!!!

“pero sana nga tumigil ka na. nahihirapan ka na. baka hindi lang talaga tayo para sa isa’t-isa”

“AAAAAAAAAH MIYUKI ANO BANG INIISIP MO!!! TUMIGIL KA NGA SA KAKAISIP NG KUNG ANU-ANO! >__<”

“DADDY!!! TITA IS SCREAMING!” ay butiki! Paanong nasa loob naman itong si Aki??? Kelan pa yan dyan?

“Aki! Don’t scare me!”

“you’re scarier tita!” pang-asar pa niya! alam kong nang-aasar lang si Aki. Sa tono palang. Amp!

Pero Sabi ko nga mas nakakatakot ako >.<

“Iika nga!” humiga naman siya sa tabi ko. “I’m going to sleep here tita. Daddy is crying again T^T” birthday pala mamaya ng namatay niyang girlfriend. :(

“you should comfort your daddy. He needs you.”

“but tita he sent me out of his room. He said, he doesn’t want me to see him crying” naiiyak na din si Aki.

Tumahimik lang kami. Pero di pa din tulog si Aki.

“tita” paninimula niya. may gusto nanaman itong sabihin.

“I want tito for you”

“haha I told you Jake and I are just friends”

“no not him!”

“oh sino nanaman yan? Ikaw talaga match maker nanaman ang drama mo!”

“the one I played with last time! Tita he’s cool!”

“si Lance? alam mo namang di ko siya kilala. Paano mo naman yun nagustuhan?”

“liar tita! I like him for you because. Hmmm” umupo pa siya at waring nag-iisip pa ng idadahilan.

“the way he looked at you. It seemed like you were lovers that time. Yieeeeeee. Tita go court him!” baliw na si Aki. Ako pa daw ang maliligaw?

Umupo na din ako at saka ko siya niyakap.

“di kami pwede. Siguro friends. But not as lovers baby”

“pffft. Daya! >__<” humiga na siya at saka nagtaklob ng kumot.

Pati bata si Lance na ang sinasabi,

Ang kaso kasi hindi talaga pwede.

Kinabukasan, tulad ng napag-usapan namin ni Steve sinundo nga niya ako. sa mall lang din ulit kami.

Na parang sinusumpa ko na! kasi naman what is she doing here?

“Celina?”

“AH! Yung nililigawan ni Lance!” talagang nililigawan?

“friend.” I corrected

“ah so does that mean, he is your boyfriend?” nanlalaki pa ang mga mata niyang nakatingin kay Steven.

“friend also” I faked my smile.

Di ko talaga gusto si Celina.

“friend mo lang si Lance? akala ko nililigawan ka niya. so hindi mo siya gusto?” aba ‘tong babaeng to!

“bakit ka nandito?” ewan ko kung bastos ang pagkakatanong ko

“ah! Buti pinaalala mo! Kasama ko actually sila Lance! naligaw ako!” what the heck! Magkasama sila ni Lance?

“naku! Baka mamis-interpret mo! Wala kaming something ni Lance ah! Nagpapatulong lang ako!” sdfghjk!

“anong pakialam ko sa kung anong meron kayo? Don’t worry Celina kung gusto mo man si Lance okay lang saakin. Friend ko si Lance.”

“Miyuki diba gusto mo si Lance?” bulong sakin ni Steven.

“oo bilang kaibigan” I answered

Liar.

Hindi ko alam kung bakit ako nagsisinungaling. Ewan ko din.

“ah. O-okay. Sabi mo eh. Sige hwag mo nalang pala ako tulungan. Salamat nalang din pala” di naman talaga kita tutulungan! >__<

Kainis! Nandito na pala siya di man lang nagsasabi?

Tapos si Celina agad ang kasama niya?

Nililigawan? Pinaglololoko ba nila ako?

“Miyuki kung nasasaktan ka, pwede kang umiyak sa harapan ko”

“haha patawa ka ba? Bakit ako iiyak? Nasasaktan? baliw. Hindi nuh! Okay lang ako. I’m perfectly fine Steve!”

“just in case. I’m here”

“thanks” :)

“mukhang nahanap na nung babae yung kasama niya” napatingin naman ako sa lugar na tinitignan ni Steven.

Si Lance nga kasama nung iba niyang kaibigan. Mga teammates niya sa soccer dati and with JL pa.

What’s with the set-up? Tss.

Naiirita lang ako.

Naglakad ako papalayo sa lugar para di na ako mapansin pa nila JL.

Sinusundan naman ako ni Steven.

“you should talk to him”

“why would i?”

“para matigil na yang paghihimutok mo miss”

Napatigil ako sa sinabi niya.

Bakit nga ba ako sobrang naiirita?

Nililigawan nga ba talaga ako ni Lance despite the fact that I turned him down?

Or maybe assuming lang talaga ang mga kaibigan namin ni Lance at nagiging ganun ang tingin nila?

I think hindi naman siya nanliligaw?

I can’t see the effort now.

Or maybe I pushed him too hard to the point na ayaw na niya?

Pero yun naman ang gusto ko diba? Para wala ng gulo. Pero kasi-- “Steve. Di ko na maintindihan sarili ko”

:(

Gulong-gulo ako.

### Chapter 29: Love is--

**Miyuki's POV**

Naglalakad na ako ng palayo nung biglang may tumawag sa pangalan ko. at hindi lang basta tawag kundi sigaw!

“SHARLOT! Ano ba?” hinigit niya yung braso ko.

“anong problema mo? Kanina pa kita tinatawag ah”

“ah? Sorry ah. Di ko kasi narinig. Ay Lance! ikaw pala yan!” oo na! nananadya ako! kaasar kasi.

“galit ka ba?” napanganga naman daw ako sa tanong niya. galit ba ako? di naman eh.

“hindi” I answered tas lakad ulit. Tumingin ako kay Steve nakangiti lang siya sa likuran ko! Ni hindi na nga ako sinusundan! Ang sama!

“sino yung kasama mo?” eh bakit ba ako nito kinukulit?

“kanina pa kita tinatawag di mo ko pinapansin” still, di ko pa din sinasagot. Kainis kasi siya.

“Miyuki naman” Miyuki? “at kelan mo pa ako tinawag na Miyuki?” asar kong tanong. Talagang tumigil pa ako sa paglalakad at nakapamaywang pa nga ako ngayon!

“pag naasar ako sayo” nakangisi siya at halata ngang naasar. “oh sorry naman kung naasar ka ah!. Sorry” naglakad na ulit ako papalayo sakanya. Bahala nga siya. naasar ako ngayon.

“Miyuki galit ka ba dahil umalis ako ng di nagpapaalam?”

“bakit ako magagalit? Boyfriend ba kita?”

“yun na nga. Di naman kita girlfriend. Bakit ang sungit mo sakin?”

“hindi ko alam Lance! hindi ko alam.”

“bahala ka. Di ka ba sasama samin?” oh ano naman pinagsasabi nito ngayon?

“obvious? Ano bang alam ko sa pupuntahan niyo?” tanong din ang sinagot ko sa tanong niya.

“hindi ba sinabi ni Gail sayo? Bakasyon daw kahit tatlong araw lang” nilagay niya pa yung kamay niya sa kanyang bulsa.

“bakit ako sasama? Invited ba ako?” di man lang ako sinabihan ni Gail :(

“I’m inviting you.”

“kelan ba?”

“ngayon na”

“wow ah! Di naman biglaan nuh? Ayoko. Wala akong damit” pero bigla nalang niya ako hinila. “hey wait up Lance! san mo ko dadalhin?” nakita ko palapit kami ng palapit dun sa mga kaibigan niya! KALABAW naman kasi eh!!! “Lance naman eh!”

“sasama ka. Nakalimutan lang sabihin ni Gail” he explained. Di niya yun nakalimutan. Galit kaya siya. kasi tingin niya pinapaasa kita! Sarap sabihin sakanya niyan eh.

Hila hila niya ako hanggang makarating na nga sa harapan nila JL. si Steven naman ayun, nagbabye saakin gamit ang hand gesture! Sama ng ugali! Iwanan daw ba ako!

“sasama siya”

“dapat lang!” parang naiirita pa si JL nung sumang-ayon kay Lance. Sabi ko nga din a ako welcome sa group :(

“hoy Miyuki! Hwag ka ngang nakabusangot dyan! alam ko iniisip mo! Tange talaga nito! Halika nga!” ngayon naman si JL ang kumaladkad saakin. Aish! “saan mo naman ako dadalhin hah?”

“hwag ka nga naiinis kuno dyan! sinisira mo araw ko. hahaha” sinisira ko daw araw niya pero tumatawa amp!

“halika bili tayo ng mga damit mo. Wala ka man lang dinala! And note! Buti nakita kita! Pinuntahan kita sa bahay niyo wala ka. What the hell are you thinking Miyuki? Umiiwas ka ba samin?” hah?

“no! and besides, bakit ako iiwas? You see, I was out yesterday and was with Steven before I bumped to you guys.”

“really? tinanong ko kasi yung batang naglalaro kanina sa labas ng bahay niyo. Fortunately alam niyang nasa mall ka! Buti nalang nandito ka pa! kanina pa kami paikot ikot. Kung di pa sinabi ni Celina”

Akala ko ba kakaladkarin niya si Celina for me? For me??? Saan naman nanggaling yun?

“buti close kayo ni Celina” I said tapos pumasok sa isang boutique. Nagtingin tingin ako ng mga damit

“haha, she’s kinda err okay naman. May sunod sunuran saakin hahaha” kaya pala. May mauutusan na siya. kahit kelan talaga tong si JL hindi na nagbago!

“here take this one. This one is cute too! Kunin mo sigurado bagay sayo”

Okay? “Ahm JL wala akong pambayad” tinitigan lang niya ako tapos tuloy tuloy pa din siya sa pagbibigay saakin ng mga damit. NAKAKALOKA TONG SI JL!

After ng ilang oras wala na NANDITO NA AKO SA BAHAY BAKASYUNAN NILA LANCE. diba ang awkward? Kasama mo ang ex mo with matching tension between you and your bestfriend!

Lahat sila nasa labas lang. ako nandito sa may sala. Nahihiya ako makihalubilo sakanila. Especially kay Gail.

**Ales POV**

“pictorial po? As in ngayon?”

“ay hindi! Bukas pa!” sabi ko nga ngayon! kainis talaga tong company na nakahawak saakin. Actually parang tini-train na nila ako, isasabak na yata ako sa acting

Madalas ako yung cover sa mga magazine. Ganda ko daw kasi. May bansag nga sila sakin “DOLL” yan ang pangalan ko sa screen, magazine and all. Ikaw ba naman kasi ang maging anak ng actor na si Jerome! Nice right?

Si kysler naman pinagseselosan lagi yung madalas kong nakakapartner! Madalas din kaming nagkakaaway ni Kysler. Siya kasi may bar siya actually, pero hindi yan yung pinupuntahan namin nila Lance. kasi naman pag dun kami patay naman daw ako bawal ang uminom. Buti nga di ako sikat kaya ayos lang uminom inom dyan pero syempre with Lance.

Lance was a model too! WAS ah. High school nung nagstart kami. Pero siya as in para kumita lang talaga ng pera para makabili ng motor. Ako? trip ko lang sumama sakanila nila Kysler. Si Kysler din nagmodel dati. Sa magazine for teens kami madalas noon. Pero hindi naman ganun kakilala. Lalo si Lance daming echos niyan! Gusto yung di siya makikilala, laging may shades yan sa magazine. Benta naman daw yun! Kasi pa-mysterious effect siya na nakakainlaban ng mga babaeng fan niya. pero nung bigla nga siyang nawala, nawala na din kami ni Kysler. Bumalik lang ako sa modeling chuva noong college na. though di pa din ako tapos ngayon. kabatch ko si Xyla. Delayed nga lang ako. lagi ako nagshishift ng course eh.

*RING RING*

[sunduin na ba kita?] si kysler.

“Mal kasi may photoshoot pa kami. Pwedeng later nalang?”

[tayo nalang wala dun]

“hala sorry. Susunod ako promise”

[hintayin nalang kita…. KYSLEEEER LARO PA TAYO DALIII!] sdfghjk!!! Ano yun? Bakit may malanding boses sa kabilang linya?

[sino ba yang kausap mo? Amin na ng---- ibalik mo nga yang phone ko!] *toot toot*

Babae yun. Sigurado ako sa narinig ko.

Babae yun.

**Miyuki’s POV**

“bessy?” nakangiti na saakin si Gail ngayon. tumabi siya saakin sa upuan.

“sorry kahapon. It was—sorry bessy >.<” bigla nalang niya akong niyakap.

“o-okay lang” niyakap ko nalang din siya. so bati na kami? Yieee

“I know ang sama ko kahapon pero kasi naiinis ako minsan sainyo ni Lance. nung dati kay Lance ako nainis. Kahapon nung marinig ko mga sinabi mo nainis ako. tapos pag-uwi ko pinagalitan ako ni Seb nung kinuwento ko sakanya. Sabi niya masyado daw ako nakikialam. Sorry bessy. Concern lang naman ako sainyo ni Lance.” aww sweet niya talaga.

Hinigpitan ko pa yung yakap ko sakanya.

“sorry din bessy. I know masyado akong masikreto lately. Pero sana maintindihan mo”

Lumayo siya saakin saka tinitigan ako ng seryoso.

“bessy naiintindihan ko naman eh. Nasabi na actually lahat ni Lance saamin. About sa mga nangyari. Sabi niya bibigyan ka daw muna niya ng space. Baka daw kasi masakal ka niya. hindi niya sinabing umalis siya nun kasi busy ka yata. Ayaw niyang maistorbo ka” eh? Baka yun yung mga time na ginagawa ko yung design

“bumalik siya pero di niya nasabi sayo, kasi may sakit siya. sakitin talaga”

“okay lang naman saakin” ngumiti lang si Gail saakin

“Miyuki hindi okay. Kitang-kita naman. Siguro si Lance di niya makita. Kasi siya yung tipo ng tao na dapat sinasabi mo lahat sakanya. Di kasi siya makaramdam. Halata naman diba? Kinakapa palang niya yung Love bessy. Kasi ikaw yung nauna niyang mahalin. You should teach him what really love is. Magaling si Lance sa mga bagay bagay but not love. fragile siya about this stuff. Natatanga siya sa pag-ibig. Di nga yan nakikinig samin eh. Basta kung ano ang gusto niya gagawin niya. try mo siya sabihan next time malay mo makinig.”

Di ko gets. Anong sasabihin ko? kelangan ko pa bang ituro ang LOVE? hindi bat’ alam na niya?

“tanga Gail. Vice versa!” biglang sumulpot naman si JL

“bakit naman?”

“well you see. Tanga din si Miyuki” okay. Kunwari nalang di ko narinig yan.

“pareho silang tanga sa pag-ibig, sila lang nagpapagulo ng sitwasyon nila”

“I know right” sabay nag-apir pa sila at with tawa pa! “HAHAHA” as in hagalpak!

“actually ikaw nalang hinihintay ni Lance. sana handa ka na din tulad niya” ewan ko. but I felt pain from her and her eyes told so!

“Miyuki try to risk something good, I swear you’ll gain something better in return. Aaminin ko nasasaktan ako sa pagiging cupid sainyong dalawa. I like, no, I love Lance pala. Madaling mahalin ang isang tulad ni Lance Mariano napakaswerte mo dahil ikaw ang dahilan ng pagkakatanga niya sa pag-ibig. Napakagago niya sa pag-ibig. Hahaha. Love? heck is that love. dapat kasi ako nalang. Bakit di ko siya nagawang naseduce noong wala ka? Though nahalikan ko siya ng ilang beses. Pero ikaw pa din talaga hahaha. So Miyuki Risk something. Sumugal ka naman tulad ng ginagawa niya.”

Sugal?

Tumingin ako kay bessy. Nakangiti lang siya saakin parang she’s waiting for my answer regarding JL’s statement or rather opinion.

Risk something good and gain something better in return.

“Love is a Gamble Miyuki. You need to lay your bet. Don’t worry, binibigyan ka lang ni Lance ng space hindi ka niya isusuko. Mahal ka ng baliw na yun. Nga pala di ako nagsabi niyan si Ales malelate daw kasi ng dating. Messenger lang ako. well nadagdagan na din haha. Anyway, byiee nagugutom ako.” pagkatapos nun tumayo na siya at saka sumigaw “MARIANOOOO! PAGKAIN NGA!”

Love is risky, I know that. Yun na nga mismo ang kinakatakot ko.

It's too risky baka mamaya niyan ako nanaman ang talo. Lagi nalang.

**Chapter 30: bahala ka**

Lahat yata ng sinabi nila tumatagos sakin.

Si Lance sumugal na dati.

"hey" si Celina lang pala.

Nadito ako sa may veranda. Sila naman busy, si Gail kasama si Seb. Ayoko naman silang istorbohin. Sila Lance kasi naglalaro naman ng soccer dun sa malapit na field. Si JL nanunuod dun. Ales and Kysler? Wala pa.

"for some reason parang galit ka sakin" umpisa niya

"hindi naman" naiinis lang siguro.

"ang totoo niyan tinutulungan lang talaga ako ni Lance. swear! Nakakatuwa kasi ang bait niya sa taong bagong kilala" yun nga mismo. Ang bait na niya. din a siya yung Lance dati. Yung akin lang. ano nanaman mga iniisip ko? aish.

"alam mo ba? Ang sadista mo"

"edi ako na pala sadista" tumawa lang siya sa naging sagot ko.

"mabait si Lance alam mo ba yun?"

"di naman magiging kami noon kung di ko nagustuhan ugali niya diba?" kahit di ako nakatingin sakanya alam kong nakangiti siya. malamig ang simoy ng hangin. Gabi na din kasi.

"madali siyang mahalin" this time napatingin ako sakanya. Nakatingala lang siya sa langit.

"ang swerte swerte mo sakanya. Kahit sandal ko palang siya nakilala alam kong sobrang bait niya kaya nga siya ang kinukulit ko tungkol sa problema ko eh"

"nalaman ko din na si JL may gusto din kay Lance. ibang klase! Sa totoo niyan natawa ako kay ate JL kanina sa sinabi sayo. I know masamang makinig ng usapan" paliwanag niya kasi napansin ata niyang nanlaki mata ko >.<

“risk something good and gain better in return? Mali yun. Minsan pagnagrisk ka, di mo nakukuha yung mas gusto mo.”

Hindi na ako nagsalita pa. Ayokong magreact sa sinabi niya.

“at sino naman nagsabing mali ako?” si JL. taklesa talaga.

“tama ako. hindi ko nga nakuha si Lance but I gained his trust, as his second bestfriend? Not bad right? And dagdag mo na din yung isa pang Lance na biglang dumating nung nasasaktan na ako dahil sa kaka-emote ni Lance. mahirap yun ah”

“waaah sorry ate >.<”

“yuck! Don’t call me ate! Look di nga halatang mas matanda ako sayo eh! Like duh!”

Iniwan ko na sila doon at naglakad lakad na muna sa labas. Iniisip ko pa din mga nasabi nila sakin. Alam ko naman na sugal ang pag-ibig. Hindi naman kasi laging tama ang mga desisyon namin.

Habang tumatagal lahat ng mga ginagawa ko pahirap ng pahirap. Lalo kasi akong napapalapit kay Lance. alam ko tama ang sinabi nila kanina, kami lang din naman ang nagpapahirap sa sarili namin. Mali, ako lang pala.

“oi Miyuki!” mga lalaki yung tumawag saakin. Malamang yung grupo na nila Lance yun.

“saan ka pupunta? Kakain na ah!” hindi ko kilala tong mga to.

“nagpapahangin lang saglit” sagot ko nalang para manahimik sila. Di ko napansin si Lance doon. Di ata nila kasama?

Nagpatuloy nalang ako sa paglalakad hanggang sa biglang may kumausap nanaman saakin

“at saan mo naman balak pumunta?” nagulat ako sa bigla niyang pagdating.

“hwag ka ngang nanggugulat dyan!”

“di mo alam tong lugar pero lakad ka ng lakad. Paano kung may mangyari sayo?” tinignan ko lang siya, may ilaw naman kaya nakita ko na ayun pawis pa siya. galing nga naman kasi sa laro.

“mauna ka na kaya dun! Pawisan ka oh”

“ayoko wala kang kasama” aish! Tigas ng ulo.

Tahimik lang kaming naglalakad. pero ngayon di ako makapag-isip ng matino! Paano ako mag-iisip ng matino kung yung iniisip ko nandito na mismo! Nakakainis naman siya.

Hindi ko baa lam, sinusumpong nanaman ako kaya heto ako at umupo nalang bigla sa gilid ng kalsada. Naiinis ako kasi lahat ng sinabi nila saakin kanina tama. I'm just being stubborn.

Alam ko namang mali kasi yung mga ginagawa ko. pero kasi mahirap din gumawa ng desisyon. Paano kung itakwil ako ng mg akapatid ko? paano kung ayawan ako ng mga magulang? Masakit diba?

"hoy tumayo ka nga dyan"

"ayoko. Dito lang ako" >.<

"edi tatabi nalang ako sayo" at katulad ng sinabi niya ginawa nga niya. sira talaga.

"baka pagkamalan tayong baliw dito nakaupo sa gilid ng kalsada"

"nu ngayon? ikaw aman nag-isip na umupo dito" sabi ko nga >.<

Nakakatuwa dito kasi wal agaanong dumadaan na sasakyan, in fact wala pa ngang dumadaan ngayon! baka mamaya my multo na dito! Tapos hindi pa kami nagsasalita ni Lance.

Nakiinig lang siya sa ipod niya. ako naman naglalaro ng temple run \m/

"KAINIS! NAHULOG NANAMAN >.<" nagulat si Lance sa sigaw ko. nakakagulat pa din pala kahit may pinapakinggan na siya.

"magfruit ninja ka nalang daw -___-"

"tse! Di ko kasi mabeat sarili kong score kainis"

Naglaro nalang ulit ako. pero sa paglalaro ko bigla ko nalang natanong kay Lance ito "pinapaasa ba kita?"

"hindi naman. Naiintindihan ko naman"

Sinet-aside ko na muna yung nilalaro ko and faced him.

"so di ka galit sakin?"

"galit? Di naman medyo lang" ouch nagalit pala siya >.<

"di naman maiiwasan. I was rejected Miyuki. Kaya nga nung pumunta ako ng Italy di kita tinawagan, I made up some excuses para lang di sabihin sayo ng mga yun but it turned out kapatid ko pa nagsabi sayo."

"pero kahit papanu nakapag-isip naman ako dun. Sharlot I can't just give you up. You're already part of my life. I love you not because I need you but because I want you to be with me." Diretso lang siyang nakatitig sa mga mata ko. ako naman kahit gusto kong iwasan ang mga tingin niya di ko magawa.

Unconsciously I cupped his face, closed my eyes and kissed him on his lips.

It was just  matter of seconds but for me it completed my whole.

I missed him so much.

Yung buong lugar parang saamin lang.

Wala akong pakialam kung may mapadaan or what.

Based on his reaction, halata namang gulat na gulat siya sa ginawa niya. nakahawak pa din ako sa mukha niya at pati na din siya ay nakahawak sa mukha ko't pinupunasan yung luha ko.

Yeah I'm crying.

"Lance I love you" I whispered yung siya lang ang makakarinig. I heard no reply from him but instead he sealed my lips with his.

Sabi ko nga, di ko siya matitiis.

"sinasagot mo na ako?" nagulat nalang ako bigla sa tanong niya

"ewan ko sayo!"

"so yes?"

"bahala ka nga! Kainis to" tumayo nalang ako bigla saka tumakbo pabalik >.<

"OI! INGAT KA NAMAN! BAKA MADAPA KA!"

Anong ginawa ko? hinalikan ko siya? I said I love him?

"SHARLOT!" tumigil ako  sa pagtakbo.

"di ako mag-aassume. Pero natutuwa ako."

"BOBO KA LANCE! akala ko ba tayo na?"

"hah? ano? Di ko narinig!" lumapit pa siya saakin

"sabi ko ang bobo mo! ANG PANGIT MO!"

Sabi ko sakanya bahala siya!

Bahala na siya! kasi pag sinasabihan ko siya ng bahala na, laging YES lang naman ang meaning nun para sakanya. Kainis! Ang bobo naman niya? >.<

Kung kelan nakapag-decide naman ako ng gagawin kay Lance dun naan siya naging slow. Ang slow. Kainis. may mga itatanong pa ako sakanya. lalo na yung about kay Celina pati na din yung kiss na sinasabi ni JL! >.<

## Chapter 31: PDA

Bigla akong nahihiya kay Lance ngayon. parang ngayon lang ako tinablan ng hiya dahil sa ginawa ko kanina. Mabagal kaming naglalakad pabalik doon sa bahay. Ewan ko kay Lance nagmamabagal siya! ako naman heto at sinusundan siya. pag tumitigil siya titigil din ako. para nga siyang sira kasi titingin siya sakin tas ako naman itong ngingitian lang siya ng sarcastic para naman tumuloy na siya sa paglalakad. OO NA KAMI NA ANG PARANG TIMANG! Si Lance kasi kunwari pang di narinig. Kung i-untog ko na kaya siya ngayon sa poste na madadaanan namin? Siguro makakalimutan niyang sinabi ko yung mga katagang yun? Para di na ako mahiya!

Ayan nanaman tumigil nanaman siya.

“bakit ba ayaw mo ko sabayan sa paglalakad?” he finally asked. Sabi ko nga nga itatanong niya yan!

“kasi mabaho ka! Amoy pawis ka! Saka hwag mo nga ako kausapin! Nahihiya ako!” narinig ko siyang tumawa. Sige tawanan mo pa ako! bawiin ko mga sinabi ko kanina eh!

“hwag mo nga ko tawanan! >.<” naglakad nalang ako at nilagpasan siya. medyo malapit na din naman kami sa bahay nila Lance. bahay nila yan eh. -.-

“bakit pala may biglaang bakasyon? Grabe ah”

“inutusan ako ng nanay ko magbakasyon”

“akala ko ba si Gail nag-isip?”

“pinilit ako ni Gail”

“ah. Bakit naman daw?” edi ako na matanong! Ang hirap sumegwey eh! Gusto ko itanong yung about kay Celina at JL

“gusto lang niya magkasama sama tayong lahat. Gusto niya maayos ang lahat. Syempre dapat daw kasama ka”

“pero di niya nasabi saakin kahapon”

“uminit daw kasi ulo niya”

“wow edi kayo ng close ng bestfriend ko!” nakakapangselos lang kasi sa iba na close yung bessy ko. di na ako.

Sabay na kami ngayong naglalakad. ang sarap din tumingin sa langit ngayon ang daming stars ^^,.

“naalala mo pa ba?” he asked. Ano naman kaya yun?

“ang alin?”

“tss. Sila yung witness natin noon” tinuro niya yung stars.

Oo nga. We promised each other, na kami lang forever.

Nakabalik naman kami sa bahay nila ng walang hiyawan o tanungan na naganap. Buti naman kasi ayaw ko pa sabihin sakanila. Nahihiya kasi ako. lalo na kay JL. amp.

Sa ugali nyang yun? Malamang ang sasabihin niya saakin ay: SA WAKAS! Nauntog ka din! Sayang aagawin ko n asana siya sayo!

Magaling siya manakot pagdating sakin pero di niya ginagawa. Siguro tinuturing n aniya akong matalik na kaibigan, in a way. Haha. Assuming nanaman ako. At nakarating kaming hindiko natanong ang gusto kong itanong.

Pagkatapos namin kumain ay naligo na muna ako. same kami ng room ni Gail, si JL at si Celina naman ang magkasama. Si Ales naman kadarating lang kasama si Kysler para nga silang nag-away. Di kasi sila nag-iimikan :(

Usually para silang aso’t pusa pero ngayon iba sila.

10pm nung napagdesisyunang magmovie marathon kami. Yung about samin ni Lance? hindi nila alam. Pero pinagtabi kaming dalawa sa sofa. Ayoko siya katabi! Nahihiya pa ako. pero maski naman siya hindi umiimik.

Dahil madami kami dito, gawa ng teammates ni Lance, yung iba nakaupo lang sa sahig. Ang iingay nga nila nung paumpisa nung movie pero nung nasa gitna na ang tatahimik na. horror kasi yung pinapanuod. Di ko nga alam kung anong title. Kanina pa ako nakapikit. >.<

Nagugulat nalang ako pag sumisigaw sila! But one thing is for sure, kanina pa hawak ni Lance ang kamay ko. walang nakakapansin kasi may kumot kami! Maginaw kasi kaya ayun >///<

Hinihila ko nga kanina pa kaso ayaw bumitiw.

“di ka ata mapakali dyan?” asked JL

“h-hah? wala naman natatakot kasi ako!” actually hinihila ko yung kamay ko >.<

“ah I see, akala ko kasi magkahawak kayo ng kamay ni Lance. hahaha. Gosh! Am I seeing things?” di ka nagkakamali!

“may multo lang kaya ganyan! Hahahaha” that’s Seb. Sarap na sarap si Seb asarin si JL eh. Don’t know. Malandi lang siguro talaga si Seb.

“tse! Hwag mo nga ako kausapin! Baka landiin pa kita dyan at agawin kay Gail!”

“kung papatulan ka pa ng ASAWA KO!” diin naman ni Gail

“hahhaa why not! I’m fresh and young!”

“kung maka-young! Kadiri ka!”

“SSSSSSSSSSSSHHHHH!!!” suway nung mga lalaki.

Napatingin naman ako sa couple sa my right side. Ang tahimik talaga nila Kysler at Ales di ako sanay. What’s up with them? Kasi pag ganitong nagkukulitan nakikisama sila.

“Lance anong meron sa bestfriend mo? Iba yung mood niya?” binulong ko lang yan syempre >.<

“nag-away sila” ah kaya naman pala then after nun bigla nalang sumigaw si Ales. “NAKAKAINIS KA NA KYSLER AH!”

“putangina talaga! AKO PA YUNG NAKAKAINIS?”

After that scene bigla nalang tumakbo si Ales palabas. Ako naman itong si tumayo bigla. nakalimutan kong hawak ako ni Lance! hindi niya ako binitiwan! AYAN! BUSTED! Kitang kita ng barkada na magkahawak kami ng kamay. Waaaaaaaaaaah

Yung mga nanlaki nilang mata kanina nadagdagan ng nalaglag na panga! Amp naman eh >.<

Ako naman sa sobrang hiya ko hinila ko nalang saka agad kong sinundan si Ales.

Fail! Dapat kasi binitiwan na ako ni Lance eh! Kinakabahan tuloy ako bigla sa mga itatanong saakin nung mga babaeng yun! But before that si Ales muna.

Sinundan ko siya sa labas. Nakaupo siya ngayon sa may terrace.

“Ales?” lumingon lang siya saakin and she flashed a fake smile.

“care to share?” I asked. Kasi kung ayaw niya di ko pipilitin. Sasamahan ko nalang. Pero unexpectedly bigla siyang tumayo at niyakap ako.

“first major fight namin to Miyuki” she said crying. :(

Niyakap ko din siya in return. “super pagod na nga ako sa shoot kanina tapos malalaman ko may kalandian siyang babae! I know I’m over reacting pero grabe kasi! She kissed my boyfriend in front of me! Sasabunutan ko na nga kaso ako pa yung inawat! Ano naman ang maiisip ko diba? Edi may babae siyang iba? Bakit? Pangit na ba ako? napapabayaan ko na ba siya? ang unfair! Bakit kasi laging babae nasasaktan sa isang relasyon! Hindi ba pwedeng sila din? Tapos ang pinapalabas niya ako pa daw yung nanlalalaki! Partner ko lang naman sa screen yung sinasabi niya! ano na? I’ll stop my rising career kasi ayaw niya sa partner ko? ang unfair niya! yung bar nga niya kahit against ako dun hinayaan ko siya! tapos ako gaganituhin niya?”

“Miyuki alam ko namang nature talaga ng lalaki yung nagtitingin ng babae. Pero sana naman hwag ipakita ng harap harapan! Maling mali kasi eh! At para sabihin niyang ako yung nanlalalaki! Wow naman ah! Na nasilaw daw ako sa sikat na lalaking yun. Grabe na!”

Nag-vent lang siya ng anger saakin hanggang sa kumalma na siya. hindi ako nagsabi ng kung ano habang kinukwento niya ang lahat. Nung natapos na siya magshare dun palang ako nagkwento.

“Ales tingin mo bakit ka inakusahan na lalaki mo yun kahit halata namang hindi?”

“selos siya” ngumiti nalang ako.

“bakit kaya tumawag siya sayo kahit na alam niyang maririnig mong may kasama siyang babae?”

“para magselos ako?”

“bakit naman kaya siya galit sayo nung nalaman niyang magkakaroon kayo ng kissing scene nung magiging loveteam mo on screen?”

“kasi mahal niya ako >.<”

“See? Mahal ka niya. hindi ka lolokohin ni kysler basta basta. Lalo na’t alam niyang madaming bubugbog sakanya pag pinaiyak ka niya. mahal ka nun. Mokong lang diba?”

Pinunasan niya yung luha niya.

“waaaaaaah pakshet siya! galit pa din ako sakanya!!! Minura niya ako sa harap niyo!!! AH AH!! NAIINIS AKO SA MGA LALAKI! BOBO SILA! MANLOLOKO SILA! GAGO SILA! IPAPASUNTOK KO SIYA KAY LANCE >.<”

“no need tapos na” kabute na ba si Lance? bigla bigla nalang sumusulpot!

“TANGE BAKIT MO SINUNTOK?” sira na ata tong si Ales. Kanina lang ipapasuntok niya yung tao, nung nalaman ng nasuntok magtatanong ^^

“gago eh pinaiyak ka.”

Maya saglit si Kysler naman ang dumating. “can we talk?” tumingin pa saakin si Ales, nginitian ko lang siya tapos ayun na naglakad na siya palapit kay Kysler. “pasampal muna, tapos usap na tayo ah?” nag-nod lang si Kysler. And there she slapped him! parang nag-echo pa nga yung sound. Sakit nun.

“a-ano? Papantayn ko pa ba?” ales asked sobbing.

“hindi na. pantay na. nasuntok na sa kabila eh”

Nilapitan ako bigla ni Lance tapos hinila na niya ako papasok sa loob para makapag-usap na yung dalawa.

“at kayong dalawa. Magpapaliwanag din ba kayo?” si Gail na-naka cross pa ang arms >.<

At si JL na naka evil grin pa!

And si Celina na parang clueless palibhasa nasa kusina kanina.

At yung mga boys na parang hinihintay lang yung sagot namin.

Lahat sila nakatingin saamin as if waiting for something.

Omg. Sabi ko na eh! Dapat hindi muna ipaalam!!!

“simple, our feelings are mutual” then he gave me a peck on my lips. FUDGE LANCE!!!! PDA KA EVER! >______<

**Chapter 32: IKAW?**

Pagkalayo ni Lance, agad naman akong hinila nila Gail papunta sa kusina.

“umupo ka!” utos saakin ni JL. ngayon palang kinakabahan na ako.

“ikaw babae!” turo niya saakin. Napalunok nalang ako at saa napapikit. Daig pa nila ang mga police kung mag interrogate saka kulang nalang yung gumagalaw na ilaw.

“a-ano?” I managed to ask.

“sabi n anga mula kaninang dumating kayo may kakaiba na! yung hindi niyo kibuan pero may ilangan factor! Akala niyo ba hindi ko napapansin yun? Saka yung di ka mapakali kanina! So I was right pala” JL smirked.

“oo nga, bakit di mo sinabi agad saakin bessy?” >.<

“and besides Miyuki! Ni hindi mo man lang inisip ang mararamdaman ko! I love Lance tapos sinagot mo na! sana pinatagal mo naman para may pag-asa naman ako!” what the? Nagulat kaming dalawa ni Gail sa sinabi ni JL.

“ikaw nga dyan! sabi mo ilang beses mo siyang hinalikan! Edi inaahas mo siya habang wala ako dito!” ewan ko pero bigla nalang yan nalabas sa bibig ko >.<

Si Gail naman parang nanlaki lalo ang mga mata sa sinabi ko. parang what-the-heck-was-that? Lang ang drama niya.

“yun lang ba? C’mon Miyuki! Those were nothing! Compared naman sa pangungulila niya sayo! Like hello! Pag lasing lang sya! Anukaba! Those were just kisses nothing more. Like I care kung mahulog siya saakin edi happy na kaso no. it’s always been you. Nothing else. He’s a guy after all. Parang yung mga ginagawa niya saakin dati? Parang yung mga ginagawa sayo. I felt like I was a rebound pero hindi, kumbaga namimiss lang niya yung mga ginagawa niya sayo. Hinayaan ko lang siya pero dapat pala hindi ko siya hinayaan. To be honest with you I fell in love with him when you were not around. Pathetic right? Pero di mo ko masisisi you were not there when he needed you the most like he was not with you when you needed him.” she’s right. Di ko siya masisisi.

Actually I’m not jealous. That was in the past na kasi. Ang importante yung ngayon, yung bukas at yung mga susunod na araw pa.

“CELEBRATE NA YAN MGA TOL!!!!” nagsisigawan na yung mga lalaki sa may sala. Kung maka-react naman sila akala mo naman kinasal kami ni Lance.

“pero JL hindi ka ba nasasaktan?” biglang tanong ni Gail

“gaga ka din eh! Sinabi ko na ngang nasasaktan ako! bingi bingihan lang? aish! Ewan ko sainyong dalawa! Bagay nga kayong magbestfriend!” sabay upo pa niya sa harap ko.

“thank you JL” napatingin naman siya saakin “duh! Bakit ka nagth-thank you dyan? GOSH! This is ridiculous” napangiti nalang ako. kahit harsh kasi siya halatang naiilang siya saakin kasi umiwas siya! parang nagblush pa yata haha.

“kasi you were on his side, thank you”

“gaga din to tss. Bahala ka nga dyan! pero once na nagkaproblema kayo ulit alalahanin mo, I’m a threat Miyuki baka din a kayo magkabalikan pa. haha. Magugulat ka nalang ikakasal na kami kinabukasan hahahaha. Gosh ang ganda ko” umalis na siya sa harapan namin ni Gail pagkasabi niya yun.

“psycho bitch!” asar naman na sabi ni Gail pero nakangiti pa din.

“but she’s great” I said

“mabait siya ayaw lang niya ipahalata” tuloy ko pa

“kasi gusto niya kung paano natin siya nakilala ganun pa din dapat tingin natin sakanya pero di niya alam na kahit ganun siya iba na tingin natin sakanya” dagdag naman ni Gail.

So after that, nag-usap na kami ni Gail about nga samin ni Lance. sinabi ko lang naman. Kaso di siya makapaniwala na ako pa talaga yung humalik kay Lance. edi ako na kasi ang mabilis! Mas mabilis pa ako kay Lance >.<

Pero sa totoo lang di ko alam kung paano ko pakikitunguhan si Lance, nahihiya ako. I mean, tatlong taon diba? Tapos biglang ganto na kami.

Paano sila kuya?

“Sharly kung ako sayo hwag mo muna problemahin ang mga kuya mo, family mo to be exact. Alam ko naman na mahirap pa para sayo. Pero nandito kami okay?”

Pagkatapos namin mag-usap bumalik na kami sa sala. Lahat sila nakatingin saakin. Sabi ko na eeeh! Ayoko na talaga!!! Makikipaghiwalay na ako!

Dahil siguro na-stuck na ako sa kinatatayuan ko kaya pinagtulakan na nila ako sa tabi ni Lance. nakakahiya talaga. Buti sana kung kami kami lang nandito ang kaso pati naman yung mga teammates ni Lance nandito! Anubayan >.<

Saka isa pa nasaan na ba yung dalawa? Sila Kysler at Ales. Ayos na kaya sila?

“upo!” sabi ko nga uupo na ako. si JL kasi ung makautos wagas!

Agad naman akong umupo pero tinignan lang ako ni JL. “ano nanaman” tanong ko

“para kang baliw! DUN KA SA TABI NI LANCE!” tawanan naman yung mga kasama namin

“BULLY!” sigaw ko

“sus! Gustong gusto mo naman! Dun ka na nga!”

“sus! Nasasaktan ka lang” sambit nung isa.

Kaya ayun lumipat nalang ako sa tabi ni Lance. at ako talaga yung lumipat. -___-

Hindi ko napansin na may mga inumin na pala dyan. mga ram, tequila ewan! Halo halo na ang alak dyan sa table. Parang ewan naman kasi puro lalaki naman daw kasi kasama namin.

“hoy Lance kami bumalik na ng soccer. Ikaw ba?” eh? Bumalik na sila?

Tinignan lang ako ni Lance.

“oh? bakit?” I asked

“sabi ni mommy, gawin ko daw muna gusto ko. pinababalik niya ako sa soccer” pagkatapos niya sabihin yun naghiyawan yung mga lalaki

“ang ingay naman masyado ng mga to” I heard Gail saying that

“ganyan talaga sweety lalaki eh” sabay subo pa ni Seb sa chip.

Kinakabahan kasi ako kaya kung anu-ano nalang tinitignan ko. pero kay Lance talaga ako hindi nakatingin.

Napahamak na siya dahil sa soccer diba? Babalik pa ba siya?

“Ang tanong Lance babalik ka ba?” tanong ng isa sa teammate niya. Napaisip naman siya bigla sa tanong sakanya. Lahat ng mata sakanya lang nakatitig.

Syempre gusto na siyang pabalikin. Sayang kasi yung talent niya.

“gusto ko pero” tumingin siya saakin. Kinabahan naman daw ako bigla. Bakit ba ako yung tinitignan niya?

“okay lang ba?” hah? nagpapaalam ba siya saakin?

“t-teka! Bakit ako? ikaw kaya! Kung saan ka Masaya” >___<

“sira bessy, mahahati nanaman oras niya sayo tapos may mga bagay ka nanaman na di malalaman niyan” bulong sakin ni Gail.

“h-hindi naman siguro diba?” napataas naman ng kilay si JL saamin. Syempe di kasi siya kasama sa usapan.

“okay lang sakin” firm kung sagot.

“I want to watch you play again. So please do so” I said smiling. Pero siya parang alanganin pa.

“Hoy Lance! kung iniisip mo yung dati, hwag ka mag-alala di na ulit mangyayari yun. For your information, okay na diba? Buwag na sila dahil sa kagagawan niyo!” pinandilatan pa ni JL yung team nila saka naman sila nagtawanan at sumang-ayon sa sinabi ni JL.

So okay na pala talaga.

Sa totoo lang parang gusto ko na hindi. Ayaw ko kasi nakakatakot malay nga naman kung maulit yun? Pero gusto ko ulit mapanuod si Lance. siguro dun ako humanga sakanya noon.  Kasi kahit magaling siya maglaro ng soccer di niya yun pinagmayabang. Nakakatuwa siyang maglaro kasi parang na-i-express niya ang kanyang sarili.

Buhay na niya yan. Di na matatanggal yan. Kumbaga addiction na niya yan at di ko siya pipigilan.

Sino naman ako para pumigil diba?

“AYUN!!! BALIK NA YUNG POWERHOUSE NATING TEAM! YEAH MEN!!!” nagcecelebrate na sila ahaha. Nakakatuwa.

Lumabas muna ako at nagpunta sa balkonahe. Kasi naman mahirap huminga dun may nagyoyosi >.<

Bawal sila nun eh. Bakit sila nagyoyosi? Nakakaloka sila.

May iba naman tumba na at nakatulog nalang doon.

Ang dami kong hindi alam nung nakalipas na tatlong taon.

Masakit man isipin pero I need to catch up.

Ang daming alam ni JL na hindi ko alam.

Am I jealous?

And to JL? pero hindi. Siguro nagseselos ako dahil mas madami siyang alam. Yun lang.

Ni-r-rub ko yung braso ko kasi malamig dito sa labas ng biglang may nagpatong ng jacket sakin

“thanks” I said

“malamig dito. Tara sa loob?”

“dito na muna siguro ako.” dala ko actually yung isang can ng beer. Pampainit din to ng katawan. Ang lamig eh!

Magsisindi sana siya ng yosi kaso bigla kong hinablot -___-

“mag-yosi ka sige sakmalin kita eh!”

“isa lang naman”

“ah ganun!”

“di hindi na. pakiss nalang”

“parang nung isang araw lang di mo ako malapitan! Tapos kanina parang ayaw mo lang ako kausapin tapos ngayon kiss? Kisskissin kita sa sahig eh”

Tumawa lang siya at saka umupo sa sahig. “namiss lang kita” he said.

Namiss din naman kita Lance.

Umupo din ako sa tabi niya. nagulat pa nga yata siya. siguro dahil ilang years din ito at medyo nasasanay na kaming hindi katabi ang isa’t isa.

Nakakailang pa. para kaming mga teenager na ngayon lang nagkaboyfriend at girlfriend.

“pwede mo ba akong kwentuhan ng mga nangyari nung wala ako?” nilalaro ko pa yung kamay ko habag sinasabi ko yan. Kasi naman nahihiya ako. syempre ang dami kong gustong malaman!

Mula nung umalis ako hanggang yung kay Celina.

Gusto ko lahat malaman yun.

“pero kung ayaw mo ayos lang kas----“

“sabi nila napariwara daw ako. hindi kasi ako umuuwi samin. Lagi lang ako sa condo. School-bar-condo hanggang naging bar-condo nalang at wala ng school. Hindi ko na din nakakausap yung barkada noon. Minsan si Ales pero wala akong nasasabi sakanya.”

“how about JL? paano kayo naging close?”

“nung umalis ka. Siya yung dahilan kaya ako napunta sa hospital. Nabugbog kasi ako nun. Sinisisi pa niya ako kaya did aw siya nakapagpaalam sayo.”

“tapos?”

“hmm. Nung hindi ako pumapasok siya yung parating tumatambay sa condo ko saka nag-iiwan ng notes. Hanggang sa napilit niya ako pumasok ulit pero hindi pa din natanggal yung routine ko. school-bar-condo.” Si JL pala.

“sakanya ko din nasasabi lahat pati yung pagpunta ko ng Japan. Hanggang sa sinanay na ako nila papa sa mga kelangang puntahan na event. lagi kong sinasama si JL akala ko nga sanay na akong wala ka pero nakita kita sa party na inorganize ng Kojima. Umalis ako agad pagkatapos kitang maisayaw.”

“ni minsan hindi ko inisip na kalimutan ka. Puro lang ako akala pero ni minsan hindi naman naging totoo ang mga akala ko. tss. Ano pa ba?”

Natahimik naman ako sa mga sinabi ni Lance. si JL pala ang nagsilbing girlfriend at bestfriend niya.

“totoo ba yung naghalikan kayo ni JL?” waaaaaah Miyuki! Ano ba yang mga tanong mo!!!

Natawa tuloy siya bigla >.<

“oo sabi niya pag nalalasing daw ako” ah lasing pala.

“hwag ka na ulit maglalasing ah” >.<

“opo” saka niya hinawakan yung kamay ko. ang init ng kamay niya!

“hindi na po ako maglalasing. kung malalasing man I’ll make sure na ikaw ang kasama ko. okay lang ba?”

“pero dapat occasionally lang ah! Di pwedeng everyday”

“nakakatuwa talaga pag may girlfriend”

“sakit talaga sa ulo pag may boyfriend” pagkatapos kong sabihin yun bigla nalang siyang humiga sa lap ko >///<

“namiss ko to” sabi pa niya

Nakakangalay kaya yung ganito. Pffft.

Pinagmamasdan ko lang siya tutal nakapikit naman hehe. Hinahaplos haplos ko lang yung buhok niya.

“neh Lance ano naman yung about kay Celina? Tinutulungan mo siya diba?”

“oo. May hinahanap siyang tao”

“sino naman daw? Baka kilala ko!”

Napangiti lang siya sa tanong.

“oo kilalang kilala mo.” Hah?

"ano daw ba niya yun? Kapatid?"

"fiancé" asdfghj!!! Sino yun?

OMG!!!

"Lance sino yun? Sino yung Fiance niya? don't tell me IKAW?"

Kilalang kilala ko daw! Hwag naman kasi diba! Kababalikan palang tapos may fiancé na pala?

**Chapter 33: what's up with him?**

"ano umamin ka! Ikaw ba?" umupo siya ulit pero nakaharap siya saakin. Ipinatong niya yung mga braso niya sa balikat ko. sobrang lapit ng mukha niya. feeling ko tuloy hahalikan niya ako ng di oras! Pero tinakpan ko yung ilong ko pati na din bibig ko.

"amoy alak ka. Layo layo!"with hand gesture pa ako. like i'm shooing a dog XD

"kala mo siya di uminom tss" -___-

Sabi ko nga nakainom din ako. mas malala nga lang siya.

"ikaw nga dyan lasing ka na!" sabi ko

"di pa"

"weh? Sa daldal mong yan di ka pa lasing? Ang tahimik na si Lance Mariano ay nagdadaldal! Odiba lasing na? haha"

"sa harap ng girlfriend" dagdag niya. pssh

"feel na feel mo naman na girlfriend mo ako? kung sabagay tama yan."

"Selos ka naman kay Celina" pang-asar niya.

"h-hindi ah! Epal ka" I said sabay iwas pa ng tingin. Kaasar to. Banggitin pa niya ang pangalan ni Celina uumbagin ko na talaga to.

Asar na nga ako dun tapos siya pa tong magbabanggit.

"bakit kay JL di ka nagseselos hah?" hinawakan ko yung braso niya na nakapatong pa din sa balikat ko.

"bakit sinabi ko bang nagseselos ako ha? Kung kay JL naman pakialam ko kung naghahalikan kayo. Edi maghalikan pa kayo kung gusto mo. Tutal gustong-gusto mo naman. Kung sabagay ang ganda niya. goddess of seduction kasi siya! kaya sige lang kung gusto mo bride's maid pa ako sa kasal niyo ni Celina!"

“hahaha ayan nanaman yung pangalan ni Celina. Nakakatawa ka. Alam mo ba yun? Halata na ngang nagseselos idedeny pa. “ habang sinasabi niya yan bigla pa niya ako niyakap. >///<

“alam mo namang ikaw lang mahal ko” he whispered. “hwag ka magselos dun. Kung ako man yung fiancé niy---“

“kita mo na! edi umamin ka din!” nilayo ko siya bigla. Okay na eh! Sarap na pakinggan biglang ganun! Kainis >.<

“aish! Akala mo ba talaga ako yun? Kung sabagay, pwede naman. Dikit kasi siya ng dikit sakin. At pwedeng nagsisinungaling lang ako sayong nagpapatulog siya sakin” parang nang-aasar pa niyang sagot sakin. Kainis >.<

Isa pa! pag di to tumino masasampal ko na siya!

“ano ngayon kung ako fiancé niya? ano bang gagawin mo?” diretso lang siyang nakatingin sakin at halatang seryoso siya. so tama ako?

Di naman siya magseseryoso ng ganyan kung di totoo.

“edi hiwalayan na kita ngayon palang para di na masakit pag ikakasal ka na >.<”

“SIOPAO! Are you serious?” nagulat nama daw ako sa reaction niya

“why? Ayaw ka naman ng mga kapatid ko pati parents ko so fine with me kung si Celina ang pakakasalanan mo. At least ngayon palang alam ko na”

Natahimik lang kaming dalawa. Medyo lumayo nga siya ng kaunti.

“kasawa kasi masaktan Lance. nagdududa na nga ako. bakit niya hahanapin ang fiancé niya? grabe ah! At sayo pa talaga? Napaka lame naman ng excuse na yun. Kainis. Nadulas na nga akong mahal kita kasi natatakot akong mawala ka sakin tapos biglang fiancé? Sinong di maiinis? Kainis talaga”hind ko siya tinitignan. Ayoko ngang tignan. Naiinis ako. sana sinabi na niya agad,

Kaya siguro di niya ako kinakausap noon.

Tahimik na siya. nabadtrip ko yata >.<

“hoy lance!”

“hwag mo ako kausapin” sabi ko nga tatahimik na ako. ang sungit! Mas masungit pa sakin.

Tatayo na sana ako para iwanan siya kaso hinigit niya ako kaya ayun katabi ko nanaman siya.

“di ko maintindihan mood swings mo Lance” sabay nagpout pa ako para cute -.-

“eh di naman kasi ako yung fiancé. Nainis lang ako sa sagot mo” eh?

“hahahahaha. Di nga? hindi ikaw?” ewan ko natawa nalang ako bigla. Hindi naman pala siya tapos ngayon naiinis siya haha.

“Edi mabuti! Sino pala? Hahaha”

“tawa ka pa. akala mo natutuwa ako sa sagot mo. Akala mo naman iiwanan kita?” aysus! Nagtatampo si Lance. cute naman :””>

“pakurot nga ako bah!”

“hwag mo ko daanin sa ganyan” -___-. Di man lang napansin yun endearment >.<

“eeeehhh Lance naman eh! Yieee mahal na mahal talaga ako ni Lance”

“ngayon mo lang nalaman?”

“hmmm oo hahaha”

“tss.”

“Lance naman eh! Kausapin mo nga ako ng matino! Masasampal na kita!”

“kiss muna” aywalanjo!

“ayaw!”

“oh inumin mo” bigyan daw ba ako ng beer? Ano to? Lalasingin niya ako?

“hoy mister Lance Mariano style mo bulok! Di ako iinom baka mamaya kung ano pang gawin mo sakin. Tama na yung nainom ko. ikaw nalang uminom para mapasunod kita sa lahat ng iuutos ko hahaha”

“isang kiss lang naman” lasing na talaga to -_____-

“sino muna ang fiancé ni Celina? Saka bakit niya hinahanap? Hello? Fiancé niya tapos hahanapin niya? ang galing naman!”

“si Jake” dry niyang sabi “kiss ko?” -___-

“di mo pa nasasagot lahat eh!”

“kasi tumakas siya sakanila, kaya din fractured ang paa niya dahil nahulog siya ng hagdan nung tumatakas siya. di niya alam ang pangalan ni Jake. Pinakita lang niya yung picture. Kiss ko na?”

Dfghalskjdhakjdga KISS PA DIN ANG HINANAP? Amp naman

“sayaw ka muna hahaha” bigla nalang niya ko hinarap sakanya saka hinalikan >.<

“ang usapan ay usapan. Bawal madagdagan” he explained.

"sabi ko nga >.<"

Si Jake? May fiancé. si Jake? Woah!

Bakit si Celina pa? aynaman eh! Daming babae dyan bakit si Celina? Di ko siya feel!

“ayaw ko si Celina ang maging fiancé ni Jake. >.<”

“psh hayaan mo nga sila. Buhay nila yan. May sarili tayong buhay” kontra naman niya.

“now shut up bah.” Humiga ulit siya sa lap ko. “I’ll sleep” what the hell!!! At ako talaga ang ginawang unan?

“ah basta! Ayaw ko siya para kay Jake”

“hwag mong banggitin pangalan niya. nagseselos ako” >///<

“edi hindi na! nga pala nagtext sakin sila kuya kanina. Baka di kita Makita ng ilang araw. Aalis kasi kami”

“sinong kasama?”

“ang alam ko kasama namin yung family nila Steven, yung guy na kasama ko sa mall kanina or rather kahapon pala. Alam mo ang bait nun”

“mabait daw. Ayoko dun iwasan mo yun”

Eh?

“mainit dugo ko sa lalaking yun. Hwag mo siyang kakausapin”

Ah?? Ano daw?

“teka galit ka dun di mo pa nga kilala?”

“I don’t like him. kaya lumayo ka sakanya” nakakatakot bigla magsalita si Lance.

Yung tipong kelangan mo talaga siyang sundin.

“b-bakit ba? Mabait naman siya ah” bigla siyang umupo at tinitigan ako.

“basta ayoko siya.” and then tumayo nalang siya at iniwan ako.

What’s up with him? mabait naman si Steven ah.

Bahala na nga >.<
“seloso masyado ang bah ko!” pero kahit papanu aaminin ko napangiti ako dun. Seloso kasi haha.

**Chapter 34: Bakit kaya?**

“san ka galing?” ayan nanaman si kuya. >.<

“kina Gail lang po” pagsisinungaling ko. ang totoo niyan nauna na akong umalis dun sa bahay bakasyunan nila Lance.

“kaninong kotse yung naghatid sayo?” kay Lance po.

“ah ano sasakyan ni Seb.”

“siguraduhin mong di ka nagsisinungaling”

“opo tay” kainis! Sa pangsesermon niyang yan nagmumukha na siyang si papa.

Paakyat na ako, actually nasa stairs na ako nang nagsalita nanaman si kuya “mag-ayos ka na ng gamit mo. Aalis na tayo mamaya”

“teka! Diba kuya sa susunod pa?” magkikita pa kami ni Lance mamaya. Aish! Manunuod ako ng first practice game niya mula nung makabalik siya eh! ANG DAYA NI KUYA!

“aalis na tayo mamaya. Isang buwan tayo dun”

“h-hah? isang buwan? Akala ko ba ilang araw lang? teka paano yung trabaho niyo?” bumaba pa ulit ako. nakakaparanoid si kuya. amp.

“maiiwan naman si Shizu dito, don’t worry we’ll bring Aki” napanganga nanaman ako. ano yun? Baby sitter nanaman ako? >3<

“dali na hime! Mag-ayos ka na ng gamit mo”pinagtulakan pa talaga niya ako >3< “oo na!”

Katulad ng inutos niya, hayun nag-aayos na ako ng gamit. Lagi namang ganito laging sila ang nasusunod. Bunso ako eh. Tas ako pa ang nag-iisang babae. Sana sumama si kuya Shizu >.<

Ang boring kasi kung si kuya Lavi baka pagalitan ako nun pag nahuli akong may katext parati.

Kakaayos lang namin ni Lance. ang dami ko pa din gusto malaman.

Katulad ng anong ginawa niya nung wala ako?

Nag-aral ba syang mabuti?

Nagpakabait ba siya?

Pero sa mga sinasbai palang ni JL, mukhang hindi talaga.
Anong naramdaman niya noong nakita niya akong kasama si Jake?

Pfft.

Gusto ko mag-stargazing kasama siya.

“tita! I’ll help you pack your things!” takbo naman si Aki papunta sa cabinet ko at naghalungkat ng mga damit ko.

“hindi na! ako na. itong batang to.”

“but tita! Daddy pack my clothes that way! Hahahaha” tuwang tuwa niyang paliwanag at saka pinagpatuloy ang ginagawa.

Kawawa naman ang batang to.

“tara muna sa kwarto niyo ako. ako ang mag-ayos ng gamit mo. We need to fold them. O’right?”

“YES MA’AM!” saka siya nagmarch palabas ng kwarto ko. ang cute talagang bata.

Tinutulungan ko siyang ayusin ang mga basta nalang nilagay ni Seiji na mga damit sa bag niya! gusot gusot na tuloy yung iba. Siguro nagmamadali nanaman yun. Kaya di nakakahanap ng asawa eh!

“tita you’ll be a good mother” aww, natouch naman ako dun. Kaya naman niyakap ko si Aki ng mahigpit na mahigpit.

Namimiss ko na yung baby ko kahit di ko siya nasilayan :(

“tita will you have a little aki soon?” -____- alam ba niyang sensitive ako sa bagay na yan? Kung di lang dahil nangungulila ako sa anak ko matagal ko na tong sinaktan. Pero syempre joke lang. mahal na mahal ko si Aki. Parang siya na din ang naging anak ko :)

“I’m still young baby hahaha”

“yuck! You called me baby! Binata na ako said tito Shizu!” yung kuya ko talagang yun!

“and tito Rex said that I am gwapoooo like him daw” takbo nanaman siya papunta sa salamin. Naging vain na siya gaya ng kuya Rex ko

“hwag ka maniniwala sa mga yun Aki! They’re deceiving you!” baka mamaya turuan na siyang manligaw! Bata pa siya

“gwapo naman si Aki oh!” turo niya sa sarili niya sa salamin at saka siya nagpose ng ewan ko ba!

Inayos ko nalang muna mga gamit niya. grabe talaga. Nasaan ba yun?

“si dad mo?” I asked Aki

“Work po. Sabi niya mag-study daw si Aki next school year! YEY! Will I meet new friends here?”

“of course! Madami ka makikilala. Kaya you should speak in Filipino fluently na! para madami kang mas magiging close dun”

“talaga? Okay! Paturo pa si Aki kina tito at pati na sayo” kinurot pa niya pisngi ko >.<

Napanggigilan ako ng isang bata

Ilang oras na din ang lumipas, tulog pa si Aki. At kami? Heto kami! Naglalakbay na :(

Tingin ako ng tingin sa cellphone at sa wristwatch ko.

Amp. Nag-umpisa na kasi yung practice game nila Lance.

Huli niyang text sakin ang nakalagay lang ay heto: I’ll practice. Good right? Take care.

Sinong di maiirita sa text na yun?

May isa pa pala sabi niya sa text ko kanina na ‘aalis kami today’: INGAT!

YUCK NAMAN DIBA! Hindi man lang umangal bakit ngayon na?

Kung sabagay si Lance Mariano yan eh! Ano pa nga ba ang iisipin ko?

Gabi na nung makarating kami sa isang bahay.

Malaki siya,maganda. At bahay na bahay talaga.

Nasa malayong lugar kami malamang! Pitong oras kasi ang byahe kaya naman pagod na pagod na ako.

Hindi ko na maappreciate pa yung magandang scenery dahil na nga din sa pagod.

“bahay nga pala to ng bestfriend ko” kapatid ni Steven? Bestfriend daw eh >3<

“ooh aha. Ayos naman diba? Pamana daw yan sakanya.” Bumusina na si kuya para pagbuksan kami ng gate.

Naks! YAMAN!

Nang makapag-park na si nii-san bumaba na kami. Buhat buhat ni kuya Rex si Aki.

Naiwan yung magkapatid na Kojima doon. Amp feeling ko di magkakasundo yung dalawang yun. Parang kasing nagseselos si kuya Shizu pag mas kinakausap ni ate AJ si Seiji hahaha.

“oh nakangiti ka dyan hime? Boyfriend nuh!” bulong ni kuya Rex

“YUCK! Wala akong boypren nuh.” sorry Lance >3<

“sus nagkaboyfriend ka din naman noon. Haha. Pag may boyfriend kang bago pakilala mo kaagad sakin. Hayaan mo si Lavi. Nalipat sakanya yung pagkasungit ni Shizu hahahaha. Gwapo ko talaga”

-___- out of nowhere nanaman yang gwapo nay an ah!

Kami lang actually ang nandito, si kuya Lavi, kuya Rex si aki at ako. sabi pati din daw sila mama nandito na? ewan ko >3<

“kuya ano bang meron at kelangan pa tayong nandito?”

“kasal ng kapatid nila”

“oh tapos? Di naman ako kasa---“

“kasama ka Hime” ang sabihin o binabantayan mo ako kuya Lavi.

“wala naman akong gagawing masama doon eh, babantayan mo lang naman ako ah”

“hah! mahirap na! nabalitaan kong nagiging malambot ka na kay Mariano” sabi ko nga late ka na sa balita kuya. kami na kaya.

May lumabas na maid para kami ay salubungin. Pinapasok niya kami sa bahay. At isa lang talaga ang masasabi ko! NAKAMANGHA! Maganda kasi sa labas pero mas maganda pala dito sa loob!
Inihatid niya kami magiging silid namin. Ang kasama ko sa guest room ay si Aki. At yung dalawa ko namang kapatid ang magkasama sa kabila.

Wala naman akong nakiitang sign ni STEVEN ONG dito kaya siguro ayos lang gumala gala sa lawn nila. Kasama ko si Aki. Kakatapos lag namin kumain at heto na kami nagpapalamig dito.

February na nga din pala. Medyo maginaw na. siguro nagmemelt na yung snow sa ibang bansa.

Si aki nakaupo lang doon, feeling ko nga tulog na siya dahil sa pagod kaya naman napagpasyahan ko ng buhatin siya para iakyat. Sila kuya kasi busy nakikipag-usap doon sa mga kaibigan nila. Ilan ba silang magkakapatid haha joke.

May kapatid pa kasing babae si Steven, siya yung ikakasal. At tyempo namang kaibigan ni kuya Rex yung lalaking pakakasalan nung ate ni Steven. At dahil daw kaibigan na DAW ako ni Steven heto napasama ako dito.

Yun ang paksa kanina habang kumakain kami. Ako lang nga yata ang hindi naimik eh.

Buhat buhat ko si Aki nang may kumulbit sakin.

“akin na ako na bubuhat sakanya” si Steven lang pala! Pasuspense naman kung makakulbit ito haha.

Dahil mabigat naman si Aki kaya hinayaan ko ng buhatin siya ni Steven.

“sabi ng mga kuya mo nandito ka daw sa lawn kaya pumunta ako dito baka kasi nabobored ka na”

“hindi naman” sabi ko ng may ngiti ang aking mga labi XD

“nga pala yung ex mo yung sa mall diba?”

“oo. Bakit mo naman natanong?” napahinto naman daw ako sa paglalakad. Pero siya tuloy tuloy lang hanggang sa makapasok na kami sa loob ng bahay nila

“hmmm wala lang. nakapag-usap na ba kayo?”

“yup.” Di ko namalayan na sa pagsagot kong yun nakangiti nap ala ako at nakatitig nap ala siya sakin >///<

Nahihiya tuloy ako.

“okay na kayo?”

Naglakad ulit siya kaya naglakad na din ako. papaakyat na kami sa hagdan nung sinagot ko yung katanungan niya.

“kung okay na kami? Hindi pa ganung ka-okay kasi may mga bagay pang hindi naayos” tulad nung kina kuya :(

Hindi na siy aulit nagtanong pa kaya hindi na din ako nagsalita pa. nilalapg na niya si Aki nang bigla kong nalala na ang init ng dugo ni Lance kay Steven. Maari kayang magkakilala sila?

“neh Steven”

“kahit steve nalang” sabi niya habang nakangiti. Umupo pa nga siya sa may gilid ng kama.

“oh Steve, ayan Masaya na?”

“sort of hahaha”

“arte! Haha. Nga pala. Ahm kilala mo ba yung E-ex ko?”

“yung sa mall? Bakit?”

“basta sagutin mo nalang kasi”

“hindi eh. Di ko siya kilala. Bakit?” halata naman sa hitsura niyang curious na curious talaga siya

“ah ano. Wala naman. Akala ko kasi magkakilala kayo”

Kung makareact naman kasi at makautos lumayo kay Steven akala mo naman magkakilala na sila noon.

Di naman pala.

Selos lang kaya si Lance?

“AH!” parang biglang nagreact itong si Steven. Yung tipong may naalala ba.

“bakit?”

“parang nagkita na nga ata kami noon. Saan nga kasi yun. Ah! Sa Japan yata? Ewan ko pero nakasalubong ko lang naman siya nun. Bakit? Tinanong ba niya ako sayo?”

“ah? H-hindi haha. Feeling ko lang kasi. Feelingera ako eh” >3<

Nagkita na sila? Sa Japan? Woah! Yung pumunta si Lance doon para Makita ako? ang dami namang nakita ni Lance noon! Ni hindi ko nga kilala si Steven dati?

Naguluhan tuloy ako bigla. Bakit asar na asar tong si Lance kay Steven?

**Chapter 35: baka pagbalik mo…**

**JL's POV**

Nung umuwi si Miyuki umuwi na din ako. sino naman kayang makakausap ko dun?

Celina? Hah! patawa! Fiancé pala siya ni Jake hah.

Wait! Bakit parang ang bitter ng dating?

Rephrase! So fiancé pala siya ni Jake? Ayan better!

I overheard Lance and Miyuki talking last night? If I can call it a night! Almost 3am na kasi nun and lahat sila nakainom.

If i remembered it right 3 of Lance's teammates confessed to me last night.

Like uggghhh! I don't like them.

I still prefer Lance.

Lance with M.

I was doing the laundry when Ales called me.

Kaya nga nandito ako ngayon sa field watching!

"ano nga ulit kasi yung sabi mo kanina nung tumawag ako?" ang daldal ni Ales.

"I said naglalaba ako kanina! Okay Masaya na?" I prefer doing things on my own kesa dumedepende ako sa iba.

"wow really! good influence ka din pala haha" saka niya ako tinapik. Okay? What was that? Was that a friendly gesture? Kung tapikin ko din siya? yung mas malakas para alam niyang mas masakit ang ganti? Tss.

"great pinapunta mo ako dito just to watch this practice game?"

"yup wala akong kasama eh haha" tawa siya ng tawa. Halatang peke naman.

"wow. Substitute bestfriend and substitute girlfriend pala ako dito? Gosh" totoo naman ah! Dahil wala si Miyuki kaya ako tinawagan ni Ales. Dahil naglalaro si Lance kaya ako ang kasama niya.

"dun ka kina Gail!" I retorted.

“as if naman may magagawa ka na! nandito ka na oh haha. And besides they’re lovey dovey there oh! nakakabitter!”

“wow aren’t you and kysler are---“

“well nag-usap kami. Pero look nandun siya!” turo niya sa kinaroroonan ng team nila Lance at kausap ang ibang hindi naglalaro”

“oh tapos?” I asked. Nakaupo nga lang pala kami dito sa bench. Medyo padilim na din.

Patapos na ang game.

“magquit daw ako sa pagiging model”

“edi gawin mo”

“hindi naman kasi ganun kadili! May kontrata naman kasi”

“nag-aaral ka pa din diba? Di ka ba nahihirapan?” bakit ba ako tanong ng tanong? Oh my gosh! Baka sabihin niya concern ako sa life niya. like I care!

Boring kasi manuod.

Kahit pa sabihin natin na nakakatuwang naglalaro ulit si Lance. boring pa din! Buti sana kung ako yung girlfriend niya siguro proud na proud pa ako ngayon.

Ang bitter ko ulit. Rephrase! YEY! POUD NA PROUD NA SIGURO SI MIYUKI NGAYON! -__-

Bakit parang bitter pa din?

Eerrrr!!! Naiinis ako. nagseselos ako. eeewww!!! Ano ba tong mga nasa isip ko!

“hey!!! Nakikinig ka ba?” she clap her hands pa talaga sa harap ng mukha ko.

“y-yeah? I think?” I answered

“anu ba yan! Kanina pa ako nagsasalita di ka naman pala nakikinig!”

“ano bang sinabi mo?”

“tinatanong ko kung mahal mo talaga si Lance! kung magsalita ka kasi parang hindi naman”

“oh sorry na ako na mukhang hindi sincere sa mga sinasabi ko. nakilala niyo akong sinungaling and plastic. Wala naman akong pakialam sa iniisip niyo.” Psh.

Dapat talaga ako nalang naglaba. Baka masira pa nung maid namin yun damit ko kesa nandito ako at nakikipagchismisan.

In all fairness! First time ko yata kinilig kay Mariano?

Paano ba naman napatingin siya dito at talagang ngumiti siya saakin.

Okay ako na OA! Pero duh! Bihira kasi ngumiti.

“hoy JL bawal ngumiti. Taken na ang bestfriend ko”

Nakangiti pala ako?

“so? Nasan siya? wala naman. Agawin ko yang si Lance sakanya eh.” -___-

“hahahaha ang galing mo talaga magpatawa!” she said laughing! And take note with hampas hampas pa!

“ha-ha-ha” sarcastic kong tawa.

“no offense meant but I mean it dear”

“h-hah?” ayan edi natakot ka ngayon.  kung totohanin ko kayang agawin yang si Mariano?

“madami kaming pinagsamahan ng bestfriend mo. Yung iba hindi niyo alam. Hahaha” after that, umalis na ako.

Baka nasira na yung mga damit ko.

Brutal pa naman si manang maglaba akala mo walang bukas.

Ni-wawashing machine yata pati mga cotton na  damit -___-.

Isang oras din ang byahe pauwi.

And when I got home I received a text.

Coming from Lance with an M.

‘umalis ka na? you should have watch me till the end! I’m still awesome’

I replied: ANYABANG MO PARE!

And he replied: ':)'

First time. Ngumiti siya sa text!!! GOSH!!! Kung kelan ka may girlfriend dun ko nararamdaman ang kilig!

Kainis! Miyuki come back now! baka pagbalik mo wala ka ng balikan >.<

I'm good at seducing.

Lance may be faithful but he's still a guy.

So come back Miyuki hanggang napipigilan ko sarili ko at nababaling palang kay Lance with a T ang atensyon ko. psh.

**Chapter 36: love you too**

Kelangan na niyang bumalik.

Nakakainis kasi.

Bumabalik nanaman yata ako sa pagiging sulutera!

Mas gusto ko kasi yung mga lalaking may girlfriend.

Kasama ko si Lance ngayon. nagpasama ako sakanya sa mall.

Bored din naman daw siya sa buhay niya ngayon dahil wala si Miyuki.

Edi yayain siya lumabas -___-.

"you think she'll like this?" ewan ko! natatawa ako sakanya. Bakit ba mga stufftoy ang binibigay niya kay Miyuki? Ang babaw naman ni Miyuki pag natuwa siya dyan.

"pacute naman ng dating ng stufftoy na yan. How 'bout that one?" turo ko sa grim reaper.

"funny JL." haha nabadtrip yata siya.

Lumabas tuloy siya ng shop.

"miss I'll buy this" nandun siya sa may labas at hinihintay ako.

Psh. “oh! bigay mo sakanya. Matutuwa yun. Mababaw pa naman yun”

Tinignan niya ako with curiosity painted on his face.

“kunin mo na! halata namang gusto mo ibigay sakanya yan.” Naalala ko tuloy si Jake nung high school kami.

Nagpatulong siyang pumili ng ireregalo kay Miyuki dahil birthday niya. how sweet -___-

Ngayon naman kahit hindi sinasabi ni Lance parang ganun din ang dating sakin.

“sabing kunin mo na eh”

“oo na!” kinuha nalang niya yung binili ko dun. “oh bayad mo? 3500 din yan” saka ko pa inilahad yung palad ko para singilin siya.

Naglabas naman siya ng 4k.

“okay akin na yung sukli” at halata namang wala siyang pakialam. Ayos dapat pala ganun parati ang ginagawa ko. may kita pa akong 500. How nice.

Wala naman masyadong ginawa. Actually tigabitbit ko siya ng mga pinamili kong damit and shoes!

Shopaholic ako. dati pa naman siya na nagbibitbit ng mga binili ko.

“iwan na muna natin yan sa baggage” I said.

“grocery?” he asked

“yup. Naks si Marino di pa din nakakalimot!” ako ang nag gro-grocery. Wala naman kasi akong ibang kasama sa bahay ngayon kundi ako lang at ang maid. Hiwalay ang parents ko. minsan si dad ang kasama ko minsan si mama naman.

At least madami akong pera. Ang dami nilang pinapadala sakin. Tss.

So happy -___-

..

Nakakatawa ang mga tao dito. Akala yata nila couple kami ni Lance. tuwang tuwa naman daw silang nakikitang binabalik lahat ni Lance ang mga pinapamili ko -____-

“anong tema mo?” binalik ko ulit sa cart ko yung mga binalik niyang kinuha ko.

“di ka naman kumakain niyan” kinuha niya ulit yung snacks ko.

“marunong ka pa sakin!”

“maanghang yan oh! heto kasi” wow! Tinignan ko yung kinuha ko. maanghang nga.

“heto na iibalik na kasi.” Tss.

Teka? Wala naman akong sinabing ayaw ko ng maanghang?

Shet! Miyuki bumalikka na nga! Naainlab ako lalo kay mariano. Psh.

Nauna na akong pumunta sa may cashier!

“hoy paano mo nalaman na ayaw ko ng maanghang?” tanong ko nung nakapila na kami

Di niya ako sinagot.

“hoy tinatanong kita!”

“h-hah? sorry” he said habang nakatingin sa cellphone niya.

“Miyuki?” I asked

“yeah”

“hindi kaya magselos yun?” tanong ko pa

“alam niyang kasama kita”

“oh. I see. Sabihin mo aagawin na kita sakanya kaya bumalik na siya dito”

Ngumiti lang si Lance. parang timang lang.

“akin na nga! AKO NA MAGREREPLY!”

Nagtype na ako then clicked send.

“sira ka talaga. Akin na nga” para kaming baliw na nakapila dito sa may cashier.

..

Pabalik na kami sa bahay ko.

Usual na saamin ang scene na ganito.

Yung tahimik at walang umiimik.

"hey di ka ba nagseselos? May kasama siyang lalaki?" curious lang.

"how'd you know?" napatingin pa siya saakin.

"I was eavesdropping last time"

Well it has been 2 weeks after Miyuki Left.

"hindi mo ba siya namimiss?"

"I missed her. But she said---"

"that was what she said. Ano ka ba! Madaming keme lang yung babaeng yun. Kung ako sayo pupuntahan ko na siya"

Dapat ikaw nalang umalis para kahit di bumalik si Miyuki keri lang -___-

"di naman ibig sabihin na kapag pumunta ka dun makikita mo din mga kuya niya. hello! Ang daming pwedeng lugar Lance. ang dami!"

"nga pala ako na bahala kay Celina. Ako na din cocontact kay Jake para magkita sila"

"ganun ba kadami ang narinig mo habang kausap ko si Sharlot?"

"hahahaha. Yeah! I heard everything. Ako na din bahala sa bestfriend mo while you're not around. Gosh! para akong mag-aalaga ng dalawang bata! Di pa din ayos ang bestfriend mo at ang boyfriend niya"

"ales and kysler" he said

"oo na! alam kong may pangalan sila."

Di ko namamalayan nandito na kami sa harap ng bahay ko.

Bababa na sana siya para kuhanin mga pinamili ko pero pinigilan ko siya.

“hwag na ako na. baka pag pumasok ko dyan hindi na kita palabasin hahaha”

At talagang nagtaka pa siya sa sinabi ko.

Manhid ang baliw.

“o-okay?” naguguluan niyang sagot.

“just go at Miyuki’s side now. I’m sure miss na miss ka na niya. Madami lang arte yun.”

Ngumiti ulit siya saakin at inabot ang isang paper bag.

“bakit mo binibigay sakin yan! Bigay mo kay Miyuki yan!”

“sayo nalang. Thank you” he said

Di na ako nagrespond kinuha ko nalang lahat ng pinamili ko pati na din yung inaabot niya at bumaba sa sasakyan niya.

“text mo ko pag nagkita kayo hah. bye Lance.” paalam ko sakanya.

“I love you” pabiro kong sabi pero deep in me, I mean it.

“bye love you too.” Natatawa naman niyang sagot.

Gees! Totohanin ko yan eh!

“pupuntahan ko siya. thank you”

Tama na yang thank you na yan . di ako sanay baka maagaw pa kita.

Pinaharurot na niya yung sasakyan niya.

“psh seryoso kasi ako sa sinabi ko! love you too daw. Agawin kita sa girlfriend mo eh” pasalamat ka mahal kita at ayaw ko ng Makita kang pariwara. Psh.

Makapunta nga muna sa apartment ni Lance with a T.

**Chapter 37: kadiri**

"Hoy Lance with a T"

"Erick nalang haha. Nakakatawa ka pala talaga nuh?" okay?

"am I a clown? Duh!"

Feel na feel ko pa umupo-upo dito sa sofa nila.

"eeeewww! Tabi dyan!!! mahahawaan ako ng kaartehan mo!!!" sht talaga tong kapatid niya! nakaka-turn off tuloy.

"manahimik ka! Di kita kinakausap. Kalbuhin kita eh"

"KUYA! PAALISIN MO NA NgA YAN!" eeerrr!! Ingay! Nagtakip nalang ako ng tenga. Kainis. Para siyang baby. Palibhasa sinanay ng kapatid. Spoiled brat.

Tumingin ako sakanya and then smirked causing for her sudden irritation hahaha.

"eeeeeehh!! NAKAKAINIS KA TALAGA!" walk out pa siya haha.

"paalisin mo nga yang kapatid mo! Nakakairita siya eh. Pababy masyado"

"grabe ka naman kapatid ko pa din yun" ngumiti lang siya sakin. Err napangiti nalang din ako. yung pilit hah. yung pilit!

"may boyfriend ba yung kapatid mo?"

"manliligaw yata?"

"oh talaga? May nagtyatyaga dun? Hahaha ang brat kasi"

"parang mas malala ka naman haha."

"HOY! NARIRINIG KO MGA SINASABI MO!"

"and so? Pakialam ko sayo?" akala ko umalis na nagpunta lang pala ng kusina.

Tama yan para tumaba taba naman siya.

Kumakain lang ako. si Lance with a T naman nag-gigitara lang.

Magaling siya.

May future siya.

"eeeh! Nakakainis naman to sabi ko sakanyang hwag siyang pumunta dito kainis!" nagsasalita mag-isa yung kapatid ni Lance with a T. nababaliw na ata siya.

"sabihan mo yang kapatid mo. Baliw na yata"

"haha nahihiya lang yan sayo. Masanay ka na"

"as if" kinain ko nalang ulit yung cookies na nakalapag sa may coffee table.

Naglilikot lang mag mata ko dito hanggang sa lumabas na nga si Eris na sinundan ko lang ng tingin.

May nahagip yung mata ko eh. Lalaki yata. Yun na siguro yung manliligaw nya.

"hoy yung kapatid mo kasama niya yung manliligaw niya" wala kasing pakialam itong Tamayo na to.

"hayaan mo para naman pag uwi niya nakangiti nanaan sya" he said while smiling.

Okay. I get it. Gusto ko yung ugali niyang caring siya sa kapatid niya.

"nakakapagtaka naman pumunta ka dito ng di kita niyaya ngayon" oo na! ilang beses na akong nakapunta dito. We're going out.

Hahaha.

Not that I'm cheating naman. Well he knew about Lance Mariano.

"hey I said I love you to him. and he answered love you too. Wala man lang I. kainis"

"asa ka pa. yung kapatid ko nga na mas matagal na nakilala si Lance hindi pinatulan"

"duh! At least ako may kiss na naganap. Haha"

"sige lang sabihin mo pa yan sa harap ko" hahahaha selos ba siya?

"are you jealous or something?"

Napatigil siya sa pag-strum ng gitara niya

Nag-isip pa siya ng isasagot saakin.

“medyo? Haha”

“baliw. Ikaw nga dyan ang di pa maka-move on sa ex mo. Para ka ding si Mariano noon. Di makaget over sa ex.”

“at least siya nagbalik ex niya. sakin Malabo talaga”

“eh gaga naman kasi yang ex mo. Sarap sabunutan. Pag nakita ko yun nakuuu! Kakalbiuhin ko talaga siya para sayo”

“haha. Salamat pero ayos na. may pumalit naman na mas sakanya”

“ako ba yun?” diretso ko lang na tanong

“malamang” tumugtog na ulit siya.

“dapat ganyan din ang sinabi ni Mariano sakin 2 yrs ago. Para naman Masaya ako. pero okay na Masaya naman siya. at least kmat kapangalan naman na ipinalit haha. Joke lang. baka nahuhurt ka na just tell me okay?”

“sige lang ilabas mo lang yan. Pareho pa din naman tayo ngayon. kaso nauuna yata akong mahulog”

“dapat lang! sa ganda kong to ako pa mauunang mahulog? Hwag ka! Yung pustahan natin. Pag ikaw unang nahulog sagot mo yung kasal pati bahay ng mag-isa. Lagot ka! Hahaha”

“nag-iipon na nga eh hahaha”

>///<

“tse! As if naman.”

Nakikipaglandian nanaman ako.

Mamaya ako nanaman ang unang mahulog.

Mahirap na! baka ako pa sumagot ng kasal namin pati bahay.

Mahirap na -___-

Kainis! Ang landi ko talaga. Kanina lang nagsabi ako ng I love you kay Mariano.

Ngayon naman nakikipag usap ako ng about sa kasal kay Tamayo.

Gosh! Nagiging cheap na yata ako?

Ang pustahan ay pustahan.

Hindi pa din dapat ako maunang magkagusto ko kay Tamayo.

“KUYA! aalis lang kami ni Dennis!” sabi ni Eris na nakadungaw lang sa pintuan.

Dennis? Parang may kakilala akong ganun ang pangalan?

“hoy sino si Dennis?” I asked

“kababata ni Miyuki. Kilala mo?”

“nak ng pucha! Yung sunod-sunuran sa manyak na si Seb?” hahaha may naisip ako.

“kawawa naman yang kapatid mo. Ang pagkakaalam ko may notebook pa yang dennis na yan. Sinusulat lahat ng kaewanan ng master daw niya. kilala mo si Seb?” I asked

“no. pero narinig ko na ang pangalan niya. bakit?”

“sabihan mo yang kapatid mo. Baka manyakin lang siya nun hahaha” dapat kasi di niya ako tinataboy at pinapalayas. Ayan tuloy. Ang mean ko yata sa kapatid ni Tamayo.

“manyak pala yun? Sige ako na bahala. Loko yun ah”

Natatawa tuloy ako. sinisiraan ko lang naman.

Sarap manira ng ganyan eh hahaha.

Trip ko lang na paglaruan muna yung dalawa. Concern ako kay Eris baka manyakin nga siya. manyak pa naman ang master ni Dennis.

Kapatid pa din siya ni Tamayo.

YUCK! Nagiging mabait ba ako? kadiri

**Chapter 38: GEES!!!**

**Miyuki's POV**

"bakit ka napatawag? Sira ka talaga" bulong ko sa cellphone ko >__<

Lumingon lingon pa ako sa paligid kasi naman baka biglang dumating sila kuya

[I missed you] yung boses niya husky at parang pagod. Aww.

"galing ka sa practice bah? Pagod ka eh" >3<

[wala man lang I missed you too? Tss. Mawawala na sana pagod ko] Rinig na rinig ko yung paghinga niya.

Gustong-gusto ko na Makita si Lance. kaso hindi nga pwede.

"I missed you, kumusta ka na? gusto na kita Makita" >__<

Pag lumalabas ako dito parati kong kasama sila kuya

Hindi ko nga alam kung bakit kasama pa ako dito. Lagi naman akong OP.

Isa pa kahit gusto ko makita si Lance di din naman mangyayari. Ang layo niya kasi

[kita tayo bukas] hah?

"baliw haha. Parang mangyayari naman hello! Ang layo ko po kaya"

[nandito po ako. malapit lang po sayo] eh?

"san?" hinanap ko pa siya sa buong paligid. Then I heard him laughing. As in TAWA talaga!

"what the hell! Hwag mo nga ko pinagtitripan. Pinapaasa mo ako sa wala!" yung tono nung boses ko yung parang sa nagtatampo. Minsan kelangan din magpacute ng gf sa bf hehe. Baka tuparin! XDD

[na-iimagine kitang hinahanap mo ko dyan haha] siya na ang di maka get-over! O sorry na! ako na kasi ang naghanap sa wala.

“tse! Porke’t natahimik lang ako saglit hinahanap na kita? The nerve hah! may napadaan kasing anghel kaya natahimik ako! pwede ba? Naku naku. Hwag assuming okay?”

[mas maganda pa din pala pakinggan yung assuming kesa sa umaasa.]

Oo nga nuh. Siya assuming ako umaasa. Mas maganda nga yung assuming.

“oo nga.” Same meaning pa naman
Ayan nanaman kami sa natahimik.

Gusto ko kasi siya marinig magsalita. Hindi yung ako yung nagsasalita.

“hoy Lance andyan ka pa?”

[kwento ka] may narinig akong click ng lighter! Aba!

“hoy hwag ka manigarilyo sabi! Masama yan” umupo muna ako dun sa duyan na nandito sa may garden.

Ang lamig ng hangin.

[anong ginagawa mo?] ang sama nito! Feeling ko hinihithit na niya yung yosi! Ipalamon ko sakanya yun eh.

“hwag ka maninigarilyo sabi eh”

[di na nga. Magkwento ka na]

Nagkwento naman ako ng ginawa ngayong araw. Sinabi ko lang na namasyal ulit kami. Syempre di ko sinabing with steven yun baka mamaya kung ano pa gawin nit okay Steven. Ang init pa naman ng dugo niya dun.

"kanina pa ako kwento ng kwento. ikaw naman!"

[gusto ko boses mo lang naririnig ko]

tumahimik lang din ako. gusto ko boses lang din niya maririnig ko hehe.

[kasama mo ba siya?]

“kasama mo naman si JL kanina ah”

[i asked permission from you]

“kay! Edi ako na yung di nagsabi. Pero no choice naman ako eh. In fact, if ever di naman kita papayagan feeling ko sasamahan mo pa din si JL. lagi kasi kayong magkasama. Kulang nalang magkamukha na kayo. Kulang nalang gawin mo na siyang BFF at GF. Bagay nga kayo eh”

[talaga? Dapat pala niligawan ko siya nun]

>:(((( ako ba ay ginagalit ni Lance?

Tumawag ba siya para pagtripan ako?

TUMAWAG BA SIYA PARA IKWENTO NA SOBRANG SAYA NILA NI JL KANINA HAH?

Di pa naman siya nagkwekwento ng ganun. Kakalma muna ako.

[labas tayo bukas. Hintayin kita] HAH? ano bang sinasabi nito?

Tumawa lang ako sa sinasabi niya.

“feeling mo naman 30 minutes away lang! hello! Ilang oras po ang byahe kuya! ilang oras po yun? Hahaha”

[30 minutes away nga. Ba’t ang galing mo ngayon? tumatalino ka yata? Haha] NO WAAAAY???

“tell me you’re kidding!”

[I am not]

OMG!!!

“so totoo nga?? Nandito ka talaga?”

“Princess sinong kausap mo?” patay si kuya Rex >3<

“nandemonai nii-san!”

“honto?”

“hai” buti nalang agad siyang naniwala kaya agad din siyang umalis.

[nag-alien ka nanaman]
“ako na kasi ang alien! Ganda ko kasi eh”

[bukas hintayin kita] he ended the call after he said that.

Totoo???

Nandito nga siya?

Pero kanina magkasama lang sila ni JL.

No way?

NANDITO NGA?

Buong gabi paulit ulit lang yung mga salitang: bukas hintayin kita.

Bukas hintayin kita

Bukas hintayin kita!!!

GAAAAAAA! OMG >____<

Di ako makatulog!!!

Kinakabahan ako na napapangiti!

Mababaliw na ako dahil kay Lance.

Baliw siya!

Nandito nga?

Hwag niya ko papaasahin! Uupakan ko siya pag wala siya >3<

Nagtext pa ako sakanya asking kung saan ba kami magkikita.

Nagreply siya sabi nya may malapit daw na hotel. Dun daw ako pumunta dahil kina kysler daw yun. Para di kami Makita nila kuya.

And the amazing part was MAY HEART PA YUNG TEXT NIYA! hahaha

Ang high niya ah! In fairness! Sobrang lapad ng ngiti ko dun.

[dream of me but don't stare too much. Ok? I love you] siya na! siya na kasi yung bumabawi sa text :""">

Di ako makapag-concentrate sa pinuntahan namin kanina kasi halos mamatay na ako sa selos! Kainis kasi si JL! kung magtext siya kung anu-ano ang sinasabi. She said na konti nalang mahahalikan na niya si Lance sa sobrang sweet ng boyfriend ko! nag I love you-han pa daw sila!!!

Ang di ko matanggap ang iniisip ng tao sa paligid nila habang nag-grocery sila na, BF-GF DAW SILA!!!

Kung nakita lang nila ang mukha ko habang binabasa yung mga pang-asar na text ni JL. tuwang tuwa pa siya! naku!!! Kakalbuhin ko sila sa sobrang kilig ko sakanilang dalawa!

Lumipas ang gabi ng di ako nakatulog!

Ako na excited! Kasi si Lance eh! Sana di siya nagbibiro! Di ako natulog just to see him later!

Naligo na ako pagkabangon ko. 3 hours lang yata tulog ko, di nga kasi ako makatulog kagabi. >3<

Pagkalabas ko ng kwarto, actually kagigising lang din ni Aki, si Steven agad ang nakasalubong ko.

“naks saan gala natin? Ang ganda natin ngayon ah”

“ngayon lang? haha. Grabe ka!”

“tita is maganda na ever since kuya!” sabi ni Aki habang ginugusot ang mata niya

“oh narinig mo yun? Haha. Go take a bath na aki. Sama ka saakin mamaya. You’ll like my surprise” agad naman siyang naligo.

So that lead me and Steven to the kitchen na din haha. Kakain muna ako syempre.

“sila kuya?”

“lumabas sila nila ate. May pupuntahan nanaman. Alam mo naman mga yun” natatawa niyang sabihabang dumudukot ng tinapay haha.

“grr dapat kasi hindi na nila ako sinama dito!” reklamo ko naman habang naka-pout hehe

“bakit? Bored ka na ba dito? Boring na ba akong kasama?” diretso lang yung tingin niya saakin. Hala!

“eeeh! Hindi naman pero kasi, alam mo naman na mga kaibigan ko yung nandun. Hindi pa nga ako nakakabawi sakanila noong nawala ako ng tatlong taon diba?”

“mga kaibigan o si. Sino nga kasi? Yung ex mo?”

“si Lance? hahaha adik! Di ah” >__<

“masama nagsisinungaling haha” sabay kagat pa niya nung tinapay niya

“d-di ah!”

“nagsisinungaling ka! Hahaha”

“di ka pa din pala maniniwala tapos paaminin mo akong nagsisinungaling eh hindi nga kasi ako nagsisinungaling! Kainis naman to” kumain nalang din ako.

Tumahimik nalang ako. ganyan naman kami parati ni Steven. Oo nasabi ko na okay na kami ni Lance pero hindi nga lang totally okay. Tapos hindi niya alam na kami naman na ni Lance.

“kung hindi mo ulit nakita si Lance. may pag-asa ba na magkakagusto ka sa iba?” napatingin naman ako kay Steven.

Pag ba hindi ko nakita si Lance? may pag-asa nga bang magkagusto ako sa iba?

Siguro hindi.

Nginitian ko lang si Steven pero nanatiling hindi sinagot ang katanungan niya.

Hindi talaga.

Kasi hangga’t di ko nalalaman ang rason ni Lance hindi ako makakalimot.

Maaring hindi ko nga mahal si Lance pero baka lagi akong hahabulin ng nakaraan na hindi pa din natatapos.

Kung hindi ko naman nalaman ang rason ni Lance noon baka siguro hanggang ngayon matigas pa din ako kay Lance.

Umiiyak ng dahil sa nakaraan.

“malamang hindi” simpleng sagot ko pagkatapos ng ilang minuto.

Ngumiti lang din si Steven sa naging kasagutan ko.

“I must say, that’s true love miss” he said with a smile on his face.

Dumating na din si Aki sa kusina at masayang kumain. Ang cute lang! kurutin ko pisngi nito eh! >3<

Pagkatapos namin kumain, umalis na kami ni Aki. Pero nung nasa gate palang kami nag-offer na si Steven na ihatid kami dahil nga daw baka mawala kami.

Kaya hayun! Hinatid niya kami sa hotel na sinasabi ni Lance.

“wow dito kayo? Maganda dito. Sino naman ang katatagpuin mo?” ayan na yung tanong

“a-ano kaibigan lang. tara na Aki >3<”

Pero paglabas ko ng sasakyan.

Mukha ni Lance ang nakita ko doon sa malapit.

Lagot ako! galit nga pala siya kay Steven >__<

“is that tito???” excited na tanong ni Aki saakin. Kaagad siyang bumaba at pumunta sa may entrance para lapitan si Lance!

At pagkalapit niya binuhat siya ni Lance tapos umalis na!!!

ANU YUN? PINAPUNTA AKO DITO PARA KUNIN LANG SI AKI AT HINDI AKO ISASAMA? LOKO YUN AH!!!

“a-ano Steven salamat ulit sa paghatid. Hwag mo sabihin sa mga kuya ko please” yung kamay ko nag-form pa na parang magp-pray lang tapos todo please ako kay Steven na sana hwag niya ako isumbong sa nakita niya.

Pero in return, ngumiti lang siya at sumagot “don’t worry” tapos umalis na siya. ako naman agad akong tumakbo para habulin si Lance

NANDITO NGA SIYA!!!

pero

Nasaan na nga ba siya??? GEES! TAMA BANG IWANAN AKO!!! MISS NA MISS KO TAPOS INIIWAN AKO DAHIL NAKITANG MAY KASAMA AKONG LALAKI? SABUNUTAN KO SI JL NIYA EH >__<

ISAMA PA NIYA ANG CELINA NIYA!

## Chapter 39: patay

Nagtanong ako sa information desk kung saan naka-check in si Lance.

“Ma’am bilin po kasi niya pag may nagtanong na babae sa rooftop nalang daw po kayo pumunta”

Rooftop?

“ilang floor ba to miss?”

“30 po” ooohhh

Ano naman kayang gagawin sa rooftop? May surprise nanaman ba siya saakin? Haha

Nagiging assuming na ako!

Kasi dati naman ganun siya eh.

Masurpresa siyang tao.

Pumunta na ako sa elevator at pinindot ang 30. Hanggang doon lang kasi. Siguro aakyat nalang sa hagdan pag nandun na.

May mga kasabay ako sa elevator na mga kano! XD

Ang kaso nung nasa 18th floor na kami biglang huminto nalang yung elevator.

“what happened?” tanong nung foreigner

Nagblink blink na din yung ilaw! Lagot! Bakit ang malas ko naman? ala horror lang yung pagblink ng ilaw >.<

30 minutes din bago Bumukas yung elevator. Inaayos na pala. Buti naman. Si Aki baka kung ano na ginawa ni Lance dun sa bata >3<

Lumabas na kami sa elevator para sana lumipat kaso ang problema sira din!

Ano ba yan!

“anong nangyari kuya? matagal pa ba yan maayos?” tanong ko kay manong.

“may nasirang blah blah blah” di ko siya naintindihan. Ang dami niyang sinabing terms eh hahaha. Well educated si manong! Naks.

“may isa pa naman pong gumagana. Ayun po” turo niya. kaya naman nagpunta ako doon sa tapat ng elevator.

Pero nagulat ako! ang dami naman nakasakay at lahat sila paakyat!!!

Anong meron sa hotel na ito at ang daming tao?

Hihintayin ko nalang na mawala yung tao sa elevator. Pero habang naghihintay ako tumawag na si Lance.

“nasan ka Lance?”

[rooftop. TITA I’M FLYING!!!] aray naman sa tenga si Aki >.<

[bilisan mo na. tatapon ko si Aki] pero naririnig kong tuwang tuwa si Aki sa kabilang linya.

“oo na! pero nasira kasi yung elevator.”

[hagdan] napanganga nalang ako sa suhestiyon nya! Papaakyatin niya ako sa hagdan?

“nasa 18th floor ako bah! Paakyatin mo ako sa hagdan? Grabe ka naman!”

[dali na!]

[Tito once more once more! Toss me more!] WHAT THE??? TOSS? ASDFGHJ!!!!

“Lance pag yan napilayan humanda ka sakin!!!”

[ihuhulog ko siya. bilisan mo] GRRR! KUNG MAKA UTOS!!!

Nginitian ko nalang si manong na nakikichismis pa sa usapan namin ni Lance. kala mo naman naririnig niya si Lance.

“manong nasan yung hagdan?” agad naman itunuro saakin ni manong yung daan.

Nagmadali akong umakyat.

Feeling ko hinihila ako sa paa!

Nakakapagod T^T

Nung nasa 26th floor na ako. I tried my luck. Sinubukan ko kung pwede na ba yung elevator. Pero hindi pa din!!!

Ano ba? Natatakot na ako dito! Walang katao tao!!!

Pagod na pagod na ako. tagaktak na yung pawis ko! masakit na din sa paa :’(

Pinaparusahan ba ako ni Lance? >:(

Habang nagpapahinga ako napatawag nanaman si Lance

[anong floor ka na?]

"26 na! pwede magpahinga? Nakakapagod eh!"

[ah tamang tama. Daan ka sa room 2624]

"hah? anong gagawin ko dun?"

[basta punta ka dun]

"oo na! kung maka-utos talaga!" naglalakad lakad ako habang kausap ko siya sa phone. Para naman di boring.

Pansin ko pa, panay ang tawa ni Aki.

[tito Lance! you're a cool daddy!]

[really?] sige sila na mag-usap!

[yes! Yes! Will you be my dad number 2?]

[then who'll be your mom number 2?]

[TITA WILL BE!!!! YEHEY! I GOT TWO DADDIES!!!] napangiti nalang ako doon.

Ang bilis naman kasi pumayag ni Lance at parang tuwang tuwa talaga siya sa pamangkin ko.

Noon, akala ko na ayaw ni Lance sa mga bata.

Pero nung naging kami, nalaman ko nga na gusto niya ng bata.

Soccer team lang naman ang gusto niyang anak diba? Grabe siya!

"kita ko na Lance. anong gagawin ko dito?" tanong ko nung nasa tapat na ako ng room.

[kuha ka ng jacket. Malamig] osige! INUTUSAN LANG PALA AKO!!! grabe siya ah >.<

"wala pala yung card Lance! paano ko bubuksan?"
[bukas yan] wow ah! Inexpect na dadaan talaga ako dito? Psh

Binuksan ko na yung pinto dahil katulad ng sabi niya, bukas nga ito.

Pagpasok na pagpasok ko palang. Isang nakatalikod na babae na ang nakita ko.

Teka? Mali ba ako ng pasok?

Unti-unti siyang humarap saakin.

Pero syempre joke lang yun! Imagination ko lang XDD

Ang boring kasi!

“Lance anong jacket ang kukunin ko dito?”

[yung pink]

“hahaha Lance nagsusuot ka ng pink? Yuck! Hahaha”

[sayo yan baliw. Malamig dito sa taas] >///<

Sabi ko nga! Concern siya saakin!

[kuha ka na din ng isang t-shirt dyan. para kay Aki. Alam ko may pambata akong binili kanina] naks naman!

“yes sir!’ ^^

Pero bakit di pa siya dumaan dito kanina?

[TITO! Toss me again please. Please please]

[mamamatay ka. Tama na] hahaha. Natawa naman ako kay Lance dun! Kung makapagbabala naman daw sa bata. Mamamatay talaga yung term?

[psh! Daya! I’ll jump here to there tito! Like superman!]

[he can fly. And you can’t]

[tito is mean! Daddy Lance is mean! >.<]

Pinapakinggan ko lang silang mag-usap. Ang kulit kasi.

Parang bata lang si Lance.

Sakto naman paglabas ko ng room ni Lance okay na yung elevator ^^

Kaya ginamit ko na ito para makaakyat hanggang sa 30th floor.

And then sa hagdan na ako paakyat sa rooftop.

Pagbukas ko ng pinto, nakita ko na medyo madaming tao.

Sila Lance?

“Lance?” tawag ko sa tao sa kabilang linya pero wala na pala. Binabaan na ako >.<

Bigla nalang nagtinginan saakin ang mga tao dito at nginitian ako.

Nginitian ko din naman sila.

Iginala ko ang mga mata ko sa paligid.

Maganda dito dahil may mga halaman, upuan at kung anu-ano pa.

“Miss para sayo” sabi ng lalaki ng lumapit saakin.

“h-hah? kasi baka magalit yung---“ bigla nalang niya binigay >__<

Baka magselos nanaman si Lance. lagot ako!

“Miss heto pa oh” pangalawang rosas na to.

Nagugulat naman daw ako sa nangyayari.

Isa isa silang lumalapit saakin at binibigyan ako ng rosas

Hanggang sa…

“mommy for you” ngiting ngiti si Aki habang binibigay niya saakin yung balloon na may nakataling rosas.

“look mommy I’m wearing nice clothes!”

“mommy! Look at those balloons oh!” turo niya sa mga taong may hawak ng balloons. Teka? Wala naman silang hawak kanina ah? >__<

Color blue sila tapos hugis rabbit

Grrr Lance >:(((

Nang-aasar ka pa!!!

“nasan si lance?” tanong ko kay Aki

“he jumped! Hahahaha” nahawa na siya kay Lance. di na siya matinong sumagot!!! Halaaa!

“do I look gwapo na tita? Pareho na ba kami ni tito rex? Gwapo na? *0*

“gwapo ka naman talaga aki!”

“yehey! Manliligaw na ako” nalaglag naman ang panga ko dun sa statement ni Aki

“no! bata ka pa!”

“hindi na tita. Weeeeeeee tito is here!!!” tuwang tuwa pa si aki habang nakatingin sa may likuran ko

Lumingon naman ako doon at nakita ko nga si Lance. wearing white tux pa talaga! Hahhaa

“what’s with the get up Lance?” ngumiti lang siya saakin and then biglang may naglapitan saakin na babae at may isinuot saakin na palda! Yung detachable pero para na akong nakasuot ng gown! Dagdag mo na kasi sleeveless lang ako >///<

“ayan perfect match na tayo” he said while smiling.

Naglabas pa siya ng panyo saka pinunasan yung pawis ko kanina.

“you still look beautiful kahit na pinaakyat na kita sa hagdan”

“pakana mo yun?”

“para maayos ko to. Ang aga mo kasi -___-“

“oh sorry na >.< excited ako”

Ngumiti lang siya saakin saka niya ako hinalikan sa noo.

“I missed you bah”

“sus! Di mo nga ako agad pinuntahan dito eh”

“ayaw mo ako papuntahin”

“kasi na kay JL ka parati!”

“psh. JL nanaman. Wala namang issue dun” paliwanag niya

“wala daw. Nagkiss nga kayo diba?” di na siya sumagot kasi hinalikan na niya ako >///<

Hinampas ko nga siya! nakikita kasi ni Aki >///<

“anu ka ba! May bata!” si AKi nakatakip lang ng mata. >__<

sumenyas lang si Lance sa isa sa mga tao doon at saka biglang nilayo si Aki saamin! Ano ba yan!

“oh ayan wala na!” sabi niya saka niya ulit ako hinalikan!

“ikaw! Ang pilyo mo talaga! Kainis t---“ ASDFGH!!!!! Ayan nanaman siya sa pagiging kissaholic niya!

“Lance naman eh!!!” dumistansya sya saakin bigla at saka inilabas niya yung tinatago niya sa likuran niya.

Tatlong piraso ng pink roses. Ang ganda at Ang cute!

“oh” inabot lang niya saakin yung tatlong rosas ng hindi nakatingin saakin. Psh! Pero cute namumula kasi siya haha.

Itinabi ko nga sakanya yung roses eh.

“yieee pareho na kayo ng kulay nung roses ko! kulay pink na! hahaha”

“hwag mo ko inaasar hahalikan kita sa harap ni Aki” he said

Sabi ko nga tatahimik na ako hehe.

Bigla nalang niya ako hinapit sa bewang tapos bigla nalang may tumugtog sa gilid! Aba!!!

“Lance! pinaghandaan mo ba to?” nagsasayaw na ami dito. nahihiya ako sa mga tao sa paligid namin. nakatingin lang sila at pinapanuod kami >///<

“hindi naman” yabang!

“wushuuu! Ganito mo ba ako namiss kaya---“

“gusto kong bumawi” seryoso lang ang tono ng boses niya.

“gusto ko ako lang ang nagpapasaya sayong lalaki.”

“gusto ko saakin lang mga ngiti mo”

“I’m sorry for being selfish Sharlot.” Bumuntong hininga lang siya.

Mas nilapit niya ako sakanya. Yung tipong sweet dance na.

“gusto ko akin ka lang” >///<

“sorry kung napapadalas ang pagsama ko kay JL”

“gustong gusto mo naman kasi!” I said

“nagseselos ka kasi”

“psh! Daya! Laging ako nalang yung nagseselos saating dalawa! Dapat ikaw din!”

ibinaon niya yung mukha niya sa leeg ko >///<

“kulang pa ba yun? Iniisip ko palang na nakatira ka ngayon sa bahay ng kumag na yun, gusto ko ng manuntok! Iisipin ko palang na siya ang parati mong kausap kumukulo na dugo ko. dagdag mo na din yung tatlong taon na di mo ako kasama pero si Jake kasama mo. kulang pa ba yun? Psh” lahat ng yun binubulong lang niya malapit sa tenga ko >///<

Yung tipong nakikiliti na ako sa pagbabanggit ng selos niya. sheeeees Lance Mariano ano bang pinakain mo sakin at kahit anong gawin mo kinikilig ako?

“basta hwag ka na sumama masyado kay JL ah. In love yun sayo eh”

“hindi yun”

“oo kaya! Ang obvious kaya niya! pero ikaw ang manhid manhid! May tiwala naman ako sayo. Pati na din naman sakanya. Pero kasi iniisip ko palang na kayo madalas magkasama noon, di mawala sa isip ko na baka baka nagkagusto ka sakanya”

“nagkagusto ako sakanya." sabi na nga ba eh

"Pero hanggang gusto lang. I love her but not how I am loving you. I love her like how I love ales and Xyla. Para ko siyang kapatid”

“pero hinalikan mo kapatid mo?”

“di ko matandaan yun” -___- “hwag na nga natin sila pag-usapan. Pakiss nalang ako” pakiss pakiss ka pa dyan!

“ayaw! Pero Lance ako lang ba talaga?”

Tinaasan niya ako ng kilay >__<

Saka ako tinapik sa noo waaaah!

“sama nito!”

“natural ikaw lang. kaya dapat ako lang din” tapos hinalikan niya ulit ako sa noo >///<

Then umakbay siya saakin.

“make a wish bah”

“bakit naman? Anong pakulo yan? Haha”

“bilis na! dapat rinig ko” ay okay? Walang privacy ang wish ko! hahaha

Pinikit ko yung mga mata ko at saka sinabi ang mga katagang: sana maging maayos na ang lahat. Sana mangyari na yung forever na wish namin dati. sana di siya magsawa sa pagiging sweet niya sakin tapos sana di na niya ako uutusan. Sana tigil tigilan na din niya yung pakikipaglandian niya kay JL.

wish daw pero wishes ang ginawa ko haha

Pagbukas ko ng mga mata ko. parang naiinis na si Lance hahaha.

Pero humawak lang siya sa kamay ko tapos pinalipad nung mga tao yung mga hawak hawak nilang balloon na hugis rabbit ^___^

“matutupad lahat ng yan. Ako bahala” napangiti nalang ako doon.

Sana nga.

Sana nga malaman na din nila kuya sa tamang panahon ^^

Siguro gabi na nung matapos ang so-called-date namin ni Lance. pinipilit ko siya kanina na ako nalang magcommute kasi baka mahuli kami pero nagpumilit pa din siyang ihatid ako.

He said na baka delikado daw.

“dito pala ah. Pasabugin ko tong bahay niya eh” -____-

“Lance naman eh!”

“tss. Di ako nagbibiro” waaah! Sabi ko nga seryoso ka!

“Lance ingat ka pauwi ah”

“opo bah”

Ayaw ko pa bumaba >.<

Saka isa pa hawak pa niya kamay ko

“tita are we home?”

“home? Tss” ayan nanaman si Lance.

“daddy will you come again?”

“just don’t call this house a home baby” ginulo pa niya yung buhok ni Aki

“nandeyo?”

“may monster dyan sa loob” paliwanag niya sa bata >.< sino namang monster dyan?

“woah? Really daddy?” feel na feel naman ni Aki ang pagtawag ng daddy kay Lance. at feel na feel din naman ni Lance. >///<

“okasan! May monster daw?”

“inaatake ng pagka abnormal ang daddy mo nak! Hahaha”

“psh”

“hahaha abnormal si daddy number 2!”

“bumaba na nga kayo! Iuwi ko kayo eh!”

“oo na po. ingat ka ah.” Hinalikan ko siya sa may cheek! Oo na ako na humalik >.<

ayaw ko pa sana bumaba kaso nauna ng bumaba si Aki. saakin.

"ingat ka pauwi bah ah."

"oo na po. tulog agad" paalala niya saakin ng nakangiti siya :"">

"opo"

lumabas na ako sa sasakyan niya.

Pero sa paglabas ko, nakita ko si Kuya Rex na nakatayo at nakatingin saamin

Patay ako. >__<

#### Chapter 40: Honmei-choko

"k-kuya ano. Magpapaliwanag ako" >.<

Agad akong lumapit kay kuya Rex.

"Princess kelan pa to?" kabadong kabado na ako dito. Pero yung boses ni kuya nananatiling kalmado pa din.

Narinig ko ding lumabas si Lance sa sasakyan gawa ng ingay nung sinarado niiya yung pinto.

Lumapit siya kay kuya.

Waaaah! Kinakabahan na kasi ako!

"magpapaliwanag po ako" Lance said. Kalmado din siya katulad ng kuya ko.

Anuba! Ako lang ba ang kinakabhan dito?

"wow! Tito gwapo and daddy number two finally met! Yey!" si Aki naman ang natatanging natutuwa ngayon T^T

Ang tahimik. Lalo tuloy akong kinakabahan.

Habang naghahari ang katahimikan naramdaman ko yung mainit na kamay ni Lance. humawak siya saakin ng mahigpit na mahigpit!

"tss kinakabahan ako" panimula niya.

Tahimik lang din si kuya Rex

"matagal na ba 'to?" ayan na siya. pag seryoso si kuya kinakabahan ako. maloko kasi siya pero pag seryosong usapan lumalabas ang pagiging kuya niya.

"wala pang isang buwan" sagot ni Lance >.<

Ayoko na silang mag-usap. Kinakabahan talaga ako.

Siguro naririnig na nila yung pintig ng puso ko. kasi naman ang tahimik na nga tapos ang lakas pa kumabog nito! Para na akong nabibingi  >_____<

“princess diba ang sabi ko sabihin mo saakin pag may boyfriend ka” feeling ko umurong na dila ko. feeling ko---- humihigpit ang hawak ni Lance sa kamay kO!!!

Parang sinasabi niya na hwag kang kabahan. Nandito lang ako. sa hawak palang kasi niya alam ko na.

“kuya kasi, sorry di ko sinabi kaagad. Kasi kuya---“

“mahal mo talaga tong mokong na to nuh? Psh. Pasalamat kayo hindi si Lavi ang nakakita sainyo. Alam niyo naman yun tumatanda na! buti pa ako mas gwapo talaga sakanya. Hoy Lance naniniwala ako sayo kaya sa susunod yung suhol mo sakin hwag mo kalimutan. Kundi patay ka sakin”

Ewan ko pero habang sinasbai niya ang mga yan napapangiti na ako. parang habang pinapakinggan ko siya nakarinig ako ng musikang nakakatuwang pakinggan!!!

OMG!!!

“nii-san does that mean---“

“payag ako sainyo. Basta dapat masabi niyo din sa parents natin at pati na din sa kuya mong kulang nalang ng wrinkles sa mukha hahahaha.”

OMG!

“Kuya!!! thank you! Thank you” napayakap pa ako sakanya ng sobra.

“oi Lance uwi na! baka Makita ka pa ni Lavi. Di pa panahon ngayon. saka bukas nga pala may kasal kaming pupuntahan.”

“Per---“ hindi na pinatapos ni kuya Rex si Lance magsalita. Basta nalamang nitong sinabi ang: uwi na. bukas mo nalang puntahan ang prinsesa namin. Valentines naman bukas.

Valentines day. Bukas?

Ngumiti nalang si Lance at saka nagkamayan sila @___@

Mga lalaki talaga di ko maintindihan!

“ge bukas ah!”

At talagang wala pa siyang balak umuwi? hehe. isa pa may kasal na pupuntahan bukas! paano kami magkikita?

“Bukas hah. balik ako”

“baliw! Kita nalang tayo sa isang lugar. Lagot tayo dito haha”

“psh! Saka na nga kayo maglandian pag wala na kami ni Aki sa harap niyo. Kayo talaga naku! Pasalamat talaga kayo at ako ang nakakita sainyo. Sige na Princess pasok na sa loob. kanina pa naghahanap yung tatay mo hahaha”

“patay naman. Sige sige. Lance ingat ka hah” pinagtulakan ko na din siya sa loob ng sasakyan niya kasi parang ayaw na niyang umalis

“bye tito. lets play again with tita. And text time with my real daddy *O*”

“tsk tsk. Batang to. Sige Lance. alis na baka magbago ang isip ko habang nakikita kita ngayon hahaha. Pasalamat talaga kayo dahil ang gwapo kong kuya”

Si kuya naman eh! >__<

Agad namang umalis si Lance. mahirap na baka nga bawiin ni kuya yung sinabi niya saamin ^^,

Nga pala Valentines na bukas.

Psh. Paano kaya?

Yieee natutuwa pa din ako!!! di matanggal yung ngiti ko sa mukha!

“Hime. Kakain ka ba o ngingiti lang dyan?”

“kuya naman eh! Hwag mo na pansinin mga pangiti ngiti ko!”

“Tito lavi! I played with tito and tita kanina!” lahat nalang kelangan ireport T^T

“sinong tito yun?”

“tito-----“ bago pa  matapos yung sinusumbong ni Aki este kinukwento niya ako na sumagot. Baka kasi kung ano masabi niya >.<

“si ano! Si Steven yung kasama namin kanina hahahaha. Here pa Aki. Kainin mo pa to hah” nilagyan ko pa ng chicken yung plato niya. para manahimik na siya at kumain nalang”

“yummy!” buti nalang kundi lagot ako.

“nagkakamabutihan yata kayo ni Steven jiha?” said his mom. Hala!

“Steven, baka naman nililigawan mo na yang kapatid ng bestfriend ko” said his kuya naman.

nahihiya na ako ngayon palang.

“hahaha. Ako? hahaha. Naglaro lang kami ligawan na agad. Kayo talaga!” salamat talaga steven. May utang nanaman ako sayo

Si kuya Rex naman di nalang umiimik >.<

Nang matapos na kumain. Pinatulog ko na si Aki. Kelangan matulog siya ng maaga baka mamaya magdaldal nanaman siya.

“hime usap tayo?” si kuya Rex. May lahi na ba siyang ninja? Basta nalang napasok ng kwarto? >.<

Umupo lang siya sa kama at bahagyang tinatapik tapik ang natutulog na si Aki. Para masarap daw ang tulog ng bata sabi ni mama. Yun kasi ang bilin niya sakin dati nung inaalagaan ko si Aki.

“kung yung about po sa kanina. Ano---“

“hwag ka mag-alala, di naman ako tutol tulad ng kuya Lavi mo. Gwapo kasi ako” -___-

“di pero seryoso, di talaga ako tutol. Kita ko naman kanina na Masaya ka. Pero sana pangatawanan ka na niya. yung hindi iiwanan bigla at nagdedesisyon ng mag-isa.”

“kuya. I heard everything. Nung araw ng alis namin ni kuya Shizu, papunta na siya noon, nabugbog lang. pero sabi niya sakin kanina, kung nakahabol man daw siya di din niya ako pipigilan” paliwanag ko kay kuya ng may ngiti sa mukha.

“kasi hahayaan muna niya ako umalis. Hindi dahil di niya ako kayang pangatawan. Kundi naninigurado siya sa siguridad ko. nung araw ng pag-alis ko. nasa isipan ko na okay lang siguro kung makalimutan na niya ako kasi kakalimutan ko na din naman siya. pwedeng mabago ang lahat ng dahil sa pag-alis kong iyon. Pero kuya, marahil nagbago siya, pero not the way he treats me. Same old Lance pa din ang nakikita ko tuwing kasama ko siya. well not to mention nakipaglandian siya sa babae pero lalaki siya eh. Lalaki ka din kaya alam kong naiintindihan mo siya. at sigurado ako na-attach siya sa isang babae. Pero I trust him. kung nagustuhan man niya yung babaeng yun, di ako magagalit kasi I was not here. Maaring nagustuhan niya talaga yun at hindi lang sinasabi saakin. Pero I am Miyuki kuya. tahimik ako kumilos, kung may nawala man na kaunti sa pagtingin niya saakin. Mababawi ko yun.” i said smiling

“sira ka Hime. Sa tingin ko naman di nagbago ang tingin sayo ni Lance. takot nalang niya sakin kanina haha.” Grabe naman tong si kuya >.<

Pero siguro nga nagkagusto siya kay JL. pero sorry nalang si JL. mahal pa din ako ni Lance haha.

Mean Sharlot! Haha

“Princess pag may problema sabihin mo lang saakin hah? hwag ka nagtatago sakin.” Ewan ko pero meron si kuya Rex nung aura na nakakapagpangiti talaga sa tao. Yung feeling na sasabihin mo talaga sakanya lahat.

“opo kuya. Asahan mo”

“amai yume hime” tumayo na siya at saka umalis.

Pagkaalis naman niya tinignan ko agad yung cellphone ko. puro si Jl lang ang nagtext. Akala ko pa naman may Nathalie na nagtext! Haha. NATHALIE PANGALAN SAKIN NI NATHAN LANCE NGAYON! haha

[vday bukas. Hiramin ko si Lance mo]

Baliw ba siya? kahapon pa siya nananadya ah >.<

:di pwede. Akin siya

Wala pang ilang minuto nagreply na kaagad siya

[bagal magreply. Wala akong date bukas! Gusto ko siya]

Sira na ba siya?

[tss iyo nalang pala. May reserba pala ako. ge magsawa ka sa Lance M na yan. Dun ako kay with a T. ingat! Half jap ka ayt? May tradition ang mga hapon diba? Haha don’t mind me. Ingat ka kay Lance. nanunuklaw yun]

I know JL. I know :)))

Speaking of! Kelangan ko na nga mag ready for tomorrow ^^

Lumabas muna ako ng bahay para bumili ng mga gagamitin ko.

After that, pumunta na ako sa kitchen.

“para kanino yan Hime?” si kuya Lavi >.<

“ah. Syempre para sainyo! Ayan di na tuloy surprise” kay Lance kuya. >___<

“hime gusto mo ba si Steven?” ewan ko ba! Halos maubo-ubo na ako sa sinabi ni kuya

“k-kuya! nagpapatawa ka hahaha.”

“sabi ko lang gusto. Di ko naman sinabing mahal mo na. to talaga” tinignan pa niya yung mga ginagawa ko. wala nga akong ginagawa para sainyo. Kay Lance lang talaga to eh

“bukas darating sila mama. Kasal na nung bestfriend ko. baka sa susunod na araw uwi na tayo. Naclose na din kasi namin yung deal na pinapatulong ni kuya Jonathan mo. Isa pa ang laking tulong ni Rex sa pagtulong sa kasal ng bestfriend ko”

Ano pala ako dito? Sinama lang para mabantayan? -___-

Teka! Kung bukas ang kasal? Bakit sinabi pa ni kuya Rex kay Lance na magkita kami kung bukas na yung kasal? Bakit nga ba di ko natandaan yun? Aaaahhh naman eeh! Si lance kasi! Kasalanan niya! nakakalimutan ko na mga Gawain ko gawa niya >.<

“sabay nalang kayo ni Steven sa simbahan bukas. Mauna kaming aalis” what the!!! Di pwede. Paano kami ni Lance?

“kita nalang tayo dun bukas. Saka isa pa sila mama nasa hotel ngayon”

Hotel??? Hala! Saan kaya?

“saang hotel kuya?”

“yung malapit lang dito? Nakalimutan ko kasi pangalan nung hotel. Sige dyan ka na. sarapan mo yan ah!”

“oo na!” di naman kasi sayo to eh >.<

Inabot ako ng madaling araw gawa nitong chocolate na ibibigay ko kay Lance bukas. Pero syempre para hindi halata ginawan ko silang lahat kaso hinaluan ko nalang yung sa iba :)

Kinabukasan I instructed Lance na magkita nalang kami sa isang restaurant na malapit. Pero dahil di naman kami nakapagreserve doon at paniguradong wala kaming table kahit sa labas okay na haha.

Masasabi kong romantic ang kasal na ito dahil nga talagang feb 14 pa! saya naman nila. Isa pa bagay na bagay sila.

Kung ako? gusto ko magpakasal ng June. Gusto ko isa akong June’s Bride. O kaya naman December feeling ko kasi romantic yung mga buwan na yun. Well for me lang naman.

Nung matapos na ang kasalan nagtungo na kami sa reception.

At kanina ko pa nararamdaman na nagtetext na si lance. vibrate kasi ng vibrate yung cellphone ko >.<

“kuya Rex. Aalis na ako ah” kasabwat ko si kuya Rex haha. Dala ko yung chocolate na ginawa ko kagabi.

Sinigurado ko na walang makakakita saakin habang umaalis ako.

Pero nang makalabas ako si Steven naman ang nakasalubong ko.

“san ka pupunta?”

“a-ano. Babalik lang sa bahay. May nakalimutan lang ako”

“samahan na kita”

“h-hah? kasi ano---“

“pahatid ka na hime” hala si kuya Lavi! Bigla nalang sumusulpot >___<

“naku hindi na baka kasi hanap---“

“dali na!” pinagtulakan nalang ako ni kuya lavi kay Steven.

Wala na akong magawa :(

Psh.

Nagpahatid nalang ako sakanya hanggang sa restaurant.

“kakain ka? Dib---“

“Steven kasi makikipagkita ako kay Lance”

“yung ex mo?” pinark na niya yung sasakyan kaya bumaba na ako. bumaba din naman siya.

“sige salamat Steven. Hintayin ko nalang si lance dito”

“sigurado ka? Samahan na kita. Okay lang naman sakin kesa mag-isa ka dito”

“naku di na! swear I’m fine”

“na ganyan ang suot mo?” tinignan ko yung sarili ko. maayos naman ah. “isuot mo muna to” tinanggal niya yung coat niya at sinuot saakin.

“aalis na ako?” tanong niya pa saakin. Siraulo talaga to

“okay na ako dito. Nga pala Steven” kinalkal ko yung chocolate na para sakanya.

“Para sayo”

“para sakin? Oo nga pala! May lahi ka nga pala. Salamat.” Pumasok na siya sa car niya at saka na siya tuluyang umalis.

Sakto naman si Lance ang dumating.

Mukha siyang badtrip >__<

“talagang sinuot pa niya to sayo?” tinanggal naman ni Lance yung suot ko na coat.

“bakit ka naiinis dun Lance? mabait naman siya ah”

“psh mabait daw” nauna na siyang maglakad saakin.

Hala naman! Valentines na valentines naman kasi!

“Lance naman!”

“tatlong oras akong naghihintay tapos darating ka kasama pa yun. Makikita ko pa yung romantic scene niyo na nagbibigayan ng chocolate. Sweet” HALA! Grabeng selos naman ni Lance dun sa tao! Dati di naman siya ganyan. Mas naging vocal na talaga siya ngayon.

“giri-choko kasi yun Lance!”

“psh chocolate pa din yun” ano ba alam ni Lance sa bigayan ng chocolate tuwing valentines sa Japan? Giri naman yun. Di naman honmei-choco >.<

Meron din akong giri-choko para kina kuya T^T

“Lance naman eh!”

Huminto siya sa paglalakad saka bigla niyang hinawakan yung kamay ko >///<

Anong meron kay Lance? ang bipolar niya talaga!

“gusto mong malaman kung bakit ako naiinis dun sa kumag na yun?”

“sasabihin mo?” dapat ba akong matuwa dahil nagseselos siya? o maiinis dahil grabe siya magselos kay Steven?

Ewan ko kay Lance pero dinala lang niya ako sa sasakyan niya and then nakarating nalang kami sa hotel nila Kysler tapos dumiretso kami sa may rooftop.

Naalala ko yung ginawa niya kahapon.

“san chocolate ko?” bigla nalang nyang hingi nung makaupo siya.

“h-hah? akala ko ba---“

“wala yun. Nagseselos lang ako”

“eh bakit nga?”

“binigyan mo siya ng chocolate.”

“Lance ibibigay ko kung gusto ko ng ibigay! Di naman kasi to giri! Sinisira mo kasi diskarte ko eh!”

“giri giri. Ano ba yung giri na yun”

Hahaha yung matalinong si Lance hindi alam yung giri-choko

“alam mo ba. Sabi ni kuya hwag mo na daw dapat ako iwanan kundi papatayin ka na niya ^^” syempre nagdadagdag nalang ako ng kwento. Para matakot na siya!

“tss tinatali mo lang ako”

“nagtext sakin si JL kagabi”

“nung sabi?”

“umamin ka muna, minahal mo ba si JL? I mean—“

“Romantically? di ko masasabing minahal ko sya. She’s fun to be with. As I’ve said to you before she’s---“

“yeah years ago nasabi mo na yan. Mabait sya. No doubt, tuwang tuwa siyang pagtripan ako eh”

“sabi pa niya sinabihan mo siya ng love you too. Totoo ba yun?”

“oo”

GAAASSSSSSH!!! Di nga???

“Lance!”

“di naman I love you yung sinabi ko. I love her as a friend Sharlot. Nothing more.”

“eh ako?” >3<

“I love you ‘cause you are you” eeeeeeeeeehhhh sabi ko nga! Di na ako magseselos. Winawala ko lang naman kasi siya sa usapan haha.

Nilabas ko yung ginawa kong chocolate kagabi. ^^

“oh. para sayo! Kainin mo yan sa harap ko!”

“giri din to?” tanong niya. haha. Ni hindi nga niya alam ang giri-choko eh! Hahaha

“honmei-choko yan Lance”

“ano naman yun?”

“ibig sabihin nun pangit pangit mo talaga! Hahaha”

ang giri kasi binibigay yun sa mga kaibigang lalaki  o kaya kung talagang obliged ka lang na bigyan. Unlike honmei na gawa talaga for the one you really love.

kaya si Lance lang yung ginawan ko ng chocolate tapos hugis puso pa! Actually yung kanya lang yata yung niluto ko. yung kina kuya kasi may halong bili na yung sakanila.

“bah” lumingon ako kaagad nung tinawag niya ako.

Nagulat ako kasi may rose siyang nilabas! Ewan ko kung saan galing yun. Siguro sa likuran niya.

“happy valentines. Siopao! ngayong valentines palang yata na 'to kita binigyan ng rose.”

“Lance naman eh! Nananadya ka? Alam mong di ko pwede iuwi to eh >.<” ngumiti lang siya tapos tinanggal niya yung petals isa isa.

“oh ayan. Mauuwi mo na?” >///<

“tira lang yan sa mga roses kahapon haha. Para kahit papaano naman makatipid ako kahit paminsan minsan lang.” sira ulong Lance! okay na eh! Sinabi pang tiratira lang pala to sa kahapon >__<

Pinanuod ko lang siya kumain nung chocolate. Minsan sinusubuan niya ako. pero kasi gusto ko siya lang kumain! Kasi ginawa ko yun para sakanya.

Wala naman kaming ginawa ni Lance kundi umupo lang doon at saka magkulitan.

Hanggang sa isang tinig ang pumukaw sa aking atensyon “Miyuki”

“sabi na nga ba di ako nagkamali sa mga naririnig ko kahapon”

</3

Parang yung tuwa ko ngayong araw napalitan ng takot at kaba.

Mas malala to kesa nung nahuli kami ni kuya Rex kagabi. :(

## Chapter 41: when I woke up

**Celina’s POV**

“Ate JL! akala ko ba tutulungan mo ako?”

“GOSH! Don’t call me ate. Yuck! Hwag ka ngang magulo. Wala na nga akong date ngayon. nandito ka pa!”

Ang sungit talaga ni ate JL. pero idol ko siya. ang ganda niya kasi. saka isa pa halatang may gusto siya kay Lance pero hindi man lang sya gumawa ng move para makuha si kuya Lance.

Mas gusto ko pa ata si ate JL kesa kay ate Miyuki.

Kasi naman ang sungit nung Haponesang yun saakin!

Parang aagawan ko naman siya.

Isa pa di pa ako ready magboyfriend.

“hanapin mo mag-isa yung Jake nay un kung gusto mo. Like I care kung magkita kayo o hindi!”

AH! Ang daya! Sabi niya tutulungan niya ako!

Plastic naman pala siya >3<

Sabi niya tutulungan niya ako nung nasa harapan pa kami ni Lance! tapos biglang hindi na?

“Ate JL naman eh!”

“YUCK! ATE? Kadiri! Mas itsurang bata pa ako sayo tapos kung maka-ate ka? Kadiri”

Lahat ng nandito ata sa café mga lovebirds kami lang ni ate JL ang walang lalaki dito haha

Kami ang date :)

“bakit kelangan hanapin mo pa ang fiancé mo? Bakit hindi nalang----“

“tumakas ako para hanapin siya. hindi dahil gustong gusto ko na siyang Makita ate”

“stop with the ate thingy. Gross” she then rolled her eyes.

Ang ganda niya talaga kahit ang sungit sungit niya *o*

“you looked fascinated by my beauty dear. Haha. Kulang nalang laway mo hahaha”

-___-

“kadiri ka ate JL!”

“just continue with your story”

“ang totoo niyan picture lang kasi ang meron ako nung si Jake. At first di ko pa alam ang name niya”

“and so?” di ba niya ako kayang patapusin? >3<

“so tumakas nga ako and accidentally si Lance ang unang nakita ko! totoong mag fracture ako that day, dahil nahulog ako sa hagdan. Nung una nagsinungaling pa ako pero nahuli naman niya ako kaya nagpatulong ako sakanya. luckily noong pinakita ko yung picture, kilala niya si Jake! So lagi ko siyang kinukulit. At sabi nga niya ayaw niyang Makita si Jake.”

Feeling ko nga ang bitter ng dating ni Lance noon haha.

Bakit nga kaya?

“hanggang ngayon ba naman bitter siya sa Jake na yun? Tss. Nakuha na niya si Miyuki bitter pa din siya? what’s with Miyuki ba? I look better than her!”

“hahaha ang bitter mo ate JL! hahaha”

“osige ilakas mo pa! yung tipong maririnig nila dun sa lugar nila ngayon! siguro Masaya silang nagdedate ngayon. duh! Sweet day ngayong araw na to ah. Ano bang meron sa feb 14? Ordinary day lang naman ah. Kadiri! -___-“

“mga cheapstake” dagdag pa niya

Hahaha ang bitter talaga niya

“anyway, you’ll see him today. So ciao.” Tumayo nalang siya bigla “dyan ka lang. hintayin mo siya” dagdag pa niya saka na siya tuluyang umalis

30 minutes na akong mag-isa dito at mukha na talaga akong kawawa >.<

“sabi niya nandito siya? baliw talaga yun” nagulat ako ng biglang may lalaking nagsalita sa likuran ko.

“miss may nakita ka bang babae na. pano ba idescribe? Yung maganda na mahaba yung buhok yung sexy na maputi?” nagulat ako nung paglingon ko sakanya para sana sagutin ang napaka general niyang tanong kasi siya si Jake.

“J-Jake?” halata din naman sakanya na nagulat siya.

“Teka, ikaw yung—“

“Celina Espiritu” pagpapakilala ko.

Umupo na siya ats aka parang nagtataka.

“akala ko nawawala ka daw. At saka---“

“actually I was looking for you. Nagpatulong ako kina Lance at ate JL”

“ex ng ex ko at ex ko pa pala ang hiningan mo ng tulong. Ang galing mo naman” saka pa siya tumawa.

Lakas pala ng apog niya. -___-

“bakit mo ako hinahanap?”

“hindi ako pinapakinggan ni papa kaya ikaw nalang ang pakikiusapan ko. please umurong ka sa kasal”

**Miyuki’s POV**

“p-papa” halos mautal-utal kong tawag sa papa ko.

Nakakatakot siya halos parang nanlilisik na yung mga mata niyang nakatingin saamin ni Lance.  Bakit siya nandito?

“Pa---“

“Miyuki uwi na” walang sabi-sabing pumunta na ako sa tabi ng papa ko. natatakot ako sakanya. nakakabigla kasi. Di pa ako handang sabihin kay papa.

Si Lance. paano si lance?

“Sir—“

“Mr. Lance Mariano. Tama ba? Ilang beses mo ba balak saktan ang anak ko? hindi pa ba sapat ang ginawa mo sakanya noon? I know I am being protective over my child but please stop bothering my daughter”

“pa hindi naman po niya ako---“

“Shut up Miyuki. Wala akong pakialam kung may utang na loob tayo sa pamilya nila. This is not work so I can do whatever I want.”

“Sir mahal ko si Sharlot” simple lang ang pagkakasabi ni Lance pero nakakatakot talaga ang papa ko.

Sinubukan lumapit ni Lance pero hinila na ako ng papa ko paalis.

Natatakot na ako sa pwedeng mangyari. Baka paghiwalayin nanaman kami.

“SIR! ANG SABI KO MAHAL KO SI SHARLOT”

Huminto ang papa ko sa paglalakad na dahilan din ng pagkakahinto ko.

“Pa---“

“kung napatawad ka ng anak ko. then ibahin mo ako.”

“Pa naman!”

“tumahimik ka sabi! Ikaw Lance pinagkatiwala ko na sayo dati ang anak ko. pasensya ka na, pero hindi kita gusto para sa anak ko”

“Mahal ko po si Sharlot at papatunayan ko yan sainyo”

Tumalikod na ang papa ko at saka naglakad paalis. Hila hila pa din niya ako na parang bata.

Nahihiya ako kay Lance. pero at least sinabi niya kay papa na mahal niya ako. Natatakot lang talaga ako sa papa ko.  Isa pa baka bigla siyang atakihin dahil may sakit siya sa puso.

Umalis kami ng papa ko. agad naman akong nagtext kay Lance at humingi ng paumanhin.

Nakakabigla kasi ang pagdating ni papa kanina. Hindi ko yun inasahan.

Ngayon nasa sasakyan lang kami. And I think pabalik na kamisa venue nung sa kasal.

“hiwalayan mo siya”

“What? Pa naman! Hindi ba pwedeng maging Masaya nalang kayo samin? Okay naman na kami ni Lance and isa pa---“

“kayo okay. Ako? hindi ko siya tanggap. Hindi ko siya gusto para sayo”

“Pa naman! Mabait si Lance!” I insisted.

“I heard that before. Pinayagan ko kayo dati. Lance and I made a deal. Remember?”

Deal?

Na kung sasaktan niya ako, si lance ang malalagot?

“Pa! hwag mong sabihi---“

Hindi ko namamalayan na nakabalik na pala kami.

Bago kami pumasok sa loob kinuha na muna niya ang cellphone ko.

Labag man saakin pero binigay ko pa din.

Mabait naman si Lance ah. Ano bang problema nila sakanya?

“ano bang ayaw niyo kay Lance pa?”

“maaring mabait nga siya sayo Miyuki, pero isipin mo naman ang sarili mo. Ilang beses ka ng nasaktan ng dahil sakanya. tama na”

Hindi na niya ulit ako kinausap pagpasok namin doon.

Lahat sila Masaya maliban saakin.

“princess?”

“kuya.” naiiyak na ako. “Kuya Rex, paano nalaman ni papa? Si-sina---“

Umupo siya sa tabi ko at saka pinat ang ulo ko.

“hindi ko sinabi Princess. Tahan na. sayang naman ang ganda ng prinsesa namin kung iiyak lang.”

“pero kasi si papa” bigla nalang akong napaiyak kay kuya. ang hirap kasi ng ganito. Yung tipong okay naman kami ni Lance pero di siya tanggap ng pamilya ko.

Lalo pa ng magulang ko :(

Nauna na kaming umalis ni kuya Rex pati na din si Aki para umuwi. Si kuya Lavi hindi ko pa din nakikita.

Di kalaunan nang makarating kami sa bahay nila steven tumawag si papa para sabihin na umuwi na kami sa bahay namin.

Kahit gabi na umuwi na kami nila kuya Rex at Aki.

“tita why are you lonely? May nan-away sayo tita? Tell me? I’m gonna punch him >__<” pinunasan pa niya yung luha ko. palibhasa kalong kalong ko siya.

“don’t cry mommy.” Napangiti nalang ako sa itinawag niya saakin. Si kuya naman halatang nagulat.

“don’t cry.”

Kung nabuhay kaya ang anak ko, ganito din siya?

Kung nabuhay kaya ang anak ko, Masaya na kaya kami ni Lance ngayon?

Madaling araw na nung makarating kami sa bahay.

“how’s Aki?” salubong saamin ni Seiji.

Di ko nalang pinansin si Seiji. Wala ako sa mood and besides buhat buhat ngayon ni kuya Rex si Aki.

Kinabukasan, pinangaralan lang naman ako ni papa at ni kuya.

Si mama naman nanahimik lang.

Grounded ako.

Para akong teenager.

No cellphone.

Buti nalang nakakapag net pa ako >.<

Nag-pm lang ako kay Lance na bawal akong lumabas.

Hindi naman siya online kaya natulog nalang ako.

Ang boring talaga. Buong araw lang yata kami naglaro ni Aki.

Maaga nalang din akong natulog ng kinagabihan. Wala din naman akong ginagawa.

Pero madaling araw nagising ako dahil sa kaluskus >__<

Nakakatakot.

“s-sino yan?”

“sssshhh quiet” OMG.

“L-lance? what are you doing here?”

Nagulat talaga ako sakanya. paano siya nakapasok dito?

May lahi na ba siyang magnanakaw ngayon?

Agad akong tumayo sa kama ko at niyakap ko sya.

“Lance umalis ka na baka Makita ka pa nila dito” >__<

“not unless you tell’em”

“a-ano bang gingawa mo dito? Baka mamaya---“ kahit na madalim nakita ko ang mukha niyang nakangiti dahil na din sa liwanag ng buwan.

Inilahad niya ang kangyang kanang kamay saka siya nagbitiw ng mga salitang hindi ko talaga inaasahan.

Nakakabigla pero parang nakakaexcite.

“sumama ka sakin Sharlot”

## Chapter 42: Kasi Eh!

Bigla nalang bumilis yung tibok ng puso ko nang inilahad niya yung kamay niya. >///<

Ang ganda pa nung liwanag ng buwan na tumatama sa mukha niya.

Pero sila papa?

“pero kasi Lance ano. Ah---“ bigla nalang siyang ngumiti tas maya maya bahagya din siyang tumawa saka sinabing: “hoy hwag kang OA. Hindi kita itatanan” sabay binatukan pa niya ako! Panira ng moment! Akala ko pa naman >__<

“tse! As if nag-assume naman ako. kapal ng mukha neto” binatukan ko din syempre! Ang swerte niya ah!

“dali sumama ka sakin”

“ayoko matutulog nalang ako” humiga ulit ako sa kama ko at nagtaklob ng kumot.

Panira naman kasi ng moment.

Akala ko itatakas na niya ako.

Pero kung itatakas man niya ako, sasama ba ako?

Oo nakakaexcite, pero mahirap pag iniwan ko ang pamilya ko.

Hindi ko sila kayang iwanan.

“Sharlot” umupo siya sa may side ng bed at saka tinanggal yung kumot na nakataklob sa mukha ko.

“matutulog ako” nagtatampo ako. joke! Napahiya kasi ako dun. Nahiya naman daw ako sakanya. feeling ko kasi kanina itatakas na niya ako.

“Paano ka ba nakapasok dito?”

“kuya Rex mo” naglakad siya papalapit sa may desk ko at saka tinignan ang mga nakapatong na pictures. Halos picture namin ni Aki mga nandoon. As if naman maglalagay pa ako ng picture ni Lance dyan. may cellphone naman kaso wala na. kinuha na ni papa.

Pinagmamasdan ko lang siya habang nililikot niya mga gamit ko. ewan ko dyan at tuwang-tuwa siyang pagmasdan mga picture namin ni Aki. Nakangiti pa kasi siya.

“hoy kung nakakatunaw lang mga titig mo panigurado tunaw na din yang pictures” nakangiti kong sabi. Humarap siya saakin yung tipong parang nantitrip lang. “edi pati ikaw sana tunaw na din”

Errr anuba! Hehe

“tse!” itinakip ko nalang ulit yung kumot sa mukha ko

“sumama ka na sakin” ayan nanaman yung sumama ka saakin nya! Feeling ko namumula na ako. kainis. Ang masaklap pa nakahawak siya sa kamay ko ngayon!

“ayaw”

“gustong-gusto mo talagang pinipilit kita” whatthehell? Napabangon ako bigla sa sinabi niya.

“hoy kapal ng mukha mo!”

“lower down your voice. Mahuhuli ako ng papa mo” haha takot naman pala siya sa papa ko eh!

“takot ka sa papa ko?”

“sinong hindi? Tss. Kinabahan kaya ako nung mahuli niya tayo. Siopao yun. Di ako nakareact kaagad”

“but you were calm? Like when you talked to Rex-niisan”

“that’s who I am. The Lance Mariano you met.”

“hindi kaya. Ang vocal mo na nga eh” ewan ko ba! Nakahawak na siya ngayon sa dalawa kong kamay! May lahi ba siyang ninja? Ang bilis kasi ng mga kamay! Di ko namamalayan.

“halika na” hinila niya ako hanggang sa mapatayo na niya ako ng tuluyan -.-

Tinatamad pa ako! saan ba niya ako dadalhin?

“hoy ibabalik mo ako agad?”

“ssshhh” sabi ko nga baka mahuli kami! Haha.

Ang dilim na ng bahay feeling ko magnanakaw kami. Yung tahimik na naglalakad at pinapakiramdaman kung may darating ba haha.

“bah! Para tayong magnanakaw”

“nanakawin kita” seryoso ang kanyang pagkasabi kaya bigla akong natigilan sa paglalakad. Kasi naman! Bumabanat nalang seryoso pa! hindi ko tuloy alam kung banat talaga yun o seryoso siya! malay ko ba sa iniisip niya? di ko kasi siya mabasa.

Kung nababasa ko lang iniisip niya naku! PATAY SIYA SAKIN!

Lumabas kami ng bahay, nakahawak pa din siya saakin. Yung feeling na parang ayaw ka niyang bitiwan. Yung feeling na masarap gumawa ng bawal! Haha nagfefeeling teenager ako eh!

Ang layo naman ng kotse niya! ayaw talaga pahuli sa papa ko pati na din sa kuya ko.

Kaninang tumingin ako sa oras 3:20 na. kaya siguro wala ng gising.

Si Aki naman inuwi ni Seiji sa condo niya.

Si kuya Shizu naman nandun din sa condo ni Seiji. :)

May GF na kaya si Seiji? Ihahanapan pa kaya niya ng mommy si Aki? Kung hindi aampunin ko nalang JOKE! Haha

“hoy nasaan na yung kotse mo Lance?”

“wala akong kotse”

“eh? Saan mo pala ako dadalhin?”

“itatakas na kita” -___-

“Lance naman eh!” di ko alam kung seryoso siya o ano. Naguguluhan ako sakanya.

Pero bigla nanaman siyang ngumiti.

“ah? Ano? Nagbibiro ka?”

“natural. Tara” sumakay kami sa isang bus.

Inaantok na ako. saan ba niya ako dadalhin? Kapag tinatanong ko siya hindi naman siya sumasagot.

“Lance I’m sleepy” hinawakan niya lang yung ulo ko at sinandal sa balikat niya.

“sleep well bah. I’ll wake you up later”

**Xyla’s POV**

“GOOOOOD MORNING WORLD! MORNING MOMMY MORNING DADDY!” yey! Another day another life hahaha.

“morning baby. How was your sleep?” asked mommy. Ang ganda niya pa din talaga kahit umaga. Ako kaya?

Blonde na nga pala buhok ko! sabi nila mas nagmukha daw akong dalaga! And and and!!! mas pumuti daw ako! mas nagmukha daw akong model!

Anong akala nila saakin? Hindi mukhang model? Di naman kasi ako pro tulad ni ate Ales kooo >.<

“MOM!”

“boses mo hinaan mo” suway ni daddy JUNIEEEE! Hoho.

“Yes daddy! Si kuya?” nasa hapagkainan kasi kami at siya lang wala. Umuwi naman siya dito kahapon.

Nagtinginan lang si mommy saka si daddy

“di mo ba siya nakita sa kwarto niya?” tanong ni dad saakin.

Hmmm.

“HAHAHAHA di ko napansin! Teka! Titignan ko po” tumakbo na ako para i-check kung nandoon si kuya kaso waley naman siya! tumakbo ulit ako pabalik sa kusina! Morning exercise ko na din ito hahaha.

Odiba? Double purpose naman kaya wokiee dokiee lang na tumakbo! Di naman na ako bata para makabasag hahaha

“DADDY!!! Wala siya dun! Baka nasa condo niya?”

“Beb mana ba sayo yung anak mo? Di naman ako ganun nung binata ako?”

“beb matigas lang ang ulo ko. di naman ako tumatakas pag gabi. Wala naman akong tatakasan nuh”

Tingin ulit ako kay daddy kasi siya naman magsasalita *o* “pero sobrang tigas ng ulo mo Lian”

Tingin naman ako kay mommy. Kasi tiyak gaganti naman yan ^________^ “Hoy Jun! WALANG LANCE KUNG WALANG JUN NA GAGAWIN LANG DIN ANG GUSTO NIYA”

Ayan na nasigaw na si mommy! Hahaha. Ano kaya reaction ni daddy? Kakain muna ako ng bacon! At saka ng chicken! At saka ng hotdog! Kuha pa ng madaming kanin! ILANG ARAW DIN AKONG NAG-DIET! SABI KASI NI LOUIE TUMATABA DAW AKO T_______T

“oo nga boss haha. Sabi ko nga din kung wala ako wala ang Lance na matigas din ang ulo. anak ko nga naman yun”

“ayan naman pala beb eh, sweet mo talaga” sinubuan pa kasi siya ni daddy! Hahaha.

“Xyla, akala ko ba diet ka?” nakita ako ni mommy na sarap na sarap sa subo dun sa madaming kanin na nakalagay sa kutsara ko!

“mo—mmy naman! Gushom na gushom na ako nuh!”

“mas nakakataba yan baby. Hinay hinay lang mabilaukan ka dyan”

“eeeeeeeeeeeeeeeeeessssh”

“yang anak mong yan mana din sayo. Isip bata” sabi nanaman ni daddy Jun! AHA! NGAYON ALAM KO NA KUNG KANINO AKO NAGMANA! HAHAHA

“aba namumuro ka na BEB ah! HOY! mas bata ka pa din saakin!”

“oh tapos? Mas isip bata ka naman” cute cute nila maglambingan *O*

Iinom muna ako ng tubig baka mabilaukan ako pag nagulantang ako sa sigaw ni mommy hohoho

Naglalampungan lang sila dun kahit mashoshonda na sila. Sige wokiee na din maganda at gwapo naman ang daddy at mommy ko kaya nga ako maganda at cute at sexy at MASEXY! At MAGANDA! AT MASEXY! Kelangan ko mag-diet! Tumataba na daw ako eeeeh!

Di na ako makakapag two-piece pag tumaba ako!

Di na ako mapapansin ni Louie pag tumaba ako.

Baka maghanap ng sexy si Louie pag tumaba ako! T_______Tv

“Ma’am Sir may naghahanap po sainyo.”

“diba bilin ko na pag ganitong oras walang----“

“pero sir nagpumilit po eh. Medyo galit nga po” natatakot pa si ate yaya na magsumbong! Sino kaya yun?

Kakalbuhin ko yung nagagalit kina daddy!!!

I’M MEANIE! THE MEANIE KC! THE CUTIE KC! THE SEXY KC!! YEEEHBAAAH!

Nagpunas pa ng bibig si mommy kaya ginaya ko naman. Nagagaya ko na si mommy!

Lahat ng kilos niya.

Ako na ang Lian the second! ^___^v

Ganda ko!

Sexy ko!

SEXY KO!!! DI AKO MATABA LOUIE!!! HINDIIII!

Nauna na si daddy na pumunta sa sala, si mommy naman sumunod at ako din sumunod! Kakalbuhin ko yung nagagalit sa mommy at daddy ko!

“Mr. Parco what brought you here?” bungad ni daddy.

“please have a seat” ang polite naman ni daddy. Parang kanina lang monster silang dalawa ni mommy

Parco. Hmmm parco!

Narinig ko na yung parco!!!

“hindi na ako magpapaligoy ligoy pa Mr. Mariano. Nandito ba si Lance?”

“ah. Bakit? May ginawa ba ang anak ko?” medyo may concern sa boses ni mommy

Hala! May ginawa ba ang kuya ko?

Nagnakaw ba siya sa bahay nila?

NAG EEXPORT NA BA SIYA NG DROGA SA IBANG BANSA?

HALA KA SIOMAI!!! OH NOOOOEEEEESSSS!

“Hindi po magnanakaw ang kuya ko! T________T”

“Xyla.” Suway ni daddy.

Edi di na ako magdadrama hehe

Parco? AHA!!!

“DADDY KA PO NI ATE SHARLY KO?” napatingin nanaman sila saakin

“KC” si mommy naman ang sumuway saakin ngayon

“Pagsabihan niyo ang anak niyo na lubayan niya ang anak ko. may anak kayong babae kaya alam kong alam niyo ang nararamdaman ko. Ayoko ng masaktan ang anak ko.” medyo di nagsink-in ang sinabi niya. totoo yata yung sinabi saakin ni Lina na slow ako.

“hindi ba’t matagal na silang hiwalay?” si mommy ang nagtanong.

Ooooh! Si ate Sharly, last month pumunta siya dito para ibigay yung design nung hotel.

Sila na kaya? Kelan kaya ang kasal nila? Yieeeeee kinikilig ako. magiging sister-in-law ko na si ate sharly *___*

“kagabi kasama pa namin ang anak ko. pero kanina wala na siya sa pamamahay ko”

“wow hindi kaya nagtanan na si kuya at ate Sharly ko?” akala ko bumulong lang ako pero hindi pala kasi tumingin silang tatlo saakin.

Natakot naman daw ako sa mga titig nila >_______<

“m-may dumi ba ako sa mukha?” nakakatakot naman kasi ang tito parco na ito!

Di siya tulad ni ate Sharly na sweet!

“sabihin niyo kay Lance na ibalik ang anak ko kung hindi kakasuhan ko siya ng kidnapping”

“wala kang grounds mr. Parco and besides hindi mo din yun masasabing kidnap nga paano nalang kung sumama talaga ang anak niyong si Miyuki sa anak naming si Lance? we can never tell mr. Parco” cool ng daddy ko *__________*

“Mr. Parco naiintindihan ko ang saloobin niyo. Pero hindi kaya nabibigla ka lang? isa pa alam kong mahal ng anak ko ang anak niyo. Hindi kaba matutuwa kung pareho silang Masaya?”

“Mrs. Mariano muntik ng mamatay ang anak ko ng dahil sa anak niyo. Now tell me if I’m over reacting, nakunan ang anak ko at muntik ng mamatay tatlong taon na ang nakakaraan. Inilayo namin siya sa anak niyo para makalimutan na niya to. Pero heto siya’t bumabalik nanaman. Pakiusap naman, tama na.”

</3

Ang mga sinabing yan ni tito ay hindi alam nila mommy at daddy.

Ang alam lang nila naghiwalay sila yun lang at wala ng iba. >.<
Kung totoo ngang nagkabalikan ang kuya ko at si ate Sharly sana naman di din humadlang sina mommy at daddy.

Magtanan na kayo at gumawa ng baby para wala na silang masabi

kasi eh!!! >_____<

AKO NATATAKOT SA MGA GINAGAWA NI KUYA! >___<

Pero sana nagtanan nga! Para exciting ^___^v

## Chapter 44: maliit na bagay

**JL’s POV**

“akala ko ba wala kang cellphone?” yung totoo? Pinaglololoko ba nila kami dito?

Anong break? Gusto ba niyang agawin ko si Lance sakanya? sabihin lang niya! I’m always ready! -___-

“ah! Binilhan ako ni Lance kanina bago kami umalis dun sa pinuntahan namin! Cute nung cellphone nuh? Pareho kami!” osige mang-inggit ka pa Miyuki! Konti nalang makakalbo na kita!

“akala ko ba break kayo? Bakit tuwang-tuwa ka pa dyan?” sumang-ayon naman si ales sa tanong ko while gail sighed at si Lance with a T naman no comment pa din. Ayaw niyang makisawsaw sa ganitong usapan. Psh. Masyadong mabait.

“oo break kami. Tara kain” anuba! Naasar na ako ah!

Bago pa siya makapaglagat hinawakan ko na braso niya “nasira ang date ko ng dahil sa nagtanan daw kayo ni mariano! Ano to ngayon? bakit ka nandito at sinasabing nagbreak kayo? At ano yang cellphone na yan? At nakuha pa talaga niyang bilhan ka ng cellphone gayong break naman kayo! At terno pa! how sweet!”

“oh awat muna bestfriend ko yang binubulyawan mo.” Tinanggal ni Gail ang pagkakahawak ko sa braso ni Miyuki. Saktan ko siya eh! -____-

“nakakastress kasi eh! Samahan mo nga ako sa salon Gail! Kasalanan ng bestfriend mo kaya ako nastress! Ano ba naman kasi! feeling ko kukulot nalang basta ang buhok ko ng dahil sa kalokohan niyo ni Mariano!”

“taray teh! Pwede ka na talagang maging second bestfriend ng mga bestfriend namin! Ayos to pag may trabaho ako pwedeng ikaw ang pumunta kay Lance! at pag may honeymoon naman si Gail ikaw ang pupunta kay Miyuki hihi”

“hahaha baliw! Natuwa ka talaga dun? Ayoko! Ako lang bestfriend ng bessy ko ah!”

-____-

Kelan pa ako pumayag sa second bestfriend thingy na yan? Insane.

Break? Break ba talaga sila?

“bessy yung totoo break ba talaga kayo ni Lance?” at last! Nagtanong na ang real bestfriend! Siguro naman hindi na siya magsisinungaling sa bestfriend niya -___-

“oo nga. Break kami. As in break talaga. Long story.”

“kelangan nab a namin masanay sa on and off niyo ng bestfriend ko?” asked Ales.

Pwede nab a akong umalis?

“Lance naiinip ka nab a? we can go now if you want to” I smiled sweetly and linked my arms on his.

“Di pwede dito ka lang!” sabay pa ang dalawang bestfriend nagsabi niyan

“DUH! MAY DATE AKO! NAIINIP NA YUNG KASAMA KO OH!” sabay tingin kay Lance. umuo ka! Kundi masasaktan ka!

“hindi naman take your time” what the hell!!!

“mabalik nga tayo! Si JL kasi agaw eksena! Sharlot! Yung totoo! Bakit ang saya mo pa din? Diba dapat umiiyak ka?”

“di naman kami nag-away.”

“bakit kayo nagbreak?” naiinip na ako kaya diretsahang tanong dapat.

Psh.

Tumingin lang siya saakin at sinabing “kain muna tayo. Di pa ako kumain mula kanina” what the hell!!! Nag-away ba talaga sila o hindi? -____-

Kumakain lang kami. Mukhang di naman siya nagugutom.

In fact ang konti ng order niya! dun kami sa katabing restaurant nung coffee shop kanina.

The place is cool. First time ko dito.

“JL I’m leaving” bulong sakin ni Lance with a T.

“where to?”

“practice ng banda. Punta ka mamaya sa gig ko ah”

“psh. Baka nanaman may mangflirt sayo dun sa practice niyo? Bakit kasi----“

“selos ka naman? Hindi kasama yung kapatid nung kaibigan ko. hwag kang mag-alala”

“YUCK! Like as if! Alis ka na nga” selos selos -____-

Pinagtulakan ko nalang siya! nakakainis ngumingiti pa siya!

Bakit ba mga lalaki pinagtatabuyan na nga minsan nakangiti pa! nakakainis!

Nang-iinis siguro talaga sila!

Pero iba pa din ang ngiti ni Mariano!

“ayieeee ikaw ah! Ang sweet niyo nung si dating classmate ni Sharly!” dating classmate? Ah! Oo nga pala kaya nga pala niya kilala si Miyuki.

“si Lance nga pala?” tanong ni Ales kay miyuki

“ah oo nga! Nakalimutan ko! wait lang hah” nilabas niya yung cellphone niya at saka may tinawagan “bah! Nasaan ka na?” nagtinginan kaming tatlo. Bah? Akala ko ba break?

“yeah? kasama ko na sila! Tagal mo naman bumili. Di ako makakain! Tagal mo eh” nagger.

Ginagawa pang under si Mariano.

Pa-under naman kasi yung isa.

“hah? osige sige. I’ll wait for you here nalang” conyo lang? psh

“edi hindi! Psh. Hindi ng akasi ako pa-cute! Kainis to. Oo nap o. ingat ka”

Kung mga anime character lang kami tiyak ang dami ng question mark sa ulo namin ngayon!

“pinagtritripan mo ba talaga kami Miyuki?” -___-+

“hahaha naniwala ka ba dun? Sorry! Anu ka ba! Kababalikan lang namin tapos break kaagad?”

“bessy kasi ang gulo e. yung totoo nga?”

Hindi na siya sumagot at parang nagbingibingihan nalang. Kumain lang siya.

Matindi pa to sakin! Tss!

Inilibot ko nalang ang paningin ko sa paligid. I’m bored

Kelan ba magkwkwento si Miyuki? Naiinis na ako eh.

Nilayasan ako ng supposedly date ko

“Bessy okay ka lang ba?” inaantok na ako sakanila. Edi sana nanunuod na kami ng movie or kumakain sa magandang restaurant.

Psh

Eh kung alam ko lang na ganito nagpamanicure nalang ako!

“Sorry I’m late” ASDFGHJ!!! ANO TO? Bakit nandito bigla si Lance at anong late late ang pinagsasabi niya?

Lance Mariano -___-

“Lance kanina pa kasi ako naiinis kay Miyuki! Yung totoo! Break kayo o hindi?” I asked grrr!

“oo nga Lance ang gulo na kaya sa bahay niyo. Sina tita Liana lam na yung nangyari noon. Alam niyo na yung dati pang issue” nag-aalangan pa si Ales nung sinasabi yan.

“di kami break. Ikaw talaga”

“eh ang bagal mo kasi eh >3<”

“pa-cute palibhasa tumataba” -___-

Osige! Magsweet-sweet-an pa kayo sa harap ko. pareho ko kayong kakalbuhin.

“Lance saan kayo pumunta ni Bessy?” hindi sumagot si Lance ng matino “dyan sa tabi-tabi lang”

“Ng dalawang araw? Ghaad Lance! kung alam mo lang yung pag-aalala ng mga tao sa bahay nila Sharlot! As if nagtanan na kayo! Anuba!” sasabog na yata ang kaninang tahimik na si Gail

“bessy awat naman >.< sumama naman ako eh. Saka di naman kami nagtanan” pagtatanggol naman ni Miyuki sa sarili niya

“Bessy hindi pa ba tanan yun na matatawag? Dalawang araw kayong wala! Wala nga daw kayo sa condo ni Lance! yung sasakyan niya iniwan niya dun! Ano ba naman kasing ginagawa niyo?” sumasabog na nga

“holooo mas madami ka pa palang alam saakin Gail” said Ales

“KASI EH!” umupo nalang si Lance sa tabi ni Miyuki and nagsubuan pa!

Pinapagalitan na nagsusubuan pa! -___-

“tasty right?” sige maglandian kayo! Pag ako di nakapagpigil!

“tama na ang taba mo na”

“eeeehhh Lance naman eh!”

Malalandi -____-

Di ko na kaya.

“hindi naman talaga kami nagtanan ni Lance guys.” Panimula niya

“May mga pinag-usapan lang kami”

“mga akala mong maliit na bagay pero seryoso pala”

Chapter 45: choosing

**Sharlot's POV**

Mahirap din minsan ang mga ganitong sitwasyon.

Hindi naman natin alam kung anong mangyayari sa hinaharap.

Totoo naman lahat ng sinabi saakin ni Lance kahapon.

Nakakatawang isipin na ang unang araw naming magkasama sobrang saya! Gala dito gala dun. Wala kasing sasakyan na dala si Lance kaya sobrang gala kami! Nawala pa kaming pareho dahil di namin alam ang lugar pero worth it naman, masaya kasi siyang kasama! Naasar nga lang ako sa mga babaeng kerengkeng sa tabi-tabi >3<

Sinubukan pang landiin si Lance nung nag-cr ako! EEEHHH SABUNUTAN KO YUNG BABAENG LUMAPIT KAY LANCE EH! ITONG SI LANCE NAMAN KINAUSAP PA! NAGTANONG DAW NG DIREKSYON YUNG BABAE! HELLO? Anong mabibigay na direction ni Lance eh hindi naman kami tiga rito!

Pero ang boyfriend kong magaling kasi ayun at sinamahan pa ng kaunti ang ms. Malandi papunta sa may hindi ko alam pero sa may tabi lang din! At dun palang ako napansin. Ang saya diba?

Pero okay lang kasi hinalikan naman ako ni bah dun sa harap mismo nung babae! Kaya lumayas na yung babae. Kawawa naman siya hehe. Joke lang! XD

Eh naiinis pa kasi ako kay Lance nun. Nalagpas pala kami nung bus na sinakyan namin kaya medyo high blood ako sa kanya at siya naman medyo pa-good shot sa akin haha.

The rest of the day? Namasyal lang kami at nagpakasaya. Yung hindi iniisip ang about sa family namin!

Yung gabing yun naman natulog kami sa isang hotel yung dalawa ang bed.

We shopped clothes pa nga pala.

***

Hindi ko din alam kay Lance kung saan ba dapat niya ako dadalhin. Pag tinatanong ko naman siya ang lagi niya lang sagot ay: "who knows? Malay mo gusto talaga kitang itanan" which felt, I think, so true.

"Yung totoo kasi Lance? gusto mo ba talaga ako itanan?" alam ko kasing hindi pa siya tulog. Alam kong gising pa yan.

"I'm sure you don't want to" yan lang ang sagot niya.

Hindi ko alam Lance.

Kung sakali mang yayain kaya niya akong magtanan kagabi, sasama ba talaga ako?

"kung sinabi ko bang magtanan tayo kagabi, sumama ka kaya saakin ngayon? hindi naman diba?" aww. Mahina lang ang boses niya, saktong rinig ko lang din.

Naririnig ko din yung paghinga niya dahil na din sa tahimik ng paligid.

Siguro 2am na kaya wala halos akong naririnig na mga sasakyan sa labas.

Umupo ako kasi hindi talaga ako makatulog.

Pag ganitong hindi ako makatulog gusto kong kumanta. Kaso nahihiya ako kay Lance haha

"may kanta ako sayo Lance. sweet ako ngayon kaya makinig ka hah!" umupo din naman siya saka humarap saakin. Magkatabi lang din naman kasi halos yung kama namin.

"kanta ko sayo to, kasi naalala ko nung high school tayo. Wala tuwa lang ako! ang tagal na pala natin magkakilala" in fairness! Mahirap magsalita ng magsalita at ang kausap mo hindi nagsasalita haha. Sige na nga! Okay lang! si Lance naman yan!

I cleared my throat and started singing the first line "Can't sleep tonight, 'Cause you're on my mind." Ewan ko pero nahiya naman ako bigla! Kasi tumayo si Lance at lumapit sakin! >///<

"tuloy" nakangiti lang siya saakin

"I guess I'm in love once again" naalala ko lang bigla nung nagshift na yung feelings ko kay Lance.

"eeeh ayoko na! nahiya na ako sayo" inub-ob ko yung mukha ko sa pillow at agad din naman umupo ng matiwasay kasi hinila niya ako paupo! kasi naman kung tumitig kala mo perv! Syempre joke lang! nakakailang kasi yung titig niya.

"pwedeng mag-jump na?" tanong ko pa sakanya.

Humawak siya sa kamay ko saka ako sinungitan "ikaw ang kumakanta tapos ako ang tatanungin mo? Tss." Pinalo ko nga! Sama ah!

"eh bakit ang sungit mo? Edi di na ako kakanta!"

"ituloy mo na dali"

"ikaw ina-under mo ako! nakakahalata na ako!" reklamo ko. wala lang nantitrip lang naman ako haha

"hindi naman ah. Ako nga ang parang under tss" -___-

Eh buti nahahalata mo! hahaha. Kanina pa siya under saakin! Laging sinusunod gusto ko!

Dapat nga uuwi na kami. Kaso ayaw ko pa >3<

Naabutan kami ng ulan kaya dito nalang kami.

Saka gabi na baka mapahamak kami sa daan.

Bigla nalang siyang humiga sa lap ko >///<

"kanta na bah" udyok pa niya! pfft! Gagawin nanaman niya akong pampatulog!!!

"I can't help myself,
From falling in love,
With somebody like you,
'Cause your feelings are true."

"talaga?" eh pambara naman kasi tong si Lance! kumakanta ako eh!

"hwag ka ngang magulo! Matulog na!"

"sa tabi mo?" nakangiti pa siya

"HINDI! Dun ka sa kabila!" >__<

"sarcastic ba yan o totoo?" ang daming tanong waaaaaah!!!

"totoo kasi! dun ka sa kabila >3<"

"pa-cute ka nanaman tapos pag hahalikan kita magrereklamo ka tss. Hwag kang pacute ah" utos niya. bakit? Nagpout lang naman ako pa-cute na agad? T^T

Tumayo na siya at pumunta sa sarili niyang bed.

"ang dami mo ng kanta para sakin" ngayon na nasabi niyan, tama siya. ang dami na! samantalang siya tatlo palang!!!

Tatlo? Madmai na din yun! Hehe.

"neh Lance bakit mo ba talaga ako isinama?" humiga na din ako kasi nakahiga na din naman siya.

Magkaharapan kami. Yung right arm niya hinihigaan niya.
"maniniwala ka kaya?" he started. So I asked "why not?"

"sasama ka kaya?" paunti-unting tanong pero feeling ko alam ko na ang sasabihin niya

"sasama ka ba saakin kung tatanungin kitang sumama nalang saakin palayo sakanila?" I knew it.

Alam kong kanina pa din siyang bumebwelo.

Nagtatanong ako sakanya pero sa tuwing uumpisahan niya sa tanong na: sasama ka kaya? Kinakabahan ako nab aka hindi ko masagot.

Katulad ngayon.

"hindi ka naman sasama sakin"

"pero tinanong mo ako kagabi at agad mo din namang binawi" sagot ko nalang

"because I saw hesitation in you. Sharlot I know you" aww.

"pero di kita sinagot kagabi. Agad mo kasing binawi"

"Sharlot I don't wanna be rejected again, by you. Ikaw lang naman ang nakakatanggi sakin."

"kug tatanungin kita ngayon?" umupo siya ng maayos. As in yung paa niya abot na yung floor.

"sasama ka ba?" seryoso at nakatingin lang siya sakin. Yung feeling na gusto ko na itaklob sa mukha ko yung kumot.

Yung kagabi, ganito din siya nung sinabi niya ang mga katagang 'sumama ka sakin Sharlot'

Tanan?

Feeling ko ang iisipin lang ng mga tao saamin ay OA na. yung tipong against na lahat.

"di ka makasagot. I'm rejected again" eh? Pinagsasabi niya? >__<

"baliw! Di naman ah"

"sasama ka?" parang nabuhayan pa siya.

"h-hindi ko alam! Hwag mo nga ako pinepressure!" >__<

"pili ka. Ako o sila" eh? Nabigla ako sa tanong niya.

Bakit ganito si Lance ngayon? alam ko hindi niya ako tatanungin ng ganyan. Iba siya sa iba.

Hindi ganyan si Lance.

"hindi ka makasagot kasi hindi mo sila kayang iwan"

"kung ikaw? Kaya mong iwanan mga magulang mo? si Xyla?" binalik ko lang sakanya ang tanong

"there will be a time that we already need to move out. I was independent during college."

"so kaya mo?" ulit ko

"oo"

Kaya niyang iwanan ang pamilya niya?

Nababaliw ba siya?

"alam kong hindi mo kaya. Kaya nga hindi kita tinanong niyan kagabi."

"so ano to? Bakit mo ako sinama ngayon? I mean---"

"wala. Para mag-isip ka. Alam kong madami ka pang gustong gawin. May mga gusto ka pang abutin diba?" nakangiti siya. pero hindi ko mawari kung totoo ang ngiti niya.

"ang sama ko naman kung bigla kitang ipagdamot sa sarili mong pamilya. Tss. Ayaw pa naman nila sakin" huminga lang siya ng malalim

"ikaw ba?" ano bang pangarap mo Lance?

Ano bang gusto mong abutin?

Kasi ako? hindi ko alam

"madami akong gustong gawin. Hinayaan lang nila ako ngayon sa soccer kasi alam nilang gusto ko ang ginagawa ko. gusto ko din ang business. Gusto ko din ng car racing. Madami akong gustong gawin.

"last na tong soccer, pag nagchampion aalis na ulit ako. pero hanggat hindi pa kami champion dun lang ako. pero" bigla siyang tumigil

Hinihintay kong ituloy niya kaso bigla niyang binawi "hwag na nga"

"ihahatid na kita sainyo bukas" pagkasabi niya ng mga yan tumalikod na siya at tumahimik.

Pangarap.

Ang dami niyang gustong gawin.

Ako? ano ba talaga ang pangarap ko?

Ang daming simpleng bagay sa mundo. Ang daming mga simpleng salita kung bitiwan pero ang lalalim pala ng kahulugan. Tulad ng salitang pangarap. Madaling sabihin pero pag iniisip at gagawin mo na mahirap na. simpleang pagpili lang ng pangarap mahirap na.

Mga akala ng ibang tao napaka simpleng bagay pero hindi naman.

"bukas, sabihin mo saakin kung gusto mong umalis kasama ako" kinabahan ako bigla.

Tanan?

...

Kasama na namin sila JL ngayon.

As much as possible ayaw ko makarinig ng tanan.

Pero kanina pa nila bukambibig ang mga yan.

"bah ubusin mo na" pinapaubos ko nalang sakanya yung food ko ^o^

Bumili kami kanina ng phone. Pareho nga kami eh hehe

Pag-gising namin ni Lance hindi na namin napag-usapan yung kagabi.

Nakakailang.

Kaya nga pinabili ko muna si Lance ng tampon kanina para matagalan siya at para sumunod nalang siya. Nag-iisip kasi ako kanina kaya kung anu-ano ang nasasabi ko. >3<

Joke lang talaga yung naghiwalay kami! Anuba! Si JL parang kanina pa ako gustong sabunutan

"Cr lang muna ako" paalam ni Lance.

Umalis na siya at iniwan kami

"hoy bessy! Hindi kayo ganyan ka-PDA ni Lance. anong nangyari sainyo? Sweet niyo yata? May kasalanan ka ba kay Lance? ikaw kasi ang unang move sa subuan thingy!"

"h-hah? wala akong kasalanan nuh!"

"buti naman kasi kung meron---"

"ano aagawin mo siya JL? ilang beses ko na yang narinig" >__< hindi naman ako ganito makipag-usap eh! Nagroll tuloy siya ng eyes

"may problema ba kayo?" tanong ni Ales saakin

"ang totoo niyan naguguluhan ako."

"sa alin bessy?" halatang nag-aalala na siya saakin

"ang daming arte! Dalian mo baka bumalik na yung si mariano" reklamo naman ni JL

>__<

"k-kung yayayain ba kayong magtanan. Sasama ba kayo?"

"aahhh yan lang pala. Akala ko naman kung ano!" sabi na eh! Ni hindi nga sila nagulat diba? Expected na talaga nila! Grabe naman sila!!!

"kung ako ang tatanungin mo? Hindi" si JL lang ang sumagot at tinanong lang siya nung dalawa ng "bakit" at talagang sabay pa

"bakit? Well on my perspective kasi, makakagulo lang yan. See? Hindi pa nga kayo nagtanan sa lagay na yan ang dami ng namromroblema sainyo. You've caused a lot or troubles already. And besides sirang sira na si Lance sa papa at kuya mo, sisirain niyo pa ba? And based on what I've heard from ales earlier kahapon lang nalaman ng parents ni Lance yung about sa 3 years ago issue. So duh! Choice niyo yan kung sisirain niyo ang tiwala ng mga tao sa paligid niyo at sisirain ang pangarap niyo o magpapakaselfish nalang kayo at lalayo saaming lahat?"

"in reality you can't always own two things at the same time so better choose than losing them both."

"well JL may mali sa sinabi mo, choosing is not always losing the other or both, there are times that you'll win the both things you wanna have. Basta nasa proseso" salungat ni bessy

"hwag lang magmadali Miyuki. Hindi ka naman iiwan ni Lance kung sakaling hindi ka sasama sakanya. I know my bestfriend. Cheer him up. Hindi kasi basta basta ang haharapin niya. papa mo yun at nasira na niya ang pangako niya dati sa papa mo.pero may reason si Lance and that was to save you, to protect you. Yan ang hindi alam ng tao sa paligid natin na sa tingin ko dapat ng ilahad. Hindi kasi pwedeng si Lance din ang laging nasisisi. He's my bestfriend, at sa ilang araw naming pag-uusap nakikilala ko na ulit ang bestfriend ko." nakangiti lang si Ales habang nagpapaliwanag saakin.

"o siya bye" tumayo na si JL at hinila yung dalawa pa >___<

"kayo ang mag-usap. Hwag kami. Sira ulo ka! Hindi yan simpleng bagay Miyuki. Importante yan. Marahil sa iba oo simple yan. Pero para sayo? Mahalaga yan. Mabigat na desisyon yan. Gaga nito tss" >___<

Napagalitan pa ako bago sila umalis.

Hinintay ko nalang si Lance na agad din naman nakabalik

"san sila?"

"umalis na" sheeemay! Bakit ako kinabahan bigla?

Heto ang kinakatakot ko! yung maiwan kaming dalawa!!!

Ngumiti lang si Lance saakin

Hala!!!

"ihahatid a kita sainyo so you don't need to answer." Eh?

b-bakit? Narinig ba niya mga pinag-usapan namin?

Pero ang layo ng cr!

"masama akong tao dahil pinapili kita. Alam kong mali yun kaya binabawi ko na. pero aaminin ko Sharlot"

Huminga siya ng malalim at bumwelo saka sinabing "gusto kong umalis na at lumayo kasama ka"

"pero I realized something, I don't want to make the same mistake again"

"I won't run again." Nakangiti lang siya saakin. Pero halata naman ang sinseredad sa mga mata niya

"its cause I don't want to lose you again bah" he kissed my forehead and led me all the way to my home.

*****

**Chapter 46: pangarap?**

Nandito lang kami sa tapat ng bahay.

Walang sasakyan na dala si Lance. di bale konting lakad lang naman niya tapos may sasakyan na siya pauwi.

“p-pasok na ako ah” paalam ko kasi malamang twenty minutes na kami ditong nakatayo lang.

“samahan na kita” eh?

“t-teka baka kasi” waaaaaah >__<

“para hindi sila magalit sayo” natuwa ako sa sinabi niyang yun kaya hindi ko mapigiang hindi ngumiti.

“Lance okay lang. promise.” Itinaas ko pa yung kamay ko para naman maassure siya na magiging okay lang talaga ako “Umuwi ka na sainyo” dagdag ko pa habang nakalagay ang mga kamay ko sa magkabilang pisngi niya.

“sasamahan nga kita sa loob” pagpupumilit niya saka tinanggal ang kamay ko sa pisngi niya para hawakan.

Pero baka lalo naman silang magalit kay Lance?

“Lance baka lalo naman sila sayong magalit kasi---“

“di ka lang sadista pesismista ka pa” sabay binatukan pa ako! masakit ah! Psh

Hinimas ko nalang yung binatukan niya

Ikaw nga diyan ang sadista! Sinasaktan mo ako physically! Masakit eh

“uwi na Lance. ako ng bahala sa sarili ko. baka kasi hinahanap ka na din sainyo”

“psh di na ako bata”  isinuksok lang niya yung dalawa niyang kamay sakanyang magkabilang bulsa.

“p-pasok na ako ah. Uwi ka na din”

“sige” tapos may binulong pa siya kaya hindi ko narinig

Feeling masama loob niya saakin >__<

Pero kasi galit pa sakanya si papa saka si kuya >__<

Natatakot ako.

Bago ako pumasok tinignan ko pa ulit si Lance. nakatingin lang siya sakin, hinihintay niya akong pumasok.

Kinakabahan ako.

Pagpasok ko wala naman sila sa sala.

Buti nalang >__<

Kinakabahan kasi talaga ako.

Maliwanag naman ang bahay namin. Sign na may tao dito ngayon.

“hahaha tama tol! Hahaha” nagtatawanan sila? Akala ko pa man din hinanap ako! hindi pala! -__-

Pumunta ako sa may kusina dahil pakiramdam ko nandun silang lahat.

“Princess! Anak ng tokwa! Saan ba kayo nagpunta?” si kuya Rex ang agad na nakapansin saakin. Agad niya akong sinalubong ng yakap “pinag-alala mo kami, hwag ka na ulit aalis ng hindi nagpapaalam”

“s-sorry kuya” >__<

Nakatayo lang si kuya Lavi ngayon

“pasalamat ka wala si papa.” Yan lang ang sinabi niya saka na siya umalis

“ang sungit ng kuya mong yun. Saan ka ba nagpunta princess? Loko yung Lance nay un! Akala ko bumibista lang! kayak o nga pinayagan tapos bigla ka nalang itinakas”

“hala! Hwag kang magagalit sakanya kuya >___<” pagtingin ko sa likuran ni kuya nandun din si Steven

“S-steven? Kumusta?”

“okay naman, nalaman ko lang kasi na nawawala daw kayo kaya nandito ako para sana tumulong lang.”

“hindi naman ako nawawala, may pinuntahan lang kami ni Lance” paliwanag ko sakanila.

Alam ko namang hindi kapanipaniwala yung may pinuntahan kasi nga dalawang araw din kaming wala ni Lance.

“Princess alam mo naman ang limitasyon mo hindi ba? Oo pumayag ako sainyo ni Lance pero sana naman---“

“Kuya naiintindihan mo naman ako diba? Hindi kami nagtanan ni Lance. and besides wala namang nangyari saakin na masama. Isa pa dapat uuwi din kami kaagad kahapon kaso biglang umulan kuya.

walang sasakyan na dala si Lance kaya kahit gusto na niya akong ihatid pauwi, nagstay nalang kami doon sa lugar nay un" paliwanag ko.

Huminga lang siya ng malalim saka tumingin kay Steven "Steven, makakauwi ka na muna. Pagpasensyahan mo nalang ulit si papa. Nabibigla lang yun"

"ah, opo. Sige aalis na ako" a-anong sinasabi ni kuya Rex?

"neh nii-san! Ano yun?" tanong ko nung makaalis na si Steven, hinatid naman namin siya hanggang sa labas.
Wala na din pala si Lance doon.
Nag-expect ba ako na nandyan pa din siya? >__<
Di ko kasi maiwasan tumingin sa labas.
"alam mo naman si papa minsan padalos dalos. Pero ayos na ang lahat princess hwag kang mag-alala"
"a-ano ba yun?" bigla tuloy akong kinabahan.

"pumunta si papa sa mga Mariano kahapon. Ewan ko kung pati ba kanina. Basta ang alam ko nag-uusap ang mga magulang ni Lance patio na din si papa

"eh si mama?" kinakabahan tuloy ako!

Anong mga pinag-uusapan nila? Baka paghiwalayan nanaman kami? Hindi na ako papayag!
"nii-san! Si kuya Lavi bag alit saakin?" umupo kami ni kuya rex sa may sofa.
"kumain ka na ba?" pag-iiba niya sa usapan

Tumango lang ako at siya naman ay bumuntong hininga lang.
"akala talaga namin nagtanan na kayo ni Lance. hayaan mo si Lavi, hindi yun galit sayo"
"si kuya Shizu at si Seiji?
"nah, okay lang naman sila sainyo ni Lance."
"si Aki ba?"
"ayos naman siya hwag kang mag-alala"
"si papa?" ang kulit ko na yata >__<
"ayun baka di ka muna niya makakausap. Galit yun sayo ngayon" sabi ko na eh.
Galit si papa sa ginawa ko.
Kasi for the nth time! Sinuway ko nanaman siya.
Sa Japan pa nga lang naging pasaway na ako.
Mas lalo pa ngayon. pero sinubukan ko naman sundin ang mga gusto nila ah.

Actually against siya sa pagbalik ko noon dito. Pero wala naman siyang magagawa. Kailangan daw ako ni Seiji. Pero wala naman akong naitulong sakanya. nangsabotahe lang nga ako eh!

"matulog ka na princess"
"pero kuya kasi"

"sige na. magpahinga ka na"
Wala na akong magawa kundi sundin nalang siya.
Si papa, galit siya saakin.
Feeling ko ang sama sama ko ng anak.

**Xyla's POV**

Natakot ako kay mommy! Bigla nalang niyang sinampal si kuya nung pagpasok palang ni kuya sa loob >__<

Waaah! Kawawa naman si Kuya!

"what was that for?" nakatingin lang ng diretso sa mata ni mommy si kuya
"for not telling me your problem back then" hala! Si mommy! Bigla nalang umiyak si mommy!

Si kuya naman nakayuko lang.

"sorry" natigil ang paglalaro ko ng dance central dahil sa pag-iyak ni mommy! TToTT

Si kuya din feeling ko naiiyak na.
"sorry for not telling you that"

"sorry for being an immature son"

"Lance" waaaaaaaaaaaaah TToTT niyakap ni mommy si kuya.
Gusto ko din yumakap sakanila ngayon. pero baka sabihin nila nakikisali ako!

Saka isa pa baka masampal din ako ni mommy!

Alam ko kasi yun! Baka sabihin niya nagtago din ako ng sikreto sakanya! ayoko masampal! Masakit yun!
Naalala ko pa nung nagsampalan kami ni Lina! Masakit eh T___T
Pero parang mas masakit sampal ni mommy! Ang lutong kasi kanina! Rinig na rinig! Kulang nalang mag-echo sa lakas ng pagkakasampal!
"you should have told me! I'm your mom. And you know what? I like Sharlot for you, puntahan natin ang dad mo sa taas. Talk to him. I know maiintindihan ka niya" sumunod nalang si kuya kay mommy.
Tumingin pa saakin si kuya tapos bineletan pa ako! edi NIBELATAN KO DIN SIYA! hoho
Pagkaakyat niya ayun naglaro na ulit ako *___*

**Sharlot's POV**

HINDI AKO MAKATULOG! >____<

Lumabas ako ng kwarto ko.

Late na. mga 12:30am na siguro.
Nagtext ako kay Lance kanina pero hindi siya nagrereply.
Pumunta ako sa may lawn para magpahangin.
Nakatingala lang ako at pinagmamasdan ang mga bituin.
"ang daya, kelan ba natin papanuorin ang stars ng magkasama?"
Habang pinagmamasdan ko ang mga bituin sa kalangitan napaisip ako bigla.
Ano nga bang pangarap ko?
Si Lance madami siyang gustong gawin.

Kung sabagay mga bata pa kami.
graduating na nga din pala si Lance.
parang hindi na nga din ata siya pumapasok? At yun ay dahil saakin.
Ako kaya? Ano nga bang gusto kong gawin?
Tahimik lang ang paligid nang bigla akong tawagin ni kuya "Hime" tumabi saakin si kuya Lavi
Kinabahan ako bigla >__<
"kuya" umayos ako ng upo.
"nasasakal ka na ba saamin?" hala! >__<
"alam ko naman na pinapahalagahan niyo lang ako. pero mahal ko kasi talaga si Lance. tatlong taon din akong nagtiis na hindi magpakita sakanya. tatlong taon din akong nagsisinungaling sa sarili ko na ayaw ko siyang Makita. Tatlong taon ko din kayong sinunod pero kasi kuya sa mga taon na yun parang lalo ko lang siyang minahal. Kumbaga kahit na hindi ko pa alam ang rason niya alam kong may rason siya. at alam kong valid ito"
"nalaman ko nga kay Steven kanina" tumayo nalang siya bigla.
Si steven?
"buti pa kay Steven nasasabi mo ang lahat. Saaming mga kuya mo hindi" hala >__<
"kuya galit ka ba?"
"hindi naman maiiwasan. Pero oo na! okay na. sige na. gawin mo na ang gusto mo" nagulat ako sa pahayag niyang yun! Ano daw? Gawin ko na daw ang gusto ko?
You mean?
"KUYA! payag ka na samin ni Lance?" naeexcite ako!

"wala naman akong magagawa diba? Kausapin mo si papa bukas. Kayo ang magtuos. Basta sabihin mo nalang lahat kay papa. Isa pa. parang si Steven ang nagugustuhan niya para sayo. Patay kang bata ka"

Ano daw si Steven? Gusto ni papa para sakin?

HAH?
Natulog akong madaming katanungan sa isip.
Baka i-fixed marriage nanaman ako! hwag naman sana!
Gusto ko si Lance lang :(
Kinabukasan, as expected hindi ako kinikibo ni papa. Si mama naman kaninang pagkakita niya saakin sobrang niyakap niya ako.
Hindi naman ako missing, sumama naman ako.
Nagpaliwanag na din ako kay mama. Hindi naman sobrang nagalit si mama. Pinagsabihan lang niya ako.
Pero at least kahit papaano alam kong hindi naman tutol si mama kay Lance.

***

Nakatayo ako ngayon dito sa harapan niya.
Ipinatawag kasi ako ni papa sa office niya.
Kinakabahan ako sa sasabihin ni papa.
“umupo ka Miyuki”
Sinunod ko lamang siya.
“nakausap ko ang mga magulang ni Lance.” hindi na ako nagulat dahil na din sa mga sinabi nila kuya sakin kagabi
“a-ano pong sabi?” kinakabahan ako magtanong pero nagtanong pa din ako.

“hindi sila tutol sainyo” medyo ilang beses nagpaulit-ulit yan sa utak ko bago mag-sink in talaga!
“T-TALAGA PO?” ewan! hindi ko mapigilang hindi matuwa! Nagagalak talaga ako sa narinig ko!
“hwag kang magsaya” >__< sabi ko nga. Iba pala si papa. Ayaw nga pala niya kay Lance
“sumang-ayon man ako o hindi sa relasyon niyo, sayo pa din yan masusukat kung sasaya ka talaga”

“po?”

“narinig kong aalis siya ng pilipinas pagkatapos niyang grumaduate. Matagal na yung naset, hindi ka pa nakakabalik ng Pilipinas planado na ang lahat. Aalis siya papuntang Germany. Ngayon Miyuki, hindi ko kayo pipigilan ni Lance. Pero sasaya ka pa ba sakanya kung parati naman siyang mawawala sa tabi mo?

Aalis nanaman siya?

“may pangarap ang kasintahan mo. tatanungin kita, ano ba talaga ang gusto mo? hihintayin mo lang ba siya at tutunganga sa isang tabi?”

“malaki ka na anak. Alam ko yun. Pero hindi ka pa masyadong matured kumpara kay Lance. Kumbaga isa siyang tahimik na ilog pero malalim pala. Na kahit tahimik siya ang dami pala niyang naiisip gawin, Na kahit wala ka nangangarap pa din siya. madami akong nalaman tungkol sakanya. Alam mo bang aalis siya?”

</3

Wala akong alam ni isa.

Pangarap?

Ano bang pangarap ko?

Ano bang gusto ko?

Kung aalis si Lance anong gagawin ko?

### Chapter 47: sasama ka ba?

Ilang araw na din ang nakalipas mula noong nalaman kong aalis si Lance.

Hindi ko alam kung totoo yun.

Hindi ko din naman matanong si Lance about dun. Gusto ko siya mismo ang magsabi.

Pangarap? Ano nga bang pangarap ko?

“nakatunganga ka nanaman” si Steven, siya ang madalas kong makasama dito sa bahay sa kadahilanang GROUNDED ako! ang taray lang diba? Teenager ang drama ko.

Tumabi siya saakin.

“Problema nanaman? Akala ko ba okay na sa papa mo?”

I sighed and answered him with a question “problema ba tong matatawag?”

Nga pala! Matagal na akong nagdududa kung bakit ayaw ni Lance kay Steven! Hindi pa din nila ako sinasagot ng matino!

“oi! Bakit ayaw sayo ni Lance?”

“hah? hahaha. Wala naman. Ewan ko dun”

“di nga?”

“wala nagsuntukan lang kami nun. Pero wala naman yun. Hahhaa” casual lang ang pagkakasabi niya samantalang ako gulat na gulat sa sinabi niya!

OMG! Nagsuntakan? Nagbibiro ba siya?

“b-bakit?”

“dati pa yun hwag ng ungkatin, isa pa masaya na kayo ni Lance. hahaha.”

Psh. Masaya. Okay na kasi kahit papaano kay papa.

Pero parang hindi talaga eh!

“Steve! Anong pangarap mo?”

“why all of a sudden?” nagtatakang tanong niya saakin

“dali! Anong pangarap mo?”

“simple lang maging milyonaryo hahahaha” -___-

“pangarap mo yun? Parang pambata naman yata yan!”

“hahaha. Hindi pa naman ako matanda pero pwera biro? Naghahanap pa din ako ng gagawin sa buhay. Tss. Pero parang gusto ko maging cartoonist.”

“so magaling ka pala magdrawing”

Nagkwentuhan lang kami ni Steve hanggang sa tumawag si Lance saakin. Magkita daw kami. In 1 hour daw nandito na siya sa bahay.

Umuwi na din naman si Steven, iiwas nalang daw siya. asar pa din yata sila sa isa’t-isa?

Nagbihis na ako at nag-ayos ng sarili.

Tumingin ako sa salamin.

“maganda pa din naman ako” naglagay ako ng lip gloss then sinuot ko yung yellow kong dress.

Nakalugay lang din ang buhok ko.

Done! Di ko na kelangan mag-ayos ^^,

Wala nga pala sila kuya. busy sila haha.

OKAY! Ngayon ko lang ulit makikita si Lance.

Tinapitapik ko pa yung magkabilang pisngi ko.

Dapat hindi malaman ni Lance na alam kong aalis siya!

Mga ilang sandal pa narinig ko na yung humintong sasakyan sa tapat ng bahay namin. Alam kong si Lance na yun kaya bumaba na ako para naman hindi na siya maghintay ng matagal.

“Lance” bungad ko. nakasandal lang siya sa sasakyan niya. lagi naman :)

“ganda ah” nakangiti lang siya

“syempre! Kaya nga mahal mo eh” nakangiti din ako.

Smile Miyuki! Smile lang.

“di naman kita minahal dahil maganda ka lang tss” naglakad na siya para pagbuksan ako ng pinto.

“naks! Bumabanat si Mariano! Haha” sabi ko habang papasok sa sasakyan niya.

Mabilis naman siyang sumakay.

“hwag mo kong tawaging Mariano. Para kang si JL. it creeps me out” JL

Psh! JL nanaman -___-

“hwag ka ngang magselos dyan. di bagay” aba! Inaapi nanaman niya ako! >__<

“tse! Hwag ka ngang magsalita dyan ng mahaba! Di bagay!”

“psh. Pasalamat ka nagdadrive ako”

“oh tapos? Ano ngayon kung hindi ka nagdadrive?” with matching irap pa ako!

Nakakainis ngayon si Lance. in fairness!

O dahil lang ba aalis siya kaya ako naiinis?

“hahalikan kita para manahimik ka” agad ko naman tinakpan yung lips ko.

“manyak ka talaga!” >__< “nga pala Lance saan tayo pupunta?”

“naalala mo yung dapt may ipapakita ako sayo?” tumingin siya saakin pero agad din itinuon ang tingin sa harap.

“oo. Saan nga ba dapat? At ano yun?”

Ngumiti lang siya saka sinabing “magugustuhan mo yun”

Wow! Naexcite ako bigla! Saan kaya?

Inihinto niya yung sasakyan niya sa wala masyadong bahay na lugar!

Hala.

“h-hoy! n-nasan tayo?” I said stammering pa talaga nabatukan nanaman tuloy ako!

Nakakahalata na ako! ilang beses na akong nababatukan ni Lance!

Gustong gusto niya akong saktan! Grrr

Nakabusangot lang akong sumusunod sakanya.

“Lance nasaan na ba tayo? Kanina pa tayo naglalakad!” kanina pa din akong nagrereklamo pero hindi naman niya ako sinasagot! Kung sasagot man siya “BASTA” lang yung maririnig ko sakanya

“itatapon mo nab a ako dito? T___T”

“ayun na” turo niya sa isang maliit na bahay.

“oh? anong gagawin natin dyan? isa pa pwede mo namang gamitin yung sasakyan mo papunta dito!”

“see the place?” tanong niya saakin kaya napatingin ako sa paligid.

“maappreciate mo lang ang lugar pag naglakad ka” totoo >__<

Kanina pa nga din ako namamangha sa lugar. Peaceful siya at hindi polluted.

Malayo din siya sa highway. Saka isa pa may mga puno dito! haha

“eh ano naman yung bahay na yun?” turo ko sa itinuro niyang bahay kanina.
“halika” hinawakan niya ako sa kamay at sabay kaming nagpunta doon
“h-hoy! hindi kaya magalit yung may-ari? Bigla mo nalang bubuksan?”
“sakin to” ano daw?
“akin tong lupa. Akin tong bahay na to” maliit lang yung bahay. Pa-sqaure lang siya. kumbaga parang itinayo lang for the sake na may masisilungan pag-umulan! Hahaha
“dati ko pang pinagawa to. Nag-ipon ako para lang dito” woah :O
Binuksan na niya yung maliit na bahay.
At katulad ng inaasahan ko. hindi siya bahay! Haha SISILUNGAN LANG TALAGA TO! Joke XD
Pero mas namangha ako sa nakita ko!
“Lance ano to?” di makapaniwalang tanong ko.
I mean, WOW kasi!
“saan galing mga to? Ng lahat ng to?” lumapit ako sa malaking stuff toy na rabbit saka ko to niyakap!
Ang laki laki niya *____*
Mas malaki pa siya sa tao.
“Kainis ka Lance!!! alam mo namang nagwawala ako pag nakakakita ng ganito!” eeeehhh ang dami!
Nagpalipat lipat ako! ang daming rabbit na stuff toy!

Pati ang daming nakasabit!
Puro rabbit na kulay blue *___*
“c-collection ko na to? Ang dami dami naman!”
Napatingin ako kay Lance. parang feeling ko nagpipigil na siya ng tawa!
“h-hoy! wag kang tatawa! Kukurutin kita! Yung matatanggal talaga yang first layer ng balat mo! >___<”
May sofa pa na rabbit! Kulay pink naman haha.
Actually yung liwanag lang sa labas yung ilaw ngayon kaya di ko pa halos Makita yung iba! Ang liit naman kasi ng bintana!
“Lance ILAW!” I demanded haha.
Binuksan naman niya agad yung ilaw. At WOW! May pintura pala! Haha
BLUE TAPOS RABBIT NA NAGLALARO! ANG DAMI NILA *___*
“akin talaga to???” tanong ko sakanya.
At ayun na! parang natawa na siya ng tuluyan “hahahahaha. Nakakatawa ka talaga bah” halos mangiyak ngiyak na siya sa kakatawa!
“anuba! Sabing hwag mo kong tatawanan eh!”
Kasi naman!
Kahinaan ko to T____T
“h-hoy! ano yang hawak mo?” yung phone niya! bakit nakalabas yung phone niya? anakngtokwa’tbaboy!

“LANCE”

“hahahaha. Wala na! hindi na” natatawa pa din siya
“buurahin mo yan! Alam kong video yan! Tanggalin mo na!” inaabot ko yung cellphone niya pero ayun nilapad niya dun sa mataas! Dun sa mat divider! >__<
“Lance naman eh!” umupo nalang ako saka niyakap yung stuff toy.
Nagtatampo ako! kinuhanan niya ako ng video habang baliw na baliw ako sa mga rabbit stuffs na to! Ang daya niya!
“matagal na tong nagawa” eh?
“kelan pa?”
“dapat ipapakita ko to sayo noon pa.” umupo siya sa sofa.
Yung laman lang talaga ng buong kwarto ay mga rabbit na laruan at kung anu-ano pang related sa mga gusto ko. ultimo carpet blue na rabbit >///<
“Bah” seryoso ang pagkakatawag niya saakin.
Kinabahan tuloy ako bigla.
“aalis ako” natahimik lang kaming dalawa.
“saan ka naman pupunta? At saka kelan? Sa probinsya ba yan?”
“hindi” </3 Kahit anong pilit palang itanggi. Dun talaga siya tutungo sa malayong lugar,
“pupunta ako ng Germany pagkagraduate”
“i-ilang weeks? A-anong gagawin mo dun?” Miyuki magpigil ka ng luha!
“hindi ko alam kung ilang buwan o taon ako dun”
“TAON?” eff? YEARS? Kung kelan ayos na kami aalis naman siya ng ilang taon?
“may business partner ako sa Germany Sharlot.”
Nag-aalangan pa akong itanong to pero sige na nga! “B-babae ba?”
“haha. Hindi”
“hwag kang tumawa Lance! kainis to.” Naiinis ako! >__<
“kahit papanu gusto ko din magtayo ng sarili ko. yung hindi umaasa sa magulang ko” seryoso siya
“lahat ng to” tinignan niya ang laman ng lugar “galing sakin”

“pwera sa lupa. Hinuhulugan ko pa to sa dad ko”
O__O
“gusto ko pag kinasal tayo, dito tayo magtatayo ng bahay”
“papayagan mo ba akong umalis?” humihingi ba siya ng permiso sakin?
Pero paano kung umayaw ako?
Paano kung hindi ko siya payagan?
At sinabi ba niyang dito KAMI magtatayo ng bahay kapag KINASAL KAMI?
Parang napapaisip tuloy ako
“Gusto mo bang sumama sakin sa Germany?”
Teka?
“Sharlot sasama ka ba?”
Tumingin ako sa paligid at saka lumabas.
Sinundan naman niya ako.
Nginitian ko lang siya.
“sasama ka na?” excited niyang tanong sakin.
Muli kong pinagmasdan ang paligid.
I shook my head and answered him “no Lance, I’ll stay here”

**Chapter 48: for the nth time :D**

“psh ang sama mo talaga sakin” bumalik nalang siya dun sa munting bahay nung mga laruan.
Sinundan ko lang siya.
“sadista ka talaga” hala! Ako pa ang sadista?
Siya nga tong mang-iiwan nanaman.
“ikaw nga tong mang-iiwan ako pa ang sadista? Hindi ba’t ikaw?” baling ko sakanya
“bahala ka nga. Sinasama na nga kita.” Temper Miyuki. Nakakainis ah! Ako nga tong maiiwan tapos siya pa tong nagagalit! Diba dapat ako yung nagagalit?
Kainis! Magagalit naman sana ako eh!
Kaso yung mga sinabi niya kanina ang dahilan kung bakit ako hindi sasama.
Well, kasal? What do you expect naman diba? Kung sigurado na talaga siyang kami ang magpapakasal hindi na niya ako kelangan isama pa.
“Lance”
“wala nagtatampo ako sayo” humiga lang siya sa sofa. AT TALAGANG SIYA PA YUNG NAGTAMPO!
“para kang bata!”
“bata pa ako”
“Lance naman!” lumapit ako sakanya saka umupo sa may sahig at hinawakan ang kamay niya.
Nilaro muna niya ang mga daliri ko saka siya nagsalita ulit “gusto lang naman kita isama. Para walang alinlangan. Baka mamaya---“
“I’m yours forever nga diba?” I assured him
“Panu si Steven? Si Jake?” aynakngtokwa! Steven at Jake?
“saan naman nanggaling yun?”
“sa paa” -___-
“Lance naman eh! Seryoso kasi! bakit ka ba nagseselos sa dalawang yun?? Ikaw na nga diba?”
“aalis ako, iiwanan kita baka mamaya pormahan ka pa ng mga ugok na yun. Tss”
Napaka

“edi hwag kang umalis! Dito ka sa tabi ko!” tumayo siya na dahilan ng pagtataka ko. umupo siya sa tabi ko.

Okay! Napaka literal na TABI naman ng naisip nito >3<

“Baka-desu!” akala ba niya di ako malungkot? Akala ba niya okay lang saakin maiwan? Natural hindi! Pero kasi, imagine, tutal iniisip naman niya na ako ang pakakasalan niya edi magpapaiwan nalang ako dito! Para family ko muna kasama ko at saka gusto ko ako ang magdedeisgn ng bahay namin >///<

Namin? Bahay namin? OMG! Totoo ba tong naiisip ko? >///<

“bakit ka namumula?” nasa harapan ko na siyang nakaupo! Tong si Lance hindi mapakali eh!

Ikinulong niya ang mukha ko gamit ang kanyang mga palad.

“w-wala naman” deny ko saka ko pa sinabayan ng awkward na pagtawa

“pinagnanasahan mo ako nuh?” O__O

“baliw!” napangiti nalang siya bigla “sabihin mo lang. tayong dalawa lang oh. may sofa naman” anakngpating!

“PERVERT KA!”

“sayo lang naman” halata naman sakanyang nang-aasar siya. bipolar talaga siya. pero anong magagawa ko. yan ang Lance na kilala ko. ang Lance na mahal ko!

Lumilipas ang mga araw at parati kaming magkasama. After niyang pumasok diretso siya kaagad saakin. Sabi nga nila magkamukha na daw kami. Errr Pokerface? Ayoko siya kamukha >__<

Hahaha.

Okay naman siya sa family though minsan siraulo lang talaga si papa. Minsan kasi pinu-push niya ako kay Steven kahit na nasa harapan niya si Lance.

Ako pa tuloy ang natatawag na sadista.

Pero inamin saakin ni Lance na nasaktan siya.

Kasi daw hahayaan ko lang daw siyang umalis. Ni hindi ko man lang daw pipigilan! At kung bakit daw ako di sasama! Amp siya!

Dumating ang araw at kelangan na nga niyang umalis.

Nasa airport kami ngayon.

“sure ka bang ayaw mong sumama?” eeehhh!! Nakakahiya to! Nandito ang parents niya tapos ganyan ang tanong niya sakin!

“Ako Lance di mo tatanungin?” tinignan ko ng masama si JL. may nararamdaman pa din kaya siya kay Lance

“manahimik ka JL!” banta ko! laking takot ko nalang sa seductress na yan! Inamin sakin ni Lance na nagkagusto siya kay JL noong wala ako eh. Though di ko malaman kung as a friend yun o gusto talaga niya si JL.

“di ka nanaman sumasagot. Sige na nga” nagpout pa siya na sinabayan ng tawa ni Xyla. “hahahaha busted si kuya!”

“kalbuhin ko yung Louie mo” sabi lang niya saka siya hinila ni Kysler. May pinag-usapan sila

“ngayon ko lang nakita si Lance na ganyan sa babae” natutuwang sabi ni tita Lian >///<

“akalain mong napagtyagahan mo ugali niya? haha” si tito Jun naman nagsabi

“eeeeeeehhh!! Kaya nga ate Sharly ko yan eh!” sabay belat pa siya kay JL

Bumalik na si Lance.

“hoy bestfriend! Bawal ang babae doon ah! Ako unang magagalit”

“wow! Girlfriend lang?” sabat ulit ni JL

“eeehhh!!! Baka mamaya may mahanap nanaman siyang NEW BESTFRIEND!” pakadiin pa niya

“wow lang ah!”

“bah pakabait ka” ako pa talaga ang magpapakabait?

“siguraduhin mo lang ding mabait ka dun! Kundi papatulan ko yung si Steven!”

“psh! Nasan yung maleta ko? pakipasok nga to!” nagtawanan lang sila sa inutos niya.

"I'm serious" tinignan pa niya ako ng nakakatakot niyang titig >__<
"sabi ko nga di ko papatulan yun pag may pinatulan ka sa Germany!" >__<
Ako pa ang masama tuloy. Ang sama sama talaga ni Lance.
niyakap na ni Lance mga magulang niya pati na din si Xyla. Lahat ng nandun.
Tapos ako ang huli. "ayaw ko na yatang umalis" bulong niya >///<
"baliw! Alis na nga"
"walang kiss?" hinalian ko naman siya pero sa pisngi lang para tuloy siyang nalugi ^^
Isang taon or maybe more than that.
Nasa airport lang ako hanggang sa makalipad na an eroplanong sinakyan niya.

*** *** ** ** **

Mula nung umalis si Lance inumpisahan ko ng gawin ang plano ng bahay.
Madalas akong pumunta doon sa bahay na may mga rabbit stuffs para na din i-check yung lugar at dahil na din namimiss ko kasi si Lance. di nga siya madalas tumawag sakin. :<
Feeling ko may babae na yun!
Tapos sasabihin niya ako ang sadista? Siya kaya!

Actually madalas din akong pumunta sa lugar nung mga pinsan niyang sina Claire at Gin.
Ginagawa na pala yung hotel doon. Medyo may mga binago lang ako sa design dati bago inumpisahan. ^^
Apat na araw na din yatang hindi tumatawag saakin si Lance. sinabi naman niya saakin na magiging busy siya. pero ang daya! Maski boses lang sana! O kaya bago siya matulog! O kaya naman bago siya umalis sakanila! Kaasar lang bakit kasi magkaiba kami ng oras?

"Ma'am may naghahanap po sainyo" ani ni Alex ang secretary ko

"sino daw? Sabihin mo busy ako"

"pero ma'am kaibigan niyo daw"

"sige na nga. Papasukin mo"

May sarili na nga din pala akong office. Nagtatrabaho na ako. pinagtutulakan na kasi ako sa bahay haha. Hindi joke lang. moral support nalang sila sa ginagawa ko. kaso minsan sa bahay si papa Mahal na mahal si Steven! Dapat daw si Steven nalang!

And speaking si Steven pala itong bumisita.

"pasyal daw tayo"

"err busy pa ako Steven. Maybe some other time nalang. Ang dami ko pa kasing ginagawa"

"sure ka? Stressed ka na oh. pumapangit ka na haha"

“ayoko pa din” baka mamaya malaman ni Lance lagot nanaman ako >3<

“may bagong tayong ice cream shop. Treat pa naman sana kita. Sige aalis nalang ako” ice cream shop? *o*

“meron? Tara!” tumayo na ako kaagad saka kinuha yung gamit ko. siya naman natanga nalang sa isang tabi haha “hoy! tara na”

Katulad ng sinabi niya, treat niya.

“isang taon at kalahati ng wala si Lance. hindi ka ba naiinip kakahintay?”

“bakit naman ako maiinip? Ako ang nagdecide na maiwan nung inaya niya akong sumama. Isa pa natutuwa ako sa mga nagpapagawa ng desenyo ng bahay. Akalain mo yun? Yung isang subdivision na itatayo design ko halos! Nakakatuwa hindi ba?”

Yung design naman ng bahay namin laging rejected! Ahaha pinapadala ko kasi kay Lance. kapag natanggap niya, tatawag siya agad para lang sbaihin na pangit daw. Kesyo malaki kesyo maliit. Ay ewan ko doon.

Pero dahil lagi ngang rejected nakaipon na ako ng design ng bahay haha.

Yung huling pinadala ko kay Lance hindi pa din niya siguro nakikita :<

Isang buwan na ang nakalipas pero hindi naman niya nababanggit ang tungkol doon. Ayoko din naman tanungin :<

“naks wagas na pag-ibig!” biro niya >.<

“kelan daw ba siya uuwi?”

“hmm wala siyang nababanggit saakin. Siguro matagal pa. bakit mo naman natanong?”

“wala lang baka makuha pa kita hahaha. Joke lang baka layuan mo na ako” >3<

“baliw!”

Si Gail nga pala buntis! 4 months na! grabe naman kasi si Seb! Baka pag nanganak na si Bessy biglang mabuntis nanaman yun! Hahaha knowing SEB! Hahaha

Di pa din sila nakakasal ng matino, yung tipong invited kaming mga kaibigan niya! akong bestfriend niya! ang rason kasi ni Gail wala daw si Lance na partner ko.

Sweet diba?

“sige Steven alis na ako ah” may lakad pa nga pala kami ni Gail. Bilhan daw namin ng gamit ang baby niya!

Actually hindi pa namin alam ang gender niya pero okay na yun! Nananalig kasi siyang babae ang anak niya hahaha.

“bessy pag lalaki ang anak ko tapos babae ang anak mo dapat sila ang magkatuluyan ah”

“haha sira ka talaga. Di  pa nga ako nakakasal eh!”

“ikakasal ka din naman tapos magkakaanak ka”

“paano kung girl sayo at girl din sakin? Haha”

“edi dapat magbessy din sila! Kumusta office? May mga nagpapagawa nanaman pa ng designs sayo?”

“okay naman, kasama ko naman dun sila Irish at Lance Tamayo” kaming tatlo nga pala ang may-ari nung office. Kaya madalas ko din Makita si JL.

Madalas nga din palang selos si JL kay Irish. Maganda naman kasi si Irish kaya laking selos ni JL dun. Musically inclined din kasi yung si Irish kaya nagkakasundo sila ni Erick. ^^

“Bessy tumawag si Seb! Kita daw tayong barkada!”

“eh? Why all of a sudden naman? Saka isa pa wala naman si Lance :<”

“baliw! Ano ngayon kung wala si Lance?”

“baliw ka din bessy! Hello? Ako lang walang kasama? Si Ales kay kysler! Ikaw kay Seb! Si Dennis may Loisa na! isama mo na din si Jl at si Erick! Paano ako? single lang ang drama?”

“ay ang drama mo nga! Sumama ka nalang! Di naman daw makakasama yung iba dun!”

“sabi mo ah! Pag yan kumpleto kayo! Mag wawalk-out talaga ako!”

“oo na!”

Madalas nga pala akong di sumasama sa mga lakad nila. Kasi nga single lang ang drama ko hahaha

Sasama lang ako kapag may isang hindi sasama sakanila! Para di ako OP >:)

Nagpunta kami ni Gail sa bahay nila Ales. Dito daw kasi magkikita-kita.

Pagdating namin doon, nagkakatuwaan sila sa may lawn.

Acting-actingan lang sila haha

“dali si Miyuki naman!” si dennis yan. Buti wala si Loisa haha. Medyo ilang pa ako sakanya eh

“eeeh kadarating ko lang!”

“dali na! ikaw naman” hinila ako ni Ales paputa sa harap nila

“simple lang naman eh! Susundin mo lang yung inanarrate namin” said JL na katabi si Erick

“sige na nga!” para talaga kaming mga bata kapag magkakasama. Kung anu-anong trip lang naman ang ginagawa namin.

“pipikit ang dalaga habang nagsasayaw!”

“naman! Oi JL! Walang ganyanan! Parehong kaliwa ang paa ko!”

“hahaha that’s good then! Sayaw na!”

Kahit kelan talaga lagi akong pinagmumukhang baliw ni JL >__<

“ayoko!”

“psh! KJ!” tapos pumasok siya sa loob >3<

Kj pa ba ako sa lagay na yun? Siya kaya ang sumayaw ng nakapikit? At walang music? Sasayaw sa harapan ng barkada? Na akala mo lang nasa theater kasi nakaupo upo pa sila dyan! >__<

Bumalik si JL at may dala na siyang pampiring sa mata.

“dahil ayaw mo pumikit. Ayan.” tinakpan na niya yung mata ko

“JL! wala akong Makita! Saka ang higpit masyado!”

“natural wala kang makikita! Magtaka ka kung makikita mo si Lance niyan!”

“Lance?”

“Tamayo!” sabi ko nga!

“susundin mo lang lahat ng inanarrate namin ah!” said Gail

“oo na po. Dapat pala di na ako sumama dito”

“KJ ka talaga. Lance dun ka sa tabi ni Miyuki”

“hwag ngang Lance ang itawag niyo sakanya! Erick kasi!” sabat ko

“oo na!”

Ang tagal nilang mag-utos ng gagawin ah!

“tatanggalin ko na to”

“Don’t Bessy! Madaya ka!”

“eeeh bakit ako? pwede naman ikaw” reklamo ko

“I’m preggy bessy!”

“si Ales!”

“nah ah! Baka masugatan ako pag nadapa ako! I’m clumsy pa naman”

“si JL!”

“like duh! I’m the narrator!”

“eh bakit ang tagal mo mag narrate?”

“’cause you’re funny! Hahaha” what the!!!

“umpisahan mo na nga para matapos na!”

“okay fine! Mainipin! Pssh!”

“haharap ka kay Lance”

“sabing Erick ang itawag eh!”

“oo na!”

“haharap ka kay Erick” sinunod ko naman siya.

“Lance luhod ka” psh sabing Erick dapat! Pasaway talaga siya

“sira mali JL! papasukin mo na sila!” sabat naman ni Ales

“ay oo nga! Hwag ka palang lumuhod Lance”

Errr ang tagal >__<

“Sir, I'm a bit nervous
About being here today
Still not real sure what I'm going to say” napatakip nalang ako ng bibig bigla nagulat ako sa kumanta.

Alam ko yang boses na yan.

Nasa tabi ko lang siya

“So bare with me please
If I take up too much of your time.” Tinanggal nila yung piring ko.
Siya nga.

Pati sila papa nandito.

“See in this box is a ring for your oldest.
She's my everything and all that I know is” naglabas siya ng isang box na may lamang singsing.

Napapakagat labi na ako dito kasi pinipigilan kong maiyak T^T

“It would be such a relief if I knew that we were on the same side
Cause very soon I'm hoping that I...” lahat sila nakatingin saamin

Si papa at si mama. Nandito rin sila kuya.

“Can marry your daughter
And make her my wife

I want her to be the only girl that I love for the rest of my life
And give her the best of me 'til the day that I die”
Humihingi na ba siya ng permiso sa magulang ko?

“I'm gonna marry your princess
And make her my queen

She'll be the most beautiful bride that I've ever seen
I can't wait to smile
When she walks down the aisle
On the arm of her father
On the day that I marry your daughter"

Huminto siya at humarap saakin

"ehem ehem! Lumuhod ka lalaki sa harap ng babaeng mahal mo. yuck" bitter pa din si JL >__<

Katulad ng sinabi ni JL lumuhod nga siya sa harapan ko.

Nilabas ang singsing "ilang beses ko na bang sinabing magpapakasal tayo?" umpisa niya

"I waited for years just to say this, ilang beses na din naudlot yung proposal ko."

"so Bah for the nth time, Marry me and make a family with me"

**Epilogue**

Sabi nila masyado na daw kaming maraming napagdaanan.

Sabi nila time na para maging Masaya kami.

Life is a choice as well as love.

Sa daming nangyari ang dami kong natutunan.

Ang dami na din naging meaning ng love.

Pero kung ako ang tatanungin ngayon?

Simple lang naman ang love! hindi na kailangan ng magagandang sentences para lang idescribe ito.

For me LOVE is LIFE.

Kung alam mong magiging parte na siya ng buhay mo then let him/her be with you.

Pero nandyan pa din naman yung trials.

Hindi naman yan mawawala hangga't nabubuhay ka.

Life is an ongoing story, a long road and a classroom where you will learn a lot.

Kaya nga hindi ko din masasabi na ending na to kasi kahit sabihin ko pang kasal na kami ni BAH di pa din natatapos ang story namin.

Nandyan pa din naman yung away namin minsan.

Nandyan pa din yung hindi nawawalang kilig.

Basta! Natutuwa ako kasi nakilala ko siya.

“Bah balik na tayo sa loob” yaya niya sakin

“ayaw pa” nakahiga ako ngayon sa may rooftop ng bahay namin.

Madalas kaming nakatambay dito ni Bah.

Madalas kaming nag-stargazing dito.

“witness natin sila diba?” tanong ko sakanya

Humiga ulit siya sa tabi ko at hinawakan ng mahigpit ang kamay ko.

Tinuro niya isa-isa yung mga bituin

“yan ang magiging bilang ng anak natin”

“eh kung ikaw kaya mabuntis Lance? kaya mo kaya?”

“sinong nagsabing yan ang bilang ng anak natin? Tama na yung dalawa”

“humirit ka pa ng isa ah” natatawa nalang ako kay Lance.

I’m pregnant. 3 months na siya.

And sana girl siya.

“baby kung lalaki ka man hwag mo tutularan yung masungit na ugali ng papa mo ah? Gusto ko magaling ka magpatawa”

“gagawin mo namang clown anak natin tss. Pag babae ka hwag mong gayahin ang pagka-obsess ng mommy mo sa rabbit ah”

Ayan si Lance Mariano. Hindi man halata pero madaldal talaga siya. pero sakin lang haha

Design ko tong bahay namin.

Heto yung huling pinadala ko kay Lance dati.

Madalas nga din palang bumisita dito yung barkada.

Pati din sina Jake, Celina at Steven.

Nga pala! Hanggang ngayon hindi ko alam kung bakit ayaw na ayaw pa din ni Lance kay Steven. Ang alam ko lang nagsutukan sila noon.

Pero sabi nga nilang dalawa pag tinatanong ko sila. WALA YUN!

Osige edi wala pala talaga!

Siguro kung kwento lang talaga ang buhay namin! Panibagong aklat nanaman ang bubuksan para samin!

Yung tipong sa kasal nag uumpisa?

Kaso ayaw ko nun! Madalas kasi sa nababasa ko hiwalayan ang pagtatapos saka on the latter part may makikilalang iba! Kaya kontento na ako dito.

Sila JL naman ewan ko kung may improvement na sakanila ni Erick.

Maldita din kasi si JL. ang alam ko madalas silang mag-away.

Kina ales at kysler naman. Para silang aso't pusa

NGA PALA! BABAE ang anak nila Bessy! Sana hwag naman maloko yun paglaki niya. yung tatay kasi eh >3<

Pero ang balita ko talaga si JL at Jake ay madalas magkita.

So paano si Celina at si Erick? Ewan ko! ang gulo din kasi.

Na-stress yung baby ko sa tyan ng dahil sakanila >3<

Si Dennis at Eris nga pala ayun! Laging nagkukulitan sila na yata :)

"bah pasok na sa loob"

Tumayo na ako kasi feeling ko bubuhatin nanaman niya ako pababa >3<

"Bah I love you" nakangiti kong sabi sakanya.

Hawak hawak lang niya ang kamay ko

Ngumiti lang siya saakin at saka tinanong : ganyan ba talaga pag buntis? Paulit ulit?

“eeehhh Lance naman eh” >__<

Hinawakan niya yung mukha ko saka ako mariing hinalikin

“I love you”

Hinalikan niya ulit ako >//<

“I love you forever”

Tapos hinalikan nanaman ako waaaaaaah @__@

“ikaw lang ang mahal ko. okay?” tapos hinalikan ako ulit sa noo

“kelan ba ako naghanap ng iba?”

Ayan nanaaman siya! kasi eh. Nacoconcious ako

“tumataba ako Lance. tapos pumapangit na ako”

“kelan pa? sexy mo oh. ganda ng bah ko!”

“talaga?”

“joke lang mas madami akong nakitang maganda ngayong araw”

-______-

So ayan! I think mag-aaway nanaman kami!

Lagi namang ganyan ang drama naming dalawa.

Mababaw lang kami kung mag-away

Pero masasabi kong in a sweet way naman.

Yung tipong hindi naman kelangan uminom pa ng madami para lang makalimot ng panandalian.

Yan ang buhay namin ni Lance Mariano.

Madami man kaming maling desisyon pero pag masasabi mong mahal niyo talaga ang isa’t isa

Edi MAHAL NIYO TALAGA.

Masakit man minsan sa damdamin ang mga napipili naming desisyon, may maganda namang kapalit.

Sabi nga nila mas maganda ang plano ni God saatin kesa sa pansarili nating plano.

Nagkahiwalay man kami, heto kami ngayon Masaya naman

I WILL ALWAYS LOVE LANCE MARIANO.

**~FIN**